

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • NOBYEMBRE 2014

Liahona

Mga Mensahe sa Pangkalahatang Kumperensya

Ibinigay nina Elder
Gavarret, Godoy,
Martinez, at Wong
ang Kanilang
Mensahe sa Sarili
Nilang Wika



Si Cristo Kasama ang mga Ketongin, ni J. Kirk Richards

Sa pamamagitan ni Jesucristo, “ang mga bulag ay nangakakakaita, ang mga pilay ay nangakalalakad, ang mga ketongin ay nangalilinis, at ang mga bingi ay nangakaririnig, at ang mga patay ay ibinabangon, at sa mga dukha ay ipinangangaral ang mabubuting balita” (Mateo 11:5).

SESYON SA SABADO NG UMAGA

- 4 Pagbati sa Kumperensya
Pangulong Thomas S. Monson
- 6 Ang Dahilan ng Ating Pag-asa
Pangulong Boyd K. Packer
- 9 Saan Kayo Nakatuon?
Elder Lynn G. Robbins
- 12 Ang Sakramento—Isang Pagpapanibago ng Kaluluwa
Cheryl A. Esplin
- 14 Tulung-tulong sa Pagsagip
Elder Chi Hong (Sam) Wong
- 16 Malaya Magpakailanman, na Kumilos para sa Kanilang Sarili
Elder D. Todd Christofferson
- 20 Pagtanggap ng Patotoo sa Liwanag at Katotohanan
Pangulong Dieter F. Uchtdorf

SESYON SA SABADO NG HAPON

- 24 Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan
Pangulong Henry B. Eyring
- 25 Pagmamahal at Pakikisalamuha sa mga Taong Naiiba
Elder Dallin H. Oaks
- 28 Joseph Smith
Elder Neil L. Andersen
- 32 Mga Magulang: Ang Pangunahing mga Guro ng Ebanghelyo sa Kanilang mga Anak
Tad R. Callister
- 34 Paglapit sa Luklukan ng Diyos nang May Tiwala
Elder Jörg Klebingat
- 37 Opo, Panginoon, Kayo’y Laging Susundin
Elder Eduardo Gavarret
- 40 Hindi Ba’t Tayong Lahat ay mga Pulubi?
Elder Jeffrey R. Holland
- 43 Pagkakaroon ng Walang-Hanggang Kapayapaan at Pagbubuo ng mga Walang-Hanggang Pamilya
Elder L. Tom Perry

SESYON SA PRIESTHOOD

- 46 Pumili nang May Katalinuhan
Elder Quentin L. Cook
- 50 Alam Ko ang mga Bagay na Ito sa Aking Sarili
Elder Craig C. Christensen

- 53 Ang Batas ng Ayuno: Isang Personal na Responsibilidad na Pangalagaan ang mga Maralita at Nangangailangan
Bishop Dean M. Davies
- 56 “Ako Baga, Panginoon?”
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 59 Ang Panimulang Priesthood
Pangulong Henry B. Eyring
- 67 Ligtas na Nagabayan Pauwi
Pangulong Thomas S. Monson

SESYON SA LINGGO NG UMAGA

- 70 Patuloy na Paghahayag
Pangulong Henry B. Eyring
- 74 Pagsang-ayon sa mga Propeta
Elder Russell M. Nelson
- 77 Mamuhay Ayon sa mga Salita ng mga Propeta
Carol F. McConkie
- 80 Buhay na Walang Hanggan—ang Makilala ang Ating Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo
Elder Robert D. Hales
- 83 Ang Sakramento at ang Pagbabayad-sala
Elder James J. Hamula
- 86 Papanatagin Mo ang Landas ng Iyong mga Paa
Pangulong Thomas S. Monson

SESYON SA LINGGO NG HAPON

- 89 Manatili sa Bangka at Kumapit nang Mahigpit!
Elder M. Russell Ballard
- 92 Unahin Ninyong Manampalataya
Elder Richard G. Scott
- 96 May Plano ang Panginoon para sa Atin!
Elder Carlos A. Godoy
- 99 Ang Aklat
Elder Allan F. Packer
- 102 Ang Ating Personal na Paglilingkod
Elder Hugo E. Martinez
- 104 Huwag Lapastanganin ang mga Bagay na Banal
Elder Larry S. Kacher
- 107 Magsiparito Kayo, at Inyong Makikita
Elder David A. Bednar
- 110 Hanggang sa Muli Nating Pagkikita
Pangulong Thomas S. Monson

PANGKALAHATANG SESYON NG KABABAIHAN

- 111 Inihanda sa Isang Kakaibang Paraan
Linda K. Burton
- 114 Mga Anak na Babae ng Diyos na Nakipagtipan
Jean A. Stevens
- 117 Pagbabahagi ng Inyong Liwanag
Neill F. Marriott
- 120 Masayang Ipinamumuhay ang Ebanghelyo
Pangulong Dieter F. Uchtdorf
- 64 Mga General Authority at Pangkalahatang Pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
- 124 Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya
- 125 Mga Balita sa Simbahan



Buod ng Ika-184 na Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya

SABADO NG UMAGA, OKTUBRE 4, 2014, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na panalangin: Bonnie L.

Oscarson. Pangwakas na panalangin: Elder Bradley D. Foster. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Richard Elliott at Andrew Unsworth, mga organista: “Umaga Na,” *Mga Himno*, blg. 1; “Sa Tuktok ng Bundok,” *Mga Himno*, blg. 4, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; “Kaygandang Sion, Nasa Langit,” *Mga Himno*, blg. 27, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; “Gabayan Kami, O Jehova,” *Mga Himno*, blg. 45; “If I Listen with My Heart,” DeFord, isinaayos ni Murphy, di-inilathala; “From All That Dwell below the Skies,” *Hymns*, blg. 90, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala.

SABADO NG HAPON, OKTUBRE 4, 2014, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na panalangin: Elder Wilford W. Andersen. Pangwakas na panalangin: Elder Edward Dube. Musikang handog ng pinagsamang choir mula sa mga stake sa Tooele, Grantsville, at Stansbury Park, Utah; Hollie Bevan, tagakumpas; Linda Margetts, organista: “O Diyos, Magliwanag,” *Mga Himno*, blg. 166, isinaayos ni Wilberg, inilathala ng Oxford; “Buhay ang Aking Manunubos,” *Mga Himno*, blg. 78, isinaayos ni Huff, di-inilathala; “Manunubos ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 5; “Manatili sa ‘King Tabi,’” *Mga Himno*, blg. 96, isinaayos ni Gates, inilathala ng Jackman.

SABADO NG GABI, OKTUBRE 4, 2014, SESYON SA PRIESTHOOD

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na panalangin: Elder Bruce A. Carlson. Pangwakas na panalangin: Elder James B. Martino. Musikang handog ng priesthood choir mula sa Provo Missionary Training Center; Ryan Eggett at Elmo Keck, mga tagakumpas; Clay Christiansen, organista: “Rise Up, O Men of God,” *Hymns*, blg. 324, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; Missionary Medley: “Sana Ako’y Makapagmisyon,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 91; “Ako’y Magiging Magiting,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 85; “Katotohanan Niya’y Dadalhin,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 92; “Tinawag upang sa Diyos Maglingkod,” *Aklat ng mga*

Awit Pambata, 151, isinaayos nina Evans at Eggett, di-inilathala; “Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta,” *Mga Himno*, blg. 15; “Mga Elder ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 198, isinaayos ni Spiel, di-inilathala.

LINGGO NG UMAGA, OKTUBRE 05, 2014, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Dieter F. Uchtdorf. Pambungad na panalangin: Elder Don R. Clarke. Pangwakas na panalangin: Rosemary M. Wixom. Musikang handog ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg, tagakumpas; Andrew Unsworth at Clay Christiansen, mga organista: “Sing Praise to Him,” *Hymns*, blg. 70; “Praise the Lord with Heart and Voice,” *Hymns*, blg. 73; “Purihin ang Propeta,” *Mga Himno*, blg. 21, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; “O, mga Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 30; “Softly and Tenderly,” Thompson, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala; “Saligang Kaytibay,” *Mga Himno*, blg. 47, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala.

LINGGO NG HAPON, OKTUBRE 5, 2014, PANGKALAHATANG SESYON

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Pangulong Henry B. Eyring. Pambungad na panalangin: Elder David F. Evans. Pangwakas na panalangin: John S. Tanner. Musika ng Tabernacle Choir; Mack Wilberg at Ryan Murphy, mga tagakumpas; Bonnie Goodliffe at Linda Margetts, mga organista: “Lo, the Mighty God Appearing!” *Hymns*, blg. 55, isinaayos ni Murphy, di-inilathala; “Mga Pagpapala ay Bilangin,” *Mga Himno*, blg. 147; “Ako ay Anak ng Diyos,” *Mga Himno*, blg. 189, isinaayos ni Murphy, di-inilathala; “Para sa Inyo Kami’y Nagdarasal,” *Mga Himno*, blg. 17, isinaayos ni Wilberg, di-inilathala.

SABADO NG GABI, SETYEMBRE 27, 2014, PANGKALAHATANG SESYON NG KABABAIHAN

Namumuno: Pangulong Thomas S. Monson. Nangangasiwa: Rosemary M. Wixom. Pambungad na panalangin: Dorah Mkhabela. Pangwakas na panalangin: Amy Caroline White. Pinagsamang choir ng Primary, Young Women, at Relief Society mula sa mga stake sa Magna, Hunter, at Taylorsville, Utah; Erin Pike Tall, tagakumpas; Linda Margetts, organista: “On This Day of Joy and Gladness,” *Hymns*, blg. 64, isinaayos nina Tall at Margetts, di-inilathala; “Templo’y Ibig Makita,”

Aklat ng mga Awit Pambata, 99, itinanghal ng choir ng mga bata mula sa Seoul, Korea, isinaayos ni Zabriskie, di-inilathala; Medley: “I Know That My Savior Loves Me,” Bell at Creamer; “I Know That My Redeemer Lives,” *Hymns*, blg. 136, isinaayos nina Tall at Margetts, di-inilathala; “Ako ay Anak ng Diyos,” *Aklat ng mga Awit Pambata*, 2, isinaayos ni Zabriskie, di-inilathala; “Let Zion in Her Beauty Rise,” *Hymns*, blg. 41, isinaayos ni Ward, di-inilathala.

MAKUKUHANG MGA MENSAHE SA KUMPERENSYA

Para ma-access ang mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya sa Internet sa maraming wika, bumisita sa conference.lds.org at pumili ng wika. Makukuha rin ang mga mensahe sa Gospel Library mobile app. Karaniwan sa loob ng anim na linggo matapos ang pangkalahatang kumperensya, makukuha ang mga audio recording sa mga distribution center. Ang impormasyon tungkol sa pangkalahatang kumperensya sa mga format na maa-access ng mga miyembro ng may kapansanan ay makukuha sa disability.lds.org.

MGA MENSAHE SA HOME AT VISITING TEACHING

Para sa mga mensahe sa home at visiting teaching, pumili ng isang mensaheng lubos na tumutugon sa mga pangangailangan ng mga binibisita ninyo.

SA PABALAT

Harap: Paglalarawan ni Nathaniel Ray Edwards. Likod: Larawang kuha ni Leslie Nilsson.

MGA RETRATONG KINUNAN SA KUMPERENSYA

Ang mga tagpo sa pangkalahatang kumperensya sa Salt Lake City ay kinunan nina Welden C. Andersen, Cody Bell, Janae Bingham, Randy Collier, Weston Colton, Craig Dimond, Nathaniel Ray Edwards, Ashlee Larsen, August Miller, Brian Nicholson, Leslie Nilsson, Matthew Reier, Christina Smith, at Byron Warner; sa Alexandria, Virginia, USA, ni Chance Hammock; sa Verona, Wisconsin, USA, ni Jenifer Ann Lee; sa Peachtree Corners, Georgia, USA, ni David Winters; sa San Lorenzo, Paraguay, ni Rebeca Ríos Benites; sa Saipan, Northern Mariana Islands, ni Del Benson; sa Cuauhtémoc, Mexico, ni Niltza Beatriz Santillan Castillo; sa Sobral, Brazil, ni Wesley Dias; sa Las Piñas, Philippines, ni Daniel Sanchez Labajo Jr.; sa Waterford, Ireland, ni Eymard Martin; sa Canoas, Brazil, ni Michael Morris Jr.; sa Bariloche, Argentina, ni Josué Peña; at sa Cape Town, South Africa, ni Samantha Scales.

NOBYEMBRE 2014 TOMO 17 BLG. 11

LIAHONA 10991 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Thomas S. Monson, Henry B. Eyring, Dieter F. Uchtdorf

Ang Korum ng Labindalawang Apostol:

Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen

Patnugot: Craig A. Cardon

Mga Tagapayo: Mervyn B. Arnold, Christoffel Golden, Larry R. Lawrence, James B. Martino, Joseph W. Sitati

Namamahalang Direktor: David T. Warner

Direktor ng Operations: Vincent A. Vaughn

Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg

Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: R. Val Johnson

Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr

Publications Assistant: Lisa C. López

Writing and Editing Team: Brittany Beattie, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Mindy Anne Leavitt, Michael R. Morris, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Paul VanDenBerghe, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen

Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson

Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie M. Bentley, C. Kimball Bott, Tom Child, Nate Gines, Colleen Hinckley, Eric P. Johnson, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune

Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters

Production Team: Connie Bowthorpe Bridge, Julie Burdett, Katie Duncan, Bryan W. Gygi, Denise Kirby, Ginny J. Nilson, Gayle Tate Rafferty

Bago Ilimbag: Jeff L. Martin

Direktor sa Paglilimbag: Craig K. Sedgwick

Direktor sa Pamamahagi: Stephen R. Christiansen

Pagsasalín: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org, sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2014 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Maaaring kopyahin ang teksto at mga larawan sa *Liahona* para sa angkop, di pangkalakal na gamit sa simbahan o tahanan. Hindi maaaring kopyahin ang mga larawan kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Dapat ipadala ang mga tanong sa Intellectual Property Office, 50 East North Temple Street, Salt Lake City, UT 84150, USA; e-mail: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:

November 2014 Vol. 17 No. 11. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is \$10.00 per year; Canada, \$12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 707.4.12.5).

NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.



INDEKS NG MGA TAGAPAGSALITA

Andersen, Neil L., 28
Ballard, M. Russell, 89
Bednar, David A., 107
Burton, Linda K., 111
Callister, Tad R., 32
Christensen, Craig C., 50
Christofferson, D. Todd, 16
Cook, Quentin L., 46
Davies, Dean M., 53
Esplin, Cheryl A., 12
Eyring, Henry B., 24, 59, 70
Gavarret, Eduardo, 37
Godoy, Carlos A., 96
Hales, Robert D., 80
Hamula, James J., 83
Holland, Jeffrey R., 40
Kacher, Larry S., 104
Klebingat, Jörg, 34
Marriott, Neill F., 117
Martinez, Hugo E., 102
McConkie, Carol F., 77
Monson, Thomas S., 4, 67, 86, 110
Nelson, Russell M., 74
Oaks, Dallin H., 25
Packer, Allan F., 99
Packer, Boyd K., 6
Perry, L. Tom, 43
Robbins, Lynn G., 9
Scott, Richard G., 92
Stevens, Jean A., 114
Uchtdorf, Dieter F., 20, 56, 120
Wong, Chi Hong (Sam), 14

INDEKS NG MGA PAKSA

Aaronic Priesthood, 53, 59
Apostasiya, 9, 89
Awa, habag, 6, 16
Binyag, 114
Council, mga, 14
Diyos Ama, 20, 34, 80, 120
Espiritu Santo, 70, 80, 104
Espirituwalidad, 34
Family history, 99
Family home evening, 92
Gawaing misyonero, 4, 37, 107
Gawain sa templo, 92, 99
Halimbawa, 32, 67, 86, 104
Ilaw, liwanag, 20, 117
Jesucristo, 6, 9, 12, 14, 16, 20, 25, 37, 43, 46, 67, 77, 80, 83, 86, 92, 102, 107, 117
Joseph Smith, 6, 9, 28, 50, 53, 70, 80, 96
Kabaitan, 25, 110
Kabutihan, 46, 67
Kalayaan, 16, 46, 86, 92, 96, 104
Kalusugan ng katawan, 34
Kapalaluan, pagmamalaki, 56
Kapatawaran, pagpapatawad, 6, 12, 34
Karunungan, 46
Kasal, pag-aasawa, 46, 114
Katapangan, lakas-ng-loob, 9
Katarungan, 16
Katotohanan, 20, 25, 107
Kautusan, mga, 120
Kawanggawa, kapakanan, 40, 53
Mithiin, mga, 46
Organisasyon ng Simbahan, 74
Pag-aalinlangan, 104
Pag-aaral ng banal na kasulatan, 20, 50, 89, 92
Pag-aayon, 40, 53
Pag-asa, 6
Pag-asa sa sarili, 53

Pagbabago, 34, 56
Pagbabalik-loob, 37, 56, 104
Pagbabayad-sala, 6, 12, 16, 34, 83, 92, 107, 117
Paggalang, 25
Paghahanda, 59, 111
Paghahayag, 70, 77, 111
Paghihirap, 89, 110
Pagiging ama, 43
Pagiging ina, 43
Pagkadisipulo, 40, 46, 56, 86, 102, 110
Pagkakaisa, 14, 80
Pagkamarapat, 67
Paglilingkod, 53, 59, 102, 110, 120
Pagmamahal, pag-ibig, 25, 80, 102, 120
Pagpapaaktibo, 14
Pagpapakumbaba, 56
Pagsisisi, 16, 34
Pagsunod, 34, 37, 86, 111
Pagtatalo, 25
Pagtuturo, 32
Pamilya, 32, 43, 92, 99, 117
Pamimilit ng barkada, 9
Pamumuno, 74
Panalangin, 20, 32, 40, 92
Pananagutan, 16
Pananampalataya, 14, 50, 77, 92
Pananaw, 56, 96
Pangkalahatang kumperensya, 4, 110
Panunumbalik, 28
Patotoo, 6, 20, 28, 50, 80, 104
Patriarchal blessing, mga, 96
Plano ng kaligtasan, 16, 86, 96
Priesthood, 67
Propeta, mga, 9, 70, 74, 77, 89
Sakramento, 12, 83
Templo, mga, 4, 111, 114, 117
Tipan, mga, 114
Tukso, 67, 86



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Pagbati sa Kumperensya

Sa ating pakikinig, nawa ang ating mga puso ay maantig at ang ating pananampalataya ay higit na mapalakas.

Mga kapatid, lubos akong nasisiyahang batiin kayo sa malawakang pandaigdigang kumperensyang ito. Tayo ay nakatipon sa mga lugar sa iba't ibang panig ng mundo upang makinig at matuto mula sa mga kapatid na sinang-ayunan natin bilang mga General Authority at pangkalahatang opisyal ng Simbahan. Hinangad nila ang tulong ng langit hinggil sa mga mensaheng ilalahad nila, at nadama nila ang inspirasyon para sa sasabihin nila.

Ang kumperensyang ito ang ika-90 anibersaryo ng mga brodkast ng pangkalahatang kumperensya sa radyo. Sa kumperensya ng Oktubre noong 1924, ang mga sesyon ay ibinrodkast sa radyo sa unang pagkakataon sa KSL na pag-aari ng Simbahan. Ang kumperensyang ito rin ang ika-65 anibersaryo ng mga brodkast ng kumperensya sa telebisyon. Sa pangkalahatang kumperensya noong Oktubre 1949, ang mga sesyon ay ipinalabas muna sa buong Salt Lake area sa KSL television.

Pinasasalamatan namin ang pagtutulot ng makabagong media sa

milyun-milyong miyembro ng Simbahan na mapanood o mapakinggan ang pangkalahatang kumperensya. Ang mga sesyon sa katapusan ng linggong ito ay ibinobrodkast sa pamamagitan ng telebisyon, radyo, cable, satellite transmission, at Internet, pati na sa mga mobile device.

Sa nakaraang anim na buwan mula nang huli tayong magkita, isang bagong templo ang inilaan at isa pa ang muling inilaan. Noong Mayo inilaan ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf ang Fort Lauderdale Florida Temple. Isang kahanga-hangang kultural na pagdiriwang ng mga kabataan ang itinanghal sa araw bago ang paglalaan. Nang sumunod na araw, sa araw ng Linggo, Mayo 4, ang templo ay inilaan sa tatlong sesyon.

Dalawang linggo pa lang ang nakararaan nagkaroon ako ng pribilehiyo na muling ilaan ang Ogden Utah Temple, na orihinal na inilaan ni Pangulong Joseph Fielding Smith noong 1972. Isang malaking kultural na pagdiriwang ang naganap sa araw bago ang muling paglalaan, at napakaraming kabataang nakibahagi kaya



dalawang hiwalay na pagtatanghal ang ginawa, na magkaibang grupo ang kasali. Sa kabuuan, 16,000 kabataan ang nakibahagi. Ang mga serbisyo ng muling paglalaan ay naganap kina-bukasan, na dinaluhan ng marami sa mga Kapatid, pati na ng mga lider ng auxiliary at ng temple president, kanyang mga tagapayo, at kanilang mga asawa.

Masigasig tayong patuloy na nagtayo ng mga templo. Sa isang buwan ang bagong Phoenix Arizona Temple ay ilalaan, at sa isang taon, sa 2015, inaasam naming ilaan o muling ilaan



ang hindi bababa sa limang templo, at baka higit pa, depende kung may iba pang matapos.

Tulad ng binanggit ko noong Abril, kapag tapos nang itayo at ilaan ang lahat ng dating ibinalitang mga templo, magkakaroon tayo ng 170 templong gumagana sa buong mundo. Dahil nakatuon ang ating mga pagsisikap sa pagkumpleto ng mga templong dati nang ibinalita, hindi kami magbabalita sa ngayon ng anumang bagong templo. Gayunman, sa hinaharap, kapag nakatukoy kami ng mga pangangailangan at nakahanap kami ng mga

pagtatayuan, magbabalita kami ng karagdagang mga templo.

Patuloy ang paglago ng Simbahan. Tayo ngayon ay mahigit nang 15 milyon at patuloy pang dumarami. Ang ating gawaing misyonero ay sumusulong nang walang balakid. Mahigit 88,000 missionary natin ang naglilingkod, at nagbabahagi ng mensahe ng ebanghelyo sa buong mundo. Pinagtitibay namin na ang gawaing misyonero ay isang tungkulin ng priesthood, at hinihikayat namin ang lahat ng karapat-dapat at may kakayahang binata na magmisyon. Nagpapasalamat

kami sa mga dalagang naglilingkod din. Malaki ang kanilang naitutulong, bagama't hindi sila sakop ng utos na maglilingkod na tulad ng mga binata.

Ngayon ay inaanyayahan ko kayong magtuon sa kalalakihan at kababaihang makikibahagi ngayon at bukas sa mga sesyon ng ating kumpe-rensya. Lahat ng nahilingang magsalita ay nadarama ang bigat ng responsibilidad na ito. Habang nakikinig tayo, nawa'y maantig ang ating puso at lumakas pa ang ating pananampalataya, ang mapagpakumbaba kong dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Pangulong Boyd K. Packer
Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

Ang Dahilan ng Ating Pag-asa

Ang patotoo sa pag-asang hatid ng pagtubos ay isang bagay na hindi masusukat o mabibilang. Si Jesucristo ang pinagmumulan ng pag-asang iyon.

Lang taon na ang nakararaan, nag-punta kami ni Sister Packer sa Oxford University. Hinahanap namin ang mga rekord ng aking ikapitong kalololohan. Ang pinuno ng Christ's College sa Oxford, na si Dr. Poppelwell, ay napakabait at ipinakuha pa niya sa archivist ng kolehiyo ang mga rekord. Doon sa taong 1583 namin nakita ang pangalan ng aking ninuno, si John Packer.

Nang sumunod na taon bumalik kami sa Oxford para ibigay ang isang magandang set ng mga pamantayang aklat para sa library sa Christ's College. Tila medyo naasiwa si Dr. Poppelwell. Siguro inisip niya na hindi kami tala-gang mga Kristiyano. Kaya tinawag niya ang chaplain ng kolehiyo para tanggapin ang mga aklat.

Bago ko iniabot sa chaplain ang mga banal na kasulatan, binuklat ko ang Topical Guide at ipinakita sa kanya ang isang paksa: 18 pahina, ng maayos na naka-print, single-spaced, na listahan ng mga reperensya sa paksa tungkol kay “Jesucristo.” Ito ay isa sa mga pinaka-komprehensibong compilation ng mga reperensya ng banal na kasulatan sa paksang tungkol

sa Tagapagligtas na natipon sa kaysaysayan ng mundo—isang patotoo mula sa Luma at Bagong Tipan, Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas.

“Paano mo man sundan ang mga reperensyang ito,” sabi ko sa kanya, “magkakatabi, pataas-pababa, aklat sa aklat, paksa sa paksa—makikita mong iisa ang sinasabi ng mga ito, magkakaugnay na patotoo sa kabanalan ng misyon ng Panginoong Jesucristo—Kanyang pagsilang, buhay, Kanyang mga turo, Kanyang Pagkapako sa Krus, Kanyang Pagkabuhay na Muli, at Kanyang Pagbabayad-sala.”

Matapos ibahagi sa chaplain ang ilan sa mga turo ng Tagapagligtas, nagbago ang kapaligiran, at inilibot niya kami sa pasilidad, pati na sa bagong paghuhukay na naglantad sa mga mural na gawa noon pang panahon ng mga Romano.

Kabilang sa mga reperensya na nakalista sa Topical Guide ay iyong mula sa Aklat ni Mormon: Isa Pang Tipan ni Jesucristo: “Nangangaral tayo tungkol kay Cristo, nagpopropesiya tayo tungkol kay Cristo, at sumusulat tayo

alinsunod sa ating mga propesiya, upang malaman ng ating mga anak kung kanino sila aasa para sa kapatawaran ng kanilang mga kasalanan” (2 Nephi 25:26).

Sa Kanyang sariling salita, sinabi ng Tagapagligtas, “Ako ang daan, katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko” (Juan 14:6).

At mula sa Aklat ni Mormon, sinabi Niyang: “Masdan, ako ang siyang inihanda mula pa sa pagkakatatag ng daigdig upang tubusin ang aking mga tao. Masdan, ako si Jesucristo. . . Sa akin ang buong sangkatauhan ay magkakaroon ng buhay, at yaong walang hanggan, maging sila na maniniwala sa aking pangalan; at sila ay magiging aking mga anak na lalaki at babae” (Eter 3:14).

Napakarami pang mga reperensya sa mga pamantayang aklat na nagpapahayag sa banal na papel ni Jesucristo bilang Manunubos ng lahat ng isinilang o isisilang pa sa mortalidad.

Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo lahat tayo ay tinubos mula sa Pagkahulog ng tao, na nangyari nang kumain sina Eva at Adan ng ipinagbabawal na bunga sa Halaman ng Eden, tulad ng nakasaad sa 1 Mga Taga Corinto: “Sapagka’t kung paanong kay Adam ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin” (1 Mga Taga Corinto 15:22)

Itinuturo ng Aklat ni Mormon, “Sapagkat kinakailangan na ang pagbabayad-sala ay maisagawa . . . , kung hindi, ang buong sangkatauhan ay tiyak na hindi makaiiwas na masawi; oo, lahat ay naging matigas; oo, lahat ay nahulog at nangaligaw, at tiyak na masasawi maliban sa pamamagitan ng pagbabayad-sala . . . isang walang-katapusan at walang hanggang hain” (Alma 34:9–10).

Maaaring hindi perpekto ang ating pamumuhay, at may mga kaparusa-han sa ating mga pagkakamali, ngunit bago tayo pumarito sa lupa, pumayag tayong pasakop sa Kanyang mga batas at tanggapin ang parusa sa paglabag sa mga batas na iyon.

“Sapagkat ang lahat ay nangagkasa nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Dios;

“Palibhasa’y inaring-ganap na walang bayad ng kaniyang biyaya sa pamamagitan ng pagtubos na nasa kay Cristo Jesus” (Mga Taga Roma 3:23–24).

Isinagawa ng Tagapagligtas ang Pagbabayad-sala, na naglalaan ng paraan para tayo maging malinis. Si Jesucristo ang nabuhay na muling Cristo. Sinasamba at kinikilala natin Siya dahil nagdusa Siya para sa ating lahat at tiniis Niya ang hirap para sa bawat isa sa atin, kapwa sa Halamanan ng Getsemani at sa krus. Pinasan Niya ang lahat nang buong pagpapakumbaba at walang-hanggang pag-unawa sa Kanyang banal na tungkulin at layunin.

Ang mga taong magsisisi at tata-likod sa kasalanan ay makikita ang Kanyang maawaing bisig na nakaunat pa rin. Ang mga nakikinig at sumusunod sa Kanyang mga salita at sa salita ng Kanyang mga piling lingkod ay mapapayapa at makauunawa kahit sa gitna ng matinding pighati at lungkot. Ang bunga ng Kanyang sakripisyo ang magpapalaya sa atin mula sa mga epekto ng kasalanan upang mapawi ang panunurot ng budhi at makadama ng pag-asa.

Kung hindi Niya ginawa ang Pagbabayad-sala, wala sanang pagtubos. Mahihirapan tayong mamuhay sa mundo kung di tayo mapapatawad kailanman sa mga kamalian natin, kung hindi natin madadalisay ang ating sarili at magpapatuloy.

Ang awa at biyaya ni Jesucristo ay hindi limitado sa mga taong nagkaka-sala o nagkukulang, kundi saklaw nito ang pangako ng walang hanggang kapayapaan sa lahat ng tatanggap at susunod sa Kanya at sa Kanyang mga turo. Ang Kanyang awa ang tagapagpagaling, maging sa sugatang walang-muwang.

Kamakailan ay nakatanggap ako ng sulat mula sa isang babae na nagsabing dumanas siya ng matinding dusa sa kanyang buhay. Isang napakalaking pagkakamali, na hindi niya tinukoy pero ipinahiwatig niya, ang ginawa

laban sa kanya. Inamin niya na nahirapan siyang labanan ang napakapait na damdamin. Sa kanyang galit, nagsusumigaw sa kanyang isipan na, “Kailangang may magbayad sa napakalaking kamaliang ito.” Sa sandaling ito ng matinding kalungkutan at pagtatanong, isinulat niya na bigla niyang nadama ang sagot: “May nagbayad na nito.”

Kung hindi natin alam kung ano ang magagawa ng sakripisyo ng Tagapagligtas para sa atin, mabubuhay tayong nababagabag na nakagawa tayo ng hindi tama o nakasakit ng isang tao. Ang pagkakonsiyensya na kalakip ng mga pagkakamali ay maaaring mahugasan. Kung hangad nating maunawaan ang Kanyang Pagbabayad-sala, magpipitagan tayo sa Panginoong Jesucristo, sa Kanyang ministryo sa lupa, at sa Kanyang banal na misyon bilang ating Tagapagligtas.

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ipinanumbalik para ipalaganap sa buong mundo ang kaalaman tungkol sa buhay at mga turo ng Tagapagligtas. Ang kumperensyang ito ay ibinobroadcast sa 94 na wika gamit ang satellite sa 102 mga bansa at makukuha sa Internet sa bawat bansa kung saan naroon ang Simbahan. Mayroon tayong mahigit 3,000 stake. Ang ating mga full-time missionary ay lampas na sa 88,000, at ang mga miyembro ng Simbahan ay lampas na sa 15 milyon. Ang mga bilang na ito ay katibayan na ang “batong tinibag mula sa bundok hindi ng mga kamay” ay patuloy na lumalaganap, at kalaunan ay pupunuin nito “ang buong mundo” (D at T 65:2).

Ngunit gaano man ang maging paglaki ng organisasyon ng Simbahan





Saipan, Northern Mariana Islands

o kahit ilang milyon pa ang sumapi dito, gaano man karami ang mga kontinente at bansang pasukin ng ating mga missionary o kahit ilan pang wika ang salitain natin, ang tunay na tagumpay ng ebanghelyo ni Jesucristo ay susukatin sa espirituwal na lakas ng bawat miyembro nito. Kailangan natin ang lakas ng pananalig na matatagpuan sa puso ng bawat tapat na disipulo ni Cristo.

Ang patotoo sa pag-asang hatid ng pagtubos ay isang bagay na hindi masusukat o mabibilang. Si Jesucristo ang pinagmumulan ng pag-asang iyon.

Hangad nating palakasin ang patotoo ng mga bata at matanda, may asawa at wala. Kailangan nating ituro ang ebanghelyo ni Jesucristo sa kalalakihan, kababaihan, at mga bata, ng bawat lahi at bansa, sa mayaman at sa maralita. Kailangan natin ang mga bagong binyag at ang mga miyembro nating mula sa mga pioneer. Kailangan nating hanapin ang mga lumihis ng landas at tulungan silang bumalik sa kawan. Kailangan natin ang karunungan at kaalaman at espirituwal na lakas ng bawat isa. Bawat miyembro ng Simbahang ito bilang isang

indibiduwal ay mahalagang bahagi ng katawan ng Simbahan.

“Sapagka’t kung paanong ang katawan ay iisa, at mayroong maraming mga sangkap, at ang lahat ng mga sangkap ng katawan, bagama’t marami, ay iisang katawan: gayon din naman si Cristo.

“Sapagka’t sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa iisang katawan. . . .

“Sapagka’t ang katawan ay hindi iisang sangkap, kundi marami” (1 Mga Taga Corinto 12:12–14).

Bawat miyembro ay nagsisilbing patotoo sa buhay at mga turo ni Jesucristo. Kalaban natin ang mga puwersa ng kaaway, at kailangan natin ang bawat isa para magtagumpay tayo sa gawain ng Tagapagligtas na ipinagagawa sa atin.

Maaaring iniisip ninyo, “Ano ang magagawa ko? Isang tao lang ako.”

Walang dudang may mga pagkaka-taong nakadama ng pag-iisa si Joseph Smith. Naging dakila siya, ngunit nagsimula siya bilang 14-na-taong-gulang na batang may katanungang: “Alin sa lahat ng [simbahan] . . . ang dapat kong sapian?” (tingnan sa Joseph

Smith–Kasaysayan 1:10). Umunlad ang pananampalataya at patotoo ni Joseph sa Tagapagligtas gaya ng dapat na pag-unlad ng sa atin, “taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin, kaunti rito at kaunti roon” (2 Nephi 28:30; tingnan din sa D at T 128:21). Lumuhod si Joseph para manalangin, at dumating ang kagila-gilalas na mga bagay dahil sa panalanging iyon at sa Unang Pangitain.

Bilang isa sa Labindalawang Apostol, pinatotohanan ko ang Panginoong Jesucristo. Siya ay buhay. Siya ang ating Manunubos at ating Tagapagligtas. “Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Cristo, ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3). Siya ang namumuno sa Simbahang ito. Siya ay kilala ng Kanyang mga lingkod. Sa pagsulong natin sa hinaharap nang may tiwala, ang Kanyang Espiritu ay mapapasaatin. Walang katapusan ang Kanyang kapangyarihan na pagpalain at pamahalaan ang buhay ng mga taong naghahangad ng katotohanan at kabutihang. Nagpapatotoo ako sa Kanya sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Lynn G. Robbins
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Saan Kayo Nakatuon?

Ang unahin ang ikalulugod ng iba bago ang ikalulugod ng Diyos ay pagbaligtad sa una at ikalawang dakilang utos.

Saan ka nakatuon?” Nagulat ako nang itanong ito sa akin ni Pangulong Boyd K. Packer habang magkasama kaming nagbi-biyahe sa aking unang tungkulin bilang bagong miyembro ng Pitumpu. Dahil medyo malabo ang tanong, nalito ako. “Ang Pitumpu,” ang sabi pa niya, “ay hindi kinatawan ng mga tao sa propeta, kundi kinatawan ng propeta sa mga tao. Huwag kalimutan kailanman kung saan ka dapat nakatuon!” Ito ay isang aral na nakinatal sa aking isipan.


Ang unahin ang ikalulugod ng iba bago ang ikalulugod ng Diyos ay pagbaligtad sa *una at pangalawang dakilang utos* (tingnan sa Mateo 22:37–39). Nalilimutan natin kung saan tayo dapat nakatuon. At naga-gawa nating lahat ang pagkakamaling iyan dahil sa takot sa mga tao. Sa Isaias, ang Panginoon ay nagbabala sa atin, “Huwag ninyong katakutan ang pula ng mga tao” (Isaias 51:7; tingnan din sa 2 Nephi 8:7). Sa panaginip ni Lehi, ang takot na ito ay nagsimula sa *mapanlibak na daliri* na nakaturo mula sa isang malaki at maluwang na gusali, na siyang dahilan upang makalimot ang marami kung saan sila dapat nakatuon at nagsilayo sa punungkahoy nang “nahihiya” (tingnan sa 1 Nephi 8:25–28).

Ang *pamimilit* na ito mula sa ibang tao ay pilit na binabago ang saloobin, kung hindi man ang pag-uugali ng tao, sa pagpapadama sa kanila na sila ang nagkasala. Hangad nating igalang ang isa’t isa pati na ang mga taong nanlilibak, ngunit kapag ang takot na ito sa mga tao ay nag-udyok sa atin na tulutan ang kasalanan, ito ay nagiging “silo” ayon sa aklat ng Mga Kawikaan (tingnan sa Mga Kawikaan 29:25). Ang silo [patibong] ay maaaring tusong pain na aantig sa ating ugaling maa-wain upang hayaan na o tulutan ang isang bagay na kasumpa-sumpa sa

Diyos. Para sa mahihina ang pananampalataya, maaaring maging malaking hadlang ito. Halimbawa, taglay ng ilang kabataang missionary ang takot na ito sa mga tao sa kanilang misyon at hindi inireport sa mission president ang hayagang pagsuway ng kanilang suwail na kompanyon dahil ayaw nilang masaktan ito. Ang kataagan ng pagkatao ay nagmumula sa pag-alaala sa tamang pagkakasunod ng una at pangalawang dakilang utos (tingnan sa Mateo 22:37–39). Kapag naunawaan ng nalilitong missionary na ito na mananagot sila sa Diyos at hindi sa kanilang kompanyon, magbibigay ito sa kanila ng tapang na *baguhin ang kanilang pinagtutuunan*.

Sa batang edad na 22, si Joseph Smith ay nakalimot din kung saan siya dapat nakatuon nang paulit-ulit niyang hilingin sa Panginoon na pahintulutan si Martin Harris na hiram ang 116 na pahina ng manuskrito. Marahil ay gusto lang ni Joseph na tumanaw ng utang-na-loob kay Martin dahil sa mga itinulong nito. Alam natin na talagang gusto ni Joseph na may iba pang saksi na maninindigang kasama niya laban sa matinding kasinungalingan na ikinalat tungkol sa kanya.

Anuman ang dahilan ni Joseph, o tila makatwiran man ito, hindi ito tinulutan ng Panginoon at siya ay tahasang pinagsabihan: “Kaydaldas mong [lumabag] . . . at [mag]padala sa mga panghihikayat ng mga tao. Sapagkat,



masdan, hindi mo dapat *kinatakutan* ang tao nang higit sa Diyos” (D at T 3:6–7; idinagdag ang pagbibigay-diin). Ang matinding karanasang ito ay nakatulong kay Joseph na maalala, magpakailanman mula noon, kung saan siya dapat nakatuon.

Kapag sinisikap ng sinuman na *hindi mapahiya* sa mga tao, *nawawala ang tiwala* ng Diyos sa kanila. Ang isiping maaaring bigyang-lugod ang Diyos at kasabay nito ay tulutan ang pagsuway ng mga tao ay hindi pagiging makatwiran kundi panloloko, o pagiging *mapagkunwari* o pagtatangkang “[maglingkod] sa dalawang panginoon” (Mateo 6:24; 3 Nephi 13:24).

Bagama’t talagang kailangan ang tapang para maharap ang panganib, ang tunay na tatak ng katapangan ay pagdaig sa takot sa mga tao. Halimbawa, ang mga dasal ni Daniel ay nakatulong sa kanya na harapin ang mga leon, ngunit nakita ang tunay na katapangan niya nang salungatin niya si Haring Dario (tingnan sa Daniel 6). Ang ganoong uri ng katapangan ay isang kaloob ng Espiritu sa mga taong mayroong *takot sa Diyos* na nagsipagdasal. Ang mga dasal din ni Reyna Esther ang nagbigay ng tapang sa kanya na humarap sa kanyang asawang si Haring Assuero, batid na itinaya niya ang kanyang buhay sa paggawa nito (tingnan sa Esther 4:8–16).

Ang katapangan ay hindi lamang isa sa mabubuting katangian, kundi tulad ng sinabi ni C. S. Lewis: “Ang katapangan ay . . . nasa bawat mabuting katangian na susubukan kung hanggang saan. . . . Si Pilato ay maawain kung hindi siya malalagay sa panganih.”¹ Si Haring Herodes ay nalungkot sa kahilingan na pugutan ng ulo si Juan Bautista pero gusto niyang masiyahan ang mga yaong “nangakaupong kasalo niya sa dulang” (Mateo 14:9). Palalayain na sana ni Haring Noe si Abinadi ngunit dahil sa udyok ng kanyang masasamang saserdote, hindi niya ito ginawa (tingnan sa Mosias 17:11–12). Sinuway ni Haring Saul ang salita ng Panginoon sa pagkuha sa mga samsam ng digmaan dahil siya ay “natakot sa bayan, at

sumunod sa kanilang tinig” (1 Samuel 15:24). Upang payapain ang naghihimagsik na Israel sa paanan ng Bundok Sinai, gumawa si Aaron ng isang ginintuang guya, kinalimutan kung saan siya dapat nakatuon (tingnan sa Exodo 32). Marami sa mga pinuno sa Bagong Tipan ang “nagsisampalataya sa [Panginoon]; datapuwa’t dahil sa mga Fariseo ay hindi nila ipinahayag, baka sila’y mapalayas sa sinagoga: sapagka’t iniibig nila ng higit ang kaluwalhatian sa mga tao kay sa kaluwalhatian sa Dios” (Juan 12:42–43). Ang mga banal na kasulatan ay puno ng gayong mga halimbawa.

Ngayon ay pakinggan ang ilang halimbawa na nagbibigay-inspirasyon:

- Una, si Mormon: “Masdan, ako ay nangungusap nang buong tapang, sapagkat may karapatan mula sa Diyos; at hindi ako *natatakot* kung anuman ang magagawa ng tao; sapagkat ang ganap na pag-ibig ay magwawaksi ng lahat ng takot” (Moroni 8:16; idinagdag ang pagbibigay-diin).
- Nephi: “Anupa’t ang mga bagay na nakasisiya sa sanlibutan ay hindi ko isusulat, kundi ang mga bagay na nakasisiya sa Diyos at sa kanila na hindi makamundo” (1 Nephi 6:5).
- Kapitan Moroni: “Masdan, ako si Moroni, ang inyong punong kapitan. Hindi ako naghahangad ng kapangyarihan, kundi ang hatakin itong pababa. Hindi ako naghahangad ng papuri ng sanlibutan, kundi para sa kaluwalhatian ng aking Diyos, at ng kalayaan at

kapakanan ng aking bayan” (Alma 60:36).

Lubos ang katapangan ni Moroni sa pag-alaala kung saan siya dapat nakatuon kaya’t ganito ang sinabi tungkol sa kanya, “Kung ang lahat ng tao ay naging, at matutulad, at maaaring magiging katulad ni Moroni, masdan, ang yaon ding kapangyarihan ng impiyerno ay mayayanig magpakailanman; oo, ang diyablo ay hindi magkakaroon ng kapangyarihan sa mga puso ng mga anak ng tao” (Alma 48:17).

Ang mga propeta sa lahat ng panahon ay laging dinuduro ng daliring mapanlibak. Bakit? Sang-ayon sa mga banal na kasulatan, ito ay dahil “ang may kasalanan ay tumatanggap ng katotohanan nang may kahirapan, sapagkat iyon ay sumusugat sa kanila sa kaibuturan” (1 Nephi 16:2), o tulad ng napansin ni Pangulong Harold B. Lee, “Ang napukol na ibon ay pumapagaypay-pagaypay!”² Ang mapanlibak nilang tugon, sa katunayan, ay upang panatagin lamang ang kanilang sarili, tulad ni Korihor, na sa huli ay inaming, “noon pa’y nalalaman ko nang may Diyos” (Alma 30:52). Ang panlilinlang ni Korihor ay labis na nakakakumbinsi na kahit siya mismo ay naniwala sa sarili niyang kasinungalingan (tingnan sa Alma 30:53).

Madalas paratangan ng mga mapanlibak ang mga propeta na makaluma, o mapanghusga. Tinatangka nilang hikayatin at impluwensyahan ang Simbahan na ibaba ang mga pamantayan ng Diyos at ipantay sa antas ng kanilang mga maling pag-uugali, na ayon sa mga salita ni Elder Neal A. Maxwell, “ay humahantong sa pagpapasaya ng sarili, ngunit hindi sa pagpapaunlad ng sarili”³ at pagsisisi. Ang ibaba ang mga pamantayan ng Panginoon sa antas ng maling pag-uugali ng lipunan ay pag-aapostasiya. Marami sa mga simbahan sa mga Nephita dalawang siglo pagkatapos ng pagdalaw sa kanila ng Tagapagligtas ang nagsimulang “baguhin” ang doktrina, ayon sa salita ni Elder Holland.⁴

Habang nakikinig kayo sa talatang ito mula sa 4 Nephi, hanapin ang mga pagkakatulad sa ating panahon: “At ito



ay nangyari na, nang ang dalawang daan at sampung taon ay makalipas, nagkaroon ng maraming simbahan sa lupain; oo, maraming simbahan ang nagpahayag na kilala si Cristo, gayunpaman, kanilang itinatwa ang malaking bahagi ng kanyang ebanghelyo, kung kaya nga't sila ay tumanggap ng lahat ng uri ng kasamaan, at ibinahagi yaong kung alin ay banal sa kanya na pinagbabawalan dahil sa pagiging hindi karapat-dapat” (4 Nephi 1:27).

Déjà vu sa mga huling araw! Hindi alam ng ilang miyembro na nahu-hulog na sila sa gayon ding bitag kapag naiimpluwensyahan sila na tanggapin ang “[mgal] kaugalian ng kanilang mga ama” (D at T 93:39) na hindi nakaayon sa kultura ng ebanghelyo. Ang iba pa, na nalinlang ng sarili at pagkukunwari, ay nakikiusap o nag-uutos sa bishop na ibaba ang pamantayan sa pagbibigay ng temple recommend, mga endorso sa paa-ralan, o sa missionary application. Hindi madaling maging bishop sa gayong sitwasyon. Gayunman, tulad ng Tagapagligtas na nilinis ang templo upang pangalagaan ang kabanalan niyon (tingnan sa Juan 2:15–16), ang mga bishop ngayon ay tinatawag na ipagtanggol nang buong tapang ang mga pamantayan ng templo. Ang Tagapagligtas ang nagsabing, “Ipakikita ko ang aking sarili sa awa sa aking mga tao . . . kung susundin ng aking mga tao ang aking mga kautusan, at kung hindi durumihan ang banal na bahay na ito” (D at T 110:7–8).

Ang Tagapagligtas, na ating dakilang Huwaran, ay palaging sinusunod ang Kanyang Ama. Siya ay nagmahal at naglingkod sa Kanyang kapwa ngunit sinabing, “Hindi ako tumatanggap ng kaluwalhatian mula sa mga tao” (Juan 5:41). Gusto Niyang sundin Siya ng Kanyang mga tinuturuan, ngunit hindi Siya naghanged ng papuri mula sa kanila. Kapag Siya ay tumulong, tulad ng pagpapagaling ng maysakit, ang hiling Niya ay “huwag sabihin kanino man” (Mateo 8:4; Marcos 7:36; Lucas 5:14; 8:56). Ito ay upang maiwasan ang mismong katanyagan na natamo Niya sa kabila ng pagsisikap Niyang iwasan ito (tingnan sa Mateo



4:24). Hindi Siya natuwa sa mga Fari-seo na gumagawa lamang ng mabuti upang makita ng mga tao (tingnan sa Mateo 6:5).

Ang Tagapagligtas, ang tanging perpektong nilalang na nabuhay, ang pinakamatapang. Sa Kanyang buhay, marami Siyang nakaharap na magpagparatang ngunit hindi kailanman nagpaapekto sa kanila. Siya lamang ang tanging tao na hindi kailanman nakalimot kung saan dapat tumuon: “Ginagawa kong *lagi* ang mga bagay na sa [Ama’y] nakalulugod” (Juan 8:29; idinagdag ang pagbibigay-diin) at “Hindi ko pinaghahanap ang aking sariling kalooban, kundi ang kalooban [ng Ama na] nagsugo sa akin” (Juan 5:30).

Sa pagitan ng 3 Nephi kabanata 11 at 3 Nephi kabanata 28, ginamit ng Tagapagligtas ang titulong *Ama* nang hindi kukulangin sa 150 beses, na naglinaw na mabuti sa mga Nephita na naroon Siya bilang kinatawan ng Kanyang Ama. At mula sa Juan kabanata 14 hanggang 17, binanggit ng Tagapagligtas ang Ama ng mga 50 beses. Sa lahat ng bagay, Siya ang perpektong disipulo ng Kanyang Ama. Napakaperpekto Niya sa pagkatawan sa Kanyang Ama, na kapag nakilala natin ang Tagapagligtas ay nakilala na rin natin ang Ama. Ang nakakita sa Anak ay nakakita na rin sa Ama (tingnan sa Juan 14:9). Kapag dininig natin ang Anak ay dininig na

rin natin ang Ama (tingnan sa Juan 5:36). Siya, sa kabuuan, ay hindi naiiba sa Kanyang Ama. Ang Kanyang Ama at Siya ay isa (tingnan sa Juan 17:21–22). Alam na alam Niya kung saan Siya dapat nakatuon.

Nawa’y palakasin tayo ng Kanyang nagbibigay-inspirasyong halimbawa laban sa mga patibong ng mga panghihibok mula sa iba o ng kapalaluan ng ating sarili. Nawa’y magbigay ito sa atin ng tapang na hindi kailanman matakot o magparaya sa harap ng pananakot. Nawa’y magbigay ito ng inspirasyon sa atin na maglibot na gumagawa ng mabuti nang hindi nagpapakilala at hindi “naghahangad ng mga parangal ng tao” (D at T 121:35). At nawa ang Kanyang walang kapantay na halimbawa ay tulungan tayong laging maalala *kung ano* “ang dakila at pangunang utos” (Mateo 22:38). Kapag nagpipilit ang iba na tulutan natin ang pagsuway sa mga utos ng Diyos, nawa’y palagi nating maalala kung kanino tayo mga disipulo, at kung saan tayo dapat nakatuon, ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. C. S. Lewis, *The Screwtape Letters*, binagong edisyon (1982), 137–38.
2. Harold B. Lee, in *Mine Errand from the Lord: Selections from the Sermons and Writings of Boyd K. Packer* (2008), 356.
3. Neal A. Maxwell, “Repentance,” *Ensign*, Nob. 1991, 32.
4. Jeffrey R. Holland, “The Call to Be Christlike,” *Liahona*, Hunyo 2014, 35.



Ni Cheryl A. Esplin

Pangalawang Tagapayo sa Primary General Presidency

Ang Sakramento— Isang Pagpapanibago ng Kaluluwa

Pinagagaling at pinaninibago ng Espiritu ang ating mga kaluluwa. Ang ipinangakong pagpapala ng sakramento ay sa “tuwina ay mapa[pasaatin] ang kanyang Espiritu.”

Isang grupo ng mga kabataang babae ang nagtanong minsan sa akin, “Ano po sana ang gusto ninyong nalaman noong kasing-edad ninyo kami?” Kung sasagutin ko ngayon dito ang tanong na iyan, isasama ko ang kaisipang ito: “Sana noong kaedad ko kayo ay nau-nawaan ko ang kahalagahan ng sakramento nang mas malalim kaysa noon. Sana nau-nawaan ko ang sakramento ayon sa paglalarawan dito ni Elder Jeffrey R. Holland. Sabi niya, ‘Isa sa mga nakapanghihikayat sa ordenansa ng sakramento ay ito ay nagiging tunay na espirituwal na karanasan, isang banal na pakikipag-ugnayan, isang pagpapanibago ng kaluluwa.’¹”

Paanong ang sakramento ay nagiging “tunay na espirituwal na karanasan, isang banal na pakikipag-ugnayan, isang pagpapanibago ng kaluluwa” bawat linggo?

Ang sakramento ay espirituwal na makapagpapalakas kapag nakikinig tayo sa mga panalangin ng sakramento at muling tumutupad

sa ating mga tipan. Para magawa ito, kailangang handa tayong taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo.² Patungkol sa pangakong ito, itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring: “Ibig sabihin niyan ay kailangan nating ituring ang ating sarili na Kanya. Uunahin natin Siya sa ating buhay. Gugustuhin natin ang gusto Niya sa halip na ang gusto natin o ang itinuturo ng mundo na gustuhin natin.”³

Kapag tumatanggap tayo ng sakramento, nakikipagtipan din



tayo na “sa tuwina ay alalahanin”⁴ si Jesucristo. Noong gabi bago Siya ipinako sa krus, tinipon ni Cristo ang Kanyang mga Apostol at pinasimulan ang sakramento. Pinagputul-putol Niya ang tinapay, binasbasan ito, at sinabi, “Kunin ito, kainin; ito ay bilang pag-alaala sa aking katawan na ibinigay kong pinaka-pantubos sa inyo.”⁵ Pagkatapos ay kinuha Niya ang saro ng alak, nagpasalamat, ibinigay ito sa Kanyang mga Apostol upang inumin, at sinabing, “Ito ay pag-alaala sa aking dugo . . . , na mabubuhos para sa kasindami ng maniniwala sa aking pangalan.”⁶

Sa mga Nephita at muli sa Panu-numbalik ng Kanyang Simbahan sa mga huling araw, inulit Niya na dapat tayong tumanggap ng sakramento bilang pag-alaala sa Kanya.⁷

Sa pagtanggap natin ng sakramento, pinatotohanan natin sa Diyos na lagi nating aalalahanin ang Kanyang Anak, hindi lamang sa maikling ordenansa ng sakramento. Ibig sabihin nito ay patuloy nating titingnan ang halimbawa at turo ng Tagapagligtas na gagabay sa ating mga iniisip, pinipili, at ginagawa.⁸

Ang panalangin sa sakramento ay nagpapaalala rin sa atin na dapat nating “sundin ang kanyang mga utos.”⁹

Sinabi ni Jesus, “Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos.”¹⁰ Ang sakramento ay nagbibigay sa atin ng pagkaka-taong magnilay at ibaling ang ating puso at kalooban sa Diyos. Ang pagsunod sa mga utos ay naghahatid ng kapangyarihan ng ebanghelyo sa ating buhay at higit na kapayapaan at espirituwalidad.

Ang sakramento ay naglalaan ng panahon para sa isang tunay na espirituwal na karanasan habang pinagninilayan natin ang mapagtubos at nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Isang lider ng Young Women ang nalaman kamakailan ang tungkol sa lakas na natatanggap natin kapag sinisikap nating taimtim na makibahagi ng sakramento. Noong kinukumpleto niya ang isang kailangang aktibidad

sa Pansariling Pag-unlad, nagtakda siya ng mithiin na pagtuunan ng pansin ang mga salita sa mga himno at mga panalangin sa sakramento.

Bawat linggo, gumagawa siya ng ebalwasyon sa sarili sa oras ng sakramento. Ginugunita niya ang mga kamaliang nagawa niya, at nangangako siyang magiging mas mabuti sa susunod na linggo. Nagpapasalamat siya na naitama niya ang mali at naging karapat-dapat. Habang ginugunita ang karanasan, sinabi niya, “Ginawa ko ang pagsisisi na bahagi ng Pagbabayad-sala.”

Isang araw ng Linggo matapos ang ebalwasyon sa sarili, nakadama siya ng lungkot at kawalang-pag-asa. Nakita niyang ginagawa niya ang gayunding pagkakamali nang paulit-ulit, bawat linggo. Ngunit pagkatapos ay natanto niya na kinaligtaan niya ang malaking bahagi ng Pagbabayad-sala—ang nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ni Cristo. Nalilimutan niya ang lahat ng pagkakataon na tinulungan siya ng Tagapagligtas na magkaroon ng ugaling dapat niyang taglayin at makapaglingkod nang higit pa sa kanyang makakaya.

Nasasaisip ito, pinag-isipan niyang muli ang nakaraang linggo. Sabi niya: “Napalitan ng galak ang kalungkutan ko nang matanto ko ang maraming oportunidad at kakayahang ibinigay Niya sa akin. Naisip ko nang may pasasalamat na kaya kong mahiwatigan na may kailangan ang anak ko kahit hindi ito kapansin-pansin. Naisip ko na noong isang araw na parang wala akong natatapos na gawain, napalakas ko pala ang loob ng isang kaibigan dahil sa mga sinabi ko. Nakapagtiis ako sa isang sitwasyon na karaniwang hindi ko mapagpasensyahan.”

Sa huli ay sinabi niya: “Habang pinasasalamat ko ang Diyos para sa nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng Tagapagligtas sa buhay ko, naging mas makahulugan sa akin ang proseso ng pagsisisi at inasam ko ang sumunod na linggo nang may panibagong pag-asa.”

Itinuro ni Elder Melvin J. Ballard kung paano magiging isang



nakagagaling at nakalilinis na karanasan ang sakramento. Sabi Niya:

“Sino sa atin ang hindi nakapanakit sa kanyang espiritu dahil sa kanyang sinabi, inisip, o ginawa, bago dumating ang araw ng Sabbath? Nakakagawa tayo ng mga bagay na pinagsisisihan natin at nagnanais na mapatawad. . . . Ang paraan upang mapatawad ay . . . pagsisihan ang ating mga kasalanan, puntahan ang ginawan natin ng kasalanan at humingi ng tawad sa kanila at pagkatapos ay bumalik sa hapag ng sakramento, at kung tayo ay taimtim na nagsisi at iwinasto ang ating sarili, tayo ay mapapatawad, at ang espirituwal na pagpapagaling ay madarama ng ating mga kaluluwa. . . .

“Ako ay saksi,” sabi ni Elder Ballard, “na may damdaming nananaig sa oras ng sakramento na nagpapasigla sa kaluluwa mula ulo hanggang paa; nadarama mo na pinagagaling ang sugatang espiritu, at pinapagaan ang bigat ng pasanin. Ang kapanatagan at kaligayahan ay ipinadarama sa kaluluwang karapat-dapat at tunay ang hangaring tumanggap ng espirituwal na pagkaing ito.”¹¹

Ang ating sugatang kaluluwa ay mapapagaling at mapapanibago hindi lang dahil ipinapaalala sa atin ng tinapay at tubig ang pag-aalay ng Tagapagligtas ng Kanyang laman at dugo kundi dahil ipinapaalala rin sa atin nito na Siya ang ating laging

magiging “tinapay ng kabuhayan”¹² at “tubig na buhay.”¹³

Matapos pangasiwaan ang sakramento sa mga Nephita, sinabi ni Jesus:

“Siya na kumakain ng tinapay na ito ay kumakain ng aking katawan sa kanyang kaluluwa; at siya na umiinom ng alak na ito ay umiinom ng aking dugo sa kanyang kaluluwa; at ang kanyang kaluluwa ay hindi kailanman magugutom ni mauuhaw, kundi mabubusog.

“Ngayon, nang matapos makakain at makainom na lahat ang maraming tao, masdan, sila ay napuspos ng Espiritu.”¹⁴

Sa mga salitang ito, itinuturo sa atin ni Cristo na pinagagaling at pinaninibago ng Espiritu ang ating mga kaluluwa. Ang ipinangakong pagpapala ng sakramento ay sa “tuwina ay mapapasa[atin] ang kanyang Espiritu.”¹⁵

Kapag tumanggap ako ng sakramento, kung minsan ay inilalarawan ko sa isip ko ang ipinintang larawan ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas na nakaunat ang mga bisig, na parang handa Niya tayong tanggapin at yakapin nang buong pagmamahal. Gustung-gusto ko ang ipinintang larawang ito. Kapag iniisip ko ito sa oras ng sakramento, sumisigla ang aking kaluluwa dahil parang halos naririnig ko ang mga salita ng Tagapagligtas: “Masdan, ang aking bisig ng awa ay nakaunat sa inyo, at kung sinuman ang lalapit, siya ay tatanggapin ko; at pinagpala ang mga yaong lumalapit sa akin.”¹⁶

Ang mga mayhawak ng Aaronic Priesthood ay kumakatawan sa Tagapagligtas kapag kanilang iniha-handa, binabasbasan, at ipinapasa ang sakramento. Kapag iniaabot sa atin ng mayhawak ng priesthood ang mga sagradong simbolo, parang ang Tagapagligtas mismo ang nag-aabot ng Kanyang bisig ng awa, inaan-yayahan ang bawat isa sa atin na tanggapin ang natatanging kaloob na pagmamahal na makakamtan sa pamamagitan ng Kanyang dakilang nagbabayad-salang sakripisyo—mga kaloob na pagsisisi, pagpapatawad, kapanatagan, at pag-asa.¹⁷

Kapag mas pinag-iisipan nating mabuti ang kahalagahan ng sakramento, nagiging mas sagrado at makahulugan ito sa atin. Ito ang sinabi ng 96 anyos na ama nang itanong sa kanya ng anak, “Itay, bakit po kayo nagsisimba? Hindi na kayo makakita, hindi na kayo makarinig, nahihirapan na kayong maglakad. Bakit po kayo nagsisimba?” Sumagot ang ama, “Dahil sa sakramento. Nagsisimba ako para makatanggap ng sakramento.”

Nawa ang bawat isa sa atin ay darating sa sacrament meeting na handang magkaroon ng “isang tunay na espirituwal na karanasan, isang banal na pakikipag-ugnayan, at pagpapanibago ng [ating] kaluluwa.”¹⁸

Alam ko na ang ating Ama sa Langit at ang ating Tagapagligtas ay buhay. Nagpapasalamat ako sa ibinibigay ng sakramento na pagkakataong madama ko ang Kanilang pagmamahal at matanggap ang Espiritu. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Jeffrey R. Holland, *Christ and the New Covenant: The Messianic Message of the Book of Mormon* (1997), 283.
2. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:77.
3. Henry B. Eyring, “That We May Be One,” *Ensign*, Mayo 1998, 67.
4. Doktrina at mga Tipan 20:77, 79.
5. Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 26:22 (sa Mateo 26:26, footnote c, at sa Bible appendix).
6. Pagsasalin ni Joseph Smith, Mateo 26:24 (sa Bible appendix); tingnan din sa Mateo 26:26–28; Marcos 14:22–24; Lucas 22:15–20.
7. Tingnan sa 3 Nephi 18:7, 11; Doktrina at mga Tipan 20:75.
8. Tingnan sa “How Do I keep My Covenant to Always Remember the Savior? [Paano Ko Matutupad ang Aking Tipan na Laging Aalalahanin ang Tagapagligtas?]” *Come, Follow Me* Sunday School curriculum; lds.org/youth/learn/ss/ordinances-covenants/remember; *Tapat sa Pananam-palataya: Isang Sanggunian sa Ebanghelyo* (2006), 208–11.
9. Doktrina at mga Tipan 20:77.
10. Juan 14:15.
11. Melvin J. Ballard, sa Melvin R. Ballard, *Melvin J. Ballard: Crusader for Righteousness* (1966), 132–33.
12. Juan 6:48.
13. Juan 4:10.
14. 3 Nephi 20:8–9.
15. Doktrina at mga Tipan 20:77.
16. 3 Nephi 9:14.
17. Nagpapasalamat ako kay Ann Madsen sa ibinahagi niyang kaalaman tungkol sa alituntuning ito.
18. Jeffrey R. Holland, *Christ and the New Covenant*, 283.



Ni Elder Chi Hong (Sam) Wong
Ng Pitumpu

Tulong-tulong sa Pagsagip

Para matulungan ang Tagapagligtas, kailangan tayong kumilos nang may pagkakaisa at pagkakasundo. Bawat tao, bawat katungkulan, at bawat tungkulin ay mahalaga.

Madalas nating marinig si Pangulong Thomas S. Monson na nagsasabing, “Tumulong sa pagsagip.”¹ Isang kuwento sa Bagong Tipan ang naisip ko. Ito ay perpektong halimbawa ng isang paraan na magkakaisa sa pagtulong at pagsagip ang mga miyembro at missionary sa pamamagitan ng ward council. Mataagpuan ang kuwento sa Marcos 2:1–5. Natuklasan ko na ang mga pangyayaring ginamit ni Jesus para turuan tayo ng mga doktrina o alituntunin ay laging lubos na nagbibigay-inspirasyon at madaling maunawaan.

Isa sa mga tauhan sa salaysay na ito ay isang lalaking lumpo, isang taong

hindi makakilos nang hindi inaalalayan. Ang lalaking ito ay maaari lamang manatili sa bahay, naghihintay na masagip.

Sa ating panahon, parang ganito iyan. Apat na katao ang ginagawa ang iniutos ng kanilang bishop na bisitahin ang isang lalaking lumpo sa tahanan nito. Parang nakikita ko na isa sa kanila ay mula sa Relief Society, ang isa ay mula sa elders quorum, ang isa naman ay mula sa Aaronic Priesthood, at ang huli ngunit mahalaga rin ay isang full-time missionary. Sa pinakahuling ward council, matapos pag-usapan ang mga pangangailangan sa ward, sinabi ng bishop kung sino ang mga “sasagipin.” Naatasan ang



apat na ito na tulungan ang lalaking lumpo. Hindi na nila kailangan pang hintayin na siya mismo ang pumunta sa simbahan. Kailangang magpunta na sila sa kanyang tahanan at kausapin siya. Kailangan nilang tulungan siya, kaya kumilos na sila. Dadalhin ang taong ito kay Jesus.

“At sila’y nagsidating, na may dalang isang lalaking lumpo sa kaniya, na usong ng apat” (Marcos 2:3).

Ngunit maraming tao sa silid. Hindi sila makapasok sa pintuan. Tiyak ko na sinubukan nila ang lahat ng bagay na naisip nila, pero hindi talaga sila makapasok. Hindi nangyari ang mga bagay-bagay ayon sa plano. May mga balakid sa kanilang “pagsagip.” Ngunit hindi sila sumuko. Hindi nila iniwan ang lalaking lumpo sa may pintuan. Pinag-usapan nila kung ano ang susunod na gagawin—kung paano nila dadalhin ang lalaki kay Jesucristo para mapagaling. Ang pagtulong kay Jesucristo sa pagliligtas ng mga kaluluwa, para sa kanila, ay hindi napakahirap. Nagkasundo sila sa gagawin—hindi ito madali, pero ginawa nila.

“At nang hindi sila mangakalapit sa kaniya dahil sa karamihan, ay kanilang binakbak ang bubungan ng kaniyang kinaroroonan: at nang yao’y kanilang masira, ay inihugos nila ang higaang kinahihigan ng lumpo” (Marcos 2:4).

Iniakyat nila siya sa bubong. Ipagpalagay natin na walang hagdan para sila makapanhik, malamang na natagalan bago makaakyat ang bawat isa sa bubong. Sa palagay ko maaaring ganito ang nangyari: ang binatilyo mula sa kanilang ward ang unang aakyat sa bubong. Dahil bata pa at malakas, hindi gaanong mahirap ito para sa kanya. Ang kompanyon niya sa home teaching mula sa elders quorum at ang matangkad at malakas na full-time missionary ang buong-lakas na nagtulak sa kanya pataas. Ang miyembro ng Relief Society ang nagpapaalala sa kanila na mag-ingat at nagpapalakas ng kanilang loob. Babakbakin ng kalalakihan ang bubong habang patuloy namang pinapanatag ng miyembrong babae



ang lalaking lumpo na naghihintay na mapagaling—upang makakilos na siya nang mag-isa at makalakad na.

Kailangan sa pagsagip na ito ang pagtutulongan ng lahat. Sa kritikal na sandali, kailangan ang maingat na koordinasyon para maibaba ang lumpo mula sa bubong. Ang apat na taong ito ay dapat kumilos nang nagkakaisa at nagkakasundo. Hindi sila dapat magtalu-talo. Kailangang sabay-sabay nilang maibaba ang lalaking lumpo. Kung may naunang magbaba ng lubid, mahuhulog sa higaan ang lalaki. Hindi niya kayang mangunyapit nang mag-isa dahil sa mahina niyang katawan.

Para matulungan ang Tagapagligtas, kailangan tayong kumilos nang may pagkakaisa at pagkakasundo. Bawat tao, bawat katungkulan, at bawat tungkulin ay mahalaga. Dapat tayong makiisa sa ating Panginoong Jesucristo.

Sa wakas, ang maysakit at lumpong lalaki ay nasa harapan na ni Jesus. “At pagkakita ni Jesus sa kanilang pananampalataya ay sinabi sa lumpo, Anak, ipinatatawad ang iyong mga kasalanan” (Marcos 2:5). Si Jesus ay naawa sa kanya at pinagaling

siya—hindi lamang sa pisikal kundi maging sa espirituwal: “Anak, ipinatatawad ang iyong mga kasalanan.” Hindi ba’t napakaganda niyan? Ayaw ba nating mangyari din iyan sa ating lahat? Walang alinlangang gusto ko.

May kilala ba tayo na espirituwal na lumpo, isang taong hindi kayang bumalik sa Simbahan sa sarili lang niya? Maaaring siya ay isa sa ating mga anak, isa sa ating mga magulang, asawa, o isang kaibigan.

Ngayong mas marami nang full-time missionary sa bawat yunit ng Simbahan, makatutulong sa mga bishop at branch president na gamitin pa nang husto ang kanilang ward at branch council. Maaaring hikayatin ng bishop ang bawat miyembro ng ward council na ilista ang mga pangalan ng mga taong kailangang tulungan. Pag-uusapang mabuti ng mga miyembro ng ward council kung paano sila lubos na makatutulong. Pakikinggang mabuti ng mga bishop ang mga ideya at mag-aatas ng gagawin.

Ang mga full-time missionary ay malaking tulong sa mga ward sa ganitong mga pagsagip. Sila ay bata at puno ng sigla. Gustung-gusto

nilang magkaroon ng listahan ng mga pangalan ng mga taong matutulungan. Masaya sila na makasamang maglingkod ang mga miyembro ng ward. Alam nila na ang mga ito ay malaking oportunidad para makahanap ng matuturuan. Sila ay tapat sa pagpapatatag ng kaharian ng Panginoon. Sila ay may malakas na patotoo na lalo nilang matutularan si Cristo kapag kasama sila sa mga pagsagip na ito.

Sa pagtatapos, ibabahagi ko sa inyo ang isa pang natatagong kayamanan sa kuwentong ito sa banal na kasulatan. Ito ay sa talata 5: “At pagkakita ni Jesus sa *kanilang* pananampalataya” (idinagdag ang pagbibigay-diin). Hindi ko ito napansin noon—*kanilang* pananampalataya. Ang pinagsama-sama nating pananampalataya ay may epekto rin sa kapakanan ng iba.

Sino ang mga taong iyon na binanggit ni Jesus? Maaaring kabilang dito ang apat na taong nagbuhat sa lalaking lumpo, ang tao mismo, ang mga tao na nagdasal para sa kanya, at lahat ng yaong nakikinig sa pangangaral ni Jesus at tahimik na nagsasaya sa kanilang puso para sa mangyayaring himala. Maaaring kabilang din ang isang asawa, magulang, anak na lalaki o babae, missionary, pangulo ng korum, pangulo ng Relief Society, bishop, at kaibigan sa malayong lugar. Matutulungan natin ang isa’t isa. Dapat ay palagi tayong sabik sa pagsagip sa mga taong nangangailangan.

Pinatotohanan ko na si Jesucristo ay Diyos ng mga himala. Si Jesucristo ay nagmamahal sa ating lahat at may kapangyarihang magligtas at magpagaling, kapwa pisikal at espirituwal. Kapag tinulungan natin Siya sa Kanyang misyong magligtas ng mga kaluluwa, tayo man ay maliligtas din sa pagsasagawa nito. Ito ay pinatotohanan ko sa Kanyang banal na pangalan, maging si Jesucristo, amen. ■

TALA

1. Tingnan, halimbawa, sa, Thomas S. Monson, “Ang Pananagutan Nating Sumagip,” *Liahona*, Okt. 2013, 4.



Ni Elder D. Todd Christofferson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Malaya Magpakailanman, na Kumilos para sa Kanilang Sarili

Kalooban ng Diyos na maging malaya tayong kalalakihan at kababaihan na may kakayahang maabot ang ating buong potensyal kapwa sa temporal at sa espirituwal.

Kabilang sa dula ni William Shakespeare na *The Life of King Henry V* [*Ang Buhay ni Haring Henry V*] ang tagpo sa gabi sa kampo ng mga sundalong Ingles sa Agincourt bago sila nakidigma sa hukbong Pranses. Sa malamalam na liwanag at medyo nakabalatkayo, gumala si King Henry nang hindi nakikilala ng kanyang mga sundalo. Kinausap niya sila, na sinisikap sukatin ang sigla ng kanyang mga sundalo na mas kaunti kaysa sa mga kalaban, at dahil hindi nila siya nakilala, prangkahan silang nagsalita. Sa isang pag-uusap pinag-usapan nila kung sino ang mananagot sa mangyayari sa mga sundalo—ang hari ba o ang bawat sundalo.

Sa isang punto sinabi ni King Henry, “Palagay ko mas gusto ko pang mamatay sa hukbo ng hari kaysa ibang lugar; mabuti ang layon niya.”

Sumagot si Michael Williams, “Hindi natin alam iyan.”

Sumang-ayon ang kasama niya, “Tama, hindi na natin dapat alamin iyan; sapat nang alam natin na tauhan tayo ng hari: kung masama ang layon niya, wala tayong kasalanan dahil sumunod lang tayo sa kanya.”

Dagdag pa ni Williams, “Kung masama ang layon ng hari, siya lang ang mananagot sa lahat.”

Hindi nakapagtata kang tumutol si King Henry. “Bawat tauhan ng hari ay mananagot sa hari; ngunit bawat tao ay mananagot para sa kanyang sarili.”¹

Hindi tinangka ni Shakespeare na ayusin ang debateng ito sa dula, at sa iba’t ibang kaparaanan ang debateng ito ay patuloy sa ating panahon—sino ang mananagot sa mangyayari sa ating buhay?

Kapag masama ang kinalabasan, malamang na masisi ang iba o maging

ang Diyos. Kung minsan umaasa ang ilan sa iba, at ipinapasa ng mga tao o grupo sa ibang tao o sa pamahalaan ang responsibilidad para sa kanilang kapakanan. Sa espirituwal na mga bagay inaakala ng ilan na ang kalalakihan at kababaihan ay hindi kailangang magsikap na maging mabuti—dahil mahal tayo at inililigtas tayo ng Diyos “batay sa kung ano tayo.”

Ngunit layon ng Diyos na dapat kumilos ang Kanyang mga anak ayon sa kalayaang moral na ibinigay Niya sa kanila, “upang ang bawat tao ay managot sa kanyang sariling mga kasalanan sa araw ng paghuhukom.”² Kanyang plano at kalooban na tayo mismo ang gumawa ng desisyon sa ating buhay. Hindi ang Diyos ang magpapatakbo ng buhay natin ni hindi Niya tayo kokontrolin na parang tayo ay Kanyang mga manika, gaya ng minsang iminungkahing gawin ni Lucifer. Ni hindi tatanggapin ng Kanyang mga propeta ang papel ng “puppet master” bilang kahalili ng Diyos. Sinabi ni Brigham Young: “Ayaw kong masiyahan ang sinumang Banal sa mga Huling Araw sa mundong ito, ni sa langit, sa anumang bagay na ginagawa ko, maliban kung pasayahin sila ng Espiritu ng Panginoong Jesucristo, ang diwa ng paghahayag. Nais kong sila mismo ang makaalam at maunawaan nila mismo.”³

Kaya hindi tayo inililigtas ng Diyos “sa kung ano tayo,” una, dahil “kung ano tayo” tayo ay marumi, at “walang maruming bagay ang makatatahan . . . sa kanyang kinaroroonan; sapagkat, sa wika ni Adan, Tao ng Kabanalan ang kanyang pangalan, at ang pangalan ng Kanyang Bugtong na Anak ay Anak ng Tao [ng Kabanalan].”⁴ At pangalawa, ang Diyos ay hindi kikilos para gawin tayong isang bagay na hindi naman natin piniling maging. Tunay na mahal Niya tayo, at dahil mahal Niya tayo, hindi Niya tayo pinipilit ni pinababayaan. Sa halip tinutulungan at ginagabayan Niya tayo. Tunay na ang katibayan ng pag-ibig ng Diyos ay ang Kanyang mga kautusan.

Dapat (at tunay tayong) nagagalak sa inorden na plano ng Diyos na nagtutulot sa ating gumawa ng mga pagpili para kumilos para sa ating



sarili at maranasan ang mga ibubunga, o gaya ng nakasaad sa banal na kasulatan upang “[matikman] ang pait, upang [ating] matutuhang pahalagahan ang mabuti.”⁵ Lubos tayong nagpapasalamat na sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay nadaig ang orihinal na kasalanan upang maisilang tayo sa mundong ito nang hindi pinarurusahan sa kasalanan ginawa ni Adan.⁶ Dahil natubos mula sa Pagkahulog, nagsisimula tayong mamuhay nang malinis sa harapan ng Diyos at “naging malaya magpakailanman, nakikilala ang mabuti sa masama; kumikilos para sa [ating] sarili at hindi pinakikilos.”⁷ Maaari nating piliin kung anong uri ng tao natin nais maging, at sa tulong ng Diyos, maaari pa tayong maging tulad Niya.⁸

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay nagbubukas ng landas tungo sa maaari nating kahinatnan. Sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, mabubura ang ating kabiguang ipamuhay ang selestiyal na batas nang ganap at palagian at maaari tayong magkaroon ng katangian ni Cristo. Gayunman, hinihingi ng katarungan na huwag mangyari ito hangga’t hindi tayo handang pumayag at makibahagi. Gayon na ito noon pa man. Ang presensya natin mismo sa lupa bilang mga pisikal na nilalang ang bunga ng pagpili ng bawat isa sa atin na makibahagi sa plano ng ating Ama.⁹ Sa gayon, ang kaligtasan ay hindi bunga lamang ng kalooban ng Diyos, at hindi rin ito nangyayari nang dahil lamang sa kalooban ng Diyos.¹⁰

Ang katarungan ay isang mahalagang katangian ng Diyos. Maaari tayong sumampalataya sa Diyos dahil Siya ay lubos na mapagkakatiwalaan. Itinuturo sa atin sa mga banal na kasulatan na “ang Diyos ay hindi lumalakad sa mga liku-likong landas, ni siya ay bumabaling sa kanan ni sa kaliwa, ni siya ay nagpapabagu-bago sa yaong kanyang sinabi, samakatwid ang kanyang landas ay tuwid, at ang kanyang hakbangin ay isang walang hanggang pag-ikot”¹¹ at na “hindi nagtatangi ang Dios ng mga tao.”¹² Nakasalig tayo sa banal na katangian ng katarungan para sa pananampalataya, tiwala, at pag-asa.

Ngunit bunga ng pagiging lubos na makatarungan, may ilang bagay na hindi magagawa ng Diyos. Hindi Niya makatwirang maililigtas ang ilan at mapaparusan ang iba. Siya ay “hindi makatitingin sa kasalanan nang may pinakamaliit na antas ng pagsasaalang-alang.”¹³ Hindi Niya matutulatang mangibabaw ang awa sa katarungan.¹⁴

Ang katotohanan na itinakda ng Diyos ang alituntunin ng awa ay malakas na katibayan ng Kanyang katarungan. Siya ay makatarungan kaya Siya nagbuo ng paraan para magkaroon ng mahalagang papel ang awa sa ating walang-hanggang tadhana. Kaya ngayon, “isinasagawa ng katarungan ang lahat ng kanyang hinihingi, at inaangkin din ng awa ang lahat ng kanya.”¹⁵

Alam natin na “ang mga pagdurusa at ang kamatayan niya na walang ginawang kasalanan, na . . . lubos na kinalulugdan [ng Ama]; . . . ang dugo ng [Kanyang] Anak na nabuhos”¹⁶ ang tumutugon sa mga hinihingi ng katarungan, nagpaparating ng awa, at tumutubos sa atin.¹⁷ Magkagayunman, “*alinsunod sa katarungan*, ang plano ng pagtubos ay hindi maisasakatu-paran, *kung hindi tanging sa mga hinihingi ng pagsisisi*.”¹⁸ Ang pangangailangan at pagkakataong magsisi ang nagtutulot sa awa na isagawa ang tungkulin nito nang hindi pinanginibabawan ang katarungan.

Namatay si Cristo upang iligtas ang mga tao nang walang kundisyon kundi upang mag-alay ng pagsisisi. Umaasa tayo “nang lubos sa awa niya na makapangyarihang magligtas”¹⁹ sa proseso ng pagsisisi, ngunit ang pagkilos para magsisi ay kusang-loob na pagbabago. Kaya sa paggamit sa pagsisisi bilang kondisyon sa pagtanggap ng kaloob na biyaya, ibinibigay pa rin sa atin ng Diyos ang sariling pananagutan. Iginagalang at pinalalakas ng pagsisisi ang ating kalayaang moral: “At sa gayon mabibigyang-kasiyahan ng awa ang hinihingi ng katarungan, at yayakapin sila ng mga bisig ng kaligtasan, samantalang siya na hindi magkakaroon ng pananampalataya tungo sa pagsisisi ay nakalantad sa buong batas na hinihingi ng katarungan; anupa’t siya lamang na may pananampalataya tungo sa pagsisisi ang madadala sa dakila at walang hanggang plano ng pagtubos.”²⁰

Ang maling pag-unawa sa katarungan at awa ng Diyos ay iba; ang pagtatwa sa pag-iral o pangingibabaw ng Diyos ay iba rin, ngunit sa kahit alin dito ay kaunti lang ang makakamit natin—minsan talagang kakaunti—kaysa sa ating ganap at banal na potensiyal. Ang isang Diyos na walang hinihingi ay tulad sa isang Diyos na hindi umiiral. Ang mundong walang Diyos, buhay na Diyos na nagtatakda ng mga batas sa kagandahang-asal para pamahalaan at gawing perpekto ang Kanyang mga anak, ay isang mundo na walang katotohanan o katarungan sa huli. Ito ay isang mundo kung saan



tanggap ng lahat na ang tama at mali ay depende sa tao.

Ang ibig sabihin ng depende sa tao ay ang tao mismo ang may pinakamataas na awtoridad sa kanyang sarili. Siyempre, hindi lamang ang mga nagtatatwa sa Diyos ang yumayakap sa pilosopiyang ito. Naniniwala pa rin ang ilang nananalig sa Diyos na sila mismo ang magpapasiya kung ano ang tama at mali. Ipinahayag ito ng isang young adult nang ganito: “Palagay ko hindi ko masasabi na ang Hinduismo ay mali o ang Katolisismo ay mali—depende lang ito sa pinaniniwalaan mo. . . . Palagay ko walang tama at mali.”²¹ Sagot ng isa pa, nang matanong kung ano ang batayan ng kanyang paniniwala sa relihiyon: “Para sa akin—diyan talaga ang bagsak niyan. Ibig kong sabihin walang anumang may awtoridad na sabihin kung ano ang dapat na paniwalaan mo?”²²

Sa mga naniniwala na maaaring totoo ang anuman o lahat ng bagay, ang pagpapahayag ng katotohanan para sa lahat na walang pinapanigan at permanente ay parang pamimilit—“Hindi ako dapat mapilitang maniwala na totoo ang isang bagay na ayaw

ko.” Ngunit hindi niyan binabago ang katotohanan. Ang pag-ayaw sa batas ng gravity ay hindi mapipigil ang pagbagsak ng isang tao kung mahulog siya sa bangin. Totoo rin iyan sa walang-hanggang batas at katarungan. Ang kalayaan ay hindi natatamo sa pag-ayaw rito kundi sa paggamit nito. Mahalaga iyan sa sariling kapangyarihan ng Diyos. Kung hindi sa katunayan ng permanente at di-mababagong mga katotohanan, mawawalan ng kabuluhan ang kaloob na pagpili dahil hindi natin makikinita o masasabi kailanman ang mga bunga ng ating mga kilos. Tulad ng pagkapahayag ni Lehi rito: “Kung sasabihin ninyong walang batas, sasabihin din ninyong walang kasalanan. Kung sasabihin din ninyong walang kasalanan, sasabihin din ninyong walang katwiran. At kung walang katwiran ay walang kaligayahan. At kung walang kabutihang ni kaligayahan ay walang kaparusahan ni kalungkutan. At kung wala ang mga bagay na ito ay walang Diyos. At kung walang Diyos ay wala tayo, ni ang mundo; sapagkat hindi sana magkakaroon ng paglikha sa mga bagay, ni kumikilos o pinakikilos, anupa’t, lahat ng bagay ay tiyak na maglalaho.”²³

Sa mga bagay na kapwa temporal at espirituwal, ang pagkakataong tumanggap ng personal na responsibilidad ay isang kaloob na bigay ng Diyos at kung wala ito ay hindi natin makakamit ang ating potensyal bilang mga anak ng Diyos. Ang personal na pananagutan ay nagiging karapatan at tungkulin na kailangan nating ipagtanggol palagi; sinalungat na ito bago pa Nilikha ang mundo. Kailangan nating ipagtanggol ang pananagutan laban sa mga tao at grupo (na kung minsang maganda ang layon) na pinaaasa tayo sa iba. At kailangan natin itong ipagtanggol laban sa sarili nating kagustuhang iwasan ang kailangang gawin upang magkaroon ng mga talento, kakayahan, at espirituwal na kahustuhan.

May kuwento tungkol sa isang lalaking ayaw talagang kumilos. Gusto niyang may mag-asikaso sa bawat kailangan niya. Akala niya, obligasyon ng Simbahan o pamahalaan, o ng dalawang ito, na buhayin siya dahil nagbayad siya ng kanyang ikapu at buwis. Wala siyang makain pero ayaw niyang magtrabaho para buhayin ang sarili. Desperado at yamot, ipinasiya ng mga taong nagsikap na tulungan siya na dahil ayaw niyang magtrabaho para buhayin ang sarili, mabuti pang

Bariloche, Argentina



dalhin na lang nila siya sa sementeryo at hayaan siyang mamatay. Papunta sa sementeryo, sabi ng isang lalaki, “Hindi natin magagawa ito. May kaunting mais akong ibibigay sa kanya.”

Kaya ipinaliwanag nila ito sa lalaki, at itinanong niya, “Naalisan na ba ng buhok?”

Sagot nila, “Hindi pa.”

“Kung gayon,” sabi niya, “dalhin na ninyo ako.”

Kalooban ng Diyos na tayo ay maging malalayang kalalakihan at kababaihan na may kakayahang maabot ang ating buong potensyal kapwa sa temporal at sa espirituwal, na maging malaya tayo sa nakapanlilit na mga limitasyon ng kahirapan at pagkaalipin sa kasalanan, na magkaroon tayo ng paggalang sa sarili at kalayaan, na maging handa tayo sa lahat ng bagay upang makapiling Siya sa Kanyang kahariang selestial.

Wala sa hinagap ko na makakamit ito sa pagsisikap lamang natin nang walang sapat at patuloy na tulong mula sa Kanya. “Nalalaman naming naligtas tayo sa pamamagitan ng biyaya, sa kabila ng lahat ng ating magagawa.”²⁴ At hindi natin kailangang kamtin ang katamtamang lebel ng kakayahan o kabutihan bago tumulong

ang Diyos—ang banal na tulong ay mapapasaatin sa bawat oras ng bawat araw, saan man tayo naroon sa landas ng pagsunod. Ngunit alam ko na bukod sa paghahangad ng tulong Niya, kailangan nating magsikap, magsisi, at piliin ang Diyos para palagi Siyang makakilos sa ating buhay nang may katarungan at kalayaang moral. Ang pakiusap ko ay tanggapin lamang ang responsibilidad at kumilos para may maitulong sa atin ang Diyos.

Pinatotohanan ko na ang Diyos Ama ay buhay, na ang Kanyang Anak na si Jesucristo ang ating Manunubos, at ang Banal na Espiritu ay sumasaatin. Walang dudang nais Nila tayong tulungan, at ang kakayahan Nilang gawin ito ay walang hanggan. Tayo nang “gumising, at bumangon mula sa alabok, . . . upang ang mga tipan ng Amang Walang Hanggan na kanyang ginawa sa [atin] ay matupad.”²⁵ Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. William Shakespeare, *The Life of King Henry V*, act 4, tagpo 1, mga taludtod 127–29, 131–37, 183–85.
2. Doktrina at mga Tipan 101:78.
3. Brigham Young, “Sermon,” *Deseret News*, Oct. 31, 1855, 267; quoted in Terry Givens and Fiona Givens, *The Crucible of Doubt: Reflections on the Quest for Faith* (2014), 63.
4. Moises 6:57.
5. Moises 6:55.
6. Tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:2; tingnan din sa 2 Nephi 2:25; Moises 6:53–56.
7. 2 Nephi 2:26; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 93:38.
8. Tingnan sa 3 Nephi 12:48; 27:27; tingnan din sa Mga Taga Roma 8:16–17; Doktrina at mga Tipan 84:37–38.
9. Tingnan sa Apocalipsis 12:7–9; Doktrina at mga Tipan 29:36–38; Moises 4:3–4.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:29–31.
11. Doktrina at mga Tipan 3:2.
12. Ang mga Gawa 10:34.
13. Doktrina at mga Tipan 1:31.
14. Tingnan sa Alma 42:25.
15. Tingnan sa Alma 42:24.
16. Doktrina at mga Tipan 45:4.
17. Tingnan sa Mosias 15:9.
18. Alma 42:13; idinagdag ang pagbibigay-diin.
19. 2 Nephi 31:19.
20. Tingnan sa Alma 34:16.
21. Sa Christian Smith, *Souls in Transition: The Religious and Spiritual Lives of Emerging Adults* (2009), 156.
22. Sa Smith, *Souls in Transition*, 156.
23. 2 Nephi 2:13.
24. 2 Nephi 25:23.
25. Moroni 10:31.



Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Pagtanggap ng Patotoo sa Liwanag at Katotohanan

Ang inyong personal na patotoo sa liwanag at katotohanan ay hindi lamang magpapala sa inyo at sa inyong mga inapo sa buhay na ito, kundi sa buong kawalang-hanggan.

Bilang isang piloto, pinapalipad ko ang eroplano nang maraming oras patawid sa mga kontinente at karagatan sa kadiliman ng gabi. Kapag minamasdan ko ang kalangitan sa gabi mula sa aking cockpit, lalo na ang Milky Way, madalas

akong mamangha sa kalawakan at kalakhan ng mga likha ng Diyos—na inilalarawan sa mga banal na kasulatan na “mga daigdig na di mabilang.”¹

Wala pang isang siglo ang nakaraan nang ipalagay ng karamihan sa mga astronomer na ang ating Milky Way galaxy lamang ang tanging galaxy na nasa sansinukob.² Inakala nila na lahat ng naroon sa labas ng ating galaxy ay matinding kadiliman, walang-hanggang kahungkagan—walang laman, malamig, at walang mga bituin, liwanag at buhay.

Habang naging mas makabago ang mga teleskopyo—kabilang ang mga teleskopyo na maaaring ipadala sa kalawakan—nagsimulang maunawaan ng mga astronomer ang kamanghamangha at halos di-malirip na katotohanan: ang sansinukob ay mas malaki at napakahirap maarok kaysa akala ng iba, at ang kalangitan ay puno ng di-mabilang na mga galaxy, na napakalayo sa atin, at bawat isa ay may bilyun-bilyong bituin.³

Sa napakaikling panahon, ang kaalaman natin tungkol sa sansinukob ay lubos na nagbago.

Ngayon ay nakikita natin ang ilan sa malalayong galaxy na ito.⁴

Alam natin na naroon ang mga ito. Naroon na sila noon pa man.

Ngunit bago nagkaroon ng mahuhusay na kasangkapan ang tao na sapat upang matipon ang liwanag ng kalangitan at makita ang mga galaxy na ito, hindi tayo naniwalang posible ang bagay na iyon.

Ang kalakhan ng sansinukob ay hindi biglang nagbago, ngunit ang kakayahan nating makita at maunawaan ang katotohanang ito ay lubos na nagbago. At dahil sa dagdag na kaalamang iyan, naipakita sa tao ang mga maluwalhating tanawin na hindi natin naisip kailanman.

Mahirap para sa Atin na Paniwalaan ang Hindi Natin Nakikita

Kunwari ay nakabalik kayo sa nakaraang panahon at nakausap ninyo ang mga taong nabuhay isang libo o kahit isandaang taon pa ang nakalipas. Isiping sinisikap ninyong ilarawan sa kanila ang ilan sa makabagong mga teknolohiya na karaniwan lang sa atin ngayon. Halimbawa, ano kaya ang iisipin ng mga taong ito sa atin kung magkuwento tayo sa kanila tungkol sa mga jumbo jet, microwave oven, mga device na naglalaman ng maraming digital library, at mga video ng ating mga apo na agad nating naibabahagi sa milyun-milyong tao sa buong mundo?

Maaaring ang ilan ay maniwala sa atin. Karamihan ay kukutyain tayo, sasalungatin, o marahil ay patatahimikin o sasaktan tayo. Ang ilan ay maaaring gumamit ng lohika, katwiran, at impormasyon ayon sa pagkaalam nila upang ipakita na tayo ay nalilihis, mangmang, o mapanganib pa nga. Maaaring parusahan nila tayo sa pagtatangkang iligaw ang iba.

Ngunit mangyari pa, ang mga taong ito ang lubos na nagkakamali. Maaaring mabuti ang kanilang pakay at tapat sila. Maaaring lubos silang nakakatiyak na tama ang kanilang opinyon. Ngunit hindi lang sila nakakaunawa



Kapag minamasdan ko ang kalangitan sa gabi mula sa bintana ng aking cockpit, madalas akong mamangha sa kalawakan at kalakhan ng mga likha ng Diyos.

dahil hindi pa nila natatanggap ang mas buong liwanag ng katotohanan.

Ang Pangakong Liwanag

Tila ugali na ng tao na ipalagay na tama tayo kahit mali tayo. At kung ganito, ano pang pag-asa ang natitira sa atin? Nakatadhana ba tayong magpaanod sa karagatan ng magkakasalungat na impormasyon, at umasa na lamang sa sarili nating pagkaunawa?

Posible bang matagpuan ang katotohanan?

Ang layunin ng mensahe ko ay upang ipahayag ang masayang mensahe na ang Diyos Mismo—ang Panginoon ng mga Hukbo na nakaaalam ng buong katotohanan—ay nangako sa Kanyang mga anak na malalaman nila ang katotohanan sa kanilang sarili.

Mangyaring isipin ang kahalagahan ng pangakong ito:

Ang Walang Hanggan at Pinakamakapangyarihang Diyos, ang Lumikha ng malawak na sansinukob na ito, ay mangungusap sa mga taong dumudulog sa Kanya nang may matapat na puso at tunay na layunin.

Mangungusap Siya sa kanila sa mga panaginip, pangitain, isipan at damdamin.

Mangungusap Siya sa paraang di-mapag-aalinlanganan at higit na dakila kaysa karanasan ng tao. Bibigyan Niya sila ng banal na patnubay at mga sagot para sa kanilang personal na buhay.

Mangyari pa, may mga nangunutya at nagsasabing imposible ang bagay na iyon, na kung may Diyos, gagawa Siya ng mas dakilang mga bagay kaysa dinggin at sagutin ang panalangin ng isang tao.

Ngunit sinasabi ko sa inyo: May malasakit ang Diyos sa inyo. Siya ay makikinig, at sasagutin Niya ang inyong mga personal na tanong. Ang mga sagot sa inyong mga panalangin ay darating sa Kanyang sariling panahon, at samakatwid, kailangan ninyong matutong makinig sa Kanyang tinig. Nais ng Diyos na mahanap ninyo ang daan pabalik sa Kanya, at ang Tagapagligtas ang daan.⁵ Nais ng Diyos na makilala ninyo ang Kanyang Anak na si



Jesucristo, at maranasan ang malaking kapayapaan at kagalakang nagmumula sa pagtahak sa landas ng banal na pagkadisipulo.

Mahal kong mga kaibigan, may isang simpleng eksperimento, na may garantiya mula sa Diyos, na matatagpuan sa isang aklat ng sinaunang banal na kasulatan na maaaring gawin ng bawat lalaki, babae, at bata na handang subukan ito:

Una, dapat ninyong saliksikin ang salita ng Diyos. Ibig sabihin ay basahin ang mga banal na kasulatan at pag-aralan ang mga salita ng mga sinauna at makabagong propeta tungkol sa ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo—hindi para mag-alinlangan o mamintas kundi upang taos na tuklasin ang katotohanan. Pagnilayan ang mga bagay na madarama ninyo, at ihanda ang inyong isipan na tanggapin ang katotohanan.⁶ “Kahit na wala kayong higit na nais kundi ang maniwala, hayaan na ang pagnanais na ito ay umiral sa inyo . . . na kayo ay magbibigay-puwang para sa [salita ng Diyos].”⁷

Pangalawa, dapat kayong mag-isip, magnilay, walang-takot na magsumikap na maniwala,⁸ at magpasalamat sa malaking awa ng Panginoon sa

Kanyang mga anak mula pa sa panahon ni Adan hanggang sa ating panahon sa pagbibigay ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag upang mamuno sa Kanyang Simbahan at tulungan tayong hanapin ang daan pabalik sa Kanya.

Pangatlo, dapat ninyong hilingin sa inyong Ama sa Langit, sa pangalan ng Kanyang Anak na si Jesucristo, na ipaalam sa inyo ang katotohanan ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Magtanong nang may matapat na puso at may tunay na layunin, nang may pananampalataya kay Cristo.⁹

May *pang-apat* ding hakbang, na ibinigay sa atin ng Tagapagligtas: “Kung ang sinomang tao ay nagiiibig gumawa ng kalooban [ng Diyos], ay makikilala niya ang turo, kung ito’y sa Dios, o kung ako’y nagsasalita na mula sa aking sarili.”¹⁰ Sa madaling salita, kapag sinisikap ninyong alamin ang katotohanan ng mga alituntunin ng ebanghelyo, dapat muna ninyong ipamuhay ang mga ito. Subukan ang doktrina ng ebanghelyo at ang mga turo ng Simbahan sa sarili ninyong buhay. Gawin ito nang may tunay na layunin at matibay na pananampalataya sa Diyos.

Kung gagawin ninyo ang mga bagay na ito, may pangako sa inyo ang Diyos—na nakatali sa Kanyang salita¹¹—na Kanyang ipaaalam ang katotohanan sa inyo sa kapangyarihan ng Espiritu Santo. Pagkakalooban Niya kayo ng higit na liwanag na magtutulot sa inyo na makakita sa kadiliman at masaksihan ang maluluwalhating bagay na hindi maunawaan ng mga mata ng tao.

Maaaring sabihin ng ilan na napakahirap sundin ang mga hakbang o hindi ito sulit na pagsikapan. Ngunit sinasabi ko na ang personal na patotoong ito sa ebanghelyo at sa Simbahan ang pinakamahalagang bagay na maaari ninyong matamo sa buhay na ito. Hindi lamang ito magpapala at gabay sa inyo sa buhay na ito, kundi may tuwirang epekto rin ito sa inyong buhay sa buong kawalang-hanggan.

Ang mga Bagay ng Espiritu ay Mauunawaan Lamang sa pamamagitan ng Espiritu

Ang mga siyentipiko ay nahirapang unawain ang kalakhan ng sansinukob hanggang sa magkaroon ng mga makabagong kasangkapang magbibigay ng higit na liwanag upang maunawaan nila ang mas kumpletong katotohanan.

Itinuro ni Apostol Pablo ang katulad na alituntunin tungkol sa espirituwal na kaalaman. “Ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga

bagay ng Espiritu ng Dios,” pagsulat niya sa mga taga-Corinto, “sapagka’t ang mga ito ay kamangmangan sa kaniya; at hindi niya nauunawa, sapagka’t ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu.”¹²

Sa madaling salita, kung gusto ninyong makilala ang espirituwal na katotohanan, kailangan kayong gumamit ng mga tamang kasangkapan. Hindi ninyo mauunawaan ang espirituwal na katotohanan gamit ang mga kasangkapan hindi kayang tuklasin ito.

Sinabi sa atin ng Tagapagligtas sa ating panahon, “Yaong sa Diyos ay liwanag; at siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag; at ang liwanag na yaon ay lumiliwanag nang lumiliwanag hanggang sa ganap na araw.”¹³

Kapag mas itinuon natin ang ating puso’t isipan sa Diyos, mas maraming liwanag mula sa langit ang magpapadalisay sa ating kaluluwa. At tuwing kusa at masigasig nating hinahangad ang liwanag na iyon, ipinapakita natin sa Diyos ang ating kahandaang tumanggap ng mas marami pang liwanag. Unti-unti, ang mga bagay na dating malabo, madilim, at malayo ay nagiging malinaw, maliwanag, at pamilyar sa atin.

Gayon din, kung ilalayo natin ang ating sarili sa liwanag ng ebanghelyo, ang ating sariling liwanag ay nagsisimulang dumilim—hindi sa loob

ng isang araw o isang linggo kundi paunti-unti sa paglipas ng panahon—hanggang sa gunitain natin at hindi natin maunawaan kung bakit pa tayo naniwala na totoo ang ebanghelyo. Ang dati nating kaalaman ay magmumukha pang kamangmangan sa atin dahil ang minsay napakalinaw ay muling nagiging madilim, malabo, at malayo.

Kaya nga iginiit ni Pablo na ang mensahe ng ebanghelyo ay kamangmangan sa mga yaong napapahamak, “ngunit ito’y kapangyarihan ng Dios sa [mga yaong] nangaliligtas.”¹⁴

Walang Litmus Test

Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay isang lugar para sa mga tao na may lahat ng uri ng patotoo. May ilang miyembro ng Simbahan na ang patotoo ay matibay at nag-aalab sa kanilang puso. Ang iba naman ay nagsisikap pang malaman ito sa kanilang sarili. Ang Simbahan ay isang tahanan para magkasama-sama ang lahat, anuman ang lalim o lakas ng ating patotoo. Wala akong alam na palatandaan sa mga pintuan ng ating mga meetinghouse na nagsasabing, “Ganito dapat kataas ang iyong patotoo para makapasok ka.”

Ang Simbahan ay hindi lamang para sa mga perpektong tao, kundi para lahat ay “lumapit kay Cristo, at maging ganap sa Kanya.”¹⁵ Ang Simbahan ay para sa mga taong tulad ko at ninyo. Ang Simbahan ay isang lugar ng pagtanggap at pangangalaga, hindi ng paghihiwalay o pamimintas. Ito ay isang lugar kung saan tumutulong tayo na mahikayat, mapasigla, at masuportahan ang isa’t isa habang hinahanap nating lahat ang banal na katotohanan.

Sa huli, tayong lahat ay manlalakbay na naghahangad ng liwanag ng Diyos sa pagtahak natin sa landas ng pagkadisipulo. Hindi natin isinusumpa ang iba dahil sa tindi ng liwanag na taglay nila o hindi nila taglay; sa halip, pinangangalagaan at hinihikayat natin ang lahat ng liwanag hanggang sa luminaw, lumiwanag, at tumatag ito.



Isang Pangako sa Lahat

Aminin natin na kadalasan ang pagkakaroon ng patotoo ay hindi nakakamtan sa loob ng isang minuto, isang oras, o isang araw. Hindi ito minsan lang at tapos na. Ang pagtatamo ng espirituwal na liwanag ay panghabambuhay.

Ang inyong patotoo tungkol sa buhay na Anak ng Diyos at sa Kanyang ipinanumbalik na Simbahan, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay maaaring hindi agad dumating tulad ng nais ninyo, ngunit ipinangako ko sa inyo: kung gagawin ninyo ang inyong bahagi, darating ito.

At ito ay magiging maluwalhati.

Ibinibigay ko sa inyo ang aking personal na patotoo na ang espirituwal na katotohanan ay pupuspos sa inyong puso at maghahatid ng liwanag sa inyong espiritu. Maghahayag ito sa inyo ng dalisay na katalinuhan na may matinding kagalakan at makalangit na kapayapaan. Naranasan ko na ito sa aking sarili sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

Tulad ng pangako sa sinaunang mga banal na kasulatan, ang dimasambit na presensya ng Espiritu ng Diyos ay magpapaawit sa inyo ng awit ng mapagtubos na pag-ibig,¹⁶ magtutuon ng inyong mga mata sa langit, at magpapataas ng inyong tinig sa pagpuri sa Kataas-Taasang Diyos, ang inyong Kanlungan, inyong Pagasa, inyong Tagapagtanggol, inyong Ama. Ipinangako ng Tagapagligtas na kung maghahanap kayo, makatagpo kayo.¹⁷

Pinatototohanan ko na ito ay totoo. Kung hahanapin ninyo ang katotohanan ng Diyos, yaong tila malabo, hindi makita, at malayo ngayon ay unti-unting mahahayag at lilinaw at magiging malapit sa inyong puso sa pamamagitan ng liwanag ng biyaya ng Diyos. Ang maluluwalhating espirituwal na bagay, na hindi makita ng mata ng tao, ay ihahayag sa inyo.

Pinatototohanan ko na ang espirituwal na liwanag na ito ay makakamtan ng bawat anak ng Diyos. Liliwanagin nito ang inyong isipan, paghihilumin ang inyong puso, at magpapagalak sa



inyong mga araw. Mahal kong mga kaibigan, huwag sana ninyong ipagpaliban ang paghahanap at pagpapalakas ng inyong sariling patotoo sa banal na gawain ng Diyos, maging sa gawain ng liwanag at katotohanan.

Ang inyong personal na patotoo sa liwanag at katotohanan ay hindi lamang magpapala sa inyo at sa inyong mga inapo sa buhay na ito, kundi sa buong kawalang-hanggan, sa mga daigdig na walang katapusan. Ito ang aking patotoo at iniwan ko sa inyo ang aking basbas sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Moises 1:33.
2. Tingnan sa Marcia Bartusiak, *The Day We Found the Universe* (2009), xii. Nagugulat ako palagi na lubos tayong tiwala sa ating mga opinyon. Kung minsan ay napakalaki ng tiwala natin na akala natin ay nasa atin na ang lahat ng katotohanan. Halimbawa: “Si Simon Newcomb, ang dean ng American astronomy noong huling bahagi ng ika-labingsiyam na siglo, ay nagsabi sa paglalaan ng observatory noong 1887 na

‘kung astronomiya ang pag-uusapan . . . tila nalalapit na nga tayo sa hangganan ng ating kaalaman. . . . Kaya ang talagang pinagtutuunan ng astronomer ay hindi ang pagtuklas sa mga bagong bagay kundi ang paglilinaw sa mga bagay na dati nang alam’” (Bartusiak, xv).

3. Nakatutuwang isaalang-alang ang Moises 1:33, 35 dahil sa “huling” tuklas na ito. Ang aklat ni Moses sa Mahalagang Perlas ay inihayag kay Propetang Joseph Smith noong Hunyo 1830, halos isang siglo bago ipinahayag ni Edwin Hubble ang pagkatuklas niya sa malalayong galaxy.
4. Tingnan, halimbawa, ang Hubble Heritage Image Gallery sa heritage.stsci.edu/gallery/gallery.html.
5. Tingnan sa Juan 14:6.
6. Tingnan sa 3 Nephi 17:3.
7. Alma 32:27.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 67:3.
9. Tingnan sa Moroni 10:3–5.
10. Juan 7:17; tingnan din sa Awit 25:14; Juan 3:21.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 82:10.
12. 1 Mga Taga Corinto 2:14.
13. Doktrina at mga Tipan 50:24.
14. 1 Mga Taga Corinto 1:18.
15. Moroni 10:32; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 20:59.
16. Tingnan sa Alma 5:26.
17. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 88:63.



Inilahad ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Pagsang-ayon sa mga Pinuno ng Simbahan

Iminumungkahing sang-ayunan natin sina Thomas Spencer Monson bilang propeta, tagakita, at tagapaghayag at Pangulo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw; Henry Bennion Eyring bilang Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan; at Dieter Friedrich Uchtdorf bilang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang mga di sang-ayon, kung mayroon, ay ipakita lamang.

Iminumungkahing sang-ayunan natin si Boyd Kenneth Packer bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol at ang mga sumusunod bilang mga miyembro ng korum na iyon: Boyd K. Packer, L. Tom Perry, Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, M. Russell Ballard, Richard G. Scott, Robert D. Hales, Jeffrey R. Holland, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, at Neil L. Andersen.

Ang mga sang-ayon ay ipakita lamang.

Ang di sang-ayon, ipakita lamang. Iminumungkahing sang-ayunan natin ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang di sang-ayon, kung mayroon man, ipakita lamang.

Iminumungkahing i-release natin nang may pasasalamat para sa kanilang mahusay na paglilingkod sina Elder Carlos H. Amado at Elder William R. Walker bilang mga miyembro ng Unang Korum ng Pitumpu at italaga sila bilang mga emeritus na General Authority.

Ang mga nais makiisa sa amin sa pasasalamat sa kanilang tapat na paglilingkod, mangyaring ipakita.

Sina Elder Arayik V. Minasyan at Gvido Senkans ay na-release bilang mga Area Seventy. Iminumungkahing iparating natin sa kanila ang pasasalamat sa kanilang paglilingkod.

Lahat ng sang-ayon, mangyaring ipakita.

Iminumungkahing sang-ayunan natin ang iba pang mga General Authority, Area Seventy, at general auxiliary presidency na kasalukuyang bumubuo nito.

Ang mga sang-ayon, mangyaring ipakita.

Ang di sang-ayon ay ipakita lamang.

Salamat, mga kapatid, sa inyong pananampalataya at mga dalangin para sa amin. ■





Ni Elder Dallin H. Oaks
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagmamahal at Pakikisalamuha sa mga Taong Naiiba

Bilang mga tagasunod ni Cristo dapat tayong mamuhay nang payapa sa mga taong hindi natin kapareho ng pinahahalagahan o hindi tinatanggap ang mga turo na pinagbatayan ng mga ito.

I.

Sa mga huling araw ng Kanyang ministeryo sa lupa, ibinigay ni Jesus sa Kanyang mga disipulo ang tinawag Niyang “isang bagong utos” (Juan 13:34). Tatlong beses na inulit, ang utos na iyan ay simple ngunit mahirap: “Kayo’y mangagibigan sa isa’t isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo” (Juan 15:12; tingnan din sa talata 17). Ang turong mahal ang isa’t isa ay naging pangunahing turo sa ministeryo ng Tagapagligtas. Ang pangalawang dakilang utos ay “iibigin mo ang iyong kapuwa na gaya ng iyong sarili” (Mateo 22:39). Itinuro pa ni Jesus, “Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway” (Mateo 5:44). Ngunit ang utos na *mahalin ang iba tulad ng pagmamahal Niya sa Kanyang kawan* ay para sa Kanyang mga disipulo—at sa atin—isang hamon na kakaiba. “Ang totoo,” ang turo sa atin ni Pangulong Thomas S. Monson noong nakaraang Abril, “ang pag-ibig ang pinakadiwa

ng ebanghelyo, at si Jesucristo ang ating Huwaran. Ang Kanyang buhay ay pamana ng pag-ibig.”¹

Bakit napakahirap mahal ang isa’t isa nang tulad ng pagmamahal ni Cristo? Napakahirap nito dahil kailangan nating mamuhay kasama ang mga taong hindi natin katulad ang mga paniniwala at pinahahalagahan at mga sinusunod na tipan. Sa Kanyang Panalangin ng Pamamagitan,

na inusal bago ang Pagpapako sa Kanya sa Krus, ipinagdasal ni Jesus ang Kanyang mga tagasunod: “Ibinigay ko sa kanila ang iyong salita: at kinapootan sila ng sanglibutan, sapagka’t hindi sila taga sanglibutan, gaya ko naman na hindi taga sanglibutan” (Juan 17:14). Pagkatapos ay nagsumamo Siya sa Ama, “Hindi ko idinadalangin na alisin mo sila sa sanglibutan, kundi ingatan mo sila mula sa masama” (talata 15).

Dapat tayong mabuhay sa mundo ngunit hindi *masing* makamundo. Kailangan nating mabuhay sa mundo dahil, tulad ng itinuro ni Jesus sa isang talinghaga, ang Kanyang kaharian ay “parang lebadura,” na ang layunin ay paalsahin ang buong masa sa pamamagitan ng impluwensya nito (tingnan sa Lucas 13:21; Mateo 13:33; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 5:6–8). Hindi iyan magagawa ng Kanyang mga tagasunod kung makikisalamuha lamang sila sa mga taong kapareho nila ang mga paniniwala at kaugalian. Ngunit itinuro din ng Tagapagligtas na kung mahal natin Siya, susundin natin ang Kanyang mga utos (tingnan sa Juan 14:15).

II.

Ang ebanghelyo ay maraming itinuturo tungkol sa pagsunod sa mga kautusan habang namumuhay sa kalipunan ng mga taong may ibang mga paniniwala at kaugalian. Ang mga turo tungkol sa pagtatalo ay napakahalaga. Nang makita ng nabuhay na muling si Cristo na pinagtatalunan ng mga Nephita ang paraan ng pagbibinyag, nagbigay Siya ng malinaw na tagubilin tungkol sa tamang pagsasagawa ng





ng pangangalunya” (Juan 8:4). Nang mapahiya dahil sa sariling pagpapaimbabaw, umalis ang mga nagparatang at iniwang mag-isa si Jesus kasama ang babae. Pinakitaan Niya ito ng kabaitan nang hindi Niya ito hinatulan noong sandaling iyon. Ngunit mahigpit din Niyang iniutos sa kanya na “huwag ka nang magkasala” (Juan 8:11). Ang mapagkandiling kabaitan ay kailangan, ngunit ang tagasunod ni Cristo—tulad ng Panginoon—ay dapat manindigan sa katotohanan.

IV.

Tulad ng Tagapagligtas, ang Kanyang mga tagasunod kung minsan ay may nakakaharap na maling pag-uugali, at sa panahong ito kapag pinanindigan nila ang tama ayon sa pagkaunawa nila, sila ay binabansagan kung minsan na mga “makaluma” o “panatiko.” Maraming makamundong mga paniniwala at kaugalian ang humahamon sa mga Banal sa mga Huling Araw. Ang talamak sa mga ito ngayon ay ang matinding pagtataangkang gawing legal ang pagpapakasal ng mga taong magkapareho ng kasarian sa maraming estado at lalawigan sa Estados Unidos at Canada at sa marami pang ibang bansa sa mundo. Kasalamuha rin natin ang ilang hindi naniniwala sa kasal. Ang ilan ay ayaw magkaroon ng mga anak. Ilan naman ang ayaw na ipinagbabawal ang pornograpiya o ilegal na droga. Isa pang halimbawa—na pamilyar sa karamihan ng mga nagsisisampalataya—ay ang hamon na mamuhay kasama ang asawa o pamilyang iba ang paniniwala o makihalubilo sa mga katrabaho na hindi sumasampalataya.

Sa mga inilaang lugar na tulad ng mga templo, bahay-sambahan, at mga tahanan natin, dapat nating ituro ang katotohanan at ang mga utos nang malinaw at puspusan batay sa pagkaunawa natin sa plano ng kaligtasan na ipinahayag sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Ang karapatan nating gawin ito ay protektado ng garantiyang ibinigay ng konstitusyon hinggil sa kalayaan sa pananalita at relihiyon, gayundin ng karapatan sa privacy na

ordenansang ito. Pagkatapos ay itinuro Niya ang dakilang alituntuning ito:

“Hindi dapat magkaroon ng mga pagtatalu-talo sa inyo, na kagaya noon; ni huwag kayong magkakaroon ng mga pagtatalo sa inyo hinggil sa mga paksa ng aking doktrina, na kagaya noon.

“Sapagkat katotohanan, katotohanang sinasabi ko sa inyo, *siya na may diwa ng pagtatalo ay hindi sa akin, kundi sa diyablo, na siyang ama ng pagtatalo, at kanyang inuudyukan ang mga puso ng tao na makipagtalo nang may galit sa isa’t isa.*

“Masdan, ito ang . . . aking doktrina, na ang mga gayong bagay ay maiwaksi” (3 Nephi 11:28–30; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Hindi lamang ang mga taong sumusuway sa utos tungkol sa binyag ang binalaan ng Tagapagligtas na huwag makipagtalo. Ipinagbabawal Niya sa lahat ang pagtatalo. Kahit ang mga sumusunod sa mga utos ay hindi dapat udyukan ang mga puso ng tao na makipagtalo nang may galit. Ang “ama ng pagtatalo” ay ang diyablo; ang Tagapagligtas ay ang Pangulo ng Kapayapaan.

Gayundin, itinuturo sa Biblia na “ang mga pantas na tao ay nag-alis ng poot” (Mga Kawikaan 29:8). Itinuro ng naunang mga Apostol na

dapat nating “sundin ang mga bagay na makapapayapa” (Mga Taga Roma 14:19) at “[sabihin ang] katotohanan na may pagibig” (Mga Taga Efeso 4:15), “sapagka’t ang galit ng tao ay hindi gumagawa ng katuwiran ng Dios” (Santiago 1:20). Sa makabagong paghahayag iniutos ng Panginoon na ang mabubuting balita ng ipinangbabalik na ebanghelyo ay dapat ipahayag ng “bawat tao sa kanyang kapwa, sa kahinahunan at kaamuan” (D at T 38:41), “sa buong kababaang-loob, . . . hindi nanlalait laban sa yaong mga manlalait” (D at T 19:30).

III.

Kahit hangad nating magpakumbaba at umiwas na makipagtalo, hindi natin dapat ikompromiso o pag-alinlanganan ang ating katapatan sa mga katotohanang nauunawaan natin. Dapat patuloy nating panindigan ang ating mga pinaniniwalaan o mga pinahalalagahan. Dahil sa ebanghelyo ni Jesucristo at sa mga tipang ginawa natin tayo ay tiyak na makikipaglaban sa walang-hanggang labanan ng tama at mali. Kailangang may panigan sa labanang iyon.

Ipinakita ng Tagapagligtas ang paraan nang konprontahin Siya ng mga kumakalaban sa Kanya dahil sa isang babae na “nahuli . . . sa kasalukuyan

kinikilala maging sa mga bansang walang pormal na mga garantiya mula sa konstitusyon.

Sa publiko, may iba pang dapat isaalang-alang ang mga sinasabi at ginagawa ng mga relihiyosong tao. Ang kalayaan sa relihiyon ay naa-angkop sa halos lahat ng ginagawa ng tao, ngunit ito ay nararapat gawin nang may pagsasaalang-alang sa mga paniniwala at kaugalian ng iba. Maaaring ipagbawal ng batas ang mga pag-uugali na itinuturing na mali o hindi katanggap-tanggap, tulad ng seksuwal na pang-aabuso, karahasan, o terorismo, kahit pa ginawa ito ng mga ekstremista o panatiko sa ngalan ng relihiyon. Ang mga pag-uugaling hindi lubos na mali, hindi man katanggap-tanggap sa ilang relihiyon, ay kailangang hayaan na lamang kung ito ay ginawang batas batay sa itinawag ng propeta sa Aklat ni Mormon na “tinig ng mga tao” (Mosias 29:26).

Sa mga pakikipag-usap natin sa mga tao, nawa’y sundin nating lahat ang mga turo ng ebanghelyo na mahalín ang ating kapwa at iwasan ang pagtatalo. Ang mga tagasunod ni Cristo ay dapat maging halimbawa ng paggalang. Dapat nating mahalín ang lahat ng tao, pakinggan silang mabuti, at isaalang-alang ang tapat nilang pinaniniwalaan. Hindi man tayo sumasang-ayon, hindi rin tayo dapat nakikipagtalo. Ang pananaw at pagsasalita natin ukol sa mga kontrobersyal na paksa ay hindi dapat maging dahilan ng pagtatalo. Dapat nating ipaliwanag at panindigan ang ating pinaniniwalaan nang may katalinuhan at impluwensyahan sa kabutihan ang mga tao. Sa paggawa nito, hangad nating huwag makasakit ng iba ang tapat nating paniniwala sa ating relihiyon at ang kalayaan nating gawin ito. Hinihikayat natin ang lahat na sundin ang Ginintuang Panuntunan ng Tagapagligtas: “[Anumang] bagay na ibig ninyong sa inyo’y gawin ng mga tao, gawin naman ninyo ang gayon sa kanila” (Mateo 7:12).

Kung hindi manaig ang ating pinaniniwalaan, tanggapin natin nang maluwag sa kalooban ang di magandang bunga nito at igalang pa rin ang mga

sumasalungat sa atin. Anuman ang mangyari, dapat na pakitunguhan natin nang mabuti ang lahat, salungatin ang anumang pang-aapi, kabilang ang pang-aapi sa lahi, etniko, paniniwala o di paniniwala sa relihiyon, at pananaw ukol sa kasarian.

V.

Natalakay ko na ang mga pang-kalahatang alituntunin. Tatalakayin ko naman ngayon kung paano dapat iangkop ang mga alituntuning iyon sa karaniwang mga sitwasyon kung saan higit na dapat sundin ang mga turo ng Tagapagligtas.

Sisimulan ko ito sa natututuhan ng ating mga anak sa kanilang paglalaro. Kadalasang ikinasasama ng loob ng mga tao rito sa Utah na hindi mga Mormon ang hindi pagpayag ng ilan sa mga miyembro natin na makipagkaibigan ang kanilang mga anak sa mga batang iba ang relihiyon. Tiyak na maituturo natin sa ating mga anak ang mga pinahahalagahan at pamantayan nang hindi nila kailangang iwasan o pakitaan ng kawalang-galang ang sinumang naiiba sa atin.

Maraming guro sa simbahan at paaralan ang nalulungkot sa paraan ng pakikitungo sa isa’t isa ng ilang kabataan, kabilang na ang mga kabataang LDS. Kabilang sa utos na mangag-ibigan sa isa’t isa ang mahalín at igalang ang lahat anuman ang kanilang relihiyon at lahi, kultura, at katayuan sa buhay. Hinihikayat namin



ang lahat ng kabataan na iwasan ang pananakot, pang-iinsulto, o pagsasalita ng masama at pagkilos na sadyang nakasakit sa iba. Lahat ng ito ay labag sa utos ng Tagapagligtas na magmahalan.

Itinuro ng Tagapagligtas na ang pagtatalo ay sa diyablo. Iyan ay tiyak na nagtuturo ng salungat sa ilang karaniwang sinasabi at ginagawa sa pulitika ngayon. Ang makasalamuha ang mga taong iba ang pananaw at patakaran sa buhay ay kailangan sa pulitika, ngunit ang pagkakaibang ito ay hindi dapat gawing personal na pagtuligsa na nagiging hadlang sa pamamalakad ng gobyerno at nagpapahirap sa nasasakupan nito. Dapat nating tigilang mag-usap nang may poot at sa halip ay igalang ang pagkakaiba-iba ng opinyon.

Ang pinakamahalagang lugar na maiiwasan natin ang pagtatalo at kawalang-paggalang bunga ng pagkakaiba ay sa ating tahanan at relasyon sa pamilya. Hindi maiiwasan na magkaroon ng mga pagkakaiba—maliliit at malalaking pagkakaiba. Patungkol sa malaking pagkakaiba, isang halimbawa nito ang pagsasama nang hindi kasal ng isang kapamilya. Bunga nito, dalawang mahalagang bagay ang apektado—ang ating pagmamahal sa kapamilya at ang katapatan natin sa kautusan. Tulad ng halimbawa ng Tagapagligtas, makapagpapakita tayo ng kabaitan at mapaninindigan pa rin ang katotohanan sa pamamagitan ng pagwaksi sa mga bagay na nag-uudyok o tila kumukunsinti pa sa alam nating mali.

Magtatapos ako sa isa pang halimbawa tungkol sa ugnayan ng pamilya. Sa isang stake conference sa Midwest mga 10 taon na ang lumipas, sinabi sa akin ng isang babaeng miyembro na 12 taon na siyang sinasamahang mag-simba ng kanyang asawa ngunit ayaw nitong sumapi sa Simbahan. Ano raw ang dapat niyang gawin. Pinayuhan ko siyang patuloy niyang gawin ang tama at maging matiyaga at mabait sa kanyang asawa.

Mga isang buwan ang lumipas ganito ang iniliham niya sa akin: “Inisip ko na sapat na naging matiyaga ako

sa loob ng 12 taon, pero hindi ako sigurado kung talaga bang naging mabait ako tungkol dito. Kaya talagang nagsumigasig ako nang mahigit isang buwan, at nagpabinyag siya.”

Malaki ang nagagawa ng kabaitan, lalo na sa pamilya. Sabi pa sa sulat niya: “Lalo pa akong nagpapakabait ngayon dahil gusto naming mabuklod sa templo sa taong ito!”

Pagkalipas ng anim na taon, sinulatan niya akong muli: “Ang asawa ko ay tinawag at itinalaga [nito lang] bilang bishop ng [aming ward].”²

VI.

Sa napakaraming ugnayan at sitwasyon sa buhay, kailangan nating makisalamuha sa mga taong naiiba sa atin. Kung sadyang kailangan, ang pinaniniwalaan natin sa mga pagkakaibang ito ay hindi dapat itatwa o ipagwalang-bahala, subalit bilang mga tagasunod ni Cristo dapat tayong mamuhay nang payapa sa mga taong hindi natin kapareho ng pinahahalagahan o hindi tinatanggap ang mga turo na pinagbatayan ng mga ito. Ang plano ng kaligtasan ng Ama, na nalaman natin sa inihayag sa atin ng propeta, ay nagtulot sa atin na mamuhay sa mundo at sumunod sa Kanyang mga kautusan. Kabilang diyan ang utos na mahalín ang ating kapwa na may iba’t ibang kultura at paniniwala nang tulad ng pagmamahal Niya sa atin. Tulad ng itinuro ng propeta sa Aklat ni Mormon, kailangan nating patuloy na lumakad nang may katatagan, na may “pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao” (2 Nephi 31:20).

Ang mamuhay sa gitna ng ligalig ay mahirap na sa atin, ngunit marahil, ang utos ng Tagapagligtas na mahalín ang isa’t isa gaya ng pagmamahal Niya sa atin ang siyang pinakamalaking hamon sa atin. Dalangin ko na maunawaan natin ito at hangaring ipamuhay sa lahat ng ating mga pakikipag-ugnayan at gawain, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Pag-ibig—ang Pinakadiwa ng Ebanghelyo,” *Liahona*, Mayo 2014, 91.
2. Mga sulat kay Elder Dallin H. Oaks, Ene. 23, 2006, at Okt. 30, 2012.



Ni Elder Neil L. Andersen

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Joseph Smith

Pinili ng ating Manunubos ang isang banal na tao, isang mabuting tao, para pamunuan ang Panunumbalik ng kabuuan ng Kanyang ebanghelyo. Pinili niya si Joseph Smith.

Sa kanyang unang pagbisita kay Propetang Joseph Smith sa edad na 17, isang anghel ang tumawag kay Joseph sa kanyang pangalan at sinabi sa kanya na siya, si Moroni, ay isang sugo mula sa kinaroroonan ng Diyos at na ang Diyos ay may ipagagawa sa kanya. Isipin ninyo kung ano ang maaaring inisip ni Joseph nang sabihin sa kanya ng anghel na ang kanyang pangalan ay “makikilala sa kabutihan at kasamaan sa lahat ng bansa, lahi, at wika.”¹ Siguro dahil sa pagkabiglang nabakas sa mga mata ni Joseph kaya inulit ni Moroni na siya ay pag-uusapan ng mga tao kapwa sa mabuti at masama.²

Ang pagsasalita ng mabuti tungkol kay Joseph Smith ay nangyari nang dahan-dahan; ang pagsasalita ng masama tungkol sa kanya ay agad nasimulan. “Lubos na nakapagtataka na ang isang di kilalang bata . . . ay dapat isiping . . . may sapat na kahalagahan upang tumawag ng . . . damdamin ng pinakamapait na pang-uusig at panlalait.”³

Bagama’t nadaragdagan ang pagmamahal kay Joseph, gayon din naman ang pagkapoot sa kanya. Sa edad na 38, siya ay pinaslang ng 150 mandurumog na lalaking may pintura sa mukha.⁴ Bagama’t biglang nagwakas

ang buhay ng Propeta, ang mabubuti at masasamang sinabi tungkol kay Joseph ay nagsisimula pa lang.

Dapat ba tayong magulat sa masasamang sinabi laban sa kanya? Si Apostol Pablo ay tinawag noon na baliw at naguguluhan.⁵ Ang Pinakamahal nating Tagapagligtas, ang Anak ng Diyos, ay tinawag na matakaw, manginginom ng alak, at sinaspian ng diyablo.⁶

Sinabi ng Panginoon kay Joseph ang kanyang tadhana:

“Ang mga dulo ng mundo ay magtatanong tungkol sa iyong pangalan, at ang mga hangal ay ilalagay ka sa panunuya, at ang impiyerno ay sisilakbo ang galit laban sa iyo;

“Samantalang ang dalisay ang puso, . . . ang marurunong, . . . at ang malilinis, ay maghahangad ng . . . mga pagpapala tuwina mula sa iyong kamay.”⁷

Bakit tinutulutan ng Panginoon na pagsalitaan ng masama ang mabubuti? Ang isang dahilan ay itinutulak ng oposisyon laban sa mga bagay ng Diyos ang mga naghahanap ng katoohan na lumuhod sa panalangin para sa mga sagot.⁸

Si Joseph Smith ang Propeta ng Panunumbalik. Nagsimula ang kanyang espirituwal na gawain nang magpakita

ang Ama at ang Anak, na sinundan ng napakaraming pagdalaw mula sa langit. Siya ang kasangkapan sa mga kamay ng Diyos sa pagpapalabas ng sagradong kasulatan, nawalang doktrina, at panunumbalik ng priesthood. Ang kahalagahan ng gawain ni Joseph ay nangangailangan ng higit pa sa katalinuhan; kailangan dito na tayo, tulad ni Joseph, ay “humingi sa Diyos.”⁹ Ang espirituwal na mga tanong ay dapat magkaroon ng espirituwal na mga sagot mula sa Diyos.

Marami sa mga taong ayaw sa gawain ng Panunumbalik ang hindi naniniwala na nakikipag-usap ang mga makalangit na nilalang sa mga tao sa mundo. Imposible, sabi nila, na ibinigay ng isang anghel ang mga laminang ginto at isinalin ito sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Sa kawalan ng paniniwalang iyan, agad nilang tinatanggi ang patotoo ni Joseph, at ang ilan sa kasamaang-palad ay desididong siraan ang Propeta at ang kanyang pagkatao.

Tayo ay lalong nalulungkot kapag ang isang taong minsang nagpitagan kay Joseph ay tumatalikod sa kanyang pananalig at pagkatapos ay sinisiraan ang Propeta.¹⁰

“Ang pag-aaral tungkol sa Simbahan . . . sa tingin ng mga tumalikod dito,” sabing minsan ni Elder Neal A. Maxwell, ay “parang pag-interbyu kay Judas para maunawaan si Jesus. Lagging mas maraming kuwento ang mga tumalikod tungkol sa kanilang sarili kaysa tungkol sa tinalikuran nila.”¹¹

Sabi ni Jesus, “Ibigin ninyo ang inyong mga kaaway, at idalangin ninyo ang sa inyo’y nagsisiusig.”¹² Maging mabait tayo sa mga namimintas kay Joseph Smith, batid sa ating puso na siya ay propeta ng Diyos at mapanatag na lahat ng ito ay matagal nang ipinropesiya ni Moroni.

Paano tayo dapat tumugon sa isang taong taos-pusong nagtatanong na nag-aalala sa mga negatibong komentong narinig o nabasa niya tungkol kay Propetang Joseph Smith? Mangyari pa, lagi tayong bukas sa tapat at tunay na mga tanong.

Sa mga tanong tungkol sa pagkatao ni Joseph, maibabahagi natin



ang mga salita ng libu-libong tao na personal siyang kilala at nagbuwis ng kanilang buhay para sa gawain na tumulong siyang itatag. Si John Taylor, na apat na beses binaril ng mga mandurumog na pumatay kay Joseph, ay ipinahayag kalaunan: “Nagbibigay-patotoo ako sa harapan ng Diyos, mga anghel, at mga tao, na [si Joseph] ay isang mabuti, kagalang-galang, [at] marangal na tao— . . . [at] na ang kanyang karakter pampubliko at pampribado ay hindi mapararatangan—at na siya ay nabuhay at namatay bilang isang tao ng Diyos.”¹³

Maaari nating paalalahanan ang taos-pusong nagtatanong na ang impormasyon sa Internet ay walang filter ng “katotohanan.” Ang ilang impormasyon, kahit nakakakumbinsi ito, ay hindi totoo.

Maraming taon na ang nakalipas may nabasa akong artikulo sa *Time* magazine na nag-ulat tungkol sa pagkatuklas sa isang liham, na isinulat daw ni Martin Harris, na salungat sa salaysay ni Joseph Smith ukol sa pagkatuklas sa mga lamina ng Aklat ni Mormon.¹⁴

Tumalikod ang ilang miyembro ng Simbahan dahil sa dokumento.¹⁵

Nakalulungkot na umalis sila kaagad. Makalipas ang ilang buwan natuklasan ng mga eksperto (at inamin ng nanghuhuwad) na ang sulat ay tahasang panlilinlang.¹⁶ Makatwiran din naman na pag-alinlanganan ninyo ang naririnig ninyo sa balita, ngunit

kailanman ay huwag ninyong pagdudahan kailanman ang patotoo ng mga propeta ng Diyos.

Maaari nating ipaalala sa nagtatanong na ang ilang impormasyon tungkol kay Joseph, bagama’t totoo, ay maaaring ilahad na napakalayo ng konteksto sa kanyang sariling panahon at sitwasyon.

Inilarawan ni Elder Russell M. Nelson ang puntong ito. Sabi niya: “Naglilingkod ako noon bilang consultant sa pamahalaan ng Estados Unidos sa National Center for Disease Control sa Atlanta, Georgia. Minsan habang naghahintay ng taxi na maghahatid sa akin sa airport pagkatapos ng aming mga miting, nag-inat-inat ako sa damuhan para masakatan ng araw bago ako bumalik sa malamig na klima ng Utah. . . . Kalaunan naka-tanggap ako ng isang retrato sa koreo na kuha ng isang retratistang may telephoto lens, at nakunan niya ang sandali ng pagrerelaks ko sa damuhan. Sa ilalim nito ay may caption, ‘Consultant ng gobyerno sa National Center.’ Totoo ang retrato, totoo ang nasa caption, ngunit ang katotohanan ay ginamit para lumikha ng maling impresyon.”¹⁷ Hindi natin binabalewala ang isang bagay na alam nating totoo dahil lamang sa isang bagay na hindi pa natin nauunawaan.

Maaari nating ipaalala sa nagtatanong na hindi lang si Joseph ang dinalaw ng mga anghel.

“Aming ipinapahayag sa mahinahong salita, na isang anghel ng Diyos ang bumaba mula sa langit, at . . . aming namasdan at nakita ang mga lamina.”¹⁸ Marami pa tayong maaaring banggitin.¹⁹

Dapat maunawaan ng taos-pusong nagtatanong na ang paglaganap ng ipinanumbalik na ebanghelyo ay bunga ng gawain ng Panginoon sa pamamagitan ng Propeta.

Ngayon ay mayroon nang mahigit 29,000 kongregasyon at 88,000 missionary na nagtuturo ng ebanghelyo sa buong mundo. Milyun-milyong Banal sa mga Huling Araw ang naghahangad na sumunod kay Jesucristo, mamuhay nang marangal, pangalagaan ang mga maralita, at ibigay ang



I-adjust ang inyong espirituwal na oxygen mask upang handa kayong tulongan ang iba pang mga naghangad sa katotohanan.

kanilang panahon at mga talento sa pagtulong sa iba.

Sabi ni Jesus:

“Hindi maaari na ang mabuting punong kahoy ay magbunga ng masama, at ang masamang punong kahoy ay magbunga ng mabuti. . . .

“ . . . Kaya’t sa kanilang mga bunga ay mangakikilala ninyo sila.”²⁰

Ang mga paliwanag na ito ay nakakakumbinsi, ngunit ang taos-pusong nagtatanong ay hindi dapat dito lamang umasa upang mahanap niya ang katotohanan.

Bawat naniniwala ay kailangan ng espirituwal na pagpapatibay ukol sa banal na misyon at pagkatao ni Propetang Joseph Smith. Totoo ito sa bawat henerasyon. Ang espirituwal na mga tanong ay nararapat sa espirituwal na mga sagot mula sa Diyos.

Kamakailan habang nasa East Coast ako, isang returned missionary ang kumausap sa akin tungkol sa isang kaibigan na nalito dahil sa impormasyong natanggap niya tungkol kay Propetang Joseph Smith. Ilang beses silang nagkausap, at ang returned missionary ay tila nagkaroon na rin ng kaunting pag-aalinlangan bunga ng mga talakayan.

Bagama’t umasa akong mapapalakas niya ang kanyang kaibigan, nagalala ako sa kanyang sariling patotoo. Mga kapatid, hayaan ninyong bigyan ko kayo ng babala: hindi ninyo matutulongan ang iba kung hindi matatag ang sarili ninyong pananampalataya.

Ilang linggo na ang nakalipas sumakay ako ng eroplano papuntang South America. Itinuon ng flight attendant ang aming pansin sa video tungkol sa kaligtasan. “Malamang na hindi naman mangyari,” pagbabala sa amin, “pero kung magbago ang cabin pressure, bubukas ang mga panel sa itaas ng inyong upuan, at lilitaw ang mga oxygen mask. Kapag nangyari ito, abutin at hatakin ang mask. Ilagay ang mask sa inyong ilong at bibig. Isuot ang elastic strap sa inyong ulo at i-adjust ang mask kung kailangan.” Sumunod ang babalang ito: “Tiyaking i-adjust muna ang sarili ninyong mask bago tulongan ang iba.”

Ang negatibong komentaryo tungkol kay Propetang Joseph Smith ay madaragdagan pa habang papalapit ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Ang mga katotohanang may halong kasinungalingan at panlilinlang ay hindi mababawasan. May mga kapamilya at kaibigan na mangangailangan ng tulong ninyo. Ngayon ang panahon para i-adjust ang inyong espirituwal na oxygen mask para handa kayong tulongan ang iba na naghangad ng katotohanan.²¹

Ang patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith ay maaaring dumating sa atin sa magkakaibang paraan. Maaari itong dumating habang nakaluhod kayo sa panalangin, na hinihiling sa Diyos na patunayan na siya ay totoong propeta. Maaari itong dumating habang binabasa ninyo ang salaysay ng Propeta tungkol sa Unang

Pangitain. Ang patotoo ay maaaring magpadalisay sa inyong kaluluwa habang paulit-ulit ninyong binabasa ang Aklat ni Mormon. Maaari itong dumating kapag nagpatotoo kayo tungkol sa Propeta o habang nasa templo kayo at natatanto na sa pamamagitan ni Joseph Smith ay ipinanumbalik ang banal na kapangyarihang magbuklod sa lupa.²² Taglay ang pananampalataya at tunay na layunin, ang inyong patotoo kay Propetang Joseph Smith ay lalakas. Ang dumaraming water balloon volleys mula sa mga manood ay maaaring makabasa sa inyo, ngunit hindi nito kailangang mapatay kailanman ang nag-aalab na apoy ng inyong pananampalataya.

Sa mga kabataang nakikinig ngayon o nagbabasa ng mga salitang ito, may hamon ako sa inyo: Magkaroon ng sariling patotoo tungkol kay Propetang Joseph Smith. Hayaan ang inyong tinig na makatulong sa katuparan ng propesiya ni Moroni na magsalita ng kabutihan tungkol sa Propeta. Narito ang dalawang ideya: Una, maghanap ng mga talata sa Aklat ni Mormon na nadarama at alam ninyong talagang totoo. At ibahagi ang mga ito sa pamilya at mga kaibigan sa family home evening, seminary, at sa inyong mga klase sa Young Men at Young Women, na kinikilala na si Joseph ay kasangkapan sa mga kamay ng Diyos. Susunod, basahin ang patotoo ni Propetang Joseph Smith sa Mahalagang Perlas o sa polyetong ito, na ngayon ay nasa 158 wika.

Ang Patotoo ni Propetang Joseph Smith ay nasa 158 wika na ngayon.



Makikita ninyo ito online sa LDS.org o sa mga missionary. Ito ang sariling patotoo ni Joseph tungkol sa tunay na nangyari. Basahin ito nang madalas. Isiping irekord ang patotoo ni Joseph Smith sa sarili ninyong tinig, pakinggan ito palagi, at ibahagi ito sa mga kaibigan. Ang pakikinig sa patotoo ng Propeta sa sarili ninyong tinig ay makatutulong sa pagkakaroon ninyo ng patotoong hangad ninyo.

May mga dakila at kagila-gilalas na araw sa hinaharap. Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Ang dakilang layuning ito . . . ay patuloy na lalaganap, at babaguhin at pagpapalain nito ang mga buhay. . . . Walang puwersa sa buong mundo ang makapipigil sa gawain ng Diyos. Anuman ang mangyari, ang dakilang gawaing ito ay susulong.”²³

Ibinibigay ko sa inyo ang aking patotoo na si Jesus ang Cristo, ang ating Tagapagligtas at Manunubos. Pinili Niya ang isang banal na tao, isang mabuting tao, para pamunuan ang Panunumbalik ng kabuuan ng Kanyang ebanghelyo. Pinili niya si Joseph Smith.

Pinatototohanan ko na si Joseph Smith ay isang tapat at marangal na tao, isang disipulo ng Panginoong Jesucristo. Ang Diyos Ama at ang Kanyang Anak na si Jesucristo ay nagpakita sa kanya. Totoong isinalin niya ang Aklat ni Mormon sa pamamagitan ng kaloob at kapangyarihan ng Diyos.

Sa ating lipunan sa kabilang-buhay, malinaw nating mauunawaan ang sagradong tungkulin at banal na misyon ni Propetang Joseph Smith. Malapit nang dumating ang araw na iyon, kayo at ako, at ang milyunmilyon pa ay “i[ta]tanghal si ‘Joseph’ sa sandaigdig.”²⁴ Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Joseph Smith—Kasaysayan 1:33.
2. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–46.
3. Joseph Smith—Kasaysayan 1:23.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 135:1.
5. Tingnan sa Ang mga Gawa 26:24.
6. Tingnan sa Mateo 11:19; Juan 10:20.
7. Doktrina at mga Tipan 122:1–2.
8. Sinabi ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf: “Pagdudahan muna ang inyong pagdududa bago ninyo pagdudahan ang inyong pananampalataya. Hindi natin dapat hayaang pigilan tayo ng pagdududa at ilayo tayo

sa dakilang pagmamahal, kapayapaan, at mga natatanging kaloob na dulot ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo” (“Halina, Sumama sa Amin,” *Liahona*, Nob. 2013, 23). Sabi ni Elder Jeffrey R. Holland: “Isang dakilang gawain ang isinasagawang ito, na ang mga pagpapala ay lagapan sa lahat ng dako, kaya huwag kayong mas-yadong maligalig kung may lumalabas na mga problema paminsan-minsan na kailangang suriin, unawain, at lutasin. Lalabas at lalabas ang mga ito. *Sa Simbahang ito, mas mahalaga ang alam natin kaysa hindi natin alam*” (“Panginoon, Nanampalataya Ako,” *Liahona*, Mayo 2013, 94).

9. Santiago 1:5; tingnan din sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–13.
10. Nagunita ni Daniel Tyler: “Binisita namin siya [ang Propeta] ni Brother Isaac Behunin sa kanyang bahay. Ang mga pagpapahirap sa kanya ang pinag-usapan namin. Inulit-ulit niya ang maraming bulaan, pabagubago at magkakasalungat na pahayag ng mga nag-apostasiya. . . . Ikinuwento rin niya kung paanong noong hulihin at [mas] makilala siya ay pumanig sa kanya ang karamihan sa mga opisyal na [handa sanang] pumatay sa kanya. . . .
“ . . . Sinabi ni Brother Behunin: ‘Kung lilisanin ko ang Simbahang ito hindi ko gagawin ang ginawa ng mga lalaking iyon: pupunta ako sa malayong lugar kung saan wala pang nakakarinig tungkol sa Mormonismo, mananahimik, at walang makakaalam na may alam ako tungkol dito.’
“Kaagad sumagot si [Joseph]: ‘Brother Behunin, hindi mo alam ang gagawin mo. Walang alinlangang naisip na rin iyan minsan ng mga kalalaking ito. Bago ka sumapi sa Simbahang ito hindi mo rin alam ang mabuti at masama. . . . Nang sumapi ka sa Simbahang ito nangako kang maglilingkod sa Diyos. Nang gawin mo iyan nilisan mo ang kawalan ng kaalaman sa mabuti at masama, at hindi ka na makakabalik doon. Kapag itinakwil mo ang Panginoong pina-ngakuan mong paglingkuran, iyon ay dahil inudyukan ka ng demonyo, at susundin mo ang idinidikta niya at magiging alagad niya’” (sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Smith* [2007], 378–79).
11. Neal A. Maxwell, “All Hell Is Moved” (Brigham Young University devotional, Nob. 8, 1977), 3; speeches.byu.edu.
12. Mateo 5:44.
13. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: John Taylor* (2001), 83; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 135:3.
14. Tingnan sa Richard N. Ostling, “Challenging Mormonism’s Roots,” *Time*, Mayo 20, 1985, 44.
15. Tingnan sa Ostling, “Challenging Mormonism’s Roots,” 44; tingnan din sa Gordon B. Hinckley, “Lord, Increase Our Faith,” *Ensign*, Nob. 1987, 52; Neil L. Andersen, “Pagsubok sa Inyong Pananampalataya,” *Liahona*, Nob. 2012, 41.
16. Tingnan sa Richard E. Turley Jr., *Victims: The LDS Church and the Mark Hofmann Case* (1992).
17. Russell M. Nelson, “Truth—and More,” *Ensign*, Ene. 1986, 71.
18. “Ang Patotoo ng Tatlong Saksi,” Aklat ni Mormon.



19. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:71, tala; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 76:23.
20. Mateo 7:18, 20.
21. Sinabi ni Pangulong Henry B. Eyring tungkol sa pagdududa: “Sa inyong pagmamahal sa kanila maaari kayong magpasiya na ibigay ang hinihingi nila. Maaari kayong matuksong sumama sa kanila sa kanilang pagdududa, na umaasang makakakita kayo ng patunay o dahilan para mawala ang kanilang pagdududa. Ang mga taong may pagdududa ay madalas gustong magsalita tungkol sa inaakala nilang tunay na nangyari o mga argumento na naging sanhi ng kanilang pagdududa, at kung gaano kasakit ito. . . .
“Mas makabubuting hindi tayo magtagal sa nakikita ng ating mga estudyante na pinagmulan ng kanilang pagdududa. . . . Ang problema nila ay wala sa inaakala nilang nakikita nila; ito ay nasa hindi pa nila nakikita. . . . Makabubuting ibaling natin kaagad ang usapan sa mga bagay na malapit sa puso, sa mga pagbabago ng puso na nagbubukas sa espirituwal na mga mata” (“And Thus We See”: Helping a Student in a Moment of Doubt” [mensahe sa Church Educational System religious educators, Peb. 5, 1993], 3, 4; si.lds.org).
22. Sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Maraming taon na ang nakaraan nang sa edad na labindalawa ay naorden akong deacon, isinama ako ng tatay ko, na pangulo noon ng stake namin, sa una kong stake priesthood meeting. . . . [Ang pambungad na himno noon ay “Purihin ang Propeta.”] Kumakanta sila tungkol kay Propetang Joseph Smith, at habang ginagawa nila ito ay nadama ko sa puso ko ang malaking pagmamahal at paniniwala sa makapangyarihang Propeta ng dispensasyong ito. . . . Noon ko nalaman, sa kapangyarihan ng Espiritu Santo, na si Joseph Smith ay tunay na propeta ng Diyos” (“Praise to the Man,” *Tambuli*, Ene. 1984, 1, 2).
23. Thomas S. Monson, “Sa Pagtitipon Nating Muli,” *Liahona*, Mayo 2012, 4.
24. “Purihin ang Propeta,” *Mga Himno*, blg. 21.



Ni Tad R. Callister
Sunday School General President

Mga Magulang: Ang Pangunahing mga Guro ng Ebanghelyo sa Kanilang mga Anak

Matapos masabi at magawa ang lahat, ang tahanan pa rin ang pinakamagandang lugar sa pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Sabi ni Ben Carson tungkol sa kanyang sarili, “Ako ang pinakamahina sa aming klase sa ikalimang baitang.” Isang araw sinagutan ni Ben ang 30 tanong sa math test. Ang estudyante sa likod niya ang nag-tsek nito at ibinalik ito sa kanya. Sinimulang tawagin ng gurong si Mrs. Williamson ang pangalan ng bawat estudyante para itala ang iskor nila. Sa huli, si Ben na ang tinawag niya. Dahil sa hiya, pabulong niyang sinabi ang iskor. Akala ni Mrs. Williamson ay “9” ang sinabi niya, kaya sinabi nitong malaki ang iniunlad ni Ben dahil nakaiskor ito ng 9 sa 30. Ang estudyante sa likod ni Ben ay sumigaw ng, “Hindi po siyam! . . . Wala po siyang . . . tamang sagot.” Sinabi ni Ben na para siyang hihimatayin.

Kasabay niyon, ang ina ni Ben na si Sonya ay may kinakaharap ding mga problema. Isa siya sa 24 na

anak, nakatapos lamang ng ikatlong baitang, at hindi marunong magbasa. Nag-asawa siya sa edad na 13, nakipagdiborsyo, may dalawang anak na lalaki, at nakatira sila sa lugar ng mga iskuwater sa Detroit. Magkagayunman, napakasipag niya at matibay ang pananalig na tutulungan silang mag-iina ng Diyos kung gagawin nila ang kanilang bahagi.

Isang araw isang mahalagang pagbabago ang dumating sa buhay nilang mag-iina. Natanto ni Sonya na ang matatagumpay na tao na ipinaglalilinis niya ng bahay ay may mga aklatan—nagbabasa sila. Pagkatapos ng trabaho, umuwi siya at pinatay niya ang telebisyon. Mula ngayon tatlong programa lang ang puwede ninyong panoorin sa isang linggo. Kapag wala

kayong ginagawa pumunta kayo sa library—magbasa ng dalawang aklat sa isang linggo at ikuwento ninyo ito sa akin.

Nagulat ang mga bata. Sinabi ni Ben na hindi pa siya nakabasa ng aklat sa buong buhay niya maliban kapag kailangang gawin ito sa paaralan. Tumutol sila, nagreklamo, nangatwiran, pero walang nangyari. Pagkatapos ay naisip ni Ben, “Nagbigay siya ng utos. Ayaw ko iyon, pero ang determinasyon niya na makita kaming humusay ay nagpabago sa takbo ng buhay ko.”

At napakalaki ng pagbabagong idinulot nito. Sa ikapitong baitang siya ang nanguna sa kanyang klase. Pagkatapos ay nag-aral siya sa Yale University bilang iskolar, pagkatapos ay sa Johns Hopkins medical school, kung saan sa edad na 33 ay naging chief siya ng pediatric neurosurgery at bantog na surgeon sa buong mundo. Paano nangyari iyon? Dahil sa isang ina na ginampanan ang kanyang tungkulin bilang magulang kahit wala silang gaanong karangyaan sa buhay.¹

Nakasaad sa mga banal na kasulatan ang papel na ginagampanan ng mga magulang—na tungkulin nilang ituro sa kanilang mga anak ang “doktrina ng pagsisisi, pananampalataya kay Cristo ang Anak ng buhay na Diyos, at ng pagbibinyag at ang ka-loob na Espiritu Santo” (D at T 68:25).

Bilang mga magulang, tayo ang dapat maging pangunahing mga guro at halimbawa ng ebanghelyo sa ating mga anak—hindi ang bishop, Sunday School, Young Women o Young Men, kundi ang mga magulang. Bilang kanilang pangunahing mga guro ng ebanghelyo, maituturo natin sa kanila ang kapangyarihan at katotohanan ng Pagbabayad-sala—ang kanilang pagkatao at banal na tadhana—at sa paggawa nito ay nabibigyan sila ng matibay na pundasyong mapagsasaligan. Matapos masabi at magawa ang lahat, ang tahanan pa rin ang pinakamagandang lugar sa pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Mga isang taon na ang nakaraan, nasa Beirut, Lebanon, ako dahil sa

isang tungkulin. Habang naroon, nalaman ko ang tungkol sa isang 12-taong-gulang na batang babaeng si Sarah. Ang kanyang mga magulang at dalawang nakatatandang kapatid ay sumapi sa Simbahan sa Romania ngunit pagkatapos ay kinailangan nilang bumalik sa kanilang bayan noong si Sarah ay 7 taong gulang pa lang. Sa kanilang bayan ay walang Simbahan, walang mga organisadong yunit, walang Sunday School o Young Women program. Makaraan ang limang taon nalaman ng pamilyang ito na may isang branch sa Beirut at, bago ako dumating, pinasama nila ang kanilang 12-taong-gulang na anak na si Sarah sa nakatatandang mga kapatid, para mabinyagan. Habang naroon, nagdaos ako ng isang debosyonal tungkol sa plano ng kaligtasan. Madalas magtaas ng kamay si Sarah at sinagot niya ang mga tanong.

Pagkatapos ng pulong, at batid na wala siyang alam tungkol sa Simbahan, nilapitan ko siya at tinanong, “Sarah, paano mo nalaman ang mga sagot sa mga tanong na iyon?” Agad siyang sumagot, “Tinuruan po ako ni Inay.” Walang Simbahan sa kanilang komunidad, ngunit may ebanghelyo naman sila sa kanilang tahanan. Ang kanyang ina ang kanyang pangunahing guro ng ebanghelyo.

Si Enos ang nagsabi, “Ang mga salitang madalas kong marinig na sinasabi ng aking ama hinggil sa buhay na walang hanggan, at ang kagalakan ng mga banal, ay tumimo nang malalim sa aking puso” (Enos 1:3). Walang alinlangan kung sino ang naging pangunahing guro ng ebanghelyo kay Enos.

Naaalala ko ang aking ama na nakaupo sa tabi ng fireplace, nagbabasa ng mga banal na kasulatan at iba pang mabubuting aklat, at umuupo ako sa kanyang tabi. Naaalala ko ang mga kard na itinatago niya sa bulsa ng kanyang polo na may nakasulat na mga sipi mula sa mga banal na kasulatan at kay Shakespeare at mga bagong salitang isinasaulo niya at pinag-aaralan. Naaalala ko ang mga tanong tungkol sa ebanghelyo at pag-uusap sa hapagkainan. Naaalala ko na maraming beses akong isinama ni Itay para dalawin

ang matatanda—at tumitigil kami para bumili ng sorbetes para sa isang tao o ng manok para sa hapunan ng isa pa o para makipagkamay nang may nakaipit na pera para magpaalam. Naaalala ko ang magandang pakiramdam at pagnanais na maging katulad niya.

Naaalala ko ang aking ina, na edad 90 o mahigit pa, na nagluluto sa kusina ng kanyang condominium at masayang umaalis na may dalang isang tray ng pagkain. Itinanong ko kung saan siya pupunta. Sagot niya, “Ah, magdadala ako ng kaunting pagkain sa matatanda.” Naisip ko, “Inay, kayo ang matanda na.” Hindi sasapat kailanman ang pasasalamat ko sa aking mga magulang, na pangunahin kong mga guro ng ebanghelyo.

Ang isa sa pinakamakabuluhang mga bagay na magagawa natin bilang mga magulang ay ituro sa ating mga anak ang bisa ng panalangin, hindi lamang ang pagdarasal nang regular. Noong mga 17 taong gulang ako, nakaluhod ako sa tabi ng kama ko, at umuusal ng panalangin sa gabi. Hindi ko alam na nakatayo pala sa may pintuan si Inay. Pagkatapos kong magdasal, sinabi niya, “Tad, hinihiling mo ba sa Panginoon na tulungan kang makahanap ng isang mabuting asawa?”

Talagang nagulat ako sa tanong niya. Wala pa sa isipan ko ang bagay na iyon. Ang iniisip ko ay basketball at pag-aaral. Kaya, sumagot ako ng, “Hindi po,” at sinagot niya ito ng, “Naku, dapat mong ipagdasal iyon, anak; iyon ang magiging pinakamahalagang desisyong gagawin mo.” Tumimo nang malalim ang kanyang mga salita sa puso ko, kaya sa sumunod na anim na taon, ipinagdasal kong tulungan ako ng Diyos na makahanap ng isang mabuting asawa. Ah, sinagot nga Niya ang panalangin iyon.

Bilang mga magulang, maaari nating ituro sa ating mga anak na ipagdasal ang mga bagay na walang hanggan ang bunga—na ipagdasal na magkaroon ng lakas na maging malinis ang moralidad sa isang mundong puno ng pagsubok, maging masunurin, at magkaroon ng tapang na panindigan ang tama.



Walang dudang karamihan sa ating mga kabataan ay nagdarasal sa gabi, ngunit marahil ay marami sa kanila ang nahihirapang makagawian na personal na manalangin tuwing umaga. Bilang mga magulang, bilang kanilang pangunahing mga guro ng ebanghelyo, maaari nating itama ito. Sinong magulang sa panahon ng Aklat ni Mormon ang hahayaang makidigma ang kanilang mga anak na walang suot na baluti sa dibdib at pananggalang at espada na poprotekta sa kanila kapag tinangka silang patayin ng kaaway? Subalit ilan sa atin ang hinahayaang lumabas ng pintuan ang ating mga anak tuwing umaga sa pinakamapanganib sa lahat ng digmaan, upang harapin si Satanas at ang napakarami niyang tukso, nang walang suot na espirituwal na baluti sa dibdib at pananggalang at espada na nagmumula sa nagpoprotektang bisa ng panalangin? Sinabi ng Panginoon, “Manalangin tuwina, . . . nang iyong mapagtagumpayan si Satanas” (D at T 10:5). Bilang mga magulang, maikikintal natin sa ating mga anak ang kagawian at bisa ng panalangin tuwing umaga.

Maituturo din natin sa ating mga anak na gamitin nang matalino ang kanilang oras. Kung minsan, tulad ni

Sonya Carson, kakailanganin nating limitahan nang may pagmamahal ang oras na ginugugol ng ating mga anak sa telebisyon at iba pang mga electronic device na sa maraming pagkakataon ay kumokontrol sa kanilang buhay. Sa halip ay maaari nating kailanganing ituon ang kanilang oras sa mas makabuluhang mga aktibidad na nauukol sa ebanghelyo. Maaaring sa una ay tumutol sila, ang ilan ay magrereklamo, ngunit tulad ni Sonya Carson, kailangan nating makita ang epekto nito sa hinaharap at panindigan ito. Balang-araw mauunawaan at pahahalagahan ng ating mga anak ang ating ginawa. Kung hindi natin gagawin ito, sino ang gagawa nito?

Maaari nating tanungin ang ating sarili: natatanggap ba ng ating mga anak ang ating pinakamasigasig na espirituwal, intelektuwal, at malikhaing mga pagsisikap, o ang natitira nating oras at mga talento, matapos nating ibigay ang lahat sa ating tungkulin sa Simbahan o propesyon? Sa buhay na darating, hindi ko alam kung may mga titulo pang katulad ng bishop o Relief Society president, ngunit alam ko na ang mga titulong mag-asawa, ama at ina, ay magpapatuloy at igagalang, sa mga mundong walang katapusan. Isang dahilan iyan kaya napakahalagang gampanan ang ating mga responsibilidad bilang mga magulang dito sa lupa upang makapaghanda tayo para sa yaong mas dakila, ngunit kahalintulad, na mga responsibilidad sa buhay na darating.

Bilang mga magulang, maaari tayong magpatuloy sa buhay nang may katiyakan na hindi tayo pababayaan mag-isa ng Diyos kailanman. Hindi tayo kailanman bibigyan ng Diyos ng isang responsibilidad nang walang tulong mula sa Kanya—mapapatotohanan ko iyan. Tayo nawa sa ating banal na tungkulin bilang mga magulang, at sa tulong ng Diyos, ay maging pangunahing mga guro ng ebanghelyo at halimbawa sa ating mga anak, ang dalangin ko sa pangalanan ni Jesucristo, amen. ■

TALA

1. Tingnan sa Ben Carson, *Gifted Hands: The Ben Carson Story* (1990).



Ni Elder Jörg Klebingat
Ng Pitumpu

Paglapit sa Luklukan ng Diyos nang May Tiwala

Dahil sa epekto ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa inyong buhay magsisimulang mag-ibayo ang inyong espirituwal na tiwala ngayon kung handa kayong makinig at kumilos.

Sa scale na 1 hanggang 10, gaano kaya ang inyong espirituwal na tiwala sa harap ng Diyos? May sariling patotoo ba kayo na sapat na ang alay ninyo ngayon bilang Banal sa mga Huling Araw para magmana ng buhay na walang hanggan? Masasabi ba ninyo sa inyong sarili na nalulugod sa inyo ang Ama sa Langit? Ano ang naiisip ninyo kung personal kayong iinterbyuhin ng inyong Tagapagligtas isang minuto mula ngayon? Mga kasalanan, panghihinayang, at pagkukulang ba ang mangingibabaw sa inyong pagkatao, o magagalak lang kayo sa pag-asam? Makakatitig ba kayo o iiwasan ninyo ang Kanyang tingin? Tatayo lang ba kayo sa may pintuan o tiwala kayong lalapit sa Kanya?

Sa tuwing hindi mapipilit ng kaaway ang di-perpekto ngunit nagsisikap na mga Banal na katulad ninyo na talikuran ang inyong pananalig sa isang Diyos na personal at mapagmahal, gumagamit siya ng masamang paraan para mailayo kayo nang husto

sa Diyos. Alam ng kaaway na ang pananampalataya kay Cristo—ang uri ng pananampalataya na nagbubunga ng patuloy na pagdaloy ng magiliw na awa at maging ng makapangyarihang mga himala—ay kaakibat ng personal na tiwala na sinisikap ninyong piliin ang tama. Dahil diyan hahangarin niyang magpasok ng mga kasinungalingan sa inyong kalooban—mga kasinungalingan na hindi natutuwa ang Ama sa Langit sa inyo, na hindi kayo mapagpapala ng Pagbabayad-sala, na walang-saysay ang inyong pagsisikap, na lahat ng iba pa ay mas mabuti kaysa sa inyo, na hindi kayo karapatdapat, at libu-libo pang kasamaan.

Kung magpapaapekto kayo sa mga tinig na ito, hindi kayo makakalapit sa luklukan ng Diyos nang may tunay na tiwala. Anuman ang gawin ninyo, anuman ang ipagdasal ninyo, anuman ang mga inaasam ninyong himala, laging may sapat na pagdududa sa sarili na unti-unting sumisira sa inyong pananampalataya—hindi lamang sa inyong

pananampalataya sa Diyos, kundi sa tiwala ninyo sa sarili. Hindi masayang ipamuhay ang ebanghelyo sa ganitong paraan, ni hindi ito nakabubuti. Higit sa lahat, talagang walang saysay ito! Ang desisyong magbago ay nasa inyo, at kayo lang ang makagagawa nito.

Gusto kong magbahagi ng anim na praktikal na mungkahi na kung susundin ay iwawaksi ang mga tinig ng kasamaan at ibabalik sa inyo ang payapang katiyakan at espirituwal na tiwalang sasainyo kung gugustuhin lamang ninyo. Anuman ang rating ninyo sa inyong sarili sa scale na 1 hanggang 10, dahil sa epekto ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa inyong buhay magsisimulang mag-ibayo ang inyong espirituwal na tiwala ngayon kung handa kayong makinig at kumilos. Magsasalita ako nang buong tapang, sa pag-asang magpasigla at hindi makasakit ng damdamin.

1. *Panagutan ang sarili ninyong espirituwal na kapakanan.* Huwag si-sihin ang iba o ang inyong sitwasyon, itigil ang pangangatwiran, at pagdadahilan kung bakit hindi kayo lubos na nagsisikap na maging masunurin. Tanggapin na kayo ay “malaya ayon sa laman” at “malayang makapipili ng kalayaan at buhay na walang hanggan” (2 Nephi 2:27). Alam na alam ng Panginoon ang inyong sitwasyon, ngunit alam na alam din Niya kung pinipili ninyong huwag ipamuhay nang lubusan ang ebanghelyo. Kung gayon, maging tapat na aminin iyon, at sikaping maging perpekto sa sarili ninyong sitwasyon. *Nadaragdagan ang espirituwal na tiwala kapag pinananagutan ninyo ang sarili ninyong espirituwal na kapakanan sa pamamagitan ng pag-aangkop ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa inyong araw-araw na buhay.*

2. *Panagutan ang sarili ninyong pisikal na kapakanan.* Ang inyong kaluluwa ay binubuo ng inyong katawan at espiritu (tingnan sa D at T 88:15). Ang pagpapakain sa kaluluwa habang kinaliligtaan ang katawan, na isang templo, ay karaniwang humahantong sa paghina ng espirituwalidad at pagbaba ng pagpapahalaga sa sarili. Kung nanghihina kayo, kung hindi kayo



komportable sa sarili ninyong katawan at may magagawa kayo tungkol dito, gawin ito! Itinuro ni Elder Russell M. Nelson na dapat nating “ituring na sarili nating templo ang ating katawan” at “kontrolin ang ating pagkain at mag-ehersisyo tayo para lumakas ang ating katawan” (“We Are Children of God,” *Liahona*, Ene. 1999, 103).

Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer na “ang ating espiritu at katawan ay pinagsama sa paraan na ang ating katawan ay nagiging kasangkapan ng ating isipan at pundasyon ng ating pagkatao” (“The Instrument of Your Mind and the Foundation of Your Character,” [Church Educational System fireside, Feb. 2, 2003], 2; speeches.byu.edu). Dahil dito, gamitin ang mabuting paghatol sa kung ano at lalo na kung gaano karami ang inyong kakainin, at regular na ibigay sa inyong katawan ang ehersisyong kailangan at nararapat dito. Kung malusog ang inyong pangangatawan, magpasiya ngayon na kontrolin ang sarili ninyong katawan at simulan ang regular at matagalang programa sa ehersisyo, na angkop sa inyong mga kakayahan, kasabay ng masustansiyang pagkain. *Nadaragdagan ang espirituwal na tiwala kapag ang inyong*

espiritu, sa tulong ng Tagapagligtas, ang tunay na kumokontrol sa inyong likas na pagkalalaki o pagkababae.

2. *Gawing bahagi ng inyong buhay ang kusang-loob at buong-pusong paglilingkod.* Kilalanin na hindi ninyo maaaring mahal in ang Diyos nang hindi rin minamahal ang Kanyang mga kautusan. Ang pamantayan ng Tagapagligtas ay malinaw at simple: “Kung ako’y inyong iniibig, ay tutuparin ninyo ang aking mga utos” (Juan 14:15). Kung pipiliin ninyo ang susundin lang ninyo, pili lang din ang mga pagpapalang tatanggapin ninyo, at ang pagpili ng masama kaysa sa mas masama ay maling pagpili pa rin. Hindi kayo maaaring manood ng masamang pelikula at asahang maganda ang pakiramdam ninyo dahil hindi kayo nanood ng *napakasamang* pelikula. Hindi ninyo maikakatwiran na dahil nasunod ninyo nang tapat ang ilang kautusan ay maaari na ninyong kaligtaan ang ibang kautusan. “Kapag gumawa ako ng mabuti maganda ang pakiramdam ko, kapag masama ang ginawa ko hindi maganda ang pakiramdam ko” (sa William H. Herndon and Jesse William Weik, *Herndon’s Lincoln: The True Story of a Great Life*, 3 tomo [1889], 3:439).



Gayundin, gawin ang mga tamang bagay para sa mga tamang dahilan. Ang Panginoon, na “[hinihingi] ang puso at may pagkukusang isipan” (D at T 64:34) at “tagaunawa ng mga saloobin at layunin ng puso” (D at T 33:1), ay batid kung bakit kayo nagsisimba—kung basta naroon lamang kayo o tunay kayong sumasamba. Hindi kayo maaaring kumanta sa Linggo ng, “Paalam na Babilonia” at pagkatapos ay hangarin o magpaubaya lang sa mga bagay ukol dito makalipas ang ilang saglit (“Mga Elder ng Israel,” *Mga Himno*, blg. 198). Alalahanin na ang pagwawalang-bahala sa mga bagay na espirituwal ay hindi kailanman kaligayahan. Ituon ang buong buhay ninyo sa Simbahan at sa ipinanumbalik na ebanghelyo, hindi lamang bahagi ng inyong buhay sa labas o sa lipunan. Ang pagpili sa araw na ito kung sino ang paglilingkurang ninyo ay sa salita lamang—hangga’t hindi ninyo ito totoong ipinamumuhay (tingnan sa Josue 24:15). *Ang espirituwal na pagtiwala ay nadaragdagan kapag tunay ninyong sinisikap, sa tamang mga dahilan, na mamuhay*

nang matuwid sa kabila ng inyong mga kakulangan!

4. Pakabutihin ang lubusan at mabilisang pagsisisi. Dahil ang Pababayad-sala ni Jesucristo ay napaka-praktikal, dapat iangkop ninyo ito nang lubusan sa buhay ninyo nang 24/7, dahil ito ay walang katapusan. Tanggapin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ang pagsisisi nang maluwag sa kalooban at iangkop sa inyong buhay araw-araw batay sa utos ng Dakilang Manggagamot. Ugaliin ang patuloy, masaya, nakagagalak na pagsisisi at gawin itong uri ng pamumuhay na pinili ninyo. Sa paggawa nito, mag-ingat sa tuksong magpaliban, at huwag asahang pasasayahin kayo ng mundo. Ituon ang inyong pansin sa Tagapagligtas, higit na alalahanin ang iniisip Niya tungkol sa inyo, at hayaan ang likas na ibubunga nito. *Nadaragdagan ang espirituwal na tiwala kapag kusang-loob at malugod ninyong pinagsisihan ang mga kasalanan kapwa maliit at malaki ora-mismo sa pamamagitan ng pag-angkop ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa buhay ninyo.*

5. Pakabutihin ang pagpapatawad.

“Ako, ang Panginoon, ay magpapatawad sa yaong aking patatawarin, subalit kayo ay kinakailangang magpapatawad sa lahat ng tao” (D at T 64:10). Patawarin ang lahat ng tao, lahat ng bagay, sa lahat ng oras, o sikapin man lang itong gawin, para mapatawad din kayo. Huwag magtanim ng galit, huwag maging maramdamin, magpapatawad at lumimot kaagad, at huwag isipin kailanman na hindi kayo saklaw ng kautusang ito. *Nadaragdagan ang espirituwal na tiwala kapag alam ninyo na batid ng Panginoon na wala kayong hinanakit sa ibang tao.*

6. Tanggapin ang mga pagsubok, at “sorpresa” bilang bahagi ng iyong karanasan sa lupa.

Tandaan na narito kayo para subukan, “upang makita kung [inyong] gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa [inyo] ng Panginoon [ninyong] Diyos” (Abraham 3:25)—at idaragdag ko, “sa lahat ng kalagayan.” Milyun-milyon sa inyong mga kapatid ang sinusubukan, kaya bakit hindi kayo susubukan? Ang ilang pagsubok ay dumarating dahil sa inyong pagsuway o kapabayaan. Ang iba naman ay dumarating dahil sa kapabayaan ng iba o dahil lamang sa makasalanan ang mundong ito. Kapag dumarating ang mga pagsubok na ito, ang mga kampon ng kalaban ay nagsisimulang ipamalita na may ginawa kayong mali, na ito ay parusa, tanda na hindi kayo mahal ng Ama sa Langit. Huwag ninyong pansinin iyan! Sa halip, piliting ngumiti, tumingala sa langit, at sabihing, “Nauunawaan ko po, Panginoon. Alam ko po kung ano ito. Oras ko po para patunayan ang sarili ko, di po ba?” At pagkatapos ay makipagtuwang sa Kanya para makapagtiis nang mabuti hanggang wakas. Nadaragdagan ang espirituwal na tiwala kapag tinanggap ninyo na “madalas ay tinutulutang dumating ang mga pagsubok at paghihirap sa [inyong buhay] dahil sa ginagawa [ninyong] tama” (Glenn L. Pace, “Crying with the Saints” [Brigham Young University devotional, Dis. 13, 1987], 2; speeches.byu.edu).

Habang namumuno sa Ukraine Kyiv Mission, tinanong ko minsan

ang isa sa aking matatapat na sister missionary kung bakit lagi niyang pinahirapan ang kanyang sarili, kung bakit lagi niyang pinipintasan ang kanyang sarili kahit sa pinakamaliliit na bagay. Ang sagot niya ay tipikal na halimbawa ng isang taong nakikinig sa maling payo nang sabihin niyang, “Para maunahan ko na sila sa pagsa-sabi nito.”

Mga kapatid, ang payo ko sa sister missionary na ito ang ipapayo ko sa inyo: tanggapin at harapin ang inyong mga kahinaan, ngunit huwag hayaang hadlangan kayo nito, dahil ang ilan dito ay makakasama ninyo hanggang sa lisanin ninyo ang mundong ito. Anuman ang kalagayan ninyo ngayon, sa sandaling kusa ninyong piliin na tapat, masaya, at araw-araw na magsisi sa pagsisikap lamang na gawin ang lahat ng makakaya ninyo, lulukuban at susundan kayo ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas saanman kayo magtungo. Sa pamumuhay sa ganitong paraan, tunay na “laging mananatili ang kapatawaran ng inyong mga kasalanan” (Mosias 4:12) oras-oras, araw-araw, bawat segundo ng bawat minuto, at nang kayo’y maging malinis at katanggap-tanggap sa harapan ng Diyos *sa lahat ng oras*.

Pribilehiyo ninyo, kung gugustuhin ninyo, na malaman ninyo mismo, ngayon o sa lalong madaling panahon, na nasisiyahan sa inyo ang Diyos sa kabila ng inyong mga pagkukulang. Pinatototohanan ko ang isang mapagmahal na Tagapagligtas na umaasang susundin natin ang mga kautusan. Pinatototohanan ko ang isang mapagmahal na Tagapagligtas na sabik na sabik na magkaloob ng Kanyang biyaya at awa. Pinatototohanan ko ang isang mapagmahal na Tagapagligtas na nagagalak kapag iniaangkop natin ang Kanyang Pagbabayad-sala sa ating buhay araw-araw na may panatag at masayang katiyakan na nakaharap tayo sa tamang direksyon. Nagpapatotoo ako na mapagmahal ang Tagapagligtas na nasasabik na ang “iyong pagtiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos” (D at T 121:45). Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Eduardo Gavarret
Ng Pitumpu

“Opo, Panginoon, Kayo’y Laging Susundin”

Inaanyayahan tayo ng Panginoon gamit ang iba’t ibang pandiwa: “Magsiparito sa akin,” “Sumunod ka sa akin,” “Lumakad kang kasama ko.” Sa bawat situwasyon ito’y isang paanyaya para kumilos.

Sapagkat masdan, ang Panginoon ay nagtutulot sa lahat ng bansa, sa kanilang sariling bansa at wika, na ituro ang kanyang salita, oo, sa karunungan, lahat ng nakikita niyang karapat-dapat na taglayin nila.”¹ Ngayon ang talatang ito ay minsan pang natupad nang mabigyan ako ng pagkakataong ipahayag ang damdamin ko sa aking sariling wika.

Taong 1975 iyon, at naglilingkod ako sa Uruguay Paraguay Mission bilang bata pang missionary. Noong mga unang buwan ko sa misyon, nagdaos ang mga zone leader ng aktibidad para ipamalas ang isang alituntunin ng ebanghelyo. Bawat missionary sa zone ay nakapiring, at sinabihan kami na susundan namin ang isang landas papuntang cultural hall. Susundan namin ang tinig ng isang partikular na lider, isang tinig na narinig na namin bago kami nagsimulang lumakad. Gayunman, binalaan

kami na habang naglalakad, maririnig namin ang ilang tinig para lituhin kami at iligaw ng landas.

Pagkaraan ng ilang minuto ng pakikinig sa mga ingay, usapan, at—sa gitna ng lahat ng ito—sa isang tinig na nagsabing, “Sumunod ka sa akin,” nakadama ako ng tiwala na tama ang tinig na sinusunod ko. Pagdating namin sa cultural hall ng chapel, sinabi ng mga lider na mag-alis na kami ng piring. Nang gawin ko ito, natanto ko na may dalawang grupo at kasama ako sa grupong sumunod sa maling tinig. “Ang dinig ko kasi ay iyon ang tamang tinig,” sabi ko sa sarili ko.

Ang karanasang iyon 39 na taon na ang nakalilipas ay may epekto pa rin sa akin. Sinabi ko sa sarili ko, “Hinding-hindi na ako susunod sa maling tinig.” At sinabi kong, “Opo, Panginoon, Kayo’y laging susundin.”

Gusto kong iugnay ang karanasang ito sa magiliw na paanyaya ng Tagapagligtas sa atin:

“Ako ang mabuting pastor; at nakikilala ko ang [aking mga tupa]. . .

“Dinirinig ng aking mga tupa ang aking tinig, at sila’y aking nakikilala, at sila’y nagsisisunod sa akin.”²

Ang paanyayang “sundan Siya” ang pinakasimple, tuwiran, at mabisang paanyayang matatanggap natin. Nagmumula ito sa isang malinaw na tinig na hindi makakalito.

Inaanyayahan tayo ng Panginoon gamit ang iba’t ibang pandiwa: “Magsiparito sa akin,” “Sumunod ka sa akin,” “Lumakad kang kasama ko.” Sa bawat sitwasyon hindi ito isang paanyaya na walang pagkilos; ito’y isang paanyaya para kumilos. Nakapatungkol ito sa buong sangkatauhan na ibinigay Niya na Propeta ng mga propeta, Guro ng mga guro, ang Anak ng Diyos, ang Mesiyas.

Ang Paanyayang “Magsiparito sa Akin”

“Magsiparito sa akin, kayong lahat na nangapapagal at nanga-bibigatang lubha, at kayo’y aking papagpapahingahin.”³

Kayo na hindi pa mga miyembro ng Simbahan ay tatanggap ng paanyayang ito sa pamamagitan ng tinig ng mga missionary sa mga salitang, “Babasahin mo ba ang Aklat ni Mormon? Magdarasal ka ba? Magsisimba ka ba? Susundan mo ba ang halimbawa ni Jesucristo at magpapabinyag sa mga taong may awtoridad?”⁴ Paano ninyo sasagutin ang paanyayang ito ngayon?⁵

Inaanyayahan ko kayong pakinggan at tanggapin ang mensahe sa pagsasabing, “Opo, Panginoon, Kayo’y laging susundin!”

Si Carlos Badiola at ang kanyang pamilya, ng Minas, Uruguay, ay nagpapaturong noon sa mga missionary. Dahil maraming tanong ang mga elder habang nagtuturo, nagpasiya silang anyayahan ang isang di-miyembrong kapitbahay—ang 14-na-taong-gulang na si Norma—para tulungan silang sumagot. Si Norma ay masigasig na estudyante sa haykul na nag-aaral ng Biblia sa paaralan noong taong iyon, kaya kapag nagtatanong ang mga missionary, sumasagot si Norma. Siya ay “golden investigator.” Ang itinuro



noong araw na iyon ay tungkol sa Word of Wisdom.

Pag-uwi niya matapos magturo ang mga missionary, alam na ni Norma ang gagawin niya. Sinabi niya sa kanyang ina, “Inay, mula ngayon hindi na po ako iinom ng kapeng may gatas. Gatas na lang po.” Ang pagsunod na iyon ang nagpakita ng kanyang hangaring tanggapin ang paanyaya na sumunod kay Cristo, na ipinaabot ng mga missionary.

Nabinyagan sina Carlos Badiola at Norma. Kalaunan, dahil sa halimbawa ni Norma, nabinyagan din ang kanyang ina, ama, at mga kapatid. Kami ni Norma ay sabay na lumaki sa maliit ngunit napakatatag na branch na iyon. Kalaunan, pagbalik ko mula sa misyon, nagpakasal kami. Alam ko na noon pa man na mas madaling sumunod sa Tagapagligtas kapag nasa tabi ko siya.

Ang isang miyembro ng Simbahan na tumanggap sa paanyayang ito ay nagpapanibago ng pangako bawat linggo sa pakikibahagi sa sakramento.⁶ Bahagi ng pangakong iyon ang pagsunod sa mga kautusan; sa paggawa nito sinasabi ninyong, “Opo, Panginoon, Kayo’y laging susundin!”⁷

Ang Paanyayang “Sumunod Ka sa Akin”

“Sumunod ka sa akin” ang paanyaya ng Panginoon sa mayamang batang pinuno. Sinunod ng binata ang mga kautusan sa buong buhay niya. Nang tanungin niya kung ano pa ang magagawa niya, sinagot siya sa isang

malinaw na paanyaya: “Pumarito ka, sumunod ka sa akin.”⁸ Gayunman, kahit simple ang paanyaya, kailangan nito ang sakripisyo. Kailangan nito ang pagsisikap—lakip ang pagpapasiya at pagkilos.

Nag-anyaya ang propetang si Nephi na magmuni-muni nang itanong niya: “At sinabi [ni Jesus] sa mga anak ng tao: Sumunod kayo sa akin. Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, makasusunod ba tayo kay Jesus maliban sa tayo ay nakahandang sumunod sa mga kautusan ng Ama?”⁹

Ang paanyayang “magsiparito sa akin,” makinig sa Kanyang tinig, at sumunod dito ang siyang mensahe ng mga missionary sa simula pa lamang, na tumutulong sa marami na magbagong-buhay.

Limampung taon na ang nakararaan pumasok ang mga missionary sa shop ng aking ama na pagawaan ng relo sa Minas, Uruguay, para ipaayos ang isang relo. Tulad ng ginagawa ng mabubuting missionary, sinamantala nila ang pagkakataong kausapin ang aking ama at ina tungkol sa ebanghelyo. Tinanggap ng aking ama ang mga missionary, at tinanggap ng aking ina ang mensahe at paanyayang sumunod kay Cristo. Mula sa araw na iyon hanggang ngayon, nananatili siyang aktibo sa Simbahan. Sabi niya, “Opo, Panginoon, Kayo’y laging susundin!”

Habang sinisikap ninyong lumapit sa Kanya, magtatamo kayo ng lakas na pagaanin ang mga pasanin sa buhay, pisikal man o espirituwal, *at dumanas ng positibong pagbabago ng kalooban para mas lumigaya kayo.*

Ang Paanyayang “Lumakad Kang Kasama Ko”

Si Enoc ay tinawag upang ipangaral ang ebanghelyo sa mga taong matitigas ang puso. Pakiramdam niya’y hindi siya karapat-dapat. Nagduda siya kung kaya ba niyang gawin iyon. Pinawi ng Panginoon ang kanyang mga pagdududa at pinalakas ang kanyang pananampalataya sa pamamagitan ng paanyayang “Lumakad kang kasama ko”—isang paanyaya na maaaring gumabay, gaya ng tungkod ng isang bulag o bisig

ng isang kaibigan, sa mga yapak ng isang taong hindi tiyak ang hakbang. Sa pagkapit sa bisig ng Tagapagligtas at paglakad na kasama Niya, nakita ni Enoc na naging matatag ang kanyang hakbang at siya ay naging magaling na missionary at propeta.¹⁰

Ang desisyong “magsiparito sa akin” at “sumunod ka sa akin” ay personal. Kapag tinanggap natin ang paanyayang ito, tumataas ang antas ng ating katapatan, at sa gayo’y “[makaka] lakad tayong kasama Niya.” Ang lebel na ito ay tanda ng mas malapit na kaugnayan sa Tagapagligtas—ang bunga ng pagtanggap natin sa unang imbitasyon.

Tinanggap namin ni Norma ang paanyayang “magsiparito sa akin” at “sumunod ka sa akin.” Pagkatapos, sa pagsuporta sa isa’t isa, sabay kaming natutong lumakad na kasama Siya.

Ang pagsisikap at determinasyong hanapin Siya at sumunod sa Kanya ay gagantimpalaan ng mga pagpapalang hangad natin.

Iyon ang nangyari sa babaeng nagpumilit na mahipo ang damit ng Tagapagligtas¹¹ at kay Bartimeo, ang bulag, na determinasyon ang naging susi sa himalang nangyari sa kanyang buhay.¹² Ang dalawang ito ay kapwa gumaling ang katawan at espiritu.

Iunat ang inyong kamay, hipuin ang Kanyang kasuotan, tanggapin ang Kanyang paanyaya, sinasabing, “Opo Panginoon, Kayo’y laging susundin!”—at lumakad na kasabay Niya.

Ang “Magsiparito sa akin,” “Sumunod sa akin,” “Magsilakad na kasabay ko” ay mga paanyayang naglalaman ng mga likas na kapangyarihan—sa mga tumatanggap sa mga ito—upang *magbabago sa inyong kalooban* na aakay sa inyong magsabi, “Wala na [akong] hangarin pang gumawa ng masama, kundi patuloy na gumawa ng mabuti.”¹³

Bilang panlabas na pagpapakita ng pagbabago, madarama ninyo ang matinding hangaring “tulungan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina.”¹⁴

Anong mga hakbang ang magagawa natin ngayon para “lumakad na kasama Niya”?

1. *Patindihin ang hangarin* na maging mas mabuting alagad ni Cristo.¹⁵
2. *Ipagdasal* ang hangaring ito upang lumago ang inyong pananampalataya sa Kanya.¹⁶
3. *Magtamo ng kaalaman* mula sa mga banal na kasulatan, na tumatanglaw sa daan at nagpapalakas ng inyong hangaring magbago.¹⁷
4. *Magpasiya ngayon* na kumilos at sabihing, “Opo, Panginoon, Kayo’y laging susundin!” Hindi babaguhin ng pagkaalam lang sa katotohanan ang inyong mundo maliban kung *kumilos*¹⁸ kayo ayon sa kaalamang ito.

5. *Maging masigasig* sa desisyong ginawa ninyo sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntuning ito araw-araw.¹⁹

Nawa’y mahikayat tayo ng mga salita ng ating pinakamamahal na propeta si Pangulong Thomas S. Monson na kumilos sa hangarin nating tanggapin ang paanyaya ng Tagapagligtas. Sabi ni Pangulong Monson: “Sino ang Hari ng kaluwalhatian, ang Panginoon ito ng mga hukbo? Siya ang ating Guro. Siya ang ating Tagapagligtas. Siya ang Anak ng Diyos. Siya ang Mayakda ng Ating Kaligtasan. Siya ay nag-uutos, ‘Sumunod ka sa akin.’ Ang bilin Niya, ‘Humayo ka, at gayon din ang gawin mo.’ Siya ay sumasamo, ‘Sundin ang aking mga utos.’”²⁰

Nawa’y magdesisyon tayong dagdagan ang antas ng ating pagsamba at katapatan sa Diyos, at ang tugon natin sa Kanyang paanyaya ay marinig nang malakas at malinaw: “Opo, Panginoon, Kayo’y laging susundin!”²¹ Sa sagradong pangalan ng Panginoon Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Alma 29:8.
2. Juan 10:14, 27.
3. Mateo 11:28; tingnan di sa Isaias 55:3.
4. Tingnan sa *Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Gabay sa Paghilingkod ng Misyonero* (2004), 45, 223–232.
5. Tingnan sa Ang Mga Gawa 2:37–38.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:37, 77–79.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 42:29.
8. Marcos 10:21.
9. 2 Nephi 31:10.
10. Tingnan sa Moises 6:33–35.
11. Tingnan sa Lucas 8:43–48.
12. Tingnan sa Marcos 10:46–52.
13. Mosias 5:2.
14. Doktrina at mga Tipan 81:5; tingnan din sa Isaias 35:3.
15. Tingnan sa Alma 22:15–16; Dallin H. Oaks, “Desire,” *Liahona*, Mayo 2011, 42–45.
16. Tingnan sa Alma 34:17–27; 37:37.
17. Tingnan sa Mga Awit 119:105; Helaman 3:29.
18. Tingnan sa Mosias 5:5.
19. Sabi ni Ralph Waldo Emerson, “Yaong pinag-susumikapan nating gawin ay nagiging mas madaling gawin, hindi dahil nagbago ang likas na katangian ng bagay na iyon kundi dahil nag-ibayo ang lakas nating gawin iyon” (sa Heber J. Grant, *Gospel Standards*, tinipon ni G. Homer Durham [1941], 355).
20. Thomas S. Monson, “Pagkakaroon ng Kagalakan sa Paglalakbay,” *Liahona*, Nob. 2008, 88.
21. Tingnan sa “Panginoon, Kayo’y Laging Susundin,” *Mga Himno*, blg. 164.



Bariloche, Argentina



Ni Elder Jeffrey R. Holland
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Hindi Ba't Tayong Lahat ay mga Pulubi?

Mayaman man tayo o mahirap, gawin natin “ang magagawa natin” kapag nangangailangan ang iba.

Napakagandang bagong elemento ang ibinungad sa format ng ating pangkalahatang kumperensya. Bien hecho, Eduardo.

Sa panahon na maituturing na pinakamamanghang sandali sa mga unang araw ng Kanyang ministeryo, si Jesus ay tumayo sa sinagoga sa Kanyang bayang Nazaret at binasa ang mga salitang ito na ipinropesiya ni Isaias at nakatala sa Evangelio ni Lucas: “Sumasa akin ang Espiritu ng Panginoon, sapagka’t ako’y pinahiran niya upang ipangaral ang [ebanghelyo] sa mga dukha: ako’y sinugo niya upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, . . . [at] bigyan ng kalayaan ang nangaapi.”¹

Sa gayon unang ipinahayag ng Tagapagligtas sa publiko ang Kanyang ministeryo bilang mesiyas. Ngunit nilinaw din sa talatang ito na sa landas patungo sa Kanyang walang-hanggang nagbabayad-salang sakripisyo at Pagkabuhay na Mag-uli, ang una at pinakamahalagang tungkulin ni Jesus bilang mesiyas ay pagpalain ang dukha, pati na ang mga aba sa espiritu.

Sa simula pa lang ng Kanyang ministeryo, minahal na ni Jesus ang mga dukha at nagdarahop sa pambihirang

paraan. Siya ay isinilang sa tahanan ng dalawa sa kanila at lumaki na kahalubilo ng marami pa sa kanila. Hindi natin alam ang lahat ng detalye ng Kanyang temporal na buhay, ngunit minsan ay sinabi Niya, “May mga lungga ang mga zorra, at may mga pugad ang mga ibon . . . ; datapuwa’t ang Anak ng tao ay walang kahiligan [ng] kaniyang ulo.”² Malinaw na ang Lumikha ng langit at lupa “at lahat ng bagay na naroroon”³ ay may panahon sa buhay Niya na wala Siyang matirhan.

Sa kasaysayan ng mundo, ang karukhaan ay isa na sa pinakamabigat at pinakalaganap na mga hamon sa sangkatatuhan. Ang malinaw na resulta nito ay karaniwang pisikal, ngunit ang espirituwal at emosyonal na kapinsalaang dulot nito ay maaaring lalo pang makapanlupaypay. Sa lahat ng pagkakataon, patuloy na nananawagan sa atin ang dakilang Manunubos na makiisa sa Kanya sa pagpapagaan ng pasanang ito ng mga tao. Bilang si Jehova, sinabi Niya na malupit ang kahalatang ibibigay Niya sa sambayanan ng Israel dahil “ang samsam sa [nangangailangan] ay nasa inyong mga bahay.”

“Anong ibig ninyong sabihin,” wika Niya, “na inyong dinidikdik ang aking bayan, at inyong ginigiling ang mukha ng dukha?”⁴

Nilinaw ng manunulat ng Mga Kawikaan ang bagay na ito: “Siyang pumipighati sa dukha ay humahamak sa May-lalang sa kaniya,” at “ang nagtatakip ng kaniyang mga pakinig sa daing ng dukha, siya naman ay da-daing [din], nguni’t hindi didinggin.”⁵

Sa ating panahon, hindi pa man nag-iisang taon ang ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo nang nag-utos ang Panginoon sa mga miyembro na “[tumingin] sa mga maralita at . . . nangangailangan, at [magbigay] ng tulong sa kanila upang hindi sila maghirap.”⁶ Pansinin ang mahalang-tono ng talatang iyan—“*hindi* sila maghirap.” Ganyan mangusap ang Diyos kapag napakahalaga ng sinasabi Niya.

Sa napakalaking hamong lutasin ang hindi pagkapantay-pantay sa mundo, ano ang magagawa ng isang lalaki o babae? Sinagot iyan ng Panginoon mismo. Bago Siya ipagkanulo at Ipako sa Krus, nang pahiran ni Maria ng mamahaling unguento ang ulo ni Jesus, tinutulan ni Judas Iscariote ang pag-aaksayang ito at “inupasalaan nila ang babae.”⁷

Sabi ni Jesus:

“Bakit ninyo siya binabagabag? mabuting gawa ang ginawa niya. . . .

“Ginawa niya ang kaniyang nakaya.”⁸

“Ginawa niya ang kaniyang nakaya!” Napakalinaw na paliwanag at huwaran! Isang mamamahayag ang minsang nagtanong kay Mother Teresa ng Calcutta tungkol sa kanyang walang-kahihinatnang pagsagip sa mga dukha sa lungsod na iyon. Sinabi niya na, batay sa estadistika, wala talaga siyang naisasagawa. Ang pambihirang maliit na babaeng ito ay tumugon na ang kanyang gawain ay dahil sa pagmamahal, hindi dahil sa estadistika. Kahit marami siyang *hindi* natulungan, sinabi niya na maaari niyang sundin ang utos na mahalang ang Diyos at ang kanyang kapwa sa pamamagitan ng paglilingkod sa mga yaong *kaya* niyang tulongan sa anumang

paraan. “Ang ginagawa namin ay isang patak lang sa karagatan,” sabi niya sa isa pang pagkakataon. “Ngunit kung hindi namin ito ginawa, mababawasan ng isang patak ang karagatan [kaysa ngayon].”⁹ Malungkot na nagtapos ang mamamahayag na ang Kristiyanismo ay maliwanag na *hindi* gawaing pang-estadistika. Ikinatwiran niya na kung mas magagalak sa langit ang isang makasalanang nagsisi kaysa sa siyam-napu’t siyam na hindi na kailangang magsisi, malinaw na hindi gaanong nag-aalala ang Diyos sa dami.¹⁰

Kaya paano natin “magagawa ang ating makakaya?”

Una, tulad ng itinuro ni Haring Benjamin, maaari tayong tumigil sa pagkakait ng tulong nang dahil sa ang tingin natin sa mga maralita ay sila mismo ang nagpahirap sa kanilang sarili. Marahil *kagagawan* ng ilan ang sarili nilang mga problema, ngunit hindi ba’t ganyan din ang ginagawa ng iba sa atin? Hindi ba ito ang dahilan kaya itinanong ng mahabaging pinuno, “Hindi ba’t tayong lahat ay mga pulubi?”¹¹ Hindi ba humihingi tayong lahat ng tulong at pag-asa at mga sagot sa mga panalangin? Hindi ba humihingi tayong lahat ng kapatawaran para sa mga pagkakamaling nagawa at kaguluhang naidulot natin? Hindi ba isinasamo nating lahat na tulongan tayo ng Kanyang biyaya sa ating mga kahinaan, na manaig ang awa sa katarungan kahit sa atin man lang? Kaya pala sinabi ni Haring Benjamin na *natatamo* natin ang kapatawaran sa ating mga kasalanan sa pagsusumamo sa Diyos, na mahabaging tumutugon, ngunit *napapanatili* natin ang kapatawaran sa ating mga kasalanan sa mahabaging pagtulong sa mga dukha na nagsusumamo sa atin.¹²

Bukod pa sa maawaing pagtulong sa kanila, dapat din nating ipagdasal ang mga nangangailangan. Isang grupo ng mga Zoramita, na itinuturing ng mga miyembro ng kanilang kongregasyon na “karumihan” at “taing bakal”—iyon ang ginamit na salita sa mga banal na kasulatan—ang pinalayas sa kanilang mga bahay-dalanginan “dahil sa kagaspangan ng kanilang mga kasuotan.”



Sabi ni Mormon, sila ay “kapos sa mga bagay ng daigdig; at . . . may mababang-loob [din]”¹³—dalawang kundisyon na halos palaging magkaysama. Sinalungat ng magkompanyong misyonero na sina Alma at Amulek ang di-makatwirang pagpapalayas na iyon sa mga taong hindi maayos ang pananamit sa pagsasabi sa kanila na anumang pribilehiyo ang ipagkait ng iba sa kanila, lagi silang makapagdarasal—sa kanilang bukid at sa kanilang tahanan, sa kanilang mga pamilya at sa kanilang mga puso.¹⁴

Subalit, sa mismong grupong ito na pinalayas, sinabi ni Amulek, “Matapos [kayong] [manalangin], kung *inyong* tatalikuran ang mga nangangailangan, at ang hubad, at hindi ninyo dinadalaw ang may karamdaman at naghihirap, at ibahagi ang inyong kabuhayan, *kung kayo ay mayroon [nito]*, sa mga yaong nangangailangan—sinasabi ko sa *inyo*, . . . ang inyong mga panalangin ay walang kabuluhan, at wala kayong pakikinabangan, at kayo ay kagaya ng mga mapagkunwari na itinatatwa ang relihiyon.”¹⁵ Napakaganda ng paalala na mayaman man o mahirap, kailangan nating “gawin ang ating makakaya” kapag nangailangan ang iba.

Ngayon, para hindi ako maakusahang nagpapanukala ng marangyang programa sa pagtulong sa mga maralita o nangungunsinti sa panlilimos, tinitiyak ko sa inyo na ang pagsunod ko sa mga alituntunan ng kasipagan, katipiran, pag-asa

sa sarili, at ambisyon ay kasingtatag ng sa sinumang lalaki o babaeng nabubuhay. Lagi tayong inaasahang tulongan muna ang ating sarili bago tayo humingi ng tulong sa iba. Bukod pa rito, hindi ko alam kung paano dapat tuparin ng bawat isa sa inyo ang inyong obligasyon sa mga taong hindi tinutulungan o hindi kayang tulongan palagi ang kanilang sarili. Ngunit alam ko na alam ng Diyos, at tutulungan at gagabayan Niya kayo sa mahabaging paglilingkod bilang disipulo kung taimtim kayong maghahangad at magdarasal at hahanap ng mga paraan na masunod ang isang utos na paulit-ulit Niyang ibinigay sa atin.

Mapapansin ninyo na ang tinutukoy ko rito ay ang matitinding pangangailangan ng lipunan na hindi lamang sa mga miyembro ng Simbahan naaangkop. Mabuti na lang may mas madaling paraan ang Panginoon sa pagtulong sa mga miyembro natin: lahat ng may malusog na pangangatawan ay mag-aayuno. Isinulat ni Isaias:

“Hindi baga ito ang ayuno na aking pinili(?) . . .

“Hindi baga ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisnan . . . ? na [iyong] kalagin ang mga tali ng kasamaan, at . . . papaging layain ang napipighati . . . ?”¹⁶

Pinatotohanan ko ang mga himala, kapwa espirituwal at temporal,



na dumarating sa mga taong sumusunod sa batas ng ayuno. Pinatotohanan ko ang mga himalang dumating sa akin. Tulad ng itinala ni Isaias, tunay ngang hindi lang minsan ako nanalangin habang nag-aayuno, at tunay ngang ang Diyos ay tumugon, “Narito ako.”¹⁷ Itangi ang sagradong pribilehiyong iyan kahit minsan lang sa isang buwan, at maging bukas-palad sa pagbibigay ng handog-ayuno at iba pang kontribusyon na pangkawanggawa, pang-edukasyon, at para sa mga missionary kung kaya ninyo. Ipinapangako ko na magiging bukas-palad sa inyo ang Diyos, at yaong mga napapaghinawa ninyo ay tatawagin kayong pinagpala magpakailanman. Mahigit tatlong-kapat ng isang milyong miyembro ng Simbahan ang natulungan noong isang taon sa pamamagitan ng mga handog-ayuno na pinangasiwaan ng matatapat na bishop at Relief Society president. Maraming Banal sa mga Huling Araw ang nagpasalamat.

Mga kapatid, ang ganitong mensahe ay humihikayat sa aking kilalanin ang hindi pinaghirapan, hindi

karapat-dapat, at walang-hanggang mga pagpapala sa buhay ko, kapwa temporal at espirituwal. Tulad ninyo, kinailangan kong mag-alala tungkol sa pera paminsan-minsan, ngunit hindi ako kailanman naghirap, ni hindi ko nadama ang pakiramdam ng maging dukha. Bukod pa rito, hindi ko alam ang lahat ng dahilan kung bakit ang mga sitwasyon sa pagsilang, kalusugan, pag-aaral, at mga pagkakataong yumaman ay lubhang magkakaiba sa buhay na ito, ngunit kapag nakikita ko ang pagdarahop ng napakarami, alam ko na “sa awa ng Diyos ay daranasin ko rin iyon.”¹⁸ Alam ko rin na kahit hindi ako ang tagabantay sa aking kapatid, responsibilidad ko pa rin ang aking kapatid, at “dahil biyaya sa akin ay kayrami, sa aking kapwa’y dapat lang magbahagi.”¹⁹

Sa bagay na iyan, pinupuri ko si Pangulong Thomas Spencer Monson. Pinagpala akong makasama ang taong ito sa loob ng 47 taon na ngayon, at ang larawan niya na itatangi ko hanggang kamatayan ay noong papauwi siya sakay ng eroplano mula sa noon ay bagsak nang ekonomiya ng East

Germany na nakasuot ng tsinelas na pambahay dahil ipinamigay niya hindi lamang ang kanyang ekstrang amerikana at polo kundi ang sapatos niya mismo. “Anong pagkaganda sa mga bundok [at palakad-lakad sa isang terminal ng eroplano] ng mga paa niyaong nagdadala ng mga mabuting balita, na naghahayag ng kapayapaan.”²⁰ Higit pa sa sinumang lalaking kilala ko, si Pangulong Monson ay “nagawa na ang lahat ng makakaya niya” para sa mga balo at walang ama, dukha at namimighati.

Sa isang paghahayag noong 1831 kay Propetang Joseph Smith, sinabi ng Panginoon na balang-araw ay makikita ng mga dukha ang kaharian ng Diyos na dumarating para ilitas sila “sa kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian.”²¹ Nawa’y tumulong tayong matupad ang propesiyang iyan sa paggawa ng ating makakaya sa tulong ng ating kapangyarihan at kaluwalhatian bilang miyembro ng tunay na Simbahan ni Jesucristo na iahon ang sinumang kaya nating iahon mula sa kahirapang gumagapos sa kanila at sumisira sa napakarami nilang pangarap, ang dalangin ko sa maawaing pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Lucas 4:18.
2. Mateo 8:20.
3. 2 Nephi 2:14; 3 Nephi 9:15.
4. Isaias 3:14–15.
5. Mga Kawikaan 14:31; 21:13.
6. Doktrina at mga Tipan 38:35.
7. Tingnan sa Marcos 14:3–5; tingnan din sa Mateo 26:6–9; Juan 12:3–5.
8. Marcos 14:6, 8; idinagdag ang pagbibigay-diin.
9. Mother Teresa ng Calcutta, *My Life for the Poor*; inedit nina José Luis González-Balado at Janet N. Playfoot (1985), 20.
10. Tingnan sa Malcolm Muggeridge, *Something Beautiful for God* (1986), 28–29, 118–19; tingnan din sa Lucas 15:7.
11. Mosias 4:19.
12. Tingnan sa Mosias 4:11–12, 20, 26.
13. Alma 32:2–3.
14. Tingnan sa Alma 34:17–27.
15. Alma 34:28; idinagdag ang pagbibigay-diin.
16. Isaias 58:6–7.
17. Isaias 58:9.
18. Isinulat ni John Bradford; tingnan sa *The Writings of John Bradford*, inedit ni Aubrey Townsend (1853), xliii.
19. “Dahil Biyaya sa Akin ay Kayrami,” *Mga Himno*, blg. 133. © Harper San Francisco.
20. Isaias 52:7.
21. Doktrina at mga Tipan 56:18; tingnan din sa talata 19.



Ni Elder L. Tom Perry
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagkakaroon ng Walang-Hanggang Kapayapaan at Pagbubuo ng mga Walang-Hanggang Pamilya

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ang naglalaan ng pundasyon sa pagkakaroon ng walang-hanggang kapayapaan at pagbubuo ng mga walang-hanggang pamilya.

Ang ating paglalakbay sa buhay ay may maayos at di-maayos na mga sandali. Bawat isa ay may iba't ibang pagsubok. Natututo tayong umakma sa mga pagbabagong dumarating ayon sa pundasyong pinagsasaligan natin. Ang ebanghelyo ng ating Panginoon at Tagapagligtas ay naglalaan ng matibay at matatag na pundasyon. Nabubuo ito nang paunti-unti habang nagtatamo tayo ng kaalaman tungkol sa walang-hanggang plano ng Panginoon para sa Kanyang mga anak. Ang Tagapagligtas ang Dalubhasang Guro. Sinusundan natin Siya.

Ang mga banal na kasulatan ay nagpapatotoo tungkol sa Kanya at naglalaan ng halimbawa ng perpektong kabutihan para sundan natin. Naikuwento ko na sa mga miyembro ng Simbahan sa isang nakaraang kumperensya na may ilang notebook ako na may nakatalang materyal ng aking ina na ginamit niya sa paghahanda ng mga lesson sa Relief Society. Ang mga nakatala roon ay angkop sa panahong ito tulad noon. Isa sa mga ito ang isang siping isinulat ni Charles Edward Jefferson noong 1908 tungkol sa pagkatao ni Jesucristo. Nakasaad dito:

“Ang pagiging Kristiyano ay pagpuri kay Jesus nang taos-puso at taimtim para buong buhay tayong magkaroon ng inspirasyon na tularan siya.

“. . . Makikilala natin siya sa pamamagitan ng kanyang mga salita, gawa, at gayon din sa hindi niya pag-imik. Makikilala rin natin siya sa pamamagitan ng ipinadama niya una sa kanyang mga kaibigan at pangalawa sa kanyang mga kaaway, at pangatlo sa lahat ng kanyang kaedad. . . .

“Ang isa sa mga mapapansin sa buhay sa ika-dalawampung siglo ay ang kawalan ng kasiyahan [at kaligaligan]. . . .

“. . . May hinihingi ang mundo na magpapakuntento sa kanila, ngunit hindi nila alam kung ano. Nariyan na ang kayamanan, . . . [at] ang mundo ay puno ng . . . mga imbensyon ng magagaling at matatalinong tao, ngunit . . . tayo ay hindi [pa rin] kuntento, hindi nasisiyahan, [at] nagugulumihanan. . . . [Kung bubuksan natin] ang Bagong Tipan [bubungad sa atin ang mga salitang ito], ‘Magsiparito sa akin at kayo’y aking papagpapahingahin, Ako ang tinapay ng kabuhayan, Ako ang ilaw ng sanglibutan, kung ang sinomang tao’y nauuhaw, ay pumarito siya sa akin, at uminom, ang kapayapaan ay iniwan ko sa inyo, tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, Kayo’y magagalak’” (*The Character of Jesus* [1908], 7, 11, 15–16).

Ang kalalakihan at kababaihan ay nahuhubog kahit paano ng mga taong pinipili nilang makasama sa buhay. Nahuhubog din sila ng mga taong kanilang iginagalang at sinisikap na tularan. Si Jesus ang dakilang Huwaran. Ang tanging paraan upang magkaroon ng walang-hanggang kapayapaan ay umasa sa Kanya at mabuhay.

Paano naman naging marapat na pag-aralan ang buhay ni Jesus?

“Ang mga manunulat ng Bagong Tipan . . . ay walang pakialam sa kalagayan ni Jesus sa buhay, sa kanyang kasuotan, o sa mga bahay na kanyang tinirhan. . . . Isinilang siya sa isang kuwadra, nagtrabaho sa pagawaan ng karpintero, nagturo nang tatlong taon, at sa huli ay namatay sa krus. . . . Ang Bagong Tipan ay isinulat ng mga tao

na determinadong . . . ituon ang ating mga mata sa [Kanya]" (*The Character of Jesus*, 21–22) na may katiyakan na talagang Siya ang Anak ng Diyos, ang Tagapagligtas at Manunubos ng sanlibutan.

Naniniwala ako na angkop ang isa sa mga talinghaga ng Tagapagligtas lalo na sa panahon natin ngayon.

Ito ay nasa Mateo kabanata 13, kung saan mababasa natin:

"Datapuwa't samantalang nangatutulong ang mga tao, ay dumating ang kaniyang kaaway at naghasik naman ng mga pangsirang damo sa pagitan ng trigo, at umalis.

"Datapuwa't nang sumibol ang usbong at mamunga, ay lumitaw ngarin ang mga pangsirang damo.

"At ang mga alipin ng puno ng sangbahayan ay nagsiparoon at nangagsabi sa kaniya, Ginoo, hindi бага naghasik ka ng mabuting binhi sa iyong bukid? saan kaya nangagmula ang mga pangsirang damo?"

"Sinabi niya sa kanila, Isang kaaway ang gumawa nito. Sinabi sa kaniya ng mga alipin, Ibig mo бага na kami nga'y magsiparoon at ang mga yao'y pagtipunin?"

"Datapuwa't sinabi niya, Huwag; baka sa pagtitipon ninyo ng mga pangsirang damo, ay inyong mabunot pati ng trigo.

"Pabayaang ninyong magsitubo kapuwa hanggang sa panahon ng pagaani: at sa panahon ng pagaani ay sasabihin ko sa mga mangaani, Tipunin muna ninyo ang mga pangsirang damo, at inyong pagbibigkisin upang sunugin; datapuwa't tipunin ninyo ang trigo sa aking bangan" (mga talata 25–30).

Ang kaaway ng buong sangkatauhan noon pa man ay nakaisip ng maraming paraan upang maikalat ang mga panirang damo. Nakakita siya ng mga paraan na maipasok ang mga ito sa kasagraduhan ng ating sariling tahanan. Lumaganap nang husto ang kasamaan at kamunduhan kaya tila wala na talagang paraan para mapalis pa ang mga ito. Dumarating ang mga ito sa pamamagitan ng Internet at telebisyon sa mismong mga device na nilikha natin upang turuan at

libangin tayo. Ang trigo at ang panirang damo ay magkasamang tumubo. Ang katiwalang nangangasiwa sa bukid ay kailangang pangalagaan, nang buong lakas, yaong mabuti at palakasin at pagandahin ito upang hindi makaakit sa mata o tainga ang mga panirang damo. Napakapalad natin bilang mga miyembro ng Simbahan ng Panginoon na mapasaatin ang katangi-tanging ebanghelyo ng ating Panginoon at Tagapagligtas bilang pundasyong pagsasaligan natin sa buhay.

Mula sa Aklat ni Mormon sa 2 Nephi mababasa natin: "Sapagkat masdan, muli kong sinasabi sa inyo na kung kayo ay papasok sa daan, at tatanggapin ang Espiritu Santo, iyon ang magbibigay-alam sa inyo ng lahat ng bagay na nararapat ninyong gawin" (2 Nephi 32:5).

Huwag nating hayaan kailanman na manaig at mangibabaw ang ingay ng mundo sa marahan at banayad na tinig na iyon.

Nabalaan na tayo sa mga kaganapang makakaharap natin sa ating panahon. Ang magiging hamon natin ay kung paano tayo maghahanda para sa mga pangyayaring sinabi ng Panginoon na tiyak na darating pa.

Nauunawaan ng marami sa ating balisang lipunan na ang pagwawatakwatak ng pamilya ay maghahatid lamang ng kalungkutan at kawalang-pag-asa sa isang magulong mundo. Bilang mga miyembro ng Simbahan, responsibilidad nating pangalagaan at protektahan ang pamilya bilang pangunahing yunit ng lipunan at ng kawalang-hanggan. Nagbabala at nag-abiso na ang mga propeta tungkol sa di-maiiwasan at mapanirang bunga ng paghina ng mga pagpapahalaga ng pamilya.

Habang patuloy na nakamasid sa atin ang mundo, tiyakin natin na ang ating halimbawa ay tutulong at susuporta sa planong binalangkas ng Panginoon para sa Kanyang mga anak dito sa lupa. Ang pinakadakilang pagtuturo sa lahat ay kailangang gawin sa pamamagitan ng pagpapakita ng mabuting halimbawa. Ang ating tahanan ay kailangang maging banal na lugar

upang malabanan ang mga impluwensya ng mundo. Alalahanin na ang pinakadakilang sa lahat ng pagpapala ng Panginoon ay dumarating sa pamamagitan ng at ibinibigay sa mabubuting pamilya.

Kailangan ay maingat at patuloy nating suriin ang ating pagganap bilang mga magulang. Ang pinakamabisang pagtuturong matatanggap ng isang bata ay magmula sa nag-aalala at matwid na mga ama at ina. Tingnan muna natin ang papel ng ina. Pakinggan ang siping ito mula kay Pangu-long Gordon B. Hinckley:

"Ang kababaihang ginagawang tahanan ang isang bahay ay mas malaki ang nagagawa para sa lipunan kaysa sa mga pinuno ng malalaking hukbo o kumpanya. Sino ang papantay sa impluwensya ng isang ina sa kanyang mga anak, ng isang lola sa kanyang mga inapo, o ng mga tiya at kapatid na babae sa kanilang mga kamag-anak?"

"Hindi natin masusukat o makakalkula ang impluwensya ng kababaihan na bumubuo, sa sarili nilang mga paraan, ng matatag na pamilya at nangangalaga sa walang-hanggan kapakanan ng darating na mga henerasyon. Ang mga desisyong ginagawa ng kababaihan ng henerasyong ito ay walang hanggan ang mga ibubunga. Gusto kong sabihin na ang mga ina sa panahong ito ay walang mas malaking pagkakataon at mas mahalagang hamon kaysa gawin ang lahat ng kanilang makakaya para mapatatag ang [pamilya]" (*Standing for Something: 10 Neglected Virtues That Will Heal Our Hearts and Homes* [2000], 152).

Tingnan naman natin ngayon ang papel na ginagampanan ng ama sa ating buhay:

Ang mga ama ay nagbabasbas at nagsasagawa ng mga sagradong ordenansa para sa kanilang mga anak. Ito ang magiging pinakamahalagang espirituwal na pangyayari sa kanilang buhay.

Ang mga ama ang personal na namumuno sa mga panalangin ng pamilya, araw-araw na pagbabasa ng banal na kasulatan, at lingguhang family home evening.

Ang mga ama ang lumilikha ng mga tradisyon sa pamilya sa pamamagitan ng pakikibahagi sa pagpapalano ng mga pagbibiyaha tuwing bakasyon at pamamasyal na kasama ang lahat ng miyembro ng pamilya. Ang mga espesyal na panahong ito na magkakasama ang pamilya ay hinding-hindi malilimutan ng kanilang mga anak.

Regular na kinakausap nang sariling mga ama ang kanilang mga anak at tinuturuan sila ng mga alituntunin ng ebanghelyo.

Itinuturo ng mga ama sa kanilang mga anak ang kahalagahan ng pagtatrabaho at tinutulungan silang magtakda ng mabubuting mithiin sa sariling buhay.

Ang mga ama ay nagpapakita ng halimbawa ng katapatan sa paglilingkod sa Simbahan.

Tandaan sana ninyo, mga kapatid, ang inyong sagradong tungkulin bilang ama sa Israel—ang inyong pinakamahalagang tungkulin sa panahong ito at sa kawalang-hanggan—isang tungkulin kung saan hindi kayo kailanman mare-release.

Maraming taon na ang nakararaan sa mga stake conference, nagpapalabas kami ng isang maikling pelikula para ilarawan ang tema ng mensaheng inilalahad namin. Sa loob ng isang taon, sa mga pagbisita namin sa buong Simbahan sa aming nakatalagang mga pagbisita sa stake conference, naging pamilyar na kami sa nilalaman ng pelikula. Halos saulat na namin ito. Nanatili sa isipan ko ang mensahe sa paglipas ng mga taon. Ang pelikula ay isinalaysay ni Pangulong Harold B. Lee at ikinuwento niya ang isang pangyayari sa tahanan ng kanyang anak na babae. Parang ganito iyon:

Isang gabi ang ina ng tahanan ay balisa sa pagsisikap na tapusin ang pagpepreserba ng ilang prutas. Sa huli ay handa nang matulog at tahimik na ang mga bata. Oras na para balikan ang prutas. Nang simulan niyang talupan at alisan ng buto ang prutas, dalawang batang lalaki ang nagpunta sa kusina at sinabing handa na silang magdasal bago matulog.

Dahil ayaw maabala, agad sinabi ng ina sa mga bata, “Kayo na lang kayang



mag-isa ang magdasal ngayong gabi, at itutuloy ni Inay ang paggawa sa prutas na ito?”

Tumayo nang tuwid ang panganay sa dalawang anak at nagtanong, “Alin po ang pinakamahalaga, ang dasal o ang prutas?” (Tingnan sa *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Harold B. Lee* [2000], 169.)

Kung minsan natatagpuan natin ang ating sarili sa mga sitwasyong nagbibigay sa atin ng pagkakataong turuan ng aral ang mga bata na magkakaroon ng walang-hanggang epekto sa kanilang kabataan. Mangyari pa, mas mahalaga ang mga panalangin kaysa prutas. Ang isang matagumpay na magulang ay hindi dapat maging lubhang abala para samantalain ang pagkakataon sa buhay ng isang anak na turuan ito ng isang mahalagang aral.

Matibay ang paniniwala ko na wala pang dumating na sandali sa mahabang buhay ko na mas kinailangan ng mga anak ng ating Ama sa Langit ang paggabay ng matatapat na mga magulang kaysa noon. Mayroon tayong dakila at marangal na pamanang mga magulang na iniwan ang halos lahat ng kanilang pag-aari upang maghanap ng lugar kung saan nila mapapalaki ang kanilang pamilya nang may pananampalataya at tapang upang ang susunod na henerasyon ay magkaroon ng mas malalaking

pagkakataon kaysa sa kanila. Kailangan tayong magkaroon ng determinasyon at makayanan natin ang mga hamong kinakaharap natin nang may gayong kahandaang magsakripisyo. Kailangan nating itimo sa isipan ng darating na mga henerasyon ang mas matibay na pananalig sa mga turo ng ating Panginoon at Tagapagligtas.

“At ngayon, mga anak ko, tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malalakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa look ng kalungkutan at walang katapusang kapighatian, dahil sa bato kung saan kayo nakasandig, na tunay na saligan, isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak” (Helaman 5:12).

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ang naglalaan ng pundasyon sa pagkakaroon ng walang-hanggang kapayapaan at pagbubuo ng mga walang-hanggang pamilya. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pumili nang May Katalinuhan

“Tumanggi sa kasamaan, at pumili ng mabuti” (Isaias 7:15).

Mahal kong mga kapatid, hangad ko ngayong gabi na magbahagi ng kaunting payo tungkol sa mga desisyon at pagpili.

Noong bata pa akong abugado sa San Francisco Bay Area, inasikaso ng aming law firm ang ilang papeles para sa kumpanyang gumawa ng Charlie Brown holiday TV specials.¹ Naging idolo ko si Charles Shultz at ang kanyang likha—*Peanuts*, kasama sina Charlie Brown, Lucy, Snoopy, at iba pang kahanga-hangang mga tauhan.

Nasa isa sa paborito kong mga comic strip si Lucy. Naaalala ko na nasa isang mahalagang laro noon ang baseball team ni Charlie Brown—si Lucy ang nasa right field, at binatuhan siya ng isang bola na pumailanlang nang mataas sa ere. Puno ang mga base, at iyon ang huli sa ikasiyam na inning. Kung masasalo ni Lucy ang bola, mananalo ang kanyang team. Kung hindi masasalo ni Lucy ang bola, mananalo ang kalaban.

Sa isang tagpong nangyayari lamang sa comic strip, pinaligiran ng buong team si Lucy habang pababa ang bola. Inisip ni Lucy, “Kung

masasalo ko ang bola, magiging bayani ako; kung hindi, pagtatawanan nila ako.”

Bumaba ang bola, at habang sabik na nakamasid ang kanyang mga kasamahan, hindi nasalo ni Lucy ang bola. Dahil sa inis, inihagis ni Charlie Brown ang kanyang guwantes sa lupa. Pagkatapos ay tumingin si Lucy sa kanyang mga kasamahan, namaywang, at sinabing, “Inaasahan ba ninyong masasalo ko ang bola samantalang nag-aalala ako sa foreign policy ng ating bansa?”

Isa ito sa maraming bola na hindi nasalo ni Lucy sa nakalipas na mga taon, at may bagong dahilan siya sa bawat pagkakataon.² Kahit laging nakakatawa, ang mga dahilan ni Lucy ay pangangatwiran; ang mga ito ay hindi totoong dahilan ng kabiguan niyang saluhin ang bola.

Sa paglilingkod ni Pangulong Thomas S. Monson, madalas niyang ituro na mga desisyon ang nagpapasiya ng tadhana.³ Sa diwang iyan ang payo ko ngayong gabi ay iwaksi ang anumang pangangatwiran na humahadlang sa atin sa paggawa ng mabubuting desisyon, lalo na tungkol sa paglilingkod kay Jesucristo. Itinuro sa atin sa



Isaias na kailangan tayong “tumanggi sa kasamaan, at piliin ang mabuti.”⁴

Naniniwala ako na napakahalaga sa ating panahon, kung saan malakas ang impluwensya ni Satanas sa puso ng mga tao sa maraming bago at tusong paraan, na pag-isipang mabuti ang ating mga pinipili at desisyon, ayon sa mga mithiin at layuning sinasabi natin na ating ipinamumuhay. Kailangan natin ng di-natitinag na katapatan sa mga kautusan at mahigpit na pagtupad sa mga sagradong tipan. Kapag tinulutan nating hadlangan tayo ng mga pangangatwiran para hindi natin matanggap ang mga endowment sa templo, magmision nang karapat-dapat, at makasal sa templo, lalo tayong mapapahamak. Nakalungkot kapag sinabi natin na naniniwala tayo sa mga mithiing ito, subalit kinaliligtaan natin ang pag-uugaling kailangan sa araw-araw upang makamit ang mga ito.⁵

Ipinapahayag ng ilang kabataan ang kanilang mithiing makasal sa templo ngunit hindi nagdedeyt ng mga taong karapat-dapat sa templo. Ang totoo, ni hindi nakikipagdeyt ang ilan! Kayong mga binata, kapag



hindi pa kayo nag-asawa gayong nasa hustong gulang na kayo, mas nagiging komportable kayo. Pero dapat ay lalo kayong maging *hindi komportable!* Maging “sabik sa paggawa”⁶ sa mga espirituwal na aktibidad at pakikihalubilo na akma sa inyong mithiing makasal sa templo.

Ipinagpapaliban ng ilan ang pag-aasawa hanggang sa makatapos ng pag-aaral at magkaroon ng trabaho. Kahit tanggap na ng lahat sa mundo, ang pangangatwirang ito ay hindi nagpapakita ng pananampalataya, taliwas sa payo ng mga makabagong propeta, at hindi tugma sa tamang doktrina.

Kamakailan ay may nakilala akong isang mabait na binatilyo. Ang kanyang mga mithiin ay makapagmisyong, makapag-aral, makasal sa templo, at magkaroon ng tapat at maligayang pamilya. Tuwang-tuwa ako sa kanyang mga mithiin. Ngunit habang nag-uusap kami, naging malinaw sa akin na ang kanyang pag-uugali at mga pasiya ay hindi nakaayon sa kanyang mga mithiin. Nadama ko na talagang gusto niyang magmisyong at umiiwas siyang magkasala nang mabigat na hahadlang sa kanya na magmisyong,

ngunit ang ginagawa niya araw-araw ay hindi naghahanda sa kanya sa pisikal, emosyonal, sosyal, intelektuwal, at espirituwal na mga hamon na haharapin niya.⁷ Hindi siya natutong magsikap. Hindi siya seryoso sa pag-aaral o sa seminary. Nagsisimba siya, pero hindi nagbabasa ng Aklat ni Mormon. Nag-uukol siya ng maraming oras sa video games at social media. Akala niya ay sapat na ang makapagmisyong siya. Mga kabataang lalaki, mangyaring ibalik ang karapatdapat na pagkilos at maging seryoso sa paghahanda na maging kinatawan ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo.

Ang inaalala ko ay hindi lamang ang malalaking desisyon sa buhay kundi pati na ang maliit—ang araw-araw na buhay sa mundo at ang tila karaniwang mga desisyon na halos pinag-uukulan natin ng ating buong panahon. Sa mga bagay na ito, kailangan nating gamitin ang moderasyon, pagbalanse, at lalo na ang katalinuhan. Mahalagang iwaksi ang mga pangangatwiran at gumawa ng pinakamaaiinam na pasiya.

Ang isang napakagandang halimbawa ng pangangailangan ng moderasyon, pagbalanse, at katalinuhan ay sa paggamit ng Internet. Magagamit ito sa pagtulong sa gawaing misyong, sa pagtulong sa mga responsibilidad ng priesthood, sa paghahanap ng mahal nating mga ninuno para sa mga sagradong ordenansa sa templo, at marami pang iba. Malaki ang impluwensya nito para sa kabutihan. Alam din natin na maghahatid ito ng maraming kasamaan, kabilang na ang pornograpiya, kalupitan gamit ang digital device,⁸ at paglalagay ng walang kabuluhang komentaryo. Maaari din itong humantong sa walang katapusang kamangmangan. Tulad ng nakaanting na turo ni Brother Randall L. Ridd sa huling pangkalahatang kumperensya, tungkol sa Internet, “Maaari kayong mabitag sa di mahahalagang bagay na sasayang sa inyong oras at magpapahina sa inyong kakayahang gumawa ng mabuti.”⁹

Ang mga panggagambala at oposisiyong sa kabutihan ay hindi lamang

sa Internet; nasa buong paligid ito. Naaapektuhan nito hindi lamang ang mga kabataan kundi tayong lahat. Nabubuhay tayo sa mundo na talagang nagkakagulo.¹⁰ Napaliligiran tayo ng walang-katapusang mga pagpapamalas ng “masasayang aktibidad” at mga imoral at walang-kabuluhang buhay. Ang mga ito ay ipinapakita sa halos lahat ng media bilang normal na pag-uugali.

Nagbabala kamakailan si Elder David A. Bednar sa mga miyembro na maging totoo sa paggamit ng social media.¹¹ Binigyang-diin ito ng kilala at mapag-isip na lider na si Arthur C. Brooks. Napuna niya na kapag gumagamit tayo ng social media, inilalahad lang natin ang masasayang detalye ng ating buhay ngunit hindi ang hirap natin sa pag-aaral o trabaho. Nagpapakita tayo ng hindi kumpletong buhay—kung minsan ay sa mayabang o di-totoong paraan. Ibinabahagi natin ang buhay na ito, at pagkatapos ay pinag-uukulan natin ang “halos lubos . . . na pakunwaring buhay ng [ating] ‘mga kaibigan’ sa social media.” Giit ni Brooks, “Hindi talaga maganda sa pakiramdam ang iukol ang ilang oras mo sa pagkukunwaring mas masaya ka kaysa sa totoong nadarama mo, at iukol ang iba pang oras mo sa pagtingin kung gaano ang tila higit na kasayahan ng iba kaysa sa iyo.”¹²

Kung minsan parang puno tayo ng kahangalan, walang-katuturang ingay, at patuloy na pagtatalo. Kapag pinag-isipan natin ito at sinuring mabuti ang ating paligid, kakaunti ang makatutulong sa atin sa walang-hanggang paghahanap ng mabubuting mithiin. Isang ama ang matalinong tumugon sa kanyang mga anak sa marami nilang hiling na makisali sa walang kabuluhang mga bagay na ito. Tinanong lang niya sila, “Gagawin ba kayo nitong mas mabuting tao?”

Kapag pinangatwiranan natin ang mga maling pasiya, malaki man o maliit, na hindi nakaayon sa ipinainumbalik na ebanghelyo, nawawala ang mga pagpapala at proteksiyong kailangan natin at madalas tayong mabitag sa kasalanan o maligaw ng landas.



Nag-aalala ako lalo na tungkol sa kamangmangan¹³ at pagkahumaling sa “bawat bagong bagay.” Sa Simbahan hinihikayat at iginagalang natin ang lahat ng uri ng katotohanan at kaalaman. Ngunit kapag inihiwalay ang kultura, kaalaman, at mga gawi ng lipunan sa plano ng kaligayahan ng Diyos at sa mahalagang papel ni Jesucristo, di-maiiwasang magkawatak-watak ang lipunan.¹⁴ Sa ating panahon, sa kabila ng mas malaking pag-unlad sa maraming aspeto, lalo na sa siyensya at komunikasyon, gumuguhu na ang mahahalaga at pangunahing mga pinahahalagahan at nababawasan ang lubos na kaligayahan at kapakanan ng tao.

Nang anyayahang magsalita si Apostol Pablo sa Mars Hill sa Athens, nakita niya ang ilan sa kunwaring katalinuhang ito at ang kawalan ng tunay na katalinuhang umiiral ngayon.¹⁵ Sa Ang Mga Gawa mababasa natin ang salaysay na ito: “Lahat nga ng mga Ateniense at ang mga taga ibang bayang nakikipamayan doon ay walang ibang ginagawa, kundi ang magsipagsaysay o mangakinig ng anomang bagay na bago.”¹⁶ Binigyang-diin ni Pablo ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Nang matanto ng mga tao na tungkol sa relihiyon ang kanyang mensahe, nilibak siya ng ilan; binalewala siya ng iba na sinasabing, “Pakikinggan ka naming muli tungkol dito.”¹⁷ Nilisan ni Pablo ang Athens *nang bigo*. Sumulat si

Dean Frederic Farrar tungkol sa pagbisitang ito: “Sa Athens wala siyang itinatag na simbahan, sa Athens hindi siya nag-iwan ng sulat, at sa Athens, madalas kapag naparaan siya sa kalapit na lugar nito, hindi na siya muling tumatapak doon.”¹⁸

Naniniwala ako na ang inspiradong mensahe ni Elder Dallin H. Oaks na nagkukumpara sa “maganda, mas maganda, pinakamaganda” ay nagbibigay ng epektibong paraan na masuri ang mga desisyon at prioridad.¹⁹ Maraming desisyon ang hindi naman masama, ngunit kapag ang mga ito ay umubos ng lahat ng ating oras at humadlang sa pinakamaganda nating mga desisyon, kung gayon ang mga ito ay nakasasama na sa atin.

Kahit ang makabuluhang mga adhikain ay kailangang suriin upang malaman kung hadlang na ang mga ito sa pinakamagandang mithiin. Nagkaroon kami ng di-malilimutang pag-uusap ng aking ama noong tinedyer ako. Hindi siya gaanong naniniwala na ang mga kabataan ay nakatuon o naghahanda para sa mahahalagang mithiin na panghabang-buhay—gaya ng pagtatrabaho at pagtustos sa pamilya.

Ang makabuluhang pag-aaral at paghahandang makapagtrabaho ay laging nangunguna sa rekomendadong mga prioridad ng aking ama. Naunawaan niya na ang mga extracurricular activity, gaya ng debate at pamamahala sa lupon ng mga

estudyante ay maaaring may tuwirang koneksyon sa ilan sa mahahalagang kong mithiin. Hindi niya gaanong maunawaan ang matagal kong paglalaro ng football, basketball, baseball, at pagtakbo. Inamin niya na maaaring magdagdag ng lakas, tibay, at teamwork ang athletics ngunit iginiit niya na marahil ay mas magandang magtuon sa iisang sport sa mas maikling panahon. Sa kanyang pananaw, maganda ang sports ngunit hindi iyon ang pinakamaganda *para sa akin*. Nag-alala siya na ang ilang sports ay tungkol sa pagiging tanyag o sikat sa lugar kapalit ng mas mahahalagang mithiing panghabang-buhay.

Dahil sa karanasang ito, ang isa sa mga dahilan kaya ko gusto ang kuwento ni Lucy sa paglalaro ng baseball ay dahil, sa pananaw ng aking ama, dapat ay nag-aaral ako ng foreign policy at hindi nag-aalala kung masasalo ko ang bola. Dapat kong linawin na mahilig ang nanay ko sa sports. Pumupunta siya sa lahat ng mga laro maliban lang kung nasa ospital siya.

Nagpasiya akong sundin ang payo ng tatay ko at huwag maglaro sa intercollegiate sports sa kolehiyo. Pagkatapos ay ipinaalam sa akin noon ng aming high school football coach na kami ni Merlin Olsen ay gustong makasama ng Stanford football coach sa pananghalian. Maaaring hindi kilala ng mga nakababata sa inyo si Merlin. Isa siya sa mga pinakamahusay na Amerikanong defensive football

player sa Logan High School football team kung saan ako ang quarterback, safety, at sumalo sa mga bolang si-nipa nang mataas at nagbalik nito sa goal namin. Sa high school na-recruit si Merlin ng halos lahat ng pinakama-huhusay na college football team sa buong bansa. Sa kolehiyo napanalunan niya ang Outland Trophy bilang pinakamahusay na interior lineman sa bansa. Sa huli, ikatlo si Merlin sa napiling maglaro sa isang team para sa National Football League at kamangha-mangha ang laro niya sa 14 na magkakasunod na Pro Bowls. Nakasama siya sa Pro Football Hall of Fame noong 1982.²⁰

Nananghalian kami kasama ang Stanford coach sa Bluebird restaurant sa Logan, Utah. Matapos kaming magkamayan, hindi na niya ako muling tiningnan. Kinausap niya si Merlin at hindi niya ako pinansin. Pagkatapos mananghali, sa unang pagkakataon,



bumaling siya sa akin pero hindi niya maalala ang pangalan ko. Pagkatapos ay sinabi niya kay Merlin, “Kung pipiliin mo ang Stanford at gusto mong isama ang kaibigan mo, maganda naman ang mga marka niya at maaaring magawan iyon ng paraan.” Pinagtibay sa akin ng karanasang ito na dapat kong sundin ang matalinong payo ng tatay ko.

Wala akong hangad na hadlangan ang pagsali sa sports o paggamit ng Internet o iba pang makabuluhang mga aktibidad na gusto ng mga kabataan. Ito ang klase ng mga aktibidad na nangangailangan ng moderasyon,

pagbalanse, at katalinuhan. Kapag ginamit nang may katalinuhan, pagyayamanin nito ang ating buhay.

Gayunman, hinihikayat ko ang lahat, bata at matanda, na pag-aralan ang inyong mga mithiin at layunin at sikaping mas disiplinahin ang sarili. Ang ating araw-araw na pag-uugali at mga pasiya ay dapat umayon sa ating mga mithiin. Kailangan nating iwaksi ang mga pangangatwiran at hadlang. Napakahalagang magpasiya ayon sa ating mga tipan na maglingkod kay Jesucristo sa kabutihin.²¹ Hindi natin dapat ibaling ang ating tingin, o ilaglag ang bolang iyon sa anumang dahilan.

Ang buhay na ito ang panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos.²² Tayo ay mga taong masaya at maligaya. Pinahahalagahan natin ang pagiging masayahin at ang hindi-planadong oras sa piling ng mga kaibigan at pamilya. Ngunit kailangan nating maunawaan na napakahalaga ng layunin na kailangan nating pagbatayan sa pamumuhay at sa lahat ng ating pasiya. Ang mga hadlang at pangangatwirang naglilimita sa pag-unlad ay talagang nagdudulot ng pinsala, ngunit kapag patuloy nitong pinahihina ang pananampalataya natin kay Jesucristo at sa Kanyang Simbahan, malaking kapahamakan na ang dulot nito.

Dalangin ko na bilang isang grupo ng mga mayhawak ng priesthood, iyon natin ang ating pag-uugali sa mararangal na layuning kailangang tuparin ng mga naglilingkod sa Panginoon. Sa lahat ng bagay dapat nating tandaan na pagiging “mata-tag sa pagpapatotoo kay Jesus” ang malaking pagsubok na naghihiwalay sa mga kahariang selestiyal at terestriyal.²³ Nais nating maparoon sa kahariang selestiyal. Bilang isa sa Kanyang mga Apostol, taimtim kong pinatotohanan na totoo ang Pagbabayad-sala at kabanalan ni Jesucristo na ating Tagapagligtas. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Lee Mendelson-Bill Melendez Production TV Specials.
2. Mula sa mga buwan ng Saturn na nakakagambala sa kanya, hanggang sa pag-aalala

tungkol sa posibleng nakalalason na mga sangkap sa kanyang guwantes, laging may katwiran si Lucy kung bakit hindi niya nasalo ang bola.

3. Tingnan sa “Decisions Determine Destiny,” kabanata 8 sa *Pathways to Perfection: Discourses of Thomas S. Monson* (1973), 57–65.
4. Isaias 7:15.
5. “Kung ang paggawa ay kasindali ng pag-alam kung ano ang mabuting gawin, naging mga kapilya na sana ang mga simbahan, at naging mga palasyo na ng mga prinsipe ang mga dampa ng maralita” (William Shakespeare, *The Merchant of Venice*, act 1, scene 2, lines 12–14).
6. Doktrina at mga Tipan 58:27.
7. Tingnan sa *Adjusting to Missionary Life* (buklet, 2013), 23–49.
8. Tingnan sa Stephanie Rosenbloom, “Dealing with Digital Cruelty,” *New York Times*, Ago. 24, 2014, SR1.
9. Randall L. Ridd, “Ang Piling Henerasyon,” *Liahona*, Mayo 2014, 56.
10. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 45:26.
11. Tingnan sa David A. Bednar, “To Sweep the Earth as with a Flood” (mensaheng ibinigay sa BYU Campus Education Week, Ago. 19, 2014); lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/to-sweep-the-earth-as-with-a-flood.
12. Arthur C. Brooks, “Love People, Not Pleasure,” *New York Times*, Hulyo 20, 2014, SR1.
13. Sa kasamaang-palad, ang dibersiyon o libangan na lumalaganap sa ating panahon ay puro kamangmangan. Nang isa-isahin ng Tagapagligtas ang ilan sa mga bagay na maaaring makasama sa tao, isinama Niya ang kamangmangan (tingnan sa Marcos 7:22).
14. Nangyari ito sa sinaunang Greece at Rome, gayundin sa mga sibilisasyon sa Aklat ni Mormon.
15. Tingnan sa Frederic W. Farrar, *The Life and Work of St. Paul* (1898), 302. May iba’t ibang klase ng pilosopo, kabilang na ang mga Epicureo at Estoico, mga grupong magkalaban na inilarawan ng ilan na mga Fariseo at Saduceo sa daigdig ng mga pagano. Tingnan din sa Quentin L. Cook, “Pagtingin nang Lampas sa Tanda,” *Liahona*, Mar. 2003, 21–24.
16. Ang Mga Gawa 17:21.
17. Ang Mga Gawa 17:32.
18. Farrar, *The Life and Work of St. Paul*, 312.
19. Tingnan sa Dallin H. Oaks, “Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda,” *Liahona*, Nob. 2007, 104–8.
20. Si Merlin Olsen ay isang hall of fame na manlalaro ng football, artista, at NFL commentator para sa NBC. Napanalunan niya ang Outland Trophy sa paglalaro ng football para sa Utah State University. Naglaro siya sa pro football para sa Los Angeles Rams. Sa TV gumanap siya bilang Jonathan Garvey kasama si Michael Landon sa *Little House on the Prairie* at nagkaroon ng sariling TV program na, *Father Murphy*. Pumanaw na si Merlin (Mar. 11, 2010), at nami-miss namin siya.
21. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 76:5.
22. Tingnan sa Alma 34:32.
23. Doktrina at mga Tipan 76:79.



Ni Elder Craig C. Christensen
Ng Panguluhan ng Pitumpu

Alam Ko ang mga Bagay na Ito sa Aking Sarili

Ang malaman sa ating sarili na totoo ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay maaaring maging isa sa pinakamaganda at lubhang kasiya-siyang karanasan sa buhay.

Mahal kong mga kapatid, patuloy tayong binibigyang-inspirasyon ng sariling halimbawa at paglilingkod sa priesthood ni Pangulong Thomas S. Monson. Kamakailan, itinanong sa ilang deacon, “Ano ang pinaka-hinahangaan ninyo kay Pangulong Monson?” Nagunita ng isang deacon kung paano ibinigay ni Pangulong Monson ang kanyang laruan, noong bata pa siya, sa mga kaibigan niyang nangangailangan. Binanggit ng isa pa kung paano nagmalasakit si Pangulong Monson sa maraming bala sa kanyang ward. Sinabi ng ikatlo na tinawag siya bilang Apostol sa napakabatang edad at napagpala nito ang mga tao sa iba’t ibang dako ng mundo. Pagkatapos ay sinabi ng isang binatilyo, “Ang pinaka-hinahangaan ko po kay Pangulong Monson ay ang kanyang malakas na patotoo.”

Tunay na nadama na nating lahat ang natatanging patotoo ng

ating propeta sa Tagapagligtas na si Jesucristo at ang kanyang katapatan na sundin palagi ang mga pahiwatig ng Espiritu. Sa bawat karanasang ibinabahagi niya, inaanyayahan tayo ni Pangulong Monson na ipamuhay ang ebanghelyo nang mas lubusan at hangarin at palakasin ang ating sariling patotoo. Alalahanin ang sinabi niya mula sa pulpitong ito ilang



kumperensya pa lang ang nakaraan: “Upang maging matatag tayo at mapaglabanan natin ang lahat ng puwersa na humihila sa atin sa maling direksyon . . . , kailangang magkaroon tayo ng sariling patotoo. Kayo man ay 12 o 112 taong gulang—o anumang edad—malalaman ninyo sa inyong sarili na totoo ang ebanghelyo ni Jesucristo.”¹

Bagama’t ang mensahe ko ngayong gabi ay ukol sa mga taong malapit sa edad na 12 kaysa 112, angkop sa lahat ang mga alituntuning ibabahagi ko. Bilang sagot sa sinabi ni Pangulong Monson, itatanong ko: Alam ba ng bawat isa sa atin, sa mismong sarili natin na totoo ang ebanghelyo? Tiwala ba nating masasabi na ang ating patotoo ay talagang sariling atin? Uulitin ko ang sinabi ni Pangulong Monson: “Naniniwala ako na ang matibay na patotoo sa ating Tagapagligtas at sa Kanyang ebanghelyo ang . . . protekta sa inyo mula sa kasalanan at kasamaan sa inyong paligid. . . . Kung wala pa kayong patotoo sa mga bagay na ito, gawin ninyo ang kailangan para matamo ito. Mahalagang magkaroon kayo ng sariling patotoo, dahil hindi kayo lubos na masusuportahan ng patotoo ng ibang tao.”²

Alam Ko ang mga Bagay na Ito sa Aking Sarili

Ang malaman sa ating sarili na totoo ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay maaaring maging isa sa pinakamaganda at lubhang kasiya-siyang karanasan sa buhay. Maaaring kailangan tayong magsimula sa pag-asa sa patotoo ng iba—tulad ng mga kabataang mandirigma, na nagsabing, “Hindi kami nag-aalinlangan, nalalaman ito ng aming mga ina.”³ Magandang magsimula roon, ngunit kailangan nating palaguin ito. Para maging matatag sa pamumuhay ng ebanghelyo, wala nang mas mahalaga pa kaysa magkaroon at palakasin ang sarili nating patotoo. Tulad ni Alma, kailangang masabi nating, “Alam ko ang mga bagay na ito sa aking sarili.”⁴

“At paano ninyo inaakala na alam ko ang kanilang katiyakan?”

Nagpatuloy si Alma. “Masdan, sina-sabi ko sa inyo na ang mga yaon ay ipinaalam sa akin ng Banal na Espiritu ng Diyos. Masdan, ako ay nag-ayuno at nanalangin nang maraming araw upang aking malaman ang mga bagay na ito sa aking sarili. At ngayon nalalaman ko sa aking sarili na ang mga yaon ay totoo.”⁵

Nais Kong Mamasdan ang mga Bagay na Nakita ng Aking Ama

Tulad ni Alma, nalaman din ni Nephi ang katotohanan sa kanyang sarili. Matapos pakinggang magsalita ang kanyang ama tungkol sa maraming espirituwal na karanasan nito, ginustong malaman ni Nephi kung ano ang nalaman ng kanyang ama. Higit pa ito sa simpleng pag-uusisa—isang bagay iyon na lubos na kinasabikan niya at hinangad niyang malaman. Kahit “lubhang bata pa,” nagkaroon siya ng “matinding pagnais na malaman ang mga hiwaga ng Diyos.”⁶ Nanabik siyang “makita, at marinig, at malaman ang mga bagay na ito, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.”⁷

Habang “nakaupo [si Nephi na] nagbubulay-bulay sa [kanyang] puso,” siya ay “napasa-Espiritu . . . sa isang napakataas na bundok,” kung saan siya tinanong, “Ano ang ninanais mo?” Simple lang ang sagot niya: “Nais kong mamasdan ang mga bagay na nakita ng aking ama.”⁸ Dahil sa pamanalig ng kanyang puso at pagiging masigasig, biniyayaan si Nephi ng isang kagila-gilalas na karanasan. Tumanggap siya ng patotoo tungkol sa parating na pagsilang, buhay, at Pagpapako sa Krus ng Tagapagligtas na si Jesucristo; nakita niya ang paglabas ng Aklat ni Mormon at ang Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw—lahat ay dahil sa kanyang taos-pusong hangaring malaman ito sa kanyang sarili.⁹

Ang personal na karanasang ito sa Panginoon ay naghanda kay Nephi sa mga paghihirap at hamon na kakaharapin niya kalaunan. Napalakas siya ng mga ito kahit ang iba sa kanyang pamilya ay nahihirapan na. Magagawa niya ito dahil *natutuhan* niya

sa kanyang sarili at *nalaman* niya sa kanyang sarili. Natulungan siya ng kanyang sariling patotoo.

Humingi Siya sa Diyos

Katulad ni Nephi, si Propetang Joseph Smith ay “lubhang bata pa” rin nang ang kanyang “pag-iisip ay natawag sa matamang pagmumunimuni” tungkol sa mga espirituwal na katotohanan. Para kay Joseph, ito ay panahon ng “malaking pagkabahala,” na naliligiran ng magkakasalungat at nakalilitong mga mensahe tungkol sa relihiyon. Ninais niyang malaman kung aling simbahan ang tama.¹⁰ Dahil nabigyang-inspirasyon ng mga salitang ito sa Biblia: “Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Dios,”¹¹ siya mismo ay kumilos para mahanap ang sagot. Sa isang magandang umaga noong tagsibol ng 1820, pumasok siya sa kakahuyan at lumuhod para manalangin. Dahil sa kanyang pananampalataya at dahil may espesyal na ipagagawa sa kanya ang Diyos, nagkaroon ng maluwalathing pangitain si Joseph tungkol sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at nalaman niya mismo ang kanyang gagawin.

Nakikita ba ninyo sa karanasan ni Joseph ang isang huwarang maia-angkop ninyo sa pagtatamo o pagpapalakas ng sarili ninyong patotoo? Tinulutan ni Joseph na tumimo sa kanyang puso ang mga banal na kasulatan. Pinag-isipan niya itong mabuti at iniangkop ito sa sarili niyang sitwasyon. Pagkatapos ay kumilos siya ayon sa nalaman niya. Ang resulta ay ang maluwalathing Unang Pangitain—at lahat ng bagay na kasunod nito. Literal na itinatag ang Simbahang ito sa alituntunin na kahit sino—pati na ang 14-na-taong-gulang na batang magsasaka—ay maaaring “humingi sa Dios” at tumanggap ng sagot sa kanyang mga dalangin.

Kaya Ano ang Patotoo?

Madalas nating marinig na sina-sabi ng mga miyembro ng Simbahan na ang kanilang patotoo tungkol sa ebanghelyo ang pinakamahalaga nilang pag-aari. Ito ay isang sagradong

kaloob mula sa Diyos na dumarating sa atin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Ito ang payapa at di-natitinag na katiyakang natatanggap natin kapag pinag-aralan, ipinagdasal, at ipinamuhay natin ang ebanghelyo. Ito ay pagpapatibay ng Espiritu Santo sa ating kaluluwa na ang ating pinag-aaralan at ginagawa ay tama.

May mga tao na inihalintulad ang patotoo sa isang switch ng ilaw—na naka-on o naka-off; maaaring kayo ay may patotoo, o walang patotoo. Sa katunayan ang patotoo ay mas maitutulad sa isang puno na nagda-raan sa iba’t ibang yugto ng paglaki at paglago. Ang ilan sa pinakamataas na puno sa daigdig ay matatagpuan sa Redwood National Park sa kanlurang Estados Unidos. Kapag tumayo kayo sa paanan ng malalaking punong ito, kamangha-manghang isipin na bawat isa ay nagmula sa isang maliit na binhi. Gayon din ang ating patotoo. Bagama’t maaari itong magsimula sa iisang espirituwal na karanasan, lumalaki at lumalago ito sa paglipas ng panahon sa pamamagitan ng palagi pangangalaga at madalas na pagkakaroon ng mga espirituwal na karanasan.

Hindi nakakagulat, kung gayon, na noong ipaliwanag ng propetang si Alma kung paano palaguin ang ating patotoo, binanggit niya ang isang binhing lumaki at naging puno. “Kung kayo ay magbibigay-puwang,” sabi niya, “na ang binhi ay maitanim sa inyong mga puso, masdan, kung iyon ay isang tunay na binhi, kung hindi ninyo ito itatapon dahil sa inyong kawalangpaniniwala, . . . ito ay magsisimulang lumaki sa loob ng inyong mga dibdib; at kapag nadama ninyo ang ganitong paglaki, kayo ay magsisimulang magsabi sa inyong sarili—Talagang ito ay mabuting binhi, o na ang salita ay mabuti, sapagkat sinisimulan nitong palakihin ang aking kaluluwa; oo, sinisimulan nitong liwanagin ang aking pang-unawa, oo, ito ay nagsisimulang maging masarap para sa akin.”¹²

Madalas ay ganito ang pagsisimula ng patotoo: sa mabuti, nagpapalinaw, at nakatitiyak na damdamin na



Cape Town, South Africa

nagpapakita sa atin na ang salita ng Diyos ay totoo. Gayunman, napakaganda man ng damdaming ito, simula pa lang ito. Hindi pa tapos ang gawain ninyong palaguin ang inyong patotoo—ang pagpapalaki ng isang punong redwood ay hindi nagtatapos sa munting pag-usbong nito sa lupa. Kung babalewalain o pababayaang mga unang espirituwal na pahiwatig na ito, kung hindi natin ito pangangalagaan sa patuloy na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagdarasal at paghahangad ng iba pang mga espirituwal na karanasan sa patnubay ng Espiritu, maglalaho ang ating damdamin at manghihina ang ating patotoo.

Sabi nga ni Alma: “Kung inyong pababayaang punungkahoy, at hindi iisipin ang pangangalaga rito, masdan, iyon ay hindi magkakaroon ng anumang ugat; at kung ang init ng araw ay matindi at darangin ito, sapagkat wala itong ugat ito ay malalanta, at ito ay inyong bubunutin at itatapon.”¹³

Kadalasan, ang ating patotoo ay lumalago katulad ng paglago ng isang puno: unti-unti, halos hindi napapansin, bunga ng patuloy nating pangangalaga at pagsusumigasisig. “Subalit kung inyong aalagaan ang salita,” pangako ni Alma, “oo, aalagaan ang punungkahoy habang ito ay nagsisimulang lumaki, sa

pamamagitan ng inyong pananampalataya nang may malaking pagsisikap, at may pagtitiyaga, umaasa sa bunga niyon, ito ay magkakaugat; at masdan, ito ay magiging isang punungkahoy na sumisibol tungo sa buhay na walang hanggan.”¹⁴

Panahon na; Ngayon na ang Araw

Nagsimula ang sarili kong patotoo nang pag-aralan ko at pag-isipan ang mga turong matatagpuan sa Aklat ni Mormon. Nang lumuhod ako at mapagpakumbabang nanalangin at nagtanong sa Diyos, pinatotohanan ng Espiritu Santo sa aking kaluluwa na ang binabasa ko ay totoo. Ang naunang patotoong ito ang nagpaibayo sa aking patotoo tungkol sa maraming iba pang katotohanan ng ebanghelyo, sapagkat, tulad ng itinuro ni Pangulong Monson: “Kapag alam nating totoo ang Aklat ni Mormon, alam din natin na si Joseph Smith ay tunay na propeta at na nakita niya ang Diyos, ang Amang Walang Hanggan at ang Kanyang Anak na si Jesucristo. Alam din natin na ang ebanghelyo ay ipinanumbalik sa mga huling araw na ito sa pamamagitan ni Joseph Smith—kabilang ang pagpapanumbalik ng Aaronic at Melchizedek Priesthood.”¹⁵ Simula noong araw na iyon, nagkaroon na ako ng maraming sagradong pagpapatotoo ng Espiritu Santo na

muling pinagtibay sa akin na si Jesucristo ang Tagapagligtas ng sanlibutan at na ang Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo ay totoo. Kasama ni Alma, masasabi ko nang may katiyakan na alam ko ang mga bagay na ito sa aking sarili.

Mga kaibigan kong kabataan, panahon na at ngayon na ang araw para pag-aralan o muling pagtibayin sa ating sarili na ang ebanghelyo ay totoo. Bawat isa sa atin ay may mahalagang gawain. Para maisakatuparan ang gawaing iyan, at maprotektahan mula sa mga makamundong impluwensya na tila patuloy na lumalaganap, sumampalataya tayong tulad nina Alma, Nephi, at ng batang si Joseph Smith upang matamo at mapalakas ang sarili nating patotoo.

Tulad ng batang deacon na binanggit ko kanina, hinahangaan ko si Pangulong Monson sa kanyang patotoo. Para itong mataas na punong redwood, subalit maging ang patotoo ni Pangulong Monson ay kailangang lumago at lumakas sa paglipas ng panahon. Malalaman natin sa ating sarili, tulad ni Pangulong Monson, na si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Manunubos ng sanlibutan, na si Joseph Smith ang propeta ng Panunumbalik, pati na ng panunumbalik ng priesthood ng Diyos. Taglay natin ang banal na priesthood na iyan. Nawa’y matutuhan natin ang mga bagay na ito at malaman ito sa ating sarili ang mapagpakumbaba kong dalangin sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Thomas S. Monson, “Tapang na Manindigang Mag-isa,” *Liahona*, Nob. 2011, 62.
2. Thomas S. Monson, “Kapangyarihan ng Priesthood,” *Liahona*, Mayo 2011, 66.
3. Alma 56:48.
4. Alma 5:46.
5. Alma 5:45–46.
6. 1 Nephi 2:16.
7. 1 Nephi 10:17.
8. 1 Nephi 11:1–3.
9. Tingnan sa 1 Nephi 11–14.
10. Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:8–10.
11. Santiago 1:5.
12. Alma 32:28.
13. Alma 32:38.
14. Alma 32:41.
15. Thomas S. Monson, *Liahona*, Nob. 2011, 67.



Ni Bishop Dean M. Davies
Pangalawang Tagapayo sa Presiding Bishopric

Ang Batas ng Ayuno: Isang Personal na Responsibilidad na Pangalagaan ang mga Maralita at Nangangailangan

Bilang mga alagad ng Tagapagligtas, may personal na responsibilidad tayong pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan.

Mahal kong mga kapatid, mahal ko ang priesthood, at gusto kong nakakasama kayo. Lubos akong nagpapasalamat na magkakasama tayong naglilingkod sa dakilang layuning ito.

Nabubuhay tayo sa pambihirang panahon. Ang mahimalang mga pag-unlad sa medisina, siyensya, at teknolohiya ay nakabuti sa pamumuhay ng marami. Subalit nakikita rin ang malaking pagdurusa at kapighatian ng mga tao. Bukod sa mga digmaan at ali-ngawngaw ng digmaan, ang pagdami ng kalamidad—pati na mga pagbaha, sunog, lindol, at karamdaman—ay



Kailanman at saanman posible, ang emergency resources ng Simbahan ay nakalaan para tumugon sa mga nangangailangan.

nakakaapekto sa buhay ng milyun-milyon sa buong mundo.

Nag-aalala at nagmamatyag ang pamunuan ng Simbahan sa kapakanan ng mga anak ng Diyos sa lahat ng dako. Kailan man at saan man maaari, ang tulong ng Simbahan ay inilalaan sa pagtugon sa mga nangangailangan. Halimbawa, noong nakaraang Nobyembre, hinagupit ng Bagyong Haiyan (Yolanda) ang Pilipinas.

Tinaguriang Category 5 super typhoon, nagdulot ng malaking pinsala at paghihirap ang Bagyong Haiyan. Buong mga lungsod ang nawasak; marami ang namatay; milyun-milyong tahanan ang lubhang napinsala o nawasak; at nawalan ng mahahalagang serbisyong tulad ng tubig at kuryente, at nasira ang mga padaluyan.

Naiparating nang napakaaga ang tulong ng Simbahan pagkatapos ng kalamidad na ito. Ang mga miyembro ng Simbahan na nakatira sa Pilipinas ay nagtulong-tulong sa pagsagip sa kanilang mga kapatid sa pagbibigay ng pagkain, tubig, damit, at mga hygiene kit kapwa sa mga miyembro at di-miyembro.

Ang mga meetinghouse ng Simbahan ay naging mga kanlungan sa libu-libong nawalan ng tirahan. Sa pamumuno ng Area Presidency at mga lider ng priesthood sa lugar, at marami sa kanila ang nawalan ng lahat ng kanilang ari-arian, inalam nila ang kalagayan at kaligtasan ng lahat ng miyembro. Nagsimulang mabuo ang inspiradong mga plano na mai-balik ang mga miyembro sa maayos na pamumuhay at pag-asa sa sariling kakayahan.

Inilaan ang katamtamang suplay para tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na muling magtayo ng kanilang tirahang yari sa kahoy. Hindi lamang ito basta ibinigay nang walang kapalit. Binigyan ng training ang mga miyembro at nagtrabaho sila para sa kanilang sarili at pagkatapos ay para sa iba.

Ang isang naging pagpapala nito ay na samantalang natututo ang mga miyembro ng pagkakarapintero, pagtutubero, at iba pang mga kasanayan sa konstruksyon, nagkaroon sila ng

magandang trabaho nang simulan ang muling pagtatayo ng mga tirahan sa kalapit na mga lungsod at komunidad.

Ang pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan ay pangunahing doktrina ng ebanghelyo at mahalagang bahagi sa walang-hanggang plano ngkaligtasan.

Bago ang Kanyang mortal na ministeryo, sinabi ni Jehova sa pamamagitan ng Kanyang propeta: “Sapagka’t hindi mawawalan ng dukha sa lupain kailan man: kaya’t aking iniutos sa iyo, na aking sinasabi, [Bubuksan] mo nga ang iyong kamay sa iyong kapatid, sa nagkakailangan sa iyo, at sa dukha mo, sa iyong lupain.”¹

Sa ating panahon, ang pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan ay isa sa apat na sagradong responsibilidad na itinakda ng Simbahan na tumutulong sa bawat isa at sa mga pamilya na maging marapat para sa kadakilaan.²

Ang pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan ay nagsasaalang-alang kapwa sa temporal at espirituwal na kaligtasan. Kabilang dito ang paglilingkod ng bawat miyembro ng Simbahan kapag sila mismo ang nangalaga sa mga maralita at nangangailangan, pati na rin ang opisyal

na kawanggawa ng Simbahan, na pinangangasiwaan sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood.

Mahalaga sa plano ng Panginoon para sa pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan ang *batas ng ayuno*. “Itinatag ng Panginoon ang batas ng ayuno at mga handog-ayuno upang pagpalain ang Kanyang mga tao at maglaan ng paraan para mapaglingkuran nila ang mga nangangailangan.”³

Bilang mga alagad ng Tagapagligtas, may personal na responsibilidad tayong pangalagaan ang mga maralita at nangangailangan. Ang matatapat na miyembro ng Simbahan sa lahat ng dako ay tumutulong sa pamamagitan ng pag-aayuno buwan-buwan—na hindi kumakain at umiinom sa loob ng 24 na oras—at pagkatapos ay ibinibigay sa Simbahan ang halagang katumbas man lang ng pagkaing kakinin sana nila.

Ang mga salita ni Isaias ay dapat isaalang-alang nang may panalangin at ituro sa bawat tahanan:

“Hindi бага ito ang ayuno na aking pinili: na kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga pasan at papaging layain ang napipighati, at iyong alisin ang lahat ng atang?”

“Hindi бага ang magbahagi ng iyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapuwa-tao?”⁴

Pagkatapos ay itinala pa ni Isaias ang magandang pagpapalang ipinangako ng Panginoon sa mga sumusunod sa batas ng ayuno. Sabi niya:

“Kung magkagayo’y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang iyong kagalingan ay biglang lilitaw; at ang iyong katuwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod.

“Kung magkagayo’y tatawag ka, at ang Panginoon ay sasagot; ikaw ay dadaing, at siya’y magsasabi, Narito ako. . . .

“At kung magmamagandang-loob ka sa gutom, at iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa;

kung magkagayo’y sisilang ang iyong liwanag sa kadiliman, at ang iyong kadiliman ay magiging parang katanghaliang tapat;

“At papatnubayan ka ng Panginoon na palagi, at sisiyahan ng loob ang iyong kaluluwa sa mga tuyong dako.”⁵

Tungkol sa mga talatang ito, ganito ang sabi ni Pangulong Harold B. Lee: “Ang maraming pagpapalang nagmumula [sa pag-aayuno] ay nilinaw sa bawat dispensasyon, at sinasabi rito sa atin ng Panginoon sa pamamagitan ng dakilang propetang ito kung bakit may pag-aayuno, at ang mga pagpapalang nagmumula sa pag-aayuno.

. . . Kung pag-aaralan ninyo . . . ang ika-58 kabanata ng aklat ni Isaias malinaw ninyong makikita kung bakit nais ng Panginoon na magbayad tayo ng mga handog-ayuno, kung bakit nais Niyang mag-ayuno tayo. Iyon ay dahil kapag ginawa natin ito makatawag tayo at sasagot ang Panginoon. Makadaraing tayo at sasabihin ng Panginoon, ‘Narito ako.’”

Sinabi pa ni Pangulong Lee: “Gusto ba nating malagay sa sitwasyon na makakatawag tayo at hindi siya sasagot? Dadaing tayo sa ating kapighatian at hindi niya tayo sasamahan? Sa palagay ko panahon na para isipin natin ang mahahalagang alituntuning ito dahil ito ang mangyayari sa hinaharap, na higit nating kakailanganin ang mga pagpapala ng Panginoon, kapag ang paghatol ay ibinuhos nang walang halo sa buong daigdig.”⁶

Ang ating mahal na propeta, si Pangulong Thomas S. Monson, ay nagpatotoo tungkol sa mga alituntuning ito—isang patotoo na nagmula sa kanyang sariling karanasan. Sabi Niya: “Walang miyembro ng Simbahan na nakatulong sa mga nangangailangan ang nakakalimot o nagsisisi sa karansang iyon. Ang kasipagan, katipiran, pag-asa sa sarili, at pagbabahagi sa iba ay hindi na bago sa atin.”⁷

Mga kapatid, ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay mga taong gumagawa ng tipan at sumusunod sa mga kautusan. Wala akong maisip na anumang batas, anumang kautusan, na mas madaling



sundin, kung susundin nang tapat, at nagbibigay ng mas malalaking pagpapala kaysa sa batas ng ayuno. Kapag nag-ayuno tayo at nagbigay ng tapat na handog-ayuno, inaambag natin sa kamalig ng Panginoon ang halagang katumbas ng pagkaing hindi natin kinain. Hindi kailangang magbigay ng sobra sa halagang karaniwang ginagastos. Gayundin, pinangangakuan tayo ng di-karaniwang mga pagpapala, tulad ng sinabi ko kanina.

Ang batas ng ayuno ay angkop sa lahat ng miyembro ng Simbahan. Kahit ang maliliit na bata ay maaaring turuang mag-ayuno, simula sa hindi pagkain nang isang beses at pagkatapos ay dalawa, kapag kaya na nilang unawain at sundin ang batas ng ayuno. Dapat simulan ng mga mag-asawa, dalaga't binata, kabataan, at bata ang ayuno sa panalangin, na nagpapasalamat sa mga pagpapala sa kanilang buhay habang humihiling ng mga pagpapala at lakas sa Panginoon habang nag-aayuno. Nakukumpleto ang pagsunod sa batas ng ayuno kapag naibigay na ang handog-ayuno sa kinatawan ng Panginoon, ang bishop.

Mga bishop, kayo ang namamahala sa pagkakawanggawa sa ward. Kayo ay may sagradong tungkulin na hanapin at pangalagaan ang mga maralita. Sa tulong ng Relief Society president at mga lider ng korum ng Melchizedek Priesthood, ang inyong mithiin ay tulungan ang mga miyembro na tulungan ang kanilang sarili at tumayo sa sarili nilang paa. Pinangangasiwaan ninyo ang temporal at espirituwal na mga pangangailangan ng mga miyembro sa maingat na paggamit ng mga handog-ayuno bilang pansamantalang suporta at pandagdag na tulong sa mga kamag-anak at komunidad. Kapag mapanalangin ninyong ginamit ang mga susi ng priesthood at ang kakayahang makahiwatig sa pagtulong sa mga maralita at nangangailangan, mauunawaan ninyo na ang tamang paggamit ng mga handog-ayuno ay nilayong suportahan ang buhay, hindi ang uri ng pamumuhay.

Mga Aaronic Priesthood quorum president, may hawak kayong mga



susi at may kapangyarihan kayong mangasiwa sa mga panlabas na ordenansa. Tumutulong kayo sa bishop at nagtuturo sa mga miyembro ng korum tungkol sa mga tungkulin nila sa priesthood at sa paghahanap sa mga miyembro ng Simbahan upang bigyan sila ng mga pagkakataong mag-ambag sa ayuno. Kapag ginampanan ninyong mga mayhawak ng Aaronic Priesthood ang inyong mga responsibilidad at ipinaabot ang pagkakataong ito sa lahat ng miyembro ng Simbahan, madalas ninyong naipagkakaloob ang ipinangakong mga pagpapala ng ayuno sa mga taong maaaring higit na nangangailangan nito. Makikita ninyo na ang pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan ay may kapangyarihang palambutin ang matitigas na puso at nagpapala sa buhay ng mga hindi madalas magsimba.

Sinabi ni Pangulong Monson, “Ang mga bishop na inoorganisa ang kanilang mga korum ng Aaronic Priesthood upang makibahagi sa pangongolekta ng mga handog-ayuno ay lalong magtatagumpay sa sagradong responsibilidad na ito.”⁸

Mga bishop, alalahanin na magkaikaiba ang sitwasyon sa bawat lugar at bawat bansa. Ang pagbabahay-bahay ng mga miyembro ng korum ng Aaronic Priesthood ay maaaring hindi praktikal sa rehiyong tinitirhan ninyo. Gayunman, hinihikayat namin kayo na mapanalanging isipin ang payo ng propeta at maghangad ng inspirasyon sa angkop na mga paraan para magampanan ng mga mayhawak ng Aaronic Priesthood sa inyong ward ang kanilang tungkulin sa pakikibahagi sa pangongolekta ng mga handog-ayuno.

Sa kabanata 27 ng 3 Nephi, itina-nong ng nagbangon na Panginoon, “Anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?” Sagot Niya, “Maging katulad ko.”⁹ Kapag tinaglay natin ang pangalan ni Cristo sa ating sarili at sinikap na sundin Siya, matatanggap natin ang Kanyang larawan sa ating mukha at magiging higit tayong katulad Niya. Ang pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan ay kalakip ng ministryo ng Tagapagligtas. Kasama iyon sa lahat ng Kanyang ginagawa. Tinutulongan Niya ang lahat at pinasisigla tayo. Ang Kanyang pamatok ay malambot at magaan ang Kanyang pasan. Inaanyayahan ko ang bawat isa sa atin na maging higit na katulad ng Tagapagligtas sa pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan, sa tapat na pagsunod sa batas ng ayuno, at sa bukas-palad na pagbibigay ng handog-ayuno. Mapagpakumbaba kong pinatototohanan na ang tapat na pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan ay nagpapakita ng mataas na espirituwalidad at magpapala kapwa sa nagbigay at sa tumanggap. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Deuteronomio 15:11.
2. Tingnan sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.2.
3. *Handbook 2*, 6.1.2.
4. Isaias 58:6–7.
5. Isaias 58:8–11.
6. Harold B. Lee, “Listen, and Obey” (Welfare Agricultural Meeting, Apr. 3, 1971), kopya ng typescript, 14, Church History Library, Salt Lake City.
7. Thomas S. Monson, “Handa Ba Tayo?” *Liahona*, Set. 2014, 4.
8. Thomas S. Monson, sa isang pulong kasama ang Presiding Bishopric, Peb. 28, 2014.
9. 3 Nephi 27:27.



Ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

“Ako Baga, Panginoon?”

Huwag nating panaigin ang ating kapalaluan, alisin ang kayabangan, at mapagpakumbabang itanong, “Ako baga, Panginoon?”

Iyon na ang huling gabi ng ating pinakamamahal na Tagapagligtas sa lupa, ang gabi bago Niya ialay ang Kanyang sarili na pantubos sa buong sangkatauhan. Habang pinagpuputol-putol Niya ang tinapay kasama ang Kanyang mga disipulo, may sinabi Siya na maaaring nagpaligalig at nagpalungkot sa kanila nang labis. “Isa sa inyo ay magkakanulo sa akin,” sabi Niya sa kanila.

Hindi pinag-alinlanganan ng mga disipulo ang sinabi Niya. Ni hindi nila inilibot ang kanilang tingin, itinuro ang iba, at itinanong, “Siya ba?”

Sa halip, sila ay “lubhang nanga-manglaw, at nagpasimula ang bawâ isa na magsabi sa kaniya, *Ako baga, Panginoon?*”¹

Iniiisip ko ang gagawin ng bawat isa sa atin kung itanong iyan sa atin ng Tagapagligtas. Titingin kaya tayo sa mga nasa paligid natin at sasabihin sa puso natin, “Baka si Brother Johnson ang tinutukoy niya. Noon pa ako duda sa kanya,” o “Mabuti’t narito si Brother Brown. Kailangan niya talagang marinig ang mensaheng ito”? O susuriin kaya natin ang ating sarili,

tulad ng mga disipulo noong araw, at itatanong ang matalim na tanong na: “Ako baga?”

Sa mga simpleng salitang, “*Ako baga, Panginoon?*” nagsisimula ang karunungan at ang daan tungo sa sariling pagbabalik-loob at patuloy na pagbabago.

Isang Talinghaga tungkol sa mga Dandelion

Minsan may isang taong mahilig maglakad-lakad sa paligid ng kanilang



lugar tuwing gabi. Inasam niya lalo na maparaan sa bahay ng kanyang kapitbahay. Laging maayos ang hardin ng kapitbahay niyang ito, laging namumukadkad ang mga bulaklak, malusog at mayabong ang mga puno. Kitang-kita na ginawa ng kapitbahay niya ang lahat para mapaganda ang kanyang hardin.

Ngunit isang araw habang naglakad ang lalaki sa tapat ng bahay ng kanyang kapitbahay, napansin niya sa gitna ng magandang harding ito ang nag-iisa at napakalaking dilaw na damong dandelion.

Parang hindi ito bagay roon kaya nagulat siya. Bakit hindi ito binunot ng kanyang kapitbahay? Hindi ba niya ito nakita? Hindi ba niya alam na napakaraming binhing maihahasik ang dandelion na maaaring pag-ugatan ng maraming damong ligaw?

Labis niyang ikinabahala ang dandelion na ito, at gusto niyang gumawa ng paraan. Dapat ba niyang basta bunutin na lang ito? O bombahan kaya ito ng pamatay ng damo? Siguro kung patago siyang kikilos sa gabi, mabunot niya ito nang palihim.

Ito ang laman ng isip niya habang naglalakad siya pauwi. Pumasok siya sa bahay niya nang hindi man lang sinusulyapan ang sarili niyang hardin—na natatakpan ng daan-daang dilaw na dandelion.

Mga Tahilan at Puwing

Naaalala ba natin sa kuwentong ito ang mga salita ng Tagapagligtas?

“Bakit mo tinitingnan ang puwing na nasa mga mata ng inyong kapatid, nguni’t hindi mo pinapansin ang tahilan na nasa iyong sariling mata? . . .

“ . . . Alisin mo muna ang tahilan sa iyong sariling mata; at kung magkagayo’y makikita mong malinaw ang pag-aalis mo ng puwing sa mata ng iyong kapatid.”²

Ang pagpansin na ito sa mga tahilan at puwing ay tila may kaugnayan sa kawalan natin ng kakayahan na makitang mabuti ang ating sarili. Hindi ko tiyak kung bakit nasusuri at nalulunasan natin ang mga kahinaan ng iba, samantalang madalas ay hirap tayong makita ang sarili nating kahinaan.

Ilang taon na ang nakararaan may balita tungkol sa isang lalaki na naniwala na kapag nagpahid siya ng katas ng lemon sa kanyang mukha, hindi siya makikita sa kamera. Kaya nagpahid siya ng katas ng lemon sa kanyang buong mukha, lumabas, at nangholdap ng dalawang bangko. Hindi nagtagal inaresto siya nang ibroadcast sa balitang panggabi ang mga kuha niya sa video. Nang ipakita ng mga pulis sa lalaki ang mga video na nakunan ng mga security camera, hindi siya maka-paniwala. “Pero may katas ng lemon ang mukha ko!” reklamo niya.³

Nang marinig ng isang siyentipiko ng Cornell University ang kuwentong ito, nagulat siya na walang kamalaya-malay ang lalaki na kamangmangan ang ginawa niya. Para mabatid kung ito ay pangkaraniwang problema, pinalahok ng dalawang mananaliksik ang mga estudyante sa kolehiyo sa isang serye ng mga pagsubok sa iba’t ibang kasanayan sa buhay at pagkatapos ay pinamarkahan sa kanila kung gaano sila kahusay. Ang mga estudyanteng hindi gaanong mahusay ang hindi gaanong tama ang pag-iskor sa sarili nilang kahusayan—ang ilan ay tinantiya ang kanilang iskor na mas mataas nang limang beses kaysa totoong iskor nila.⁴

Ang pag-aaral na ito ay inulit-ulit sa napakaraming paraan, at iyon at iyon din ang kinalabasan: marami sa atin ang hirap makita kung ano tayo talaga, at maging ang matatagumpay na tao ay pinapalabis ang mga kontribusyon nila at minamaliit ang mga kontribusyon ng iba.⁵

Siguro hindi gaanong mahalaga kung palabisin mo man ang pagsasabi na magaling kang magmaneho o pumalo ng golf ball. Ngunit kapag sinimulan na nating isipin na ang mga kontribusyon natin sa bahay, sa trabaho, at sa simbahan ay mas malaki kaysa totoong nagagawa natin, hinahadlangan natin ang ating sarili sa mga pagpapala at oportunidad na paghusayin ang ating sarili sa mahalaga at malalaking paraan.

Naglahong mga Espirituwal na Liwanag

May isang kakilala ako na dating nakatira sa isang ward na isa sa may



pinakamataas na estadistika sa Simbahan—mataas ang bilang ng mga dumadalo, mataas ang bilang ng home teaching, laging tahimik ang mga batang Primary, masarap ang pagkain tuwing may salu-salo ang ward at bihirang magkalat ang mga miyembro sa meetinghouse, at palagay ko hindi nagkaroon ng mga pagtatalu-talo sa mga laro sa Simbahan.

Kalaunan ay tinawag sa misyon ang kaibigan ko at kanyang asawa. Nang bumalik sila makalipas ang tatlong taon, nagulat ang mag-asawang ito nang malaman nila na noong nasa misyon sila, 11 kasal ang humantong sa diborsyo.

Bagama’t kinakitaan ng katapatan at kalakasan ang ward, may nangyaring hindi maganda sa puso at buhay ng mga miyembro. At ang nakakabahala rito ay hindi kakaiba ang ganitong sitwasyon. Kadalasang nangyayari ang ganitong mga bagay kapag unti-unting napalayo ang mga miyembro ng Simbahan sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Kung titingnan ay mukha silang mga disipulo ni Jesucristo, ngunit ang kanilang kalooban ay malayo sa kanilang Tagapagligtas at sa Kanyang mga turo. Unti-unti silang lumayo sa mga bagay ng Espiritu at lumapit sa mga makamundong bagay.

Ang dating mararapat na mayhawak ng priesthood ay nagsisimula nang sabihin sa kanilang sarili na

maganda lang ang Simbahan para sa kababaihan at mga bata pero hindi sa kanila. O nakumbinsi ang ilan na dahil abala sila sa kanilang mga iskedyul o kakaibang kalagayan hindi na sila kailangang magpakita pa ng katapatan at paglilingkod araw-araw na maglala-pit sa kanila sa Espiritu. Sa panahong ito ng pangangatwiran at sobrang pagmamahal sa sarili, madaling makaisip ng mga dahilan para hindi laging manalangin sa Diyos, hindi mag-aral ng mga banal na kasulatan, umiwas sa mga miting sa Simbahan at mga family home evening, o hindi magbayad ng tapat na ikapu at mga handog.

Mahal kong mga kapatid, maaari bang siyasatin ninyo ang inyong kalooban at itanong ito: “*Ako бага, Panginoon?*”

Lumayo na ba kayo—kahit kaunti—mula “sa evangelio ng . . . mapagpalang Dios na ipinagkatiwala sa [inyo]”?⁶ Hinayaan na ba ninyo “ang dios ng sanglibutang ito” na padilimin ang inyong isipan sa “kaliwanagan ng evangelio ng kaluwalhatian ni Cristo”?⁷

Mahal kong mga kaibigan, mahal kong mga kapatid, itanong ninyo sa inyong sarili, “Ano ang mahalaga sa akin?”

Nakatuon ba ang puso ninyo sa mga bagay ng mundong ito o nakatuon ito sa mga turo ng mapagmahal na si Jesucristo? “Sapagka’t kung saan naroon ang iyong kayamanan, doon naman doroon ang iyong puso.”⁸



Nananahan ba ang Espiritu ng Diyos sa inyong puso? Kayo ba ay “nag-ugat at nagtumibay” sa pag-ibig ng Diyos at ng inyong kapwatao? Naglalaan ba kayo ng sapat na panahon at malikhaing nag-iisip para mapasaya ang inyong asawa at mga anak? Ibinibigay ba ninyo ang inyong lakas sa dakilang mithiing maunawaan at maipamuhay “ang lawak, at ang haba, at lalim at taas”⁹ ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo?

Mga kapatid, kung matindi ang hangad ninyong taglayin ang mga katangian ni Cristo na kinapapalooban ng “pananampalataya, karangalan, kaalaman, kahinahunan, tiyaga, kaba-itang pangkapatid, kabanalan, pag-ibig sa kapwatao, kababaang-loob, [at paglilingkod],”¹⁰ gagawin kayong kasangkapan ng Ama sa Langit sa Kanyang mga kamay para sa kaligtasan ng maraming kaluluwa.¹¹

Ang Sinuring Buhay

Mga kapatid, walang sinuman sa atin ang gustong umamin kapag tayo ay nalilihis mula sa tamang landas. Kadalasan tinatangka nating iwasang suriin ang kaibuturan ng ating kaluluwa at harapin ang ating mga kahinaan, limitasyon, at takot. Dahil dito, kapag sinusuri natin ang ating buhay, ginagawa natin ito nang may pagkilang, mga dahilan, at mga kuwento sa ating sarili upang pangatwiranan ang di-marapat na mga pag-iisip at pagkilos.

Ngunit ang makitang mabuti ang ating sarili ay napakahalaga sa ating

espirituwal na pag-unlad at kapakanan. Kung ang ating mga kahinaan at pagkukulang ay patuloy nating ikakaila, hindi ito mapapagaling at magagawang kalakasan ng nakatutubos na kapangyarihan ng Tagapagligtas.¹² Dahil dito, ang pagiging bulag natin sa ating mga kahinaan ang siya ring hahadlang sa dakilang potensyal na inaasam na linaingin ng ating Ama sa bawat isa sa atin.

Kaya paano natin mapapaningning ang dalisay na liwanag ng katotohanan ng Diyos sa ating kaluluwa at makikita ang ating sarili kung paano Niya tayo nakikita?

Nais kong sabihin sa inyo na ang mga banal na kasulatan at ang mga mensaheng ibinibigay sa pangkalahatang kumperensya ay napakalinaw na salamin para makita nating mabuti ang ating sarili.

Habang pinapakinggan o binabasa ninyo ang mga salita ng propeta noon at ngayon, iwasang isipin kung paano naaangkop ang mga salitang iyon sa ibang tao at itanong natin ito: “*Ako бага, Panginoon?*”

Dapat tayong lumapit sa ating Amang Walang Hanggan nang may bagbag na puso at isipang madaling turuan. Dapat ay handa tayong matuto at magbago. Ah, napakarami nating matatamo kapag determinado tayong mamuhay ayon sa nais ng ating Ama sa Langit para sa atin.

Yaong mga *ayaw* matuto at magbago marahil ay *hindi* matututo at magbabago at malamang na magsimulang mag-isip kung may mapapala sila sa Simbahan.

Ngunit ang mga gustong bumuti at umunlad, yaong mga nakakakilala sa Tagapagligtas at gustong tumulad sa Kanya, yaong mga nagpapakumbaba ng kanilang sarili na gaya ng isang musmos at sinisikap na ang kanilang mga iniisip at ginagawa ay nakaayon sa ating Ama sa Langit—mararanasan nila ang himala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Tiyak na mada-rama nila ang maringal na Espiritu ng Diyos. Matitikman nila ang di-maipaliwanag na kagalakan na dulot ng maamo at mapagpakumbabang puso. Bibiyayaan sila ng hangarin at disiplina na maging tunay na mga disipulo ni Jesucristo.

Ang Kapangyarihan ng Kabutihan

Sa edad kong ito, nagkaroon na ako ng pagkakataong makasalamuha ang ilan sa pinakamagagaling at pinakamatatalinong lalaki at babae sa daigdig. Noong bata pa ako, hangang-hanga ako sa mga taong nakapag-aral, marunong, matagumpay, at pinupuri ng mundo. Ngunit sa paglipas ng mga taon, natanto ko na mas hanga ako sa mababait at mapapalad na tao na tunay na mabuti at hindi mapagkunwari.

At hindi nga ba iyan ang tunay na diwa at ginagawa ng ebanghelyo para sa atin? Ito ang mabuting balita, at tinutulungan tayo nitong maging mabuti.

Ang mga salita ni Apostol Santiago ay angkop sa atin ngayon:

“Ang Dios ay sumasalansang sa mga palalo, datapuwa’t nagbibigay ng biyaya sa mga mapagpakumbaba. . . .

“Mangagpakababa kayo sa pani-ngin ng Panginoon, at kaniyang itataas kayo.”¹³

Mga kapatid, huwag nating panagin ang ating kapalaluan, alisin ang kayabangan, at mapagpakumbabang itanong, “*Ako бага, Panginoon?*”

At kung ang sagot ng Panginoon ay “Oo, anak ko, may mga bagay kang dapat baguhin, mga bagay na matulungan kitang daigin,” dalangin kong nawa’y tanggapin natin ang sagot na ito, mapagpakumbaba nating aminin ang ating mga kasalanan at pagkukulang, at baguhin natin ang ating pag-uugali

sa pamamagitan ng pagiging mas mabubuting asawa, ama, at anak. Nawa'y hangarin natin mula sa araw na ito na pakasikaping lumakad nang matatag sa pinagpalang landas ng Panginoon—sapagka't ang makitang mabuti ang ating sarili ang siyang simula ng karunungan.

Kapag ginawa natin ito, ang ating mapagpalang Diyos ay aakayin tayo sa kamay; tayo ay “[g]algawing malakas, at pag[pa]palain mula sa kaitaasan.”¹⁴

Mahal kong mga kaibigan, ang unang hakbang sa nakamamangha at nakalulugod na landas na ito ng pagiging tunay na disipulo ay nagsisimula sa pagtatanong natin ng:

“Ako бага, Panginoon?”

Pinatototohanan ko ito at iniwan ko ang aking basbas sa inyo sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Mateo 26:21–22; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Mateo 7:3, 5.
3. Tingnan sa Errol Morris, “The Anosognosic’s Dilemma: Something’s Wrong but You’ll Never Know What It Is,” *New York Times*, Hunyo 20, 2010; opinionator.blogs.nytimes.com/2010/06/20/the-anosognosic-dilemma-1.
4. Tingnan sa Justin Kruger at David Dunning, “Unskilled and Unaware of It: How Difficulties in Recognizing One’s Own Incompetence Lead to Inflated Self-Assessments,” *Journal of Personality and Social Psychology*, Dis. 1999, 1121–34. “Sa 4 na ginawang pag-aaral, natuklasan ng mga awtor na ang mga lumahok na nakakuha ng pinakamababang iskor sa humor, grammar, at logic ay lubhang lumabis ang pagtantiya sa kanilang nagawa at kakayahan. Kahit nasa ika-12 percentile lang ang iskor nila, ang kalkula nila sa sarili ay nasa ika-62 sila” (mula sa abstract sa <http://psycnet.apa.org/?&fa=main.doiLanding&doi=10.1037/0022-3514.77.6.1121>).
5. Tingnan sa Marshall Goldsmith, *What Got You Here Won’t Get You There* (2007), kabanata 3. Hiniling ng nagsasaliksik sa tatlong pareha na kalkulahan ang kanilang sariling mga kontribusyon sa tagumpay ng kompanya. Umabot sa 150 porsyento ang sariling pagtantiya nila sa mga kontribusyong ibinigay nila.
6. I Kay Timoteo 1:11.
7. II Mga Taga Corinto 4:4.
8. Lucas 12:34.
9. Mga Taga Efeso 3:18.
10. Doktrina at mga Tipan 4:6.
11. Tingnan sa Alma 17:11.
12. Tingnan sa Eter 12:27.
13. Santiago 4:6, 10.
14. Doktrina at mga Tipan 1:28.



Ni Pangulong Henry B. Eyring

Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Ang Panimulang Priesthood

Sa paghahanda sa priesthood, ang “ipakita mo sa akin” ay mas mahalaga kaysa “sabihin mo sa akin.”

Nagpapasalamat ako na matipong kasama ang priesthood ng Diyos, na umaabot sa iba’t ibang panig ng mundo. Salamat sa inyong pananampalataya, paglilingkod, at mga dalangin.

Ang mensahe ko ngayong gabi ay tungkol sa Aaronic Priesthood. Para din ito sa ating lahat na tumutulong sa katuparan ng mga pangako ng Panginoon sa mga mayhawak ng nakalarawan sa banal na kasulatan na “nakabababang pagkasaserdote.”¹ Tinatawag din itong panimulang priesthood. Ang dakilang paghahandang iyan ang tatalakayin ko ngayong gabi.

Ang plano ng Panginoon para sa Kanyang gawain ay puno ng paghahanda. Inihanda niya ang mundo upang maranasan natin ang mga pagsubok at oportunidad sa buhay na ito. Habang narito tayo, tayo ay nasa tinatawag sa mga banal na kasulatan na “paghahandang kalagayan.”²

Inilarawan ng propetang si Alma ang malaking kahalagahan ng paghahandang iyan para sa buhay na walang hanggan, kung saan maaari tayong magkasama-sama magpakailanman bilang mga pamilya sa piling ng Diyos Ama at ni Jesucristo.

Ganito ang paliwanag niya sa pangangailangang maghanda: “At nakikita natin na ang kamatayan ay sumasapit sa sangkatauhan, oo, ang kamatayang sinasabi ni Amulek, na temporal na kamatayan; gayunpaman, may isang panahong ipinagkaloob sa tao kung kailan siya ay maaaring magsisi; anupa’t ang buhay na ito ay naging isang pagsubok na kalagayan;





isang panahon upang maghanda sa pagharap sa Diyos; isang panahon upang maghanda para sa walang hanggang kalagayan na sinasabi namin, na pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli ng mga patay.”³

Tulad ng panahong ibinigay sa atin na mabuhay sa mundo para makapaghanda tayong humarap sa Diyos, ang panahong ibinigay sa atin na maglingkod sa Aaronic Priesthood ay isang pagkakataon para ihanda tayong matutuhan kung paano magbigay ng malaking tulong sa iba. Tulad ng pagbibigay sa atin ng Panginoon ng tulong na kailangan natin upang malagpasan ang mga pagsubok ng buhay sa lupa, pinadadalhan din Niya tayo ng tulong sa ating paghahanda sa priesthood.

Ang mensahe ko ay para sa mga taong ipinadadala ng Panginoon para tumulong na maihanda ang mga mayhawak ng Aaronic Priesthood at para din sa mga mayhawak mismo ng Aaronic Priesthood. Nagsasalita ako sa mga ama. Nagsasalita ako sa mga bishop. At nagsasalita ako sa mga miyembro ng Melchizedek Priesthood na pinagkatiwalaang maging mga kasama at guro ng mga kabataang lalaking naghahanda para sa priesthood.

Pinupuri at pinasasalamat ko ang marami sa inyo na nasa iba’t ibang panig ng mundo at iba’t iba ang oras.

Magkukulang ako kung hindi ko babanggitin ang aking branch president at bishop noong bata pa ako. Naging deacon ako sa edad na 12 sa isang maliit na branch sa silangang bahagi ng Estados Unidos. Napakaliit ng branch kaya kami lang ng kuya ko ang tanging mayhawak ng Aaronic Priesthood hanggang sa

anyayahan ng aking ama, na siyang branch president, ang isang nasa katanghaliang-gulang na lalaki na sumapi sa Simbahan.

Ang bagong miyembro ay tumanggap ng Aaronic Priesthood at, kasabay nito, tinawag din siyang mangalaga sa Aaronic Priesthood. Naaalala ko pa ito na parang kaha-pon lang nangyari. Naaalala ko ang magagandang dahon ng taglagas nang samahan kaming magkapatid ng bagong miyembrong ito para gumawa ng isang bagay para sa isang balo. Hindi ko maalala kung anong proyekto iyon, ngunit naaalala ko na naramdaman kong tinulungan kami ng kapangyarihan ng priesthood sa paggawa ng kalaunan ay nalaman kong sinabi ng Panginoon na kailangan naming gawing lahat para mapatawad ang aming mga kasalanan at maging handa kaming makita Siya.

Habang ginugunita ko ito ngayon, nagpapasalamat ako sa isang branch president na pinatulong ang isang bagong miyembro sa Panginoon na ihanda ang dalawang batang lalaki na kalaunan ay naging mga bishop, na inatasang mangalaga sa mga maralita at nangangailangan at mangulo rin sa panimulang priesthood.

Deacon pa ako nang lumipat ang aming pamilya sa isang malaking ward sa Utah. Iyon ang unang pagkakataon na nadama ko ang kapangyarihan ng isang buong korum sa Aaronic Priesthood. Katunayan, iyon ang unang pagkakataon kong makakita ng ganoon. At kalaunan iyon ang unang pagkakataon na nadama ko ang kapangyarihan at ang pagpapala ng isang bishop na nangungulo sa isang priests quorum.

Tinawag ako ng bishop na maging first assistant sa priests quorum. Naaalala ko na siya mismo ang nagturo sa korum—kahit marami siyang ginagawa, gayong may iba pa namang mahuhusay na kalalakihan na maaari niyang tawagin para magturo sa amin. Inayos niya nang pabilog ang mga silya sa silid. Pinaupo niya ako sa tabi niya, sa kanyang kanan.

Pasulyap-sulyap ako sa kanya habang nagtuturo siya. Patingin-tingin siya sa maayos na minakinilyang mga tala sa kanyang maliit na leather binder na nakapatong sa isang tuhod niya at sa gamit na gamit at minarkahang mga banal na kasulatan na nakapatong sa kabilang tuhod niya. Naaalala ko ang masigla niyang pagkukuwento tungkol sa katapangan mula sa aklat ni Daniel at ang kanyang patotoo tungkol sa Tagapagligtas, ang Panginoong Jesucristo.

Lagi kong maaalala kung paano maingat na pumipili ang Panginoon ng mga magkompanyon para sa kanyang mga mayhawak ng priesthood na naghahanda.

Napakahuhusay ng mga tagapayo ng bishop ko, ngunit sa mga dahilang hindi ko maunawaan noon, hindi lang minsan niya ako tinawagan sa bahay at sinabihang, “Hal, kailangan mo akong samahan bilang kompanyon sa pagbisita.” Minsan, isinama niya ako sa bahay ng isang balo na mag-isang namumuhay at walang makain. Sa daan pauwi, itinigil niya ang sasakyan, binuksan ang kanyang mga banal na kasulatan, at sinabi sa akin kung bakit ipinadama niya sa balo na maitataguyod nito hindi lamang ang sarili kundi, balang araw, matutulungan niya ang ibang tao.

Bumisita rin kami sa isang lalaking matagal nang hindi nagsisimba. Inanyayahan siya ng bishop ko na sumamang muli sa mga Banal. Nadama ko ang pagmamahal ng bishop ko para sa isang taong mahirap mahalín at mapanghimagsik.

Sa isa pang pagkakataon bumisita kami sa isang bahay kung saan dalawang batang babae ang inutusan ng kanilang mga magulang na lasenggo na salubungin kami sa pintuan. Sinabi

ng mga batang babae sa screen door na natutulog ang nanay at tatay nila. Kinausap pa rin sila ng bishop, na nangiti at pinupuri ang kanilang kabaitan at katapangan, na sa tingin ko ay tumagal nang 10 minuto o mahigit pa. Habang lumalakad kami palayo, mahina niyang sinabi, “Maganda ang naging pagbisita natin. Hinding-hindi malilimutan ng mga batang iyon na pumunta tayo.”

Dalawa sa mga pagpapalang maibigay ng mas matandang kompanyon sa priesthood ay ang pagtitiwala at halimbawa ng pagmamalasakit. Nakita ko iyan nang bigyan ng home teaching companion ang anak ko na mas maraming karanasan sa priesthood kaysa kanya. Ang senior companion niya ay dalawang beses nang naging mission president at naglingkod na sa iba pang mga katungkulan sa pamumuno.

Bago sila bumisita sa isa sa mga pamilyang nakaatas sa kanila, hiniiling ng bihasang priesthood leader na iyon na mabisita muna ang anak ko sa bahay namin. Hinayaan nila akong makinig. Nagsimula ang senior companion sa panalangin, at humingi ng tulong. Pagkatapos ay ganito ang sinabi niya sa anak ko: “Palagay ko dapat tayong magturo ng isang lesson sa pamilyang ito na magpapadama sa kanila na kailangan nilang magsisi. Palagay ko hindi nila magugustuhan na sa akin manggaling iyon. Palagay ko mas magugustuhan nila ang mensahe kung sa iyo manggagaling iyon. Ano sa palagay mo?”

Naaalala ko ang takot sa mga mata ng anak ko. Nadarama ko pa ang masayang sandaling iyon nang tanggapin ng anak ko ang responsibilidad na iyon.

Hindi aksidente na sila ang ginawang magkompanyon ng bishop. Dahil sa maingat na paghahanda, nahiwatigan ng senior companion na iyon ang damdamin ng pamilyang iyon na tuturuan nila. Tumanggap siya ng inspirasyon kaya siya nagparaya, at nagtiwala sa isang kabataang wala pang karanasan na pagsisihin at iligtas ang nakatatandang mga anak ng Diyos.

Hindi ko alam ang kinahinatnan ng kanilang pagbisita, ngunit alam ko na

ang isang bishop, na isang mayhawak ng Melchizedek Priesthood, at ang Panginoon ay inihahanda ang isang batang lalaki na maging tapat na lalaking may priesthood at maging bishop balang araw.

Ngayon, ang gayong mga kuwento ng tagumpay sa paghahanda sa priesthood ay pamilyar na sa inyo batay sa nakita at naranasan ninyo sa sarili ninyong buhay. May nakilala at nakasama na kayong gayong uri ng mga bishop, kompanyon, at magulang. Nakita na ninyo ang kamay ng Panginoon sa inyong paghahanda para sa mga tungkulin sa priesthood na alam Niyang naghihintay sa inyo.

Lahat tayo sa priesthood ay may obligasyong tulongan ang Panginoon na ihanda ang iba. May ilang bagay tayong magagawa na maaaring napakahalaga. Mas mabisa pa kaysa paggamit ng mga salita sa pagtuturo natin ng doktrina ang ating mga halimbawa ng pamumuhay ng doktrina.

Napakahalaga sa ating paglilingkod sa priesthood ang anyayahan ang mga tao na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya, pagsisisi, pagpapabinyag, at pagtanggap sa Espiritu Santo. Si Pangulong Thomas S. Monson, halimbawa, ay nagbigay ng mga mensaheng nakaaantig sa puso tungkol sa mga doktrinang iyon. Ngunit ang alam kong ginawa niya sa mga tao at missionary at kaibigan

ng Simbahan nang mangulo siya sa mission sa Toronto ang humihikayat sa akin na kumilos.

Sa paghahanda sa priesthood, ang “ipakita mo sa akin” ay mas mahalaga kaysa “sabihin mo sa akin.”

Kaya nga napakahalaga ng mga banal na kasulatan para maihanda tayo sa priesthood. Ang mga ito ay puno ng mga halimbawa. Para ko nang nakikita si Alma na sumusunod sa utos ng anghel at pagkatapos ay dali-daling bumalik upang turuan ang masasamang tao sa Ammonihah na hindi tumanggap sa kanya.⁴ Nadarama ko ang lamig sa piitan nang sabihan ng Diyos si Propetang Joseph na lakasan ang loob at na siya ay binabantayan.⁵ Nasasaisip ang mga talatang iyon, magiging handa tayong magpatuloy sa paglilingkod kapag tila mahirap gawin ito.

Ang isang ama o isang bishop o isang senior home teaching companion na nagpapakita ng tiwala sa kabataang mayhawak ng priesthood ay maaaring magpabago sa buhay nito. Hinilingang minsan si Itay ng isang miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol na sumulat ng isang maikling artikulo tungkol sa siyensiya at relihiyon. Ang aking ama ay isang kilalang siyentipiko at tapat na mayhawak ng priesthood. Ngunit naaalala ko pa ang sandaling iniabot niya sa akin ang artikulong isinulat niya at sinabi, “Heto, bago ko ipadala





ito sa Labindalawa, gusto kong basahin mo ito. Malalaman mo kung tama ito.” Mas matanda siya sa akin nang 32 taon at talagang mas marunong at matalino.

Pinalalakas pa rin ako ng pagtitiwalang iyon ng isang mabuting ama at lalaking may priesthood. Alam ko na hindi siya sa akin may tiwala kundi sa Diyos na makapagsasabi at magsasabi sa akin kung ano ang totoo. Mapagpapala ninyong mga bihasang kompanyon ang isang kabataang mayhawak ng priesthood tuwing maipapakita ninyo sa kanila ang pagtitiwalang iyon. Tutulungan siya nitong pagtiwalaan mismo ang magiliw na inspirasyon pagdating nito kapag ipinatong niya ang kanyang mga kamay balang araw upang pagtibayin ang basbas na pagalingin ang isang bata na ang buhay ay tinaningan na ng mga doktor. Ang pagtitiwalang iyan ay hindi lang isang beses ako natulungan.

Ang ating tagumpay sa paghahanda sa iba sa priesthood ay depende sa kung gaano natin sila kamahal. Totoo iyan lalo na kapag kailangan natin silang iwasto. Mag-isip ng isang sandali na nagkamali ang isang mayhawak ng Aaronic Priesthood, marahil ay sa hapag ng sakramento, sa pagsasagawa ng isang ordenansa. Seryosong bagay iyan. Kung minsan kailangang iwasto nang hayagan ang pagkakamali na maaring makasama ng loob, magpahiya o magparamdam na ayaw nila sa inyo.

Alalahanin ninyo ang payo ng Panginoon: “Pagsabihan sa tamang pagkakataon nang may kataliman,

kapag pinakikilos ng Espiritu Santo; at pagkatapos ay magpakita ng ibayong pagmamahal sa kanya na iyong pinagsabihan, at baka ka niya ituring na kaaway.”⁶

Ang salitang *ibayo* ay may espesyal na kahulugan sa paghahanda sa mga mayhawak ng priesthood kapag kailangan silang iwasto. Ang salita ay nagpapahiwatig ng ibayong pagmamahal na naroon na. Ang salitang “magpakita” ay tungkol sa pag-iibayo. Kayong mga naghahanda sa mga mayhawak ng priesthood ay tiyak na makikita silang magkamali. Bago nila tanggapin ang inyong pagwawasto, kailangan muna nilang maaga at patuloy na madama ang inyong pagmamahal. Kailangan nilang madama ang inyong tapat na pagpuri bago nila tanggapin ang inyong pagwawasto.

Ang Panginoon Mismo ay pinahalagahan ang mga mayhawak ng nakabababang priesthood nang may pagtitiwala sa kanilang potensyal at halaga sa Kanya. Pakinggan ang mga salitang ito, na sinabi ni Juan Bautista nang ipanumbalik ang Aaronic Priesthood: “Sa inyo na aking kapwa tagapaglingkod, sa pangalan ng Mesiyas aking iginagawad ang Pagkasaserdoteng Aaron, na may hawak ng mga susi ng paglilingkod ng mga anghel, at ng ebanghelyo ng pagsisisi, at ng pagbibinyag sa pamamagitan ng paglulubog para sa kapatawaran ng mga kasalanan; at ito ay hindi na muling kukunin sa mundo, hanggang ang mga anak na lalaki ni Levi ay mag-alay muli ng handog sa Panginoon sa kabutihan.”⁷

Ang Aaronic Priesthood ay kaa-kibat sa nakataatas na Melchizedek Priesthood.⁸ Bilang pangulo ng buong priesthood, ang Pangulo ng Simbahan din ang nangungulo sa panimulang priesthood. Ang kanyang mga mensahe sa loob ng maraming taon tungkol sa pagsagip ay akmang-akma sa utos na dalhin ang ebanghelyo ng pagsisisi at binyag sa buhay ng iba.

Ang mga korum ng mga deacon, teacher, at priest ay regular na nagpupulong upang ilapit ang bawat miyembro ng korum sa Panginoon. Ang mga panguluhan ay inatasan ang mga miyembro na tumulong nang may pananampalataya at pagmamahal. Ang mga deacon ay nagpapasa ng sakramento nang mapitagan at nananalig na madarama ng mga miyembro ang epekto ng Pagbabayad-sala at magpapasiyang sundin ang mga utos kapag nakibahagi sila sa mga sagradong simbolong iyon.

Ang mga teacher at priest ay nagdarasal na kasama ang kanilang mga kompanyon na maisagawa ang atas na pangalagaan ang bawat miyembro ng Simbahan. At ang magkokompanyon na iyon ay sama-samang nagdarasal kapag nalaman nila ang mga pangangailangan at inaasam ng mga pinuno ng pamilya. Sa paggawa nila nito, naihahanda sila para sa dakilang araw na sila ang mamumumo bilang ama, nang may pananampalataya, sa kanilang sariling pamilya.

Pinatotohanan ko na lahat ng yaong sama-samang naglilingkod sa priesthood ay inihahanda ang mga tao para sa pagdating ng Panginoon sa Kanyang Simbahan. Ang Diyos Ama ay buhay. Alam ko—alam ko—na si Jesus ang Cristo at mahal Niya tayo. Si Pangulong Thomas S. Monson ang buhay na propeta ng Panginoon. Pinatotohanan ko ito sa pangalan ni Jesucrito, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 84:26, 30; 107:14.
2. Alma 42:10, 13.
3. Alma 12:24.
4. Tingnan sa Alma 8:14–18.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 122:9.
6. Doktrina at mga Tipan 121:43.
7. Doktrina at mga Tipan 13:1.
8. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:14.



Mga General Authority at Pangkalahatang Pinuno ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

ANG UNANG PANGULUHAN



Henry B. Eyring
Unang Tagapayo



Thomas S. Monson
Pangulo



Dieter F. Uchtdorf
Pangalawang Tagapayo

ANG KORUM NG LABINDALAWANG APOSTOL




Boyd K. Packer



L. Tom Perry



Russell M. Nelson



Dallin H. Oaks



M. Russell Ballard



Richard G. Scott




Robert D. Hales



Jeffrey R. Holland



David A. Bednar



Quentin L. Cook



D. Todd Christofferson



Neil L. Andersen



Ronald A. Rasband



L. Whitney Clayton



Donald L. Hallstrom



Richard J. Maynes



Craig C. Christensen




Ulisses Soares



Lynn G. Robbins

ANG UNANG KORUM NG PITUMPU

(sunud-sunod ayon sa alpabeto)



ANG PRESIDING BISHOPIC



SUNDAY SCHOOL




YOUNG WOMEN



RELIEF SOCIETY



MGA PANGKALAHATANG PINUNO



YOUNG MEN



ANG PANGALAWANG KORUM NG PITUMPU

(sunud-sunod ayon sa alpabeto)





Nakalarawan paikot mula kaliwa sa itaas pakanan ang mga miyembro at missionary sa Alexandria, Virginia, USA; Johannesburg, South Africa; Cuauhtémoc, Mexico; Saipan, Northern Mariana Islands; Peachtree Corners, Georgia, USA; Canoas, Brazil; San Lorenzo, Paraguay; Verona, Wisconsin, USA; at Waterford, Ireland.





Ni Pangulong Thomas S. Monson

Ligtas na Nagabayan Pauwi

Umaasa tayo sa kalangitan para sa patuloy na patnubay, upang masundan at matahak natin ang mabuti at wastong daan.

Mga kapatid, nakatipon tayo bilang isang malakas na grupo ng priesthood, dito sa Conference Center at sa iba't ibang dako ng mundo. Karangalan kong magsalita sa inyo gayunman nagpapakumbaba ako sa responsibilidad na magsalita sa inyo. Dalangin ko na mapasaakin ang Espiritu ng Panginoon sa pagsasalita ko.

Pitumpu't limang taon na ang nakalipas, noong Pebrero 14, 1939, sa Hamburg, Germany, nang ipagdiwang ang isang pista-opisyal. Sa gitna ng taimtim na mga talumpati, nagkaka-tuwaang mga tao, at pagtugtog ng mga makabayang awitin, ang bagong barkong-pandigmang *Bismarck* na nasa River Elbe ay pumalaot sa karagatan. Ito, ang pinakamalakas na barkong-pandigma sa ibabaw ng karagatan, ay larawan ng nakamamanghang armas at makinarya. Ang pagbuo nito ay nangailangan ng mahigit 57,000 mga blueprint para sa 380-millimeter na double-gun turrets na kontrolado ng radar. Ang barko ay may 28,000 milya (45,000 km) ng electrical circuit. Mahigit 35,000 tonelada ang bigat nito, at ang armor plate ang naglaan ng pinakamalaking

kaligtasan. Kahanga-hangang tingnan, napakalaki, kamangha-mangha ang mga armas na pandigma, ipinalagay na hindi mapapalubog ang napakalaking barko.

Ang sinapit ng *Bismarck* ay dumating makalipas ang mahigit dalawang taon, nang noong Mayo 24, 1941, ang dalawang pinakamalakas na barkong-pandigma sa British Navy, ang *Prince of Wales* at ang *Hood*, ay nakidigma

sa *Bismarck* at sa German cruiser na *Prinz Eugen*. Sa loob ng limang minuto pinalubog ng *Bismarck* sa kailaliman ng Atlantic ang *Hood* at lahat maliban sa tatlo sa mahigit 1,400 na mga tripulante nito. Ang isa pang barkong-pandigmang British, ang *Prince of Wales*, ay napinsala nang husto at umatras.

Nang sumunod na tatlong araw ang *Bismarck* ay paulit-ulit na nakipaglaban sa mga barkong-pandigma at eroplanong British. Sa kabuuan, itinuon ng British ang lakas ng limang barkong-pandigma, dalawang aircraft carrier, 11 cruiser, at 21 destroyer sa pagsisikap na hanapin at palubugin ang napakalaking *Bismarck*.

Sa mga digmaang ito, bahagya lamang ang pinsalang idinulot ng mga bomba sa *Bismarck*. Talaga nga bang hindi ito mapapalubog? Pagkatapos ay isang turpido ang tumama, na sumira sa timon ng *Bismarck*. Hindi na ito nakumpuni. Bagamat handa na ang mga kanyon at tripulante, ang tanging nagawa ng *Bismarck* ay mabagal na pag-ikot. Medyo malapit lang doon ang malakas na German air force. Hindi makarating ang *Bismarck* sa kanilang ligtas na daungan. Hindi mailaan ng dalawang ito ang kailangang kanlungan, dahil nawalan ng kakayahan ang *Bismarck* na sundan ang landas na dapat nitong tahakin. Walang timon; walang tulong; walang daungan. Malapit



na ang wakas nito. Nagpapatok ng kanyon ang mga British nang wasakin at palubugin ng mga tripulanteng German ang minsa'y tila napakati-bay na barkong-pandigma. Itinagilid ito ng nagngangalit na mga alon ng Atlantic at saka nilamon ng mga alon ang ipinagmamalaki ng German navy. Wala na ang *Bismarck*.¹

Tulad ng *Bismarck*, bawat isa sa atin ay isang himala ng paglikha. Gayunman, ang paglikha sa atin ay hindi nilimitahan ng talino ng tao. Maaaring maimbento ng tao ang pinakakumplikadong makinarya ngunit hindi nila ito mabibigyan ng buhay o kakayahang mag-isip at magpasiya. Ito ay mga banal na kaloob, na tanging Diyos lamang ang nagkakaloob.

Tulad ng mahalagang timon ng isang barko, mga kapatid, inilaan sa atin ang daan upang malaman ang direksyong ating tatahakin. Ang parola ng Panginoon ay gumagabay sa lahat habang naglalayag tayo sa karagatan



ng buhay. Ang layunin natin ay lakbayin ang tiyak na daan tungo sa ating minimithi—maging ang kahariang selestiyal ng Diyos. Ang taong walang layunin ay parang isang barkong walang timon, na malamang na hindi makarating sa kanyang daungan. Pinaayuhan tayo: planuhin ang inyong daan, ihanda ang inyong layag, ipuwesto ang inyong timon, at pumalaot na at maglayag.

Tulad ng nangyari sa napakalaking *Bismarck*, gayon din sa tao. Ang pagtulak ng mga makina at lakas ng mga elise ay walang silbi kapag walang direksyon, walang pagtutuunan ng enerhiya, walang gagabay sa lakas ng timon, na hindi nakikita, at hindi ganong malaki ngunit talagang mahalaga ang papel na ginagampanan.

Inilaan ng ating Ama ang araw, buwan, at mga bituin—mga liwanag sa kalangitan na gagabay sa mga magdaraagat na naglalayag. Habang tinatahak natin ang landas ng buhay, naglalaan Siya sa atin ng malinaw na daanan at itinuturo Niya ang daan patungo sa gusto nating puntahan. Nagbababala Siya: mag-ingat sa mga pagliko, bitag, at patibong. Hindi tayo malilinlang ng mga taong aakay sa atin tungo sa lihis na landas, mga tuso at mapangakit na kasalanan na nag-aanyaya sa lahat ng dako. Sa halip, nananalangin muna tayo; nakikinig tayo sa marahan at banayad na tinig na nangungusap sa kaibuturan ng ating kaluluwa ng magiliw na paanyaya ng Panginoon, “Pumarito ka, sumunod ka sa akin.”²

Gayunman may mga taong hindi nakikinig, na hindi susunod, na mas gustong tahakin ang landas na sila mismo ang gumawa. Kadalasan ay nagpapatangay sila sa mga tuksong nakapaligid sa ating lahat na maaaring magmukhang kaakit-akit.

Bilang mga mayhawak ng priesthood, inilagay tayo sa mundo sa magulong panahon. Naninirahan tayo sa masalimuot na mundo na maraming alitan sa lahat ng dako. Sinisira ng pulitika ang katatagan ng mga bansa, nag-aagawan sa kapangyarihan ang mga diktador, at may ilang bahagi ng lipunan na tila laging naaapi, pinagkaitan ng oportunidad

at iniwang nakadarama ng kabiguan. Ang pagtatalu-talo ng mga tao ay lagi nating naririnig, at napaliligiran tayo ng mga kasalanan.

Responsibilidad nating maging karapat-dapat sa lahat ng maluwalhatang pagpapala na inilaan sa atin ng ating Ama sa Langit. Saanman tayo magpunta, taglay pa rin natin ang ating priesthood. Nakatayo ba tayo sa mga dakong banal? Sana, bago ninyo ilagay sa panganib ang inyong sarili at ang inyong priesthood sa pagpunta sa mga lugar o paggawa ng mga bagay na hindi marapat para sa inyo o sa priesthood na iyon, tumigil sandali upang pag-isipan ang mga ibubunga nito.

Tayong mga inorden sa priesthood ng Diyos ay makagagawa ng kaibhan. Kapag pinananatli natin ang ating kadalisan at iginalang ang ating priesthood, nagiging mabuting halimbawa tayo na tutularan ng iba. Ipinayo ni Apostol Pablo, “Ikaw ay maging uliran ng mga nagsisisampalataya, sa pananalita, sa pamumuhay, sa pagbig, sa pananampalataya, sa kalinisan.”³ Isinulat din niya na ang mga alagad ni Cristo ay dapat maging “tulad sa mga ilaw sa sanglibutan.”⁴ Ang pagpapakita ng halimbawa ng kabutihan ay makatutulong na pagliwanagin ang mundong lalo pang dumidilim.

Matatandaan ng marami sa inyo si Pangulong N. Eldon Tanner, na naglingkod bilang tagapayo sa apat na Pangulo ng Simbahan. Nagpakita siya ng di-nagbabagong halimbawa ng kabutihan sa kanyang trabaho sa industriya, sa paglilingkod sa pamahalaan sa Canada, at bilang Apostol ni Jesucristo. Ibinigay niya sa atin ang inspiradong payo na ito: “Walang magdudulot ng higit na galak at tagumpay kaysa mamuhay ayon sa mga turo ng ebanghelyo. Maging halimbawa; maging impluwensya sa kabutihan.”

Pagpapatuloy niya: “Bawat isa sa atin ay naorden noon pa man para sa ilang gawain bilang hinirang na lingkod [ng Diyos] na nakita niyang karapat-dapat gawaran ng priesthood at kapangyarihang kumilos sa kanyang pangalan. Laging tandaan na umaasa ang mga tao sa inyong

pamumuno at iniimpluwensyahan ninyo ang buhay ng mga tao sa kabutihan man o sa kasamaan, na siya ring mararanasan sa mga henerasyong darating.”⁵

Napapalakas tayo ng katotohanan na ang pinakamalakas na puwersa sa mundo ngayon ay ang kapangyarihan ng Diyos kapag ito ay kumilos sa pamamagitan ng tao. Upang ligtas na makapaglayag sa karagatan ng mortalidad, kailangan natin ang patnubay ng Walang-Hanggang Magdaraagat na iyon—maging ang dakilang Jehova. Humihingi tayo, nananalangin tayo upang makatanggap ng tulong ng langit.

Ang isang kilalang halimbawa ng taong hindi nanalangin sa Diyos ay si Cain, na anak nina Eva at Adan. Malaki ang potensyal ngunit mahina ang determinasyon, tinulutan ni Cain ang kasakiman, inggit, pagsuway, at maging ang pagpatay upang sirain ang sariling timon na gabay sana niya tungo sa kaligtasan at kadakilaan. Mas hinangad ni Cain ang makamundong bagay kaysa mga bagay ng langit; nagkasala si Cain.

Sa ibang panahon ng isang masamang hari, isang lingkod ng Diyos ang sinubukan. Sa tulong ng langit, binigyang-kahulugan ni Daniel ang nakasulat sa pader para sa hari. Hinggil sa inialok na mga gantimpala—maging ang maharlikang kasuotan, gintong kuwintas, at kapangyarihan sa pulitika—sinabi ni Daniel, “Iyo na ang iyong mga kaloob, at ibigay mo ang iyong mga ganting pala sa iba.”⁶ Malaking kayamanan at kapangyarihan ang inialok kay Daniel, mga gantimpalang kumakatawan sa mga bagay ng mundo at hindi sa Diyos. Tumutol si Daniel at nanatiling tapat.

Kalaunan, nang sambahin ni Daniel ang Diyos sa kabila ng utos na bawal iyon, itinaon siya sa yungib ng mga leon. Nakasaad sa Biblia na kinau-magahan, “[Inilabas] si Daniel mula sa yungib, at walang anomang sugat [na] nasumpungan sa kaniya, sapagka’t siya’y tumiwala sa . . . Diyos.”⁷ Sa panahon ng kagipitan, ang determinasyon ni Daniel na manatiling tapat ay nagbunga ng proteksyon at



naglaan ng santuwaryo ng kaligtasan. Ang proteksyon at kaligtasang iyon ay maaaring mapasaatin kapag nanatili tayong tapat pabalik sa ating walang-hanggang tahanan.

Ang orasan ng kasaysayan, tulad ng mga buhangin sa hourglass, ay nagpapakita ng paglipas ng oras. May mga bagong tauhan sa entablado ng buhay. Ang mga problema ng ating panahon ay nagbabanta ng panganib sa atin. Sa buong kasaysayan ng mundo, walang kapagurang kumikilos si Satanas para wasakin ang mga alagad ng Tagapagligtas. Kung patatangay tayo sa kanyang mga tukso, tayo—tulad ng napakalaking *Bismarck*—ay mawawalan ng timon na gagabay sa atin tungo sa kaligtasan. Sa halip, kahit naliligiran tayo ng modernong pamumuhay, nananalangin tayo sa Diyos na patuloy tayong patnubayan, upang masundan at matahak natin ang mabuti at wastong daan. Sasagutin ng ating Ama sa Langit ang ating tapat na pagsamo. Kapag hinangad natin ang tulong ng langit, ang ating timon, hindi tulad ng sa *Bismarck*, ay hindi masisira.

Sa pagsisimula ng ating kani-kanyang paglalakbay, nawa’y makapaglayag tayo nang ligtas sa karagatan ng buhay. Nawa’y magkaroon

tayo ng tapang na tulad ng kay Daniel, upang manatili tayong matatag at tapat sa kabila ng kasalanan at tuksong nakapaligid sa atin. Nawa ang ating patotoo ay maging kasinglalim at kasinglakas ng patotoo ni Jacob, na kapatid ni Nephi, na nang harapin ng isang taong naghangad na wasakin ang kanyang pananampalataya sa anumang paraan ay nagsabing, “Hindi ako maaaring matinag.”⁸

Sa pamamagitan ng pananam-palataya na pumapatnubay sa ating paglalakbay, mga kapatid, masusumpungan din natin ang ating ligtas na daan pauwi—pauwi sa Diyos, upang manirahan sa piling Niya nang walang hanggan. Nawa’y mangyari iyan sa bawat isa sa atin, ang dalangin ko sa sagradong pangalan ni Jesucristo, na ating Tagapagligtas at Manunubos, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Ludovic Kennedy, *Pursuit: The Chase and Sinking of the Bismarck* (1974).
2. Lucas 18:22.
3. 1 Kay Timoteo 4:12.
4. Mga Taga Filipos 2:15.
5. N. Eldon Tanner, “For They Loved the Praise of Men More Than the Praise of God,” *Ensign*, Nob. 1975, 74.
6. Daniel 5:17.
7. Daniel 6:23.
8. Jacob 7:5.



Ni Pangulong Henry B. Eyring
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Patuloy na Paghahayag

Ang pasiya at makatwirang pag-iisip ng tao ay hindi magiging sapat para masagot ang mga tanong na pinakamahalaga sa buhay. Kailangan natin ng paghahayag mula sa Diyos.

Sana sa araw na ito ay madama nating lahat ang pagmamahal at liwanag mula sa Diyos. Nadarama ng maraming nakikinig ngayon na kailangang-kailangan nila ang personal na paghahayag mula sa ating mapagmahal na Ama sa Langit.

Para sa mga mission president, maaaring ito ay panalangin na sumasamo kung paano hihikayatin ang isang nahihirapang missionary. Para sa isang ama o ina na nasa isang lugar sa mundo na winawasak ng digmaan, maaaring ito ay pangangailangang malaman kung ililikas ba nila ang kanilang pamilya sa ligtas na lugar o mananatili na lamang doon. Daan-daang stake president at bishop ang nagdarasal ngayon para malaman kung paano tutulungan ang Panginoon sa pagsagip sa isang nawawalang tupa. At para sa isang propeta, iyon ay ang malaman kung ano ang nais ng Panginoon na ipabatid niya sa Simbahan at sa isang mundong puno ng kaguluhan.

Alam nating lahat na ang pasiya at makatwirang pag-iisip ng tao ay hindi magiging sapat para masagot ang mga tanong na pinakamahalaga sa buhay. Kailangan natin ng

paghahayag mula sa Diyos. At hindi lamang isang paghahayag ang kailangan natin sa panahon ng kagipitan, kundi patuloy na paghahayag. Hindi lamang bahagyang kaalaman at kapanatagan ang kailangan natin, kundi patuloy na pagpapala sa pakikipag-ugnayan sa Diyos.

Ang pagkakatatag ng Simbahan ay nagmula sa isang batang lalaki na nalalamang ito ay totoo. Alam ng batang si Joseph Smith na hindi niya malalaman sa kanyang sarili lamang kung aling simbahan ang sasapian. Kaya nagtanong siya sa Diyos tulad ng sinabi sa aklat ni Santiago na maari niyang gawin. Ang Diyos Ama at Kanyang Pinakamamahala na Anak ay nagpakita sa kakahuyan. Sinagot nila ang tanong na hindi kayang sagutin ni Joseph.

Hindi lamang siya tinawag ng Diyos upang itatag ang totoong Simbahan ni Jesucristo, kundi kaakibat nito ay ipinanumbalik ang kapangyarihang mapasaatin ang Espiritu Santo upang ang paghahayag mula sa Diyos ay magpatuloy.

Ganito inilarawan ni Pangulong Boyd K. Packer ang tunay na

katangian ng totoong Simbahan: “Ang paghahayag ay patuloy sa Simbahan: tinatangap ito ng propeta para sa Simbahan; ng president para sa kanyang stake, mission, o korum; ng bishop para sa kanyang ward; ng ama para sa kanyang pamilya; ng indibidwal para sa kanyang sarili.”¹

Ang kahanga-hangang proseso ng paghahayag na iyan ay nagsisimula, nagtatapos, at nagpapatuloy kapag tumatangap tayo ng personal na paghahayag. Gawin nating halimbawa ang mabait na si Nephi na anak ni Lehi. Nanaginip ang kanyang ama. Itinuring ng ilan sa pamilya ni Nephi na kahibangan ang panaginip ni Lehi. Kabilang sa panaginip ang isang utos mula sa Diyos para sa mga anak ni Lehi na gawin ang mapanganib na pagbabalik sa Jerusalem para sa mga lamina na naglalaman ng salita ng Diyos upang madala nila ang mga ito sa kanilang paglalakbay patungo sa lupang pangako.

Madalas nating banggitin ang mata-pang na pahayag ni Nephi nang utusan sila ng kanyang ama na bumalik



sa Jerusalem. Pamilyar na kayo sa mga salitang ito: “Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon.”²

Nang marinig ni Lehi na sinabi ni Nephi ang mga salitang iyon, naka-saad sa mga banal na kasulatan na siya ay “lubhang nagalak.”³ Nagalak siya dahil alam niyang biniyayaan si Nephi ng nagpapatibay na paghahayag na ang kanyang panaginip ay totoong pakikipag-ugnayan mula sa Diyos. Hindi sinabi ni Nephi, “Hahayo ako at gagawin ang ipinagagawa ng aking ama.” Sa halip ay sinabi niyang, “Hahayo ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-uutos ng Panginoon.”

Sa karanasan ninyo sa inyong sariling pamilya, alam din ninyo kung bakit “lubhang nagalak” si Lehi. Nagalak siya dahil alam niyang tumanggap si Nephi ng nagpapatibay na paghahayag.

Maraming magulang ang nagtakda ng mga patakaran sa pamilya para sa oras ng pag-uwi ng isang anak na tinedyer. Ngunit isipin ninyo ang

kagalakan nang malaman ng magulang, tulad ng ginawa ng isang tao nito lamang nakaraang ilang linggo, na ang isang anak niyang nagsarili ay hindi lamang nagtakda ng oras ng kanyang pag-uwi kundi pinanatili ring banal ang araw ng Sabbath gaya ng itinuro sa kanya sa tahanan. Ang paghahayag sa isang magulang ay walang hanggan ang epekto sa personal na paghahayag na nagpapatuloy sa anak.

Naunawaan siguro ng aking ina ang alituntuning iyan ng paghahayag. Noong binatilyo pa ako, isinasara ko nang walang ingay ang pintuan sa likod kapag gabi na akong nakauwi. Nadaraan ko ang kuwarto ni Inay papunta sa aking silid. Gaano man karaman ako lumakad nang patingkayad, pagdating ko sa bahagyang nakabukas na pintuan ng kanyang silid, maririnig ko ang aking pangalan, halos pabulong, “Hal. Pumasok ka sandali.”

Papasok ako at mauupo sa gilid ng kanyang kama. Madilim ang silid. Kung nakinig kayo, iisipin ninyo na magiliw na pag-uusap lang iyon tungkol sa buhay. Ngunit hanggang

sa araw na ito, naaalala ko pa ang sinabi niya na may kapangyarihang katulad ng nadarama ko kapag binabasa ko ang aking patriarchal blessing.

Hindi ko alam kung ano ang ipinagdasal niya habang hinihintay ako noong mga gabing iyon. Palagay ko isa na roon ang kaligtasan ko. Ngunit natitiyak ko na nagdasal siyang tulad ng ginagawa ng isang patriarch bago ito magbasbas. Ipinagdarasal nito na tanggapin ng kanyang binabasbasan ang kanyang mga salita na nagmula ito sa Diyos at hindi sa kanya. Ang mga panalangin ng aking ina para sa pagpapalang iyon ay nasagot sa aking isipan. Siya ay nasa daigdig na ng mga espiritu nang mahigit 40 taon. Tiyak ko na siya ay lubhang nagagalak na napagpala ako, tulad ng ipinagdasal niya, na mahiwatigan ang mga utos ng Diyos sa kanyang mga sinabi. At sinikap kong humayo at gawin ang inasam niyang gagawin ko.

Nakakita na ako ng gayong himala ng patuloy na paghahayag sa mga stake president at bishop sa Simbahan. At, tulad ng nangyayari sa paghahayag



sa mga pinuno ng pamilya, ang kahalagahan ng paghahayag ay nakabatay sa mga pinamumunuan na tumatanggap ng nagpapatibay na paghahayag.

Nakita ko ang himalang iyan ng paghahayag matapos masira ang Teton Dam sa Idaho noong 1976. Alam ng marami sa inyo ang nangyari doon. Ngunit ang halimbawa ng patuloy na paghahayag na pinaraan sa isang stake president ay maaaring magpala sa ating lahat sa darating na mga araw.

Libu-libong tao ang inilikas nang mawasak ang kanilang tahanan. Napunta sa isang lokal na stake president, na isang magsasaka, ang pangangasiwa sa pagbibigay ng tulong. Nasa isang silid ako sa Ricks College ilang araw lang pagkatapos ng trahedyo. Isang lider mula sa federal disaster agency ang dumating. Pumasok siya at ang kanyang mga chief assistant sa malaking silid kung saan tinipon ng stake president ang mga bishop at ilang pastor ng ibang relihiyon sa lugar. Naroon ako dahil marami sa mga nakaligtas ang pinangangalagaan at pansamantalang naninirahan sa kampus ng kolehiyo kung saan ako ang presidente.

Nang magsimula ang pulong, tumayo ang kinatawan mula sa federal disaster agency at nagsimulang magsalita nang may awtoridad kung ano ang kailangang gawin. Matapos niyang itala ang bawat isa sa lima o anim na gagawin na sinabi niyang mahalaga, marahang sumagot ang stake president, “Nagawa na po namin ‘yan.”

Makaraan ang ilang minuto, sinabi ng lalaki mula sa federal disaster agency, “Palagay ko mauupo na lang ako at magmamasid sandali.” Sa gayon ay nakinig siya at ang kanyang mga diputado habang inirereport ng mga bishop at elders quorum president ang nagawa nila. Inilahad nila ang utos na natanggap at sinunod nila mula sa kanilang mga lider. Sinabi rin nila kung ano ang nadama nilang inspirasyon sa dapat nilang gawin nang ipatupad nila ang mga tagubiling maghanap ng mga pamilya at tulongan sila. Hapon na noon. Lahat sila ay pagod na at hindi na kinakitaan ng ibang emosyon maliban sa pagmamahal nila sa mga tao.

Nagbigay ng ilang huling tagubilin ang stake president sa mga bishop, at saka ipinahayag ang oras ng susunod na report meeting, na maagang-maaga pa kinabukasan.

Kinabukasan dumating ang lider ng federal team 20 minuto bago nagsimula ang report at assignment meeting. Tumayo ako sa di-kalayaan. Narinig ko na mahina niyang sinabi sa stake president, “President, ano ang gusto mong ipagawa sa amin ng mga miyembro ng team ko?”

Nakita ko na ang nakita ng lalaking iyon sa mga panahon ng pighati at pagsubok sa buong mundo. Tama si Pangulong Packer. Dumarating ang patuloy na paghahayag sa mga stake president upang mapag-ibayo ang kanilang sariling karunungan at mga kakayahan. At, higit pa riyon, nagbibigay ang Panginoon ng nagpapatibay na patotoo sa mga pinamumunuan ng stake president na ang kanyang mga utos sa isang di-perpektong nilalang ay nagmumula sa Diyos sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Mapalad akong matawag na sundin ang inspiradong mga lider sa halos buong buhay ko. Napakabata ko pa nang matawag akong counselor sa isang elders quorum president. Pagkatapos ay naging tagapayo ako sa dalawang district president at sa isang Presiding Bishop ng Simbahan, isang miyembro ng Korum ng Labin-dalawang Apostol, at isang tagapayo sa dalawang Pangulo ng Simbahan. Nakita ko nang bigyan sila ng paghahayag at pagkatapos ay pinagtibay ito sa kanilang mga alagad.

Ang personal na paghahayag na iyan ng pagtanggap, na inaasam

nating lahat, ay hindi dumarating kaagad, ni natatanggap sa paghingi lamang nito. Ibinigay ng Panginoon ang pamantayang ito para may kakayahan tayong tumanggap ng gayong mga patunay mula sa Diyos. Ito ay isang gabay para sa sinumang naghahangad ng personal na paghahayag, na kailangan nating lahat.

“Punuin din ang iyong sisidlan ng pag-ibig para sa lahat ng tao, at sa sambahayan ng pananampalataya, at puspusin ng kabanalan ang iyong mga iniisip nang walang humpay; sa gayon ang iyong pagtitiwala ay lalakas sa harapan ng Diyos; at ang doktrina ng pagkasaserdote ay magpapadalisay sa iyong kaluluwa gaya ng hamog mula sa langit.

“Ang Espiritu Santo ang iyong magiging kasama sa tuwina.”⁴

Dito ako humango ng payo para sa ating lahat. Huwag balewalain ang nadarama ninyong pagmamahal para sa propeta ng Diyos. Saanman ako magpunta sa Simbahan, sinuman ang propeta sa panahong iyon, ito ang hiling ng mga miyembro, “Pagbalik po ninyo sa headquarters ng Simbahan, maaari po bang sabihin ninyo sa propeta na mahal na mahal namin siya?”

Higit pa iyan sa pag-idolo sa isang tao o sa paghanga natin kung minsan sa mga superhero. Ito ay isang kaloob mula sa Diyos. Sa pamamagitan nito mas madali kayong tatanggap ng kaloob na nagpapatibay na paghahayag kapag nagsasalita siya bilang propeta ng Panginoon. Ang pagmamahal na nadarama ninyo ay pagmamahal ng Panginoon para sa sinumang Kanyang tagapagsalita.

Mahirap manatili ang damdaming iyan dahil madalas iutos ng Panginoon sa Kanyang mga propeta na magbigay ng payo na mahirap tanggapin ng mga tao. Ang kaaway ng ating mga kaluluwa ay tatangkaing akayin tayo na magkasala at pagdudahan ang tungkulin ng propeta mula sa Diyos.

Nasaksihan ko na kung paano anti-gin ng Espiritu Santo ang malambot na puso upang protektahan ang mapagkumbabang disipulo ni Jesucristo sa pamamagitan ng nagpapatibay na paghahayag.





Inatasan ako ng propeta na igawad ang sagradong kapangyarihang magbuklod sa isang lalaki sa isang maliit na lungsod sa malayo. Tanging ang propeta ng Diyos ang may mga susi sa pagpapasiya kung sino ang tatanggap ng sagradong kapangyarihang ibinigay ng Panginoon kay Pedro, ang senior na apostol. Natanggap ko na ang gayong kapangyarihang magbuklod, ngunit maigagawad ko lamang ito sa iba sa pamamahala ng Pangulo ng Simbahan.

Kaya, sa isang silid sa chapel na malayo sa Salt Lake, ipinatong ko ang aking mga kamay sa ulo ng lalaking pinili ng propeta na tumanggap ng kapangyarihang magbuklod. Nakita sa kanyang mga kamay na buong buhay siyang nagbubungkal ng lupa para kumita nang kaunti. Nakaupo ang kanyang maliit na asawa malapit sa kanya. Nakita rin ang kasipagan nito sa pagtatrabaho kasama ang kanyang asawa.

Binanggit ko ang mga salitang ibinigay ng propeta: “Sa ilalim ng awtoridad at tungkulin mula kay,” at sinundan ko ng pangalan ng propeta, “na mayhawak ng lahat ng susi ng priesthood sa mundo sa panahong ito, iginagawad ko ang kapangyarihang magbuklod kay,” at ibinigay ko ang pangalan ng lalaki at pagkatapos ay ang pangalan ng templo kung saan siya maglilingkod bilang isang tagabuklod.

Tumulo ang mga luha sa kanyang mga pisngi. Nakita ko na umiiyak din ang kanyang asawa. Hinintay kong

kumalma sila. Tumayo ang babae at lumapit sa akin. Tumingala siya at nahihiyang sinabi na masaya siya ngunit malungkot din. Sinabi niya na gustung-gusto niyang pumunta sa templo kasama ang kanyang asawa ngunit ngayon ay nadama niya na hindi siya dapat sumama rito dahil pinili ito ng Diyos para sa isang maluwalhati at sagradong tungkulin. Pagkatapos ay sinabi niya na kaya niya nadama na hindi siya karapat-dapat na maging kompanyon nito sa templo ay dahil hindi siya marunong bumasa ni sumulat.

Tiniyak ko sa kanya na ikararantal ng kanyang asawa na makasama siya sa templo dahil sa kanyang malakas na espirituwalidad. Sa abot ng kakayahan kong magsalita sa kanyang wika, sinabi ko sa kanya na naghayag sa kanya ang Diyos ng mga bagay na higit pa sa kaalamang natatamo sa mundong ito.

Alam niya sa pamamagitan ng kaloob ng Espiritu na ang Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang propeta, ay nagbigay ng sagradong tungkulin sa mahal niyang asawa. Alam niya sa kanyang sarili na ang mga susing magbigay ng kapangyarihang magbuklod ay hawak ng isang lalaking hindi pa niya nakita kailanman ngunit alam niya sa kanyang sarili na siyang buhay na propeta ng Diyos. Alam niya, kahit hindi pa sabihin ng sinumang buhay na saksi, na ipinagdasal ng propeta ang pangalan ng kanyang asawa. Alam niya sa kanyang sarili na ang Diyos ang tumawag.

Alam niya rin na ang mga ordenansang isasagawa ng kanyang asawa ay magbibigkis sa mga tao para sa kawalang-hanggan sa kahariang selestiyal. Napagtibay niya sa kanyang puso’t isipan na ang pangako ng Panginoon kay Pedro ay patuloy pa rin sa Simbahan: “Anomang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anomang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.”⁵ Alam niya iyan sa kanyang sarili, sa pamamagitan ng paghahayag, mula sa Diyos.

Balikan natin ang sinabi ko sa simula. “Ang paghahayag ay patuloy sa Simbahan: tinatanggap ito ng propeta para sa Simbahan; ng president para sa kanyang stake, mission, o korum; ng bishop para sa kanyang ward; ng ama para sa kanyang pamilya; ng indibidwal para sa kanyang sarili.”⁶

Pinatotohanan ko na ito ay totoo. Dinirinig ng Ama sa Langit ang inyong mga dalangin. Mahal Niya kayo! Alam Niya ang inyong pangalan. Si Jesus ang Cristo, ang Anak ng Diyos, at ating Manunubos. Mahal Niya kayo nang higit pa sa kaya ninyong unawain.

Ang Diyos ay nagbubuhos ng paghahayag, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa Kanyang mga anak. Nangungusap Siya sa Kanyang propeta sa lupa, na ngayon ay si Thomas S. Monson. Pinatotohanan ko na hawak at ginagamit niya ang lahat ng susi ng priesthood sa lupa.

Habang nakikinig kayo sa kumperensyang ito sa mga salita ng mga tinawag ng Diyos na mangusap para sa Kanya, dalangin ko na matanggap ninyo ang nagpapatibay na paghahayag na kailangan ninyo para muli ninyong matagpuan ang daan pauwi, upang manahan sa piling Niya sa isang pamilyang nabuklod magpakailanman. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Boyd K. Packer, “We Believe All That God Has Revealed,” *Ensign*, Mayo 1974, 95.
2. 1 Nephi 3:7.
3. 1 Nephi 3:8.
4. Doktrina at mga Tipan 121:45–46.
5. Mateo 16:19.
6. Boyd K. Packer, *Ensign*, Mayo 1974, 95.



Ni Elder Russell M. Nelson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Pagsang-ayon sa mga Propeta

Ang pagsang-ayon natin sa mga propeta ay isang personal na pangako na gagawin natin ang lahat upang sundin ang kanilang ipinag-uutos.

Pangulong Eyring, salamat sa inyong mensahe na nagturo at nagbigay-inspirasyon sa amin. Mahal kong mga kapatid, salamat sa inyong pananampalataya at katapatan. Kahapon, inanyayahan tayong lahat na sang-ayunan si Thomas S. Monson bilang propeta ng Panginoon at Pangulo ng Simbahan ng Panginoon. At madalas nating awitin ang, “Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta.”¹ Nauunawaan ba natin ang ibig sabihin nito? Isipin ang pribilehiyong ibinigay ng Panginoon sa atin na sang-ayunan ang Kanyang propeta, na ang payo ay magiging dalisay, malinis, walang anumang pansariling hangarin, at lubos na totoo!

Paano natin talaga sinasang-ayunan ang isang propeta? Bago pa man siya naging Pangulo ng Simbahan, ipinaliwanag ni Pangulong Joseph F. Smith, “Isang mahalagang tungkulin para sa mga Banal na . . . sang-ayunan ang mga awtoridad ng Simbahan, at gawin ito hindi lamang sa pagtataas ng kamay, kundi sa *gawa* at sa katotohanan.”²

Tandang-tanda ko pa ang aking kakaibang “gawa” na sang-ayunan

ang propeta. Bilang doktor at cardiac surgeon, naging responsibilidad kong operahan sa puso si Pangulong Spencer W. Kimball noong 1972, nang siya ang Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. Kinailangan niya ang isang napakakumplikadong operasyon. Ngunit wala akong karanasan sa gayong operasyon sa puso sa isang 77-taong-gulang na pasyente. Hindi ako ang nagmungkahi ng operasyon at ipinaalam ko iyon kay Pangulong Kimball at sa Unang Panguluhan. Gayunman, may pananalig na ipinasiya ni Pangulong Kimball na magpaopera, dahil lamang sa ipinayo ito ng Unang Panguluhan. Ipinakita niyon kung gaano niya sinang-ayunan ang kanyang mga pinuno! At kinabahan ako sa desisyon niyang iyon!

Salamat sa Panginoon at tagumpay ang operasyon. Nang muling tumibok ang puso ni Pangulong Kimball, napakalakas niyon! Sa sandaling iyon mismo, malinaw na pinagtibay sa akin ng Espiritu na ang lalaking ito ay magiging Pangulo ng Simbahan balang-araw!³

Alam na ninyo ang nangyari pagkatapos. Makalipas lamang ang 20

buwan, naging Pangulo ng Simbahan si Pangulong Kimball. At nagpakita siya ng tapang at lakas ng loob sa pamumuno nang maraming taon.

Mula noon sinang-ayunan na natin sina Pangulong Ezra Taft Benson, Howard W. Hunter, Gordon B. Hinckley, at ngayon ay si Thomas S. Monson bilang mga Pangulo ng Simbahan—mga propeta sa tunay na kahulugan ng salita!

Mahal kong mga kapatid, kung may isa mang bagay na nagawa ang Panunumbalik, iyon ay ang pabulanan ang matagal nang paniniwala na tumigil nang mangusap ang Diyos sa Kanyang mga anak. Napakalayo nito sa katotohanan. Isang propeta ang namumuno sa Simbahan ng Diyos sa lahat ng dispensasyon, simula kay Adan hanggang sa kasalukuyang panahon.⁴ Pinatotohanan ng mga propeta si Jesucristo—ang Kanyang kabanalan at ang Kanyang misyon at ministeryo sa lupa.⁵ Iginagalang natin si Propetang Joseph Smith bilang propeta ng huling dispensasyong ito. At iginagalang natin ang bawat taong humalili sa kanya bilang Pangulo ng Simbahan.

Kapag sinasang-ayunan natin ang mga propeta at iba pang mga pinuno,⁶ hinihiling natin ang pagsang-ayon ng lahat, dahil sinabi ng Panginoon, “Hindi ibibigay sa sinuman na humayo upang mangaral ng aking ebanghelyo, o magtatag ng aking simbahan,



maliban na siya ay inordenan ng isang may karapatan, at alam sa simbahan na siya ay may karapatan at maayos na inordenan ng mga pinuno ng simbahan.”⁷

Nagbibigay ito sa atin ng tiwala at pananampalataya, bilang mga miyembro ng Simbahan ng Panginoon, kapag sinikap nating sundin ang nakasaad sa banal na kasulatan na dinggin ang tinig ng Panginoon⁸ na dumarating sa pamamagitan ng tinig ng Kanyang mga lingkod na propeta.⁹ Lahat ng pinuno sa Simbahan ng Panginoon ay tinawag sa pamamagitan ng wastong awtoridad. Walang propeta o sinumang pinuno sa Simbahang ito, patungkol sa bagay na iyan, ang tumawag sa kanyang sarili. Walang propetang inihalal kailanman. Nilinaw iyan ng Panginoon nang sabihin Niya, “Ako’y hindi ninyo hinirang, nguni’t kayo’y hinirang ko, at aking kayong [inorden].”¹⁰ Tayo ay hindi “naghahalal” ng mga pinuno ng Simbahan sa anumang tungkulin. Gayunman, ay may pribilehiyo tayong sang-ayunan sila.

Ang mga pamamaraan ng Panginoon ay iba sa mga pamamaraan ng tao. Ang mga pamamaraan ng tao ay alisin ang mga tao sa katungkulan o trabaho kapag matanda na sila o nabaldado. At ang mga pamamaraan ng tao ay hindi at hindi kailanman magiging mga pamamaraan ng Panginoon. Ang pagsang-ayon natin sa mga propeta ay isang personal na pangako na gagawin natin ang lahat upang sundin ang kanilang ipinag-uutos. Ang pagsang-ayon natin ay parang pagsumpa na kinikilala natin na ang kanilang tungkulin bilang propeta ay lehitimo at tinatanggap natin.

Dalawampu’t anim na taon bago siya naging Pangulo ng Simbahan, sinabi ng noon ay si Elder George Albert Smith: “Ang obligasyong ginagawa natin kapag nagtataas tayo ng ating mga kamay . . . ay napaka-sagrado. *Hindi* ibig sabihin nito na tatahimik na lang tayo at hahayaan ang propeta ng Panginoon na pamunuan ang gawaing ito, kundi ang ibig sabihin ay . . . na susuportahan natin siya; ipagdarasal natin siya; ipagtaggol natin ang kanyang mabuting



pangalan, at sisikapin nating isagawa ang kanyang mga tagubilin ayon sa utos sa kanya ng Panginoon.”¹¹

Pinamumunuan ng buhay na Panginoon ang Kanyang buhay na Simbahan!¹² Inihahayag ng Panginoon ang Kanyang kalooban para sa Simbahan sa Kanyang propeta. Kahapon, pagkatapos tayong anyayahang sang-ayunan si Thomas S. Monson bilang Pangulo ng Simbahan, nagkaroon din tayo ng pribilehiyong sang-ayunan siya, ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan, at ang mga miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. Isipin ninyo iyan! Sinang-ayunan natin ang 15 kalalakihan bilang mga propeta ng Diyos! Hawak nila ang lahat ng susi ng priesthood na ipinagkaloob sa tao sa dispensasyong ito.

Ang pagtawag sa 15 kalalakihan sa banal na pagkaapostol ay naglalaan ng malaking proteksyon para sa atin bilang mga miyembro ng Simbahan. Bakit? Dahil kailangan ay nagkakaisa ang mga desisyon ng mga pinunong ito.¹³ Naiisip ba ninyo kung gaano kailangang bigyang-inspirasyon ng Espiritu ang 15 lalaki para magkaisa sila? Ang 15 lalaking ito ay may iba’t ibang pinag-aralan at propesyon, magkakaiba ang opinyon tungkol sa maraming bagay. Maniwala kayo! Alam ng 15 lalaking ito—mga propeta, tagakita, at tagapaghayag—ang kalooban ng Panginoon kapag nagkaisa sila! Talagang

tinitiyak nilang mangyari ang kalooban ng Panginoon. Ang Panalangin ng Panginoon ay naglaan ng huwaran para sa bawat isa sa 15 lalaking ito nang ipanalangin nila: “Mangyari ang inyong kalooban dito sa lupa katulad ng sa langit.”¹⁴

Ang Apostol na pinaka-senior sa katungkulan ng Apostol ang nangungulo.¹⁵ Ang sistemang iyan ng seniority ay karaniwang maghahatid sa nakatatandang kalalakihan sa katungkulan ng Pangulo ng Simbahan.¹⁶ Nagdudulot ito ng katatagan, kahusayan, karanasan, at mahabang paghahanda, kapag ginabayan ng Panginoon.

Ang Simbahan ngayon ay ang Panginoon Mismo ang nag-organisa. Inilagay Niya ang isang kahanga-hangang sistema ng pamamahala na naglalaan ng tulong at suporta. Nasa sistemang iyan ang pamumuno ng propeta kahit mangyari ang dinaaasahang pagkakasakit at panghihina dahil sa katandaan.¹⁷ Maraming pagsasaalang-alang at pangangalaga upang hindi mailihis ng sinuman ang Simbahan. Ang mga senior leader ay palaging tinuturuan upang balang-araw ay handa na silang mamuno sa pinakamatataas na katungkulan. Natututuhan nilang makinig sa tinig ng Panginoon sa pamamagitan ng mga bulong ng Espiritu.

Habang naglilingkod bilang Unang Tagapayo kay Pangulong Ezra Taft Benson, na noon ay malapit nang



kalusugan na maaaring dumating sa atin, sa kabila ng anumang kahinaan sa katawan o isipan, naglilingkod tayo sa abot ng ating makakaya. Tinitiyak ko sa inyo na nasa mabubuting kamay ang Simbahan. Tinitiyak [sa atin] ng sistemang itinakda para sa Kapulungan ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa[ng Apostol] na lagi itong nasa mabubuting kamay at, anuman ang mangyari, hindi kailangang mangamba o matakot. Ang ating Tagapagligtas na si Jesucristo, na ating sinusunod, sinasamba, at pinaglilingkuran, ang laging namumuno sa Simbahan.”¹⁹

Pangulong Monson, pinasasalamatan namin kayo sa mga katotohanang iyon! At salamat sa inyong habambuhay na mabuting halimbawa at tapat na paglilingkod. Mangangahas akong magsalita para sa mga miyembro ng Simbahan sa buong mundo upang ipaabot ang aming nagkakaisa at tapat na pasasalamat sa inyo. Iginagalang namin kayo! Mahal namin kayo! Sinasang-ayunan namin kayo, hindi lamang sa pagtataas ng aming mga kamay kundi nang buong puso at pagkakaisa. Mapagkumbaba at taos-puso, “para sa inyo kami’y nagdarasal!”²⁰ Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. “Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta,” *Mga Himno*, blg. 15.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* (1998), 256; idinagdag ang pagbibigay-diin. Ang pahayag na ito ay ginawa noong 1898 nang si Pangulong Smith ang Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan.
3. Para sa iba pang mga detalye, tingnan sa Spencer J. Condie, *Russell M. Nelson: Father, Surgeon, Apostle* (2003), 153–56.
4. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Dispensasyon.”
5. Maraming propeta ang nagpropesiya sa pagsilang ng Panginoon, kabilang na sina Lehi (tingnan sa 1 Nephi 1:19), Nephi (tingnan sa 1 Nephi 11:31–33; 19:7–8), Jacob (tingnan sa Jacob 4:4–6), Benjamin (tingnan sa Mosias 3:5–11, 15), Abinadi (tingnan sa Mosias 15:1–9), Alma (tingnan sa Alma 40:2), at Samuel na Lamanita (tingnan sa Helaman 14:12). Bago isinilang ang Tagapagligtas sa Betlehem, nakinita nila ang Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo at ang sumunod Niyang Pagkabuhay na Mag-uli.
6. Ang alituntunin ng pagsang-ayon sa mga pinuno ay mahalaga sa buong Simbahan ng Panginoon. Ang isang tao ay sinasang-

magwakas ang buhay, ipinaliwanag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

“Ang mga alituntunin at pamamaraan itinakda ng Panginoon para sa pamamahala ng Kanyang Simbahan ay naghahanda para sa anumang . . . sitwasyon. Mahalaga . . . na walang mga pag-aalinlangan o pag-aalala tungkol sa pamamahala ng Simbahan at sa paggamit ng mga kaloob na ibinigay sa propeta, kabilang na ang karapatang mabigyan ng inspirasyon at paghahayag sa pamamahala ng mga gawain at programa ng Simbahan, kapag ang Pangulo ay may sakit o hindi lubos na makaganap sa tungkulin.

“Ang Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol, ay tinawag at inorden na humawak ng mga susi ng priesthood, may awtoridad at responsibilidad na pamahalaan ang Simbahan, pangasiwaan ang mga ordenansa nito, linawin ang doktrina nito, at itatag at panatilihin ang mga gawain nito.”

Sinabi pa ni Pangulong Hinckley:

“Kapag ang Pangulo ay may sakit o hindi lubos na makaganap sa lahat ng kanyang tungkulin, ang kanyang dalawang Tagapayo ang bumubuo

sa Korum ng Unang Panguluhan. Ipinagpapatuloy nila ang araw-araw na gawain ng Panguluhan. . . .

“ . . . Ngunit anumang mahalagang usapin tungkol sa patakaran, mga pamamaraan, programa, o doktrina ay pinag-iisipan nang taimtim at mapanalangin ng Unang Panguluhan kasama ang Labindalawa.”¹⁸

Noong isang taon, nang umabot na sa 5 taon ng panunungkulan si Pangulong Monson bilang Pangulo ng Simbahan, naisip niya ang 50 taon ng kanyang paglilingkod bilang apostol at ito ang kanyang sinabi: “Ang pagtanda sa huli ay may negatibong epekto sa ating lahat. Gayunman, nakikiisa ang ating tinig kay Haring Benjamin, na nagsabing, . . . ‘Ako ay katulad din ng inyong sarili, saklaw ng lahat ng uri ng mga sakit sa katawan at isipan; gayunman ako ay pinili . . . at itinalaga ng aking ama, . . . at inaruga at pinangalagaan ng kanyang walang kapantay na kapangyarihan upang paglingkuran kayo nang buo kong kapangyarihan, isipan at lakas na ipinagkaloob sa akin ng Panginoon’ (Mosias 2:11).”

Sinabi pa ni Pangulong Monson: “Sa kabila ng anumang problema sa

- ayunan bago italaga sa isang tungkulin o iorden sa isang katungkulan sa priesthood.
7. Doktrina at mga Tipan 42:11. Ang kagawiang sang-ayunan ang ating mga pinuno ay ipinatupad noong Abril 6, 1830, nang iorganisa ang Simbahan, at noong Marso 1836, nang sang-ayunan ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag (tingnan sa *History of the Church*, 1:74–77; 2:417).
 8. Nagbababala ng panganib ang Aklat ni Mormon kung babalewalain natin ang mga turo ng propeta. Mababasa natin dito na “ang malaki at maluwang na gusali ang kapalaluan ng sanlibutan; at bumagsak ito, at ang pagkakabagsak nito ay napakalakas. At muling nangusap ang anghel ng Panginoon . . . , sinasabing: Gayon ang magiging pagkawasak ng lahat ng bansa, lahi, wika, at tao, na kakalaban sa labindalawang apostol ng Kordero” (1 Nephi 11:36).
 9. Tingnan sa Daniel 9:10; Amos 3:7; Doktrina at mga Tipan 21:1, 4–5; 124:45–46.
 10. Juan 15:16. Nilinaw sa ikalimang saligan ng pananampalataya: “Naniniwala kami na ang tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang Ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa niyon.”
 11. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: George Albert Smith* (2011), 70–71; idinagdag ang pagbibigay-diin. Ang siping ito ay ibinigay sa isang mensahe ni Elder George Albert Smith sa kumperensya noong 1919. Siya ang naging Pangulo ng Simbahan noong 1945.
 12. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 1:30, 38.
 13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:27.
 14. 3 Nephi 13:10; tingnan din sa Mateo 6:10; Lucas 11:2.
 15. Kapag pumanaw ang Pangulo ng Simbahan, binubuway ang Unang Panguluhan at ibinabalik ang mga tagapayo sa kanilang puwesto sa Korum ng Labindalawang Apostol. Ang Korum ng Labindalawa ang siyang nangungulo sa Simbahan hanggang sa muling maorganisa ang Unang Panguluhan. Ang panahong iyan ay kilala bilang apostolic interregnum o panandaliang pamamahala ng mga apostol. Ayon sa kasaysayan, iba-iba ang haba ng panahon mula apat na araw hanggang tatlo’t kalahating taon.
 16. Mangyari pa, ang huwarang iyan sa paghahalili ay hindi ginamit sa katungkulan ni Joseph Smith, na inorden noon pa man na maging propeta ng Panunumbalik at unang Pangulo ng Simbahan (tingnan sa 2 Nephi 3:6–22; tingnan din sa Abraham 3:22–23).
 17. Alam natin na maaaring pauwiin ng Panginoon Mismo ang sinuman sa atin anumang oras Niya naisin.
 18. Gordon B. Hinckley, “God Is at the Helm,” *Ensign*, Mayo 1994, 54; tingnan din sa Gordon B. Hinckley, “He Slumbers Not, nor Sleeps,” *Ensign*, Mayo 1983, 6.
 19. “Message from President Thomas S. Monson,” *Church News*, Feb. 3, 2013, 9.
 20. “Para sa Inyo Kami’y Nagdarasal,” *Mga Himno*, blg. 17.



Ni Carol F. McConkie

Unang Tagapayo sa Young Women General Presidency

Mamuhay Ayon sa mga Salita ng mga Propeta

Upang makaayon sa mga banal na layunin ng langit, sinasang-ayunan natin ang propeta at nagpapasiyang mamuhay ayon sa kanyang mga salita.

Mahal ng ating Ama sa Langit ang lahat ng Kanyang mga anak at nais Niyang malaman at maunawaan nila ang Kanyang plano ng kaligayahan. Dahil dito, tumatawag Siya ng mga propeta, mga taong inordenan ng kapangyarihan at awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos para sa kaligtasan ng Kanyang mga anak. Sila ay mga sugo ng kabutihang, sumasaksi kay Jesucristo at sa walang hanggang kapangyarihan ng Kanyang Pagbabayad-sala. Hawak nila ang mga susi ng kaharian ng Diyos sa lupa at binibigyang-karapatan ang pagsasagawa ng nakapagliligtas na mga ordenansa.

Sa tunay na Simbahan ng Panginoon, “wala kailanman maliban sa isa sa mundo sa panahon kung kanino ang kapangyarihang ito at ang mga susi ng pagkasaserdoteng ito ay iginawad.”¹ Sinasang-ayunan natin si Pangulong Thomas S. Monson bilang ating propeta, tagakita, at tagapaghayag. Inihahayag niya ang salita ng Panginoon upang

gabayan at patnubayan ang ating *buong* Simbahan. Tulad ng ipinaliwanag ni Pangulong J. Reuben Clark Jr., “Ang Pangulo ng Simbahan . . . lamang ang may karapatang tumanggap ng mga paghahayag para sa Simbahan.”²

Tungkol sa buhay na propeta, iniutos ng Panginoon sa mga tao ng Kanyang Simbahan:

“Kayo ay tatalima sa *lahat* ng kanyang mga salita at kautusang ibibigay niya sa inyo tuwing siya ay tatanggap ng mga ito, naglalakad nang buong kabanalan sa harapan ko;

“Sapagkat ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitis at pananampalataya.

“Sapagkat sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na ito ang pinutuan ng impiyerno ay hindi mananaig laban sa inyo.”³

Upang makaayon sa mga banal na layunin ng langit, sinasang-ayunan natin ang propeta at nagpapasiyang mamuhay ayon sa kanyang mga salita.

Sinasang-ayunan din natin ang mga tagapayo ni Pangulong Monson at ang Korum ng Labindalawang Apostol bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag. “Mayroon silang karapatan, kapangyarihan, at awtoridad na ipahayag ang isipan at kalooban ng [Panginoon] . . . , sa pahintulot ng . . . Pangulo ng Simbahan.”⁴ Nagsasalita sila sa pangalan ni Jesucristo. Nagpropesiya sila sa pangalan ni Cristo. Ginagawa nila ang lahat ng bagay sa pangalan ni Jesucristo. Sa kanilang mga salita naririnig natin ang tinig ng Panginoon at nadarama ang pagmamahal ng Tagapagligtas. “At anuman ang kanilang sasabihin kapag pinakiki-los ng Espiritu Santo ay magiging mga banal na kasulatan . . . at ang kapangyarihan ng Diyos tungo sa kaligtasan.”⁵ Sinabi mismo ng Tagapagligtas: “Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa.”⁶

Nagpapasalamat tayo para sa simbahang “[itinayo] sa ibabaw ng kinasasalian ng mga apostol at propeta, na si Cristo Jesus din ang pangulong bato sa panulok.”⁷ Ang bahay ng Panginoon ay isang bahay ng kaayusan, at hindang-hindi tayo dapat malinlang kung saan hahanapin ang mga sagot

sa ating mga tanong o mag-alinlangan kung kaninong tinig ang susundin. Hindi tayo kailangang “napapahapay dito’t doon, at dinadala sa magkabit-kabila ng lahat na hangin ng aral.”⁸ Inihahayag ng Diyos ang Kanyang salita sa pamamagitan ng Kanyang inordenang tagapaglingkod, “sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo: hanggang sa abutin nating lahat ang pagkakaisa ng pananampalataya, at ang pagkakilala sa Anak ng Dios.”⁹ Kapag ipinasiya nating mamuhay ayon sa mga salita ng mga propeta, tayo ay nasa landas ng tipan tungo sa walang-hanggang kasakdalan.

Sa isang inang nahihirapang makaraos sa panahon ng taggutom, nalaman natin kung ano ang ibig sabihin ng sang-ayunan ang propeta. Inutusan ng Panginoon ang propeta si Elias na pumunta sa Sarepta, kung saan niya makikita ang isang baong babae na inutusan ng Diyos na siyang tutulong sa kanya. Habang papalapit si Elias sa lungsod, nakita niya ang baong babae na namumulot ng mga patpat. Tinawag niya siya, “Isinasamo ko sa iyo na dalhan mo ako ng kaunting tubig sa inuman, upang aking mainom.”¹⁰

“At nang siya’y yumayaon upang kumuha, tinawag niya siya [mulil], at sinabi, Dalhan mo ako, isinasamo ko sa iyo, ng isang subong tinapay sa iyong kamay.

“At kaniyang sinabi, Ang Panginoon mong Dios ay buhay, ako’y wala kahit munting tinapay, kundi isang dakot na harina sa gusi, at kaunting langis sa banga: at, narito, ako’y namumulot ng dalawang patpat, upang ako’y pumasok, at ihanda sa akin at sa aking anak, upang aming makain, bago kami mamatay.”

Tumugon si Elias, “Huwag kang matakot; yumaon ka, at gawin mo ang iyong sinabi, nguni’t igawa mo *muna* ako ng munting tinapay, at ilabas mo sa akin, at pagkatapos ay gumawa ka para sa iyo at para sa iyong anak.”¹¹

Isipin sandali ang hirap ng ipinagagawa ng propeta sa nagugutom na inang iyon. Walang alinlangan, na maaari namang ang Diyos na lang ang magbigay ng pagkain sa Kanyang matapat na tagapaglingkod. Ngunit, kumikilos sa pangalan ng Panginoon, sinunod ni Elias ang tagubilin, na hilingin sa isang minamahal na anak ng Diyos na isakripisyo ang bagay na mayroon siya para mapakain ang propeta.

Subalit kasabay naman niyan ay nangako si Elias na bibiyayaan ang pagsunod na ito: “Sapagka’t ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, Ang gusi ng harina ay hindi makukulangan, o ang banga ng langis man ay mababawasan.”¹² Binigyan ng Panginoon ang balo ng pagkakataon na magpasiyang maniwala at sundin ang mga salita ng propeta.

Sa isang mundong nanganganib sa kagutuman sa kabutihan at kagutuman sa espirituwal, iniutos sa atin na sang-ayunan ang propeta. Kapag ating pinakinggan, pinanindigan, at sinang-ayunan ang sinasabi ng propeta, ating pinatotohanan na tayo ay may pananampalataya na mapagpakumbabang sumunod sa kalooban, sa karunungan, at itinakdang panahon ng Panginoon.

Sinusunod natin ang salita ng propeta kahit ito ay tila hindi makatwiran, hindi angkop, at mahirap gawin. Sa mga pamantayan ng mundo, ang pagsunod sa propeta ay maaaring hindi



gusto ng lahat, salungat sa pulitika, o hindi tanggap ng lipunan. Ngunit ang pagsunod sa propeta ay laging tama. “Sapagka’t kung paanong ang langit ay lalong mataas kay sa lupa, gayon ang aking mga lakad ay lalong mataas kay sa inyong mga lakad, at ang aking mga pag-iisip kay sa inyong mga pag-iisip.”¹³ “Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo; at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.”¹⁴

Ikinararantal at kinaluluguran ng Panginoon ang mga nakikinig sa tagubilin ng propeta. Para sa babaeng bao ng Sarepta, ang pagsunod kay Elias ay nagligtas ng kanyang buhay, pati na sa buhay ng kanyang anak. Tulad ng pangako ng propeta, “kumain ang babae, at siya, at ang kaniyang sangbahayan na maraming araw . . . ayon sa salita ng Panginoon, na kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Elias.”¹⁵

Ang Panginoon “ay papakanin ang mga taong nagtitiwala sa Kanya.”¹⁶ Ang mga salita ng mga propeta ay parang manna sa ating mga kaluluwa. Kapag tinatanggap natin ito, tayo ay pinagpapala, pinoprotektahan, at iniingatan sa temporal at espirituwal. Kapag nagpapakabusog tayo sa kanilang mga salita, nalalaman natin kung paano lumapit kay Cristo at mabuhay.

Isinulat ni Elder Bruce R. McConkie na sa pamamagitan ng mga propeta “inihahayag ng Panginoon ang mga katotohanan ng kaligtasan, . . . ang kaligtasan kay Cristo; at ipinlano niya . . . ang daan patungo sa buhay na walang hanggan. . . . Sa lahat ng panahon, ang Panginoon ay nagbibigay sa kanyang mga tao ng patnubay na kailangan nila sa sandaling sila ay nasa panganib at kapahamakan. At tiyak na sa mga darating na araw may mga pagkakataon na tanging ang karunungan na lamang ng Diyos, na nagmula sa langit at naisatinig ng mga propeta, ang makapaliligtas sa kanyang mga tao.”¹⁷

Para sa akin, ang mga salita ng propeta na itinuro ng aking guro sa Laurel class ay nagpaunawa sa akin sa dapat na asahan sa kasal sa tipan. Ang mga salita ng mga propeta ay nagbigay sa akin ng pananampalataya at pag-asa na maaari kong paghandaan



at makamit ang maligayang tahanan. Ang patuloy na pag-aaral ng mga turo ng mga propeta, noon at ngayon, ay nagpalakas sa akin sa mahirap at kalimita’y nakakapagod na pagdadalan-tao, pagtuturo, at pag-aalaga sa pitong anak. Ang mga salita ng mga propeta sa mga banal na kasulatan at ang mga turo mula sa pulpitong ito ay mga salita ng kapanatagan, pag-ibig, lakas, at galak na angkop sa ating lahat.

Kapag pinakinggan natin ang mga salita ng mga propeta, itinatayo natin ang ating mga tahanan at ating buhay sa isang tiyak na saligan na walang hanggan, “sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, . . . nang sa gayon kapag ipinadala ng diyablo ang kanyang malalakas na hangin, oo, ang kanyang mga palaso sa buhawi, oo, kapag ang lahat ng kanyang ulang yelo at kanyang malakas na bagyo ay humampas sa inyo, hindi ito magkakaroon ng kapangyarihan sa inyo na hilahin kayong pababa sa . . . kalungkutan at walang katapusang kapighatian.”¹⁸

Maaari tayong magpasiya. Maaari nating pagpasiyahang balewalain, lapastanganin, yapakan, o maghimag-sik laban sa mga salita ni Cristo na sinabi ng Kanyang inordenang mga tagapaglingkod. Ngunit itinuro ng Tagapagligtas na ang mga taong gagawa nito ay itatakwil mula sa Kanyang mga pinagtipanang tao.¹⁹

Habang mapanalangin nating binabasa at pinag-aaralan ang sa-gradong salita ng propeta nang may pananampalataya kay Cristo, na may tunay na layunin, ang Espiritu Santo ay

magsasabi ng katotohanan sa ating isipan at puso. Nawa’y buksan natin ang ating mga tainga upang tayo’y makarinig, ang ating mga puso upang tayo’y makaunawa, at ang ating mga isipan upang ang mga hiwaga ng Diyos ay mabuksan sa ating mga pananaw.²⁰

Pinatotohanan ko na si Joseph Smith ay ang propetang tinawag ng Diyos noon at ngayon upang ipanumbalik ang ebanghelyo ni Jesucristo at ang Kanyang priesthood sa mundo. At pinatotohanan ko na si Pangu-long Monson ang namumuno sa atin bilang tunay na propeta ng Diyos ngayon. Nawa’y pagpasiyahan nating manindigan kasama ng mga propeta at mamuhay ayon sa kanilang mga salita hanggang sa tayo ay magkaisa sa pananampalataya, mapadalisay kay Cristo, at mapuno ng kaalaman tungkol sa Anak ng Diyos. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 132:7; tingnan din sa *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.1.1: “Hawak ni Jesucristo ang lahat ng mga susi ng priesthood na nauukol sa Kanyang Simbahan. Ipinagkaloob Niya sa bawat isa sa Kanyang mga Apostol ang lahat ng mga susi na nauukol sa kaharian ng Diyos dito sa lupa. Ang buhay at senior na Apostol, ang Pangulo ng Simbahan, ang tanging tao sa mundo na binigyang-karapatan na gamitin ang lahat ng susi ng priesthood.”
2. J. Reuben Clark Jr., “When Are the Writings and Sermons of Church Leaders Entitled to the Claim of Scripture?” (mensahe sa seminary and institute personnel, Brigham Young University, Hulyo 7, 1954).
3. Doktrina at mga Tipan 21:4–6; idinagdag ang pagbibigay-diin.
4. J. Reuben Clark Jr., “When Are the Writings and Sermons of Church Leaders Entitled to the Claim of Scripture?”
5. Doktrina at mga Tipan 68:4.
6. Doktrina at mga Tipan 1:38.
7. Mga Taga Efeso 2:20.
8. Mga Taga Efeso 4:14.
9. Mga Taga Efeso 4:12–13.
10. I Mga Hari 17:10.
11. I Mga Hari 17:11–13; idinagdag ang pagbibigay-diin.
12. I Mga Hari 17:14.
13. Isaias 55:9.
14. Mga Kawikaan 3:5.
15. I Mga Hari 17:15–16.
16. Roger Hoffman, “Consider the Lilies.”
17. Bruce R. McConkie, *A New Witness for the Articles of Faith* (Deseret Book Company, 1985), 478; binago ang mga bantas; ginamit nang may pahintulot.
18. Helaman 5:12.
19. Tingnan sa 3 Nephi 20:23.
20. Tingnan sa Mosias 2:9.



Ni Elder Robert D. Hales
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Buhay na Walang Hanggan—ang Makilala ang Ating Ama sa Langit at ang Kanyang Anak na si Jesucristo

Ang Diyos at si Cristo ay literal na Mag-ama—magkahiwalay at magkaibang nilalang na lubos na nagkakaisa sa Kanilang layunin.

Maraming taon na ang nakalipas sinamantala ko ang pagkakataong pag-aralan ang huling patotoo ng mga propeta sa bawat dispensasyon. Bawat isa ay matibay na nagpatotoo tungkol sa Diyos Ama at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.

Habang binabasa ko ang mga patotoong ito—at marami pang ibang tulad nito sa paglipas ng mga taon—laging naantig ang puso ko sa napakadakilang pagmamahal ng Ama sa Langit sa Kanyang panganay na Anak at kung paano ipinakita ni Jesus ang Kanyang pagmamahal sa pagsunod sa

kalooban ng Kanyang Ama. Pinatotohanan ko na kapag ginawa natin ang kailangan nating gawin para makilala Sila at ang Kanilang pagmamahal sa isa't isa, makakamit natin “ang pinakadakila sa lahat ng kaloob ng Diyos”—maging ang buhay na walang hanggan.¹ Sapagkat “ito ang buhay na walang hanggan, na ikaw ay makilala nila na iisang Dios na tunay, at siyang iyong sinugo, sa makatuwid baga’y si Jesucristo.”²

Paano natin matatanggap ang kaloob na ito? Dumarating ito sa pamamagitan ng personal na paghahayag, na binanggit at itinuro sa umagang ito.

Naaalala ba ninyo ang unang pagkakataon na nalaman ninyong may Diyos at nadama ang Kanyang pagmamahal? Noong bata pa ako, madaalas akong tumingala sa kalangitang puno ng mga bituin at nagninilay at dinarama ang Kanyang presensya. Tuwang-tuwa akong galugarin ng tingin ang kagila-gilalas na mga likha ng Diyos—mula sa maliliit na insekto hanggang sa nagtataasang mga puno. Nang makita ko kung gaano kaganda ang mundong ito, nalaman kong mahal ako ng Ama sa Langit. Nalaman ko na ako ay Kanyang literal na anak sa espiritu, na lahat tayo ay Kanyang mga anak.

Paano ko nalaman ito? maaaring itanong ninyo. Itinuturo sa mga banal na kasulatan, “Sa iba ay ipinagkaloob sa pamamagitan ng Espiritu Santo na malaman na si Jesucristo ang Anak ng Diyos, at . . . sa iba ay ipinagkaloob na maniwala sa kanilang mga salita, upang sila rin ay magkaroon ng buhay na walang hanggan kung sila ay patuloy na magiging matapat.”³ Sa pananaw ko, hindi ibig sabihin niyan na aasa na lang ang ilang tao sa patotoo ng iba.

Lumakas ang sarili kong patotoo nang malaman ko ang tungkol sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas mula sa mga turo at patotoo ng aking mga magulang, guro, mga banal na kasulatan—na masigasig kong



binabasa—at lalo na ng Espiritu Santo. Sa aking pagsampalataya at pagsunod sa mga kautusan, pinatotohanan ng Espiritu Santo na ang natututuhan ko ay totoo. Sa ganyang paraan ko nalaman sa sarili ko.

Sa prosesong ito, mahalaga ang paghahangad ng personal na paghahayag. Inaanyayahan ni Nephi ang bawat isa sa atin na “magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin.”⁴

Bago ang ikawalong kaarawan ko, ninais kong malaman pa ang tungkol sa binyag. Binasa ko ang mga banal na kasulatan at nanalangin. Nalaman ko na matatanggap ko ang kaloob na Espiritu Santo kapag ako ay nakumpirma. Nagsimula ko na ring maunawaan na ang Diyos at si Cristo ay literal na Mag-ama—magkahiwalay at magkaibang nilalang na lubos na nagkakaisa sa Kanilang layunin. “Tayo’y nagsisiibig [sa Kanila], sapagka’t [Sila’y] unang umibig sa atin.”⁵ At maraming beses kong nakita kung paano Sila nagmamahalan at nagtutulungan para sa ating ikabubuti. Pakinggan ang ilan sa maraming talata na nagtuturo ng katotohanang ito:

Nang Kanyang ituro ang buhay bago tayo isinilang, binanggit ng Ama sa Langit si Jesucristo bilang “aking Minamahal na Anak, na aking Minamahal at Pinili mula pa sa simula.”⁶ Nang likhain ng Ama ang mundo, ginawa Niya ito “sa pamamagitan ng [Kanyang] Bugtong” na Anak.⁷

Ang ina ni Jesus na si Maria, ay sinabihan na kanyang isisilang “ang Anak ng Kataastaasan.”⁸ At noong si Jesus ay bata pa, sinabi Niya sa Kanyang ina na Siya ay dapat “maglumaglak sa bahay ng [Kanyang] Ama.”⁹ Makalipas ang ilang taon, nang binyagan ang Tagapagligtas, nagsalita ang Ama sa Langit mula sa kalangitan, sinasabing, “Ito ang sinisinta kong Anak, na siya kong lubos na kinalulugdan.”¹⁰

Upang maturuan ang Kanyang mga disipulo na manalangin, sinabi ni Jesus ang mga salitang ito:

“Ama namin na nasa langit ka, Sambahin nawa ang pangalan mo.

“Dumating nawa ang kaharian mo. Gawin nawa ang iyong kalooban, kung paano sa langit, gayon din naman sa lupa.”¹¹

Itinuro niya kay Nicodemo, “Gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak.”¹² At ipinaliwanag Niya ang Kanyang mga himala sa pagsasabing, “Hindi makagagawa ang Anak ng anoman sa kaniyang sarili, kundi ang makita niyang gawin ng Ama; sapagka’t ang lahat ng mga bagay na . . . ginagawa [ng Ama], ay ang mga ito rin naman ang ginagawa ng Anak sa gayon ding paraan.”¹³

Habang papalapit na ang oras ng Pagbabayad-sala, nanalangin si Jesus, sinasabing: “Ama, dumating na ang oras. . . . Niluwalhati kita sa lupa: [Naganap ko na ang] gawa na ipinagawa mo sa akin.”¹⁴ At nang pasanin na Niya ang bigat ng ating mga kasalanan, Siya ay nagsumamo, “Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayon ma’y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo.”¹⁵ At sa Kanyang huling sandali sa krus, nanalangin si Jesus, “Ama, patawarin mo sila; sapagka’t hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa” at pagkatapos ay sumigaw, “Ama, sa mga kamay mo ay ipinagtatagubilin ko ang aking espiritu.”¹⁶

Pagkatapos ay binisita niya ang mga espiritu ng mga nangamatay, sa daigdig ng mga espiritu, upang bigyan sila ng “kapangyarihang magbangon, matapos ang kanyang pagkabuhay na mag-uli mula sa patay, upang pumasok sa kaharian ng kanyang Ama.”¹⁷ Matapos ang Pagkabuhay na Mag-uli ng Tagapagligtas, nagpakita Siya kay Maria Magdalena, sinasabing, “Aakyat ako sa aking Ama at inyong Ama.”¹⁸

Nang pumunta Siya sa mga tao sa kontinente ng Amerika, ipinakilala Siya ng Kanyang Ama na nagsasabing, “Masdan, ang Minamahal kong Anak, na siya kong labis na kinalulugdan, sa kanya ay niluwalhati ko ang aking pangalan.”¹⁹ Sa pagbaba ni Jesus sa mga tao na nasa templo, ipinakilala Niya ang Kanyang sarili na nagsasabing: Masdan, ako si Jesucristo. . . . [Aking] . . . niluwalhati ang Ama sa pagdadala



ko ng mga kasalanan ng sanlibutan.”²⁰ Nang ituro Niya ang Kanyang doktrina, ipinaliwanag Niya:

“Ito ang doktrinang ibinigay ng Ama sa akin; at ako ay nagpapatotoo sa Ama, at ang Ama ay nagpapatotoo sa akin.”²¹

“Katotohanang . . . ang Ama at ako ay isa.”²²

Nakikita ba natin ang huwaran sa mga banal na kasulatang ito na nagpapatotoo na ang Ama at Anak ay magkahiwalay at magkaibang nilalang? Kung gayon, paano Sila naging isa? Hindi dahil sa Sila ay iisang tao kundi dahil nagkakaisa Sila sa layunin, kapwa tapat sa “[pags]sakatuparan [ng] kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao.”²³

Si Jesus ay isang Diyos, subalit patuloy Niyang inilalarawan ang Kanyang sarili bilang hiwalay na nilalang sa pamamagitan ng pagdarasal sa Kanyang Ama at sa pagsasabing ginagawa Niya ang kalooban ng Kanyang Ama. Sa Kanyang ministeryo sa mga Nephita, nagsumamo Siya, “Ama, ako ay nanalangin hindi para sa sanlibutan, kundi para sa mga yaong ibinigay ninyo sa akin mula sa sanlibutan, . . . upang ako ay mapasakanila kagaya ninyo, Ama, na nasa akin, upang tayo ay maging isa, upang ako ay luwalhatiin sa kanila.”²⁴



ang mga baha ay maaaring duma-ting, ang mga hangin ay maaaring umihip, ngunit hindi tayo babagsak. Hindi tayo babagsak, dahil ang ating tahanan at ating pamilya ay masasalig kay Cristo.³⁰

Pinatotohanan ko na ang gayong tahanan ay “isang bahay ng kaluwalhatian.”³¹ Doon ay nagtitipon tayo upang manalangin sa ating Ama sa Langit sa pangalan ng Kanyang Pinakamamahal na Anak. Doon natin Sila niluluwalhati at pinasalamatan. Doon ay tinatanggap natin ang Espiritu Santo at “ang pangakong [Kanyang ibinigay] sa [atin] na buhay na walang hanggan, maging ang kaluwalhatian ng kahariang selestiyal.”³²

Pinatotohanan ko na ang ating Tagapagligtas ay si Jesucristo, na Siya ay buhay, na minamahal at pinangangalagaan tayo ng ating Walang Hanggan Ama sa Langit, na may propeta tayo sa dispensasyong ito—maging si Pangulong Thomas S. Monson—upang pamunuan at gabayan tayo. Ang Banal na Espiritu ay nagpapatotoo na ito ay totoo sa bawat isa na sumusunod at naghahangad ng kaalaman. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 14:7.
2. Juan 17:3.
3. Doktrina at mga Tipan 46:13–14.
4. 2 Nephi 32:3.
5. 1 Ni Juan 4:19.
6. Moises 4:2.
7. Moises 2:1.
8. Lucas 1:32.
9. Lucas 2:49.
10. Mateo 3:17.
11. Mateo 6:9–10.
12. Juan 3:16.
13. Juan 5:19; tingnan din sa talata 17.
14. Juan 17:1, 4.
15. Mateo 26:39.
16. Lucas 23:34, 46.
17. Doktrina at mga Tipan 138:51.
18. Juan 20:17.
19. 3 Nephi 11:7.
20. 3 Nephi 11:10–11.
21. 3 Nephi 11:32.
22. 3 Nephi 11:27.
23. Moises 1:39.
24. 3 Nephi 19:29.
25. Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.
26. Eter 12:41.
27. Moroni 10:4–5.
28. Helaman 5:12.
29. Moises 7:53.
30. Tingnan sa 3 Nephi 14:24–25.
31. Doktrina at mga Tipan 88:119; 109:8, 16.
32. Doktrina at mga Tipan 88:4.

Nasasaisip ito, hindi tayo magtataka na nagsimula ang Panunumbalik ng ebanghelyo sa pagpapakita ng hindi lamang isa kundi dalawang niluwalhating nilalang. Tungkol sa kanyang Unang Pangitain, pinatotohanan ni Propetang Joseph Smith: “Ang isa sa kanila ay nagsalita sa akin, tinatawag ako sa aking pangalan, at nagsabi, itinuturo ang isa—*Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!*”²⁵

Ang batang Propeta, na pumasok sa kakahuyan upang malaman kung aling simbahan ang aaniban, ay pumaroon nang may matibay na pananampalataya at lumabas na may kaalaman at patotoo tungkol sa tanging Diyos na tunay at kay Jesucristo, na isinugo ng Diyos. Si Joseph, tulad ng mga propetang nana sa kanya, ay naging kasangkapan sa pagpapanumbalik sa mundo ng kaalamang aakay tungo sa buhay na walang hanggan.

Maaari din ninyong mahanap ang ating Ama sa Langit at “ang Jesus na ito na siyang [pinatotohanan] ng mga propeta at apostol,”²⁶ sa mga banal na kasulatan at sa pangkalahatang kumperensyang ito. Sa paghahangad ninyo ng personal na patotoo—ng inyong personal na paghahayag—matutuklasan ninyo na ang Ama sa Langit ay naglaan ng natatanging paraan upang malaman ninyo mismo ang katotohanan: sa pamamagitan ng

ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos, isang personaheng espiritu na kilala natin bilang Espiritu Santo.

“At kapag inyong matanggap ang mga bagay na ito”—kabilang na ang ibinahagi ko ngayon—“ipinapayo ko sa inyo na itanong ninyo sa Diyos, ang Amang Walang Hanggan, sa pangalan ni Cristo, kung ang mga bagay na ito ay hindi totoo; at kung kayo ay magtatanong nang may matapat na puso, na may tunay na layunin, na may pananampalataya kay Cristo, kanyang ipaalam ang katotohanan nito sa inyo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo.

“At sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo, malalaman ninyo [nang may katiyakan] ang katotohanan ng lahat ng bagay.”²⁷

Mga kapatid, pinatotohanan ko na nais ng ating Ama sa Langit na hanapin natin ang kaalamang ito ngayon. Ang mga salita ng propetang si Helaman ay dumadaing mula sa alabok: “Tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan . . . , isang saligan na kung sasandigan ng mga tao ay hindi sila maaaring bumagsak.”²⁸ Tunay na hindi tayo babagsak.

Ang matibay na saligang iyan ay si Jesucristo. Siya ang “Bato ng Langit.”²⁹ Kapag itinayo natin ang bahay natin sa Kanya, ang mga ulan ng mga huling araw ay maaaring bumuhos,



Ni Elder James J. Hamula
Ng Pitumpu


Ang Sakramento at ang Pagbabayad-sala

Ang ordenansa ng sakramento ay dapat na mas maging banal at sagrado sa bawat isa sa atin.

Noong gabi bago maganap ang mga pangyayari sa Getsemani at sa Kalbaryo, tinipon ni Jesus ang Kanyang mga Apostol upang sama-samang sumamba sa huling pagkakataon. Ang lugar ay sa silid sa itaas ng bahay ng isang disipulo sa Jerusalem, at panahon ito ng Paskua.¹

Nakahain sa harap nila ang tradisyunal na pagkain tuwing Paskua, na kinabibilangan ng inialay na tupa, alak, at tinapay na walang lebadura, mga simbolo sa paglaya noon ng Israel sa pagkaalipin at kamatayan² at ang magaganap na pagtubos na mangyayari pa lang.³ Nang patapos na ang pagkain, dumampot si Jesus ng tinapay, binasbasan at pinagputol-putol ito,⁴ at ibinigay ito sa Kanyang mga Apostol, sinasabing, “Kunin ninyo, kanin ninyo.”⁵ “Ito’y aking katawan na ibinibigay dahil sa inyo: gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.”⁶ Sa gayon ding paraan, kinuha Niya ang saro ng alak, binasbasan ito, at ipinasa sa mga nakapaligid sa Kanya, sinasabing: “Ang sarong ito’y ang bagong tipan sa aking dugo,”⁷ “na mabubuhos . . . para sa ikapagpapatwad ng mga kasalanan.”⁸ “Gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.”⁹

Sa ganitong simple ngunit matinding paraan, itinatag ni Jesus ang isang bagong ordenansa para sa mga pinagtipanang tao ng Diyos. Hindi na padadanakin ang dugo ng hayop o susunugin ang laman ng hayop para makamit ang nakatutubos na sakripisyo ng isang Cristo na paparito pa lang.¹⁰ Sa halip, ang mga simbolo ng pinagputol-putol na laman at natigis na dugo ni Cristo na naparito na ang kakainin at iinumina bilang pag-alaala sa Kanyang nakatutubos



na sakripisyo.¹¹ Ang pakikibahagi sa bagong ordenansang ito ay magpapahiwatig sa lahat ng taimtim na pagtanggap kay Jesus bilang ang ipinangakong Cristo at lubos na kahandaang tularan Siya at sumunod sa Kanyang mga kautusan. Sa mga taong magpapakita ng pagtanggap at kahandaang ito sa kanilang pamumuhay, ang espirituwal na kamatayan ay “lalampas” sa kanila, at makatitiyak sa buhay na walang hanggan.

Sa sumunod na mga oras at mga araw, pumasok si Jesus sa Getsemani, dinala sa Kalbaryo, at matagumpay na nilisan ang libingan ng taga Arimatea. Matapos ang Kanyang paglisan mula sa kanila, ang matatapat na disipulo ni Jesus sa loob at labas ng Jerusalem ay nagsama-sama sa unang araw ng linggo upang “pagputolputulin ang tinapay”¹² at sila’y nagsipana-tiling “matibay.”¹³ Tunay ngang hindi lamang nila inalala ang paglisan ng kanilang Panginoon kundi nagpakita rin ng pasasalamat at pananampalataya sa Kanyang kagila-gilalas na Pagtubos sa kanila.

Mahalagang pansinin, na noong pinuntahan ni Jesus ang Kanyang mga disipulo sa lupain ng Amerika, pinasimulan din Niya ang sakramento sa kanila.¹⁴ Sa paggawa nito, sinabi Niya: “Ito ay lagi ninyong gagawin,”¹⁵ at “ito ay magiging patotoo sa Ama na lagi ninyo akong naaalaala.”¹⁶ Muli, sa pagsisimula ng Panunumbalik, pinasimulan ng Panginoon ang ordenansa ng sakramento, na nagbibigay sa atin ng mga tagubiling katulad ng ibinigay Niya sa Kanyang mga naunang disipulo.¹⁷

Ang ordenansa ng sakramento ay tinawag na “isa sa pinakabanal at pinakasagradong mga ordenansa sa Simbahan.”¹⁸ Ito ay dapat na mas maging banal at sagrado sa bawat isa sa atin. Pinasimulan mismo ni Jesucristo ang ordenansa upang ipaalala sa atin kung ano ang ginawa Niya upang matubos tayo at ituro sa atin kung paano natin magagamit ang Kanyang Pagtubos at nang sa gayon ay muling makapiling ang Diyos.

Sa pinaghati-hati at putol-putol na tinapay, ipinapakita natin na inaalaala

natin ang pisikal na katawan ni Jesucristo—ang katawang binugbog sa sakit, dusa, at lahat ng uri ng tukso,¹⁹ ang katawang dumanas ng matinding paghihirap na dahilan para labasan ng dugo sa bawat butas ng balat,²⁰ ang katawang sinugatan at pusong sinaktan habang nakapako sa krus.²¹ Ipinapakita nating naniniwala tayo na bagama't ang katawan ding yaon ay inihimlay sa kamatayan, ibinangon itong muli mula sa libingan, hindi na muling makadarama ng sakit, pagkabulok, o kamatayan.²² At sa pagkain sa tinapay, kinikilala natin na, tulad ng mortal na katawan ni Cristo, ang ating mga katawan ay palalayain mula sa mga gapos ng kamatayan, matagumpay na magbabangon mula sa libingan, at magbabalik sa ating walang hanggang espiritu.²³

Sa isang maliit na tasa ng tubig, ipinapakita natin na inaalala natin ang itinigis na dugo ni Jesus at ang espirituwal na paghihirap na dinanas Niya para sa buong sangkatauhan. Naaalala natin ang pagdurusa na naging sanhi ng pagtulo ng malalaking patak ng dugo sa Getsemani.²⁴ Naaalala din natin ang pagbugbog at paghampas na tiniis Niya sa kamay ng mga humuli sa Kanya.²⁵ Naaalala natin ang dugong dumaloy mula sa kanyang mga kamay, mga paa at tagiliran habang nasa Kalbaryo.²⁶ At naaalala natin ang sariling paglalarawan Niya sa Kanyang pagdurusa: “Kung gaano kasakit ay hindi mo nalalaman, kung gaano kasidhi ay hindi mo nalalaman, oo, kung gaano kahirap dalhin ay hindi mo nalalaman.”²⁷ Sa pag-inom sa tubig, kinikilala natin na ang Kanyang dugo at pagdurusa ang nagbayad-sala para sa ating mga kasalanan at na tutubusin Niya ang ating mga kasalanan kapag sinusunod at tinatanggap natin ang mga alituntunin at ordenansa ng Kanyang ebanghelyo.

Sa gayon, sa tinapay at tubig, naaalala natin ang Pagtubos ni Cristo sa atin mula sa kamatayan at kasalanan. Ang pagkakasunud-sunod ng tinapay at tubig ay mahalaga. Sa pagkain sa tinapay, ipinapaalala sa atin ang tiyak nating pagkabuhay na mag-uli, na hindi lamang pagsasamang muli ng

katawan at espiritu. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Pagkabuhay na Mag-uli, lahat tayo ay ibabalik sa kinaroroonan ng Diyos.²⁸ Inihaharap sa atin ng katotohanang iyan ang mahalagang tanong ng ating buhay. Ang mahalagang tanong na kinakaharap ng lahat sa atin ay hindi kung tayo ba ay mabubuhay kundi sino ang makakasama natin pagkamatay natin. Bagama't bawat isa sa atin ay babalik sa kinaroroonan ng Diyos, hindi lahat sa atin ay mananatili sa piling Niya.

Habang nabubuhay tayo sa mundo, bawat isa sa atin ay madudungisan ng kasalanan at paglabag.²⁹ Makakaisip, makakapagsalita, at makakagawa tayo nang hindi tama.³⁰ Sa madaling salita, tayo ay magiging marumi. At ang bunga ng karumihan sa harapan ng Diyos, ay malinaw na inihayag ni Jesus: “Walang maruming bagay ang makatatahan . . . sa kanyang kinaroroonan.”³¹ Ang katotohanang iyan ay malinaw na naipaunawa kay Nakababatang Alma na, noong pagsabihan siya ng isang banal na anghel, ay giniyagis, pinahirapan, sinaktan ng kanyang karumihan kung kaya't hinagad niyang “mawasak kapwa kaluluwa at katawan, upang hindi [siya] madalang tumayo sa harapan ng . . . Diyos.”³²

Sa pag-inom ng tubig ng sakramento, itinuturo sa atin kung paano tayo malilinis mula sa kasalanan at paglabag at sa gayon ay makatatayo sa harapan ng Diyos. Sa pagdanak ng Kanyang dugo na walang sala,

natugunan ni Jesucristo ang hinihingi ng katarungan para sa lahat ng kasalanan at paglabag. Pagkatapos ay nag-alok Siya na gagawin tayong malinis kung magkakaroon tayo ng pananampalataya sa Kanya na sapat upang magsisi; tanggapin ang lahat ng ordenansa at tipan ng kaligtasan, simula sa pagbibinyag; at tanggapin ang Espiritu Santo. Kapag natanggap na natin ang Espiritu Santo, tayo ay nalinis na at nadalisay. Ang doktrinang ito ay napakalinaw na ipinabatid ni Jesus:

“Walang maruming bagay ang makapapasok sa . . . kaharian [ng Diyos]; . . . walang makapapasok sa kanyang kapahingahan maliban sa mga yaong nahugasan ang kanilang mga kasuotan ng aking dugo. . . .

“Ngayon, ito ang kautusan: Magsisi, lahat kayong nasa mga dulo ng mundo, at lumapit sa akin at magpabinyag sa aking pangalan, upang kayo ay pabanalin sa pamamagitan ng pagtanggap sa Espiritu Santo, upang kayo ay makatayong walang bahid-dungis sa aking harapan sa huling araw.”³³

Ito ang doktrina ni Cristo.³⁴ Kapag ating tinanggap ang doktrinang ito at namuhay alinsunod dito, tayo ay nahugasan sa dugo ni Cristo at nalinis.³⁵

Sa pamamagitan ng panalangin ng sakramento, ipinapahayag natin ang pagtanggap sa doktrinang ito ni Cristo at ang pangako nating mamuhay ayon dito. Sa ating pagsusumamo sa Diyos, ang ating Amang walang Hanggan, ipinahahayag natin na “lagi nating aalalahanin” ang Kanyang mahal na Anak. Una, pinatutunayan natin ang “kahandaan” nating umalala. Pagkatapos ay pinatutunayan natin na “talagang” tayo ay umaalala. Sa paggawa nito, tayo ay gumagawa ng sagradong mga pangako na sumampalataya kay Jesucristo at sa Kanyang Pagtubos sa atin mula sa kamatayan at kasalanan.

Ipinapahayag pa natin na ating “sundin ang kanyang mga utos.” Iyan ay taimtim na pangako na magsisi. Kung ang ating mga inisip, sinabi, o ginawa noong nakalipas na panahon ay hindi kasiya-siya, muli tayong nangangako na higit na iayon ang ating buhay sa Kanyang kalooban sa darating na panahon.





Susunod, ipinahahayag natin na tayo ay “pumapayag na taglayin sa [ating] sarili ang pangalan ng . . . Anak.”³⁶ Iyan ay sagradong pangako na magpasakop sa Kanyang awtoridad at gawin ang Kanyang gawain, na kinabibilangan ng pagtanggap sa ating sarili ng bawat nakapagligligtas na ordenansa at tipan.³⁷

Kapag naging tapat tayo sa mga alituntuning ito, ipinangako sa atin sa mga panalangin ng sakramento na “mapapasa[atin] ang kanyang Espiritu upang makasama [natin].”³⁸ Ang muling pagtanggap sa Espiritu ay isang pinakamataas na pagpapala dahil ang Espiritu ang siyang naglilinis at nagpapadalisay sa atin mula sa kasalanan at paglabag.³⁹

Mga kapatid, ang pinakamahalagang pangyayari sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan ay ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Siya na gumawa ng Pagbabayad-sala ay binigyan tayo ng ordenansa ng sakramento upang tulungan tayo na huwag lamang umalala kundi kamtin din ang mga pagpapala ng dakilang Pagbabayad-salang ito. Ang patuloy at tapat na pakikibahagi sa sagradong ordenansang ito ay tumutulong sa atin na patuloy na tanggapin at ipamuhay ang doktrina ni Cristo matapos mabinyagan at sa gayon ay hangarin na lubusang maging ganap na mapabanal. Tunay ngang ang ordenansa ng

sakramento ay tumutulong sa atin na matapat na magtiis hanggang wakas at matanggap ang kaganapan ng Ama nang tulad ng pagtanggap dito ni Jesus, nang biyaya sa biyaya.⁴⁰

Pinatotohanan ko ang kapangyarihan ni Jesucristo na tubusin tayong lahat mula sa kamatayan at kasalanan at ang kapangyarihan ng mga ordenansa ng Kanyang priesthood, kabilang na ang sakramento, upang ihanda tayo na “[makita] ang mukha ng Diyos, maging [ang] Ama, at [mabuhay].”⁴¹ Nawa’y tumanggap tayo ng sakramento sa susunod na linggo, at sa bawat linggo pagkatapos niyon, na may mas malalim at matapat na layunin, ang siyang dalangin ko sa pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Mateo 26:17–20; Marcos 14:12–17; Lucas 22:7–18.
2. Tingnan sa Exodo 12; Mga Bilang 28:16–25; Bible Dictionary, “Feasts.”
3. Tingnan sa Exodo 13:12–13; Mosias 2:3–4; Moises 5:5–8.
4. Tingnan sa Mateo 26:26; Marcos 14:22; Lucas 22:19; I Mga Taga Corinto 11:24. Sa kabilang banda, nang pasimulan ni Jesus ang sakramento sa mga Nephita matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Muli, pinagputol-putol Niya ang tinapay at pagkatapos ay binasbasan ito (tingnan sa 3 Nephi 18:3).
5. Mateo 26:26; Marcos 14:22; I Mga Taga Corinto 11:24.
6. Lucas 22:19; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 11:24.
7. Lucas 22:20; tingnan din sa Mateo 26:28;

- Marcos 14:24; I Mga Taga Corinto 11:25.
- Mateo 26:28.
- Lucas 22:19; tingnan din sa 3 Nephi 18:11.
- Tingnan sa 2 Nephi 11:4; 25:24–25; Jacob 4:5; Alma 34:14; 3 Nephi 9:17, 19–20; Moises 5:5–8.
- Tingnan sa Juan 6:51–57; I Mga Taga Corinto 11:24–26; Doktrina at mga Tipan 20:40.
- Ang Mga Gawa 20:7.
- Ang Mga Gawa 2:42.
- Tingnan sa 3 Nephi 9:19–20; 18:1–11; 20:3–9; 26:13.
- 3 Nephi 18:6.
- 3 Nephi 18:7.
- Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 20:75; 27:2; 59:9–12.
- Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph Fielding Smith* (2013), 109. “Sa aking palagay ang sacrament meeting ang pinakasagrado, pinakabanal, sa lahat ng pulong ng Simbahan” (*Mga Turo: Joseph Fielding Smith*, 107).
- Tingnan sa Alma 7:11.
- Tingnan sa Lucas 22:44; Mosias 3:7; Doktrina at mga Tipan 19:18.
- Tingnan sa Awit 22:16; Juan 19:33–34; 20:25–27; 3 Nephi 11:14; Doktrina at mga Tipan 6:37; James E. Talmage, *Jesus the Christ*, 3rd. ed. (1916), 669.
- Tingnan sa Mateo 28:6; Lucas 24:6, 39; Juan 20:20; Doktrina at mga Tipan 76:22–24.
- Tingnan sa Juan 6:51–59; Alma 11:42–44; 40:23; 3 Nephi 27:13–15.
- Tingnan sa Lucas 22:44; Mosias 3:7; Doktrina at mga Tipan 19:18.
- Tingnan sa Isaias 53:5; Mateo 26:67; 27:26, 29–30; Marcos 14:65; 15:15, 19; Lucas 22:63–65; Juan 19:1; Mosias 15:5.
- Tingnan sa Mateo 27:35; Marcos 15:15; Lucas 23:33; Juan 19:16, 33–34.
- Doktrina at mga Tipan 19:15.
- Tingnan sa Alma 11:42–45; 3 Nephi 27:13–15.
- Tingnan sa Moises 6:55.
- Tingnan sa Mateo 5:27–28; 12:36; Santiago 3:1–13; Mosias 4:29–30; Alma 12:14.
- Moises 6:57; tingnan sa I Mga Taga Corinto 6:9; Mga Taga Efeso 5:5; 1 Nephi 10:21; 15:33–34; Alma 7:21; 11:37; 40:26; 3 Nephi 27:19; Doktrina at mga Tipan 1:31–32.
- Alma 36:15; tingnan din sa talata 14; Apocalipsis 6:15–17; Alma 12:14.
- 3 Nephi 27:19–20.
- Tingnan sa 2 Nephi 31:2–21; 3 Nephi 11:31–41; 27:13–22; Doktrina at mga Tipan 76:40–42, 50–54, 69–70.
- Tingnan sa 3 Nephi 27:19; tingnan din sa Apocalipsis 1:5–6; 7:14–15; Alma 5:21; 13:11–12; Eter 13:10–11; Moises 6:59–60.
- Doktrina at mga Tipan 20:77; Moroni 4:3.
- Tingnan sa Dallin H. Oaks, *His Holy Name* (1998); Dallin H. Oaks, “Taking upon Us the Name of Jesus Christ,” *Ensign*, Mayo 1985, 80–83.
- Doktrina at mga Tipan 20:77, 79; Moroni 4:3; 5:2.
- Tingnan sa Mga Taga Roma 15:16; I Mga Taga Corinto 6:11; 2 Nephi 31:17; Alma 5:54; 13:12; 3 Nephi 27:20; Moroni 6:4.
- Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 93:6–20.
- Doktrina at mga Tipan 84:22.



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Papanatagin Mo ang Landas ng Iyong mga Paa

Sa pag-asa natin kay Jesus bilang ating Huwaran at sa pagsunod sa Kanyang mga yapak, makababalik tayo nang ligtas sa ating Ama sa Langit.

Mahal kong mga kapatid, mapagpakumbaba akong nakatayo sa harapan ninyong ngayong umaga. Hinihiling ko ang inyong pananampalataya at panalangin para sa akin habang ibinabahagi ko sa inyo ang aking mensahe.

Lahat tayo ay nagsimula sa isang napakaganda at mahalagang paglalakbay nang lisanin natin ang daigdig ng mga espiritu at pumarito sa tinatawag na mortalidad na kadalasang puno ng pagsubok. Ang mga pangunahing layunin ng ating buhay sa lupa ay magkaroon ng katawang may laman at buto, magkaroon ng karanasan na mangyayari lamang kapag nawalay tayo sa ating mga magulang sa langit, at masubukan kung susunod tayo sa mga kautusan. Sa aklat ni Abraham kabanata 3 mababasa natin: “At susubukin natin sila upang makita kung kanilang gagawin ang lahat ng bagay anuman ang iutos sa kanila ng Panginoon nilang Diyos.”¹

Nang pumarito tayo sa mundo, taglay natin ang dakilang kaloob mula sa Diyos—maging ang ating kalayaan. Sa napakaraming paraan may pribilehiyo tayong magpasiya para sa ating sarili. Dito ay natututo tayo sa mahihirap na karanasan. Nahihiwatigan natin ang mabuti at masama. Nakikilala natin ang pagkakaiba ng mapait sa matamis. Nalalaman natin na ang mga desisyon ang nagtatakda ng tadhana.

Natitiyak ko na nilisan natin ang ating Ama sa Langit na may matinding hangarin na makabalik sa Kanya, upang matamo natin ang kadakilaang ipinlano Niya para sa atin at labis nating hinahangad. Bagama’t hinahayaan tayong hanapin at sundan ang landas na aakay sa atin pabalik sa Ama sa Langit, hindi Niya tayo ipinadala rito nang walang direksyon at patnubay. Sa halip, binigyan Niya tayo ng mga kagamitang kailangan natin, at tutulongan Niya tayo kapag hiningi natin ang tulong Niya at ginawa ang lahat ng ating makakaya upang makapagtiis

hanggang wakas at magtamo ng buhay na walang hanggan.

Para magabayan tayo nasa atin ang mga salita ng Diyos at ng Kanyang Anak na matatagpuan sa ating mga banal na kasulatan. Nasa atin ang payo at mga turo ng mga propeta ng Diyos. Higit sa lahat, binigyan tayo ng sakdal na halimbawang susundan—maging ang halimbawa ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesucristo—at inutusan tayong sundan ang halimbawang iyon. Sinabi mismo ng Tagapagligtas: “Pumarito ka, sumunod ka sa akin.”² “Ang mga gawang nakita ninyong ginawa ko ay siya rin ninyong gagawin.”³ Nagtanong Siya, “Anong uri ng mga tao ba nararapat kayo?” At pagkatapos ay sumagot Siya, “Katotohanang sinasabi ko sa inyo, maging katulad ko.”⁴ “Namuno Siya at landas ay itinuro.”⁵

Sa pag-asa natin kay Jesus bilang ating Huwaran at sa pagsunod sa kanyang mga yapak, makababalik tayo nang ligtas sa ating Ama sa Langit upang makapiling Siya magpakailanman. Sabi ng propetang si Nephi, “Maliban sa ang tao ay magtiis hanggang wakas, sa pagsunod sa halimbawa ng Anak ng Diyos na buhay, siya ay hindi maaaring maligtas.”⁶

Ibinubulalas ng isang babae tuwing ikukuwento ang mga karanasan niya sa pagbisita sa Banal na Lupain, “Nilakaran ko ang nilakaran ni Jesus!”

Nalibot niya ang lugar kung saan nanirahan at nagturo si Jesus. Siguro tumayo siya sa isang malaking bato na dating tinayuan ni Jesus o minasdan niya ang kabundukang dating minasdan ni Jesus. Ang mga karanasang iyon mismo ay labis na niyang ikinatuwa; ngunit ang maglakad *kung saan* naglakad si Jesus ay hindi kasinghalaga ng mamuhay *na tulad* Niya. Ang pagtulad sa Kanyang mga kilos at pagsunod sa Kanyang halimbawa ay mas mahalaga kaysa pagtunton sa mga bakas na nilakaran Niya sa buhay na ito.

Nang anyayahan ni Jesus ang isang mayamang lalaki na, “Pumarito ka, sumunod ka sa akin,”⁷ hindi Niya layon na sundan lang Siya ng mayamang lalaking iyon paakyat at pababa sa mga burol at lambak ng kaparangan.

Hindi natin kailangang lumakad sa mga pampang ng Galilea o sa mga burol ng Judea para lakaran ang nilakaran ni Jesus. Malalakaran nating lahat ang landas na nilakaran Niya kapag ipinasiya natin, tuwing naririnig natin ang Kanyang mga salita, napupuspos ng Kanyang Espiritu ang ating puso, at ginagabayan tayo ng Kanyang mga turo, na sundan Siya sa paglalakbay natin sa buhay na ito. Ang Kanyang halimbawa ang tumatanglaw sa daan. Sabi Niya, “Ako ang daan, at ang katoohan, at ang buhay.”⁸

Sa pagsisiyasat natin sa landas na nilakaran ni Jesus, makikita natin na dinanas din Niya ang maraming hamon na daranasin natin sa buhay.

Halimbawa, naranasan ni Jesus ang mabigo. Bagama’t dumanas Siya ng napakaraming kabiguan, ang isa sa mga nakakaantig ay ang kalungkutang nadama Niya para sa Jerusalem nang magwakas na ang Kanyang ministeryo sa mga tao. Tinalikuran ng mga anak ni Israel ang ligtas na pangangalagang inialok Niya sa kanila. Nang pagmasdan Niya ang lungsod na malapit nang mawasak, napuspos Siya ng matinding kalungkutan. Sa pagdadalamhati nagsumamo Siya, “Oh Jerusalem, Jerusalem, na pumapatay sa mga propeta, at mga bumabato sa mga sinugo sa kaniya! Makailang inibig kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtitipon ng inahing manok sa kaniyang sariling mga sisiw, sa ilalim ng kaniyang mga pakpak, at ayaw kayo!”⁹

Naranasan ni Jesus ang tuksuhin. Ang masamang si Lucifer, na tinipon ang pinakamatindi niyang sandata, ang kaakit-akit niyang panlilinlang, ay tinukso Siya na mag-ayuno nang 40 araw at 40 gabi. Hindi nagpatangay si Jesus; nilabanan Niya ang bawat tukso. Ang patapos Niyang sinabi: “Humayo ka, Satanas.”¹⁰

Naranasan ni Jesus ang masaktan. Isipin ang Getsemani, kung saan Siya ay “[nanlumo] . . . at ang kaniyang pawis ay naging gaya ng malalaking patak ng dugo na nagsisitulo sa lupa.”¹¹ At walang makalilimot sa Kanyang pagdurusa sa malupit na krus.

Bawat isa sa atin ay tatak sa landas ng kabiguan, marahil dahil sa



pagkakataong nawala, kapangyarihang naabuso, mga desisyon ng isang minamahal, o desisyon natin mismo. Mararanasan din nating maharap sa tukso. Mababasa natin sa ika-29 na bahagi ng Doktrina at mga Tipan: “At talagang kinakailangan na ang diyablo ay tuksuhin ang mga anak ng tao, o hindi sila magiging kinatawan ng kanilang sarili.”¹²

Daranasin din natin ang masaktan. Tayo, bilang mga lingkod, ay hindi makakaasang mahigitan ang Panginoon, na nilisan ang buhay na ito matapos dumanas ng matinding hirap at pagdurusa.

Bagama’t daranas tayo ng mapait na kalungkutan, makasusumpong din tayo ng malaking kaligayahan.

Tayo, kasama si Jesus, ay maaaring sumunod. Hindi ito laging magiging madali, ngunit hayaang maging sawikain natin ang pamanang iniwan sa atin ni Samuel: “Narito, ang pagsunod ay maigi kay sa hain, at ang pagdinig kay sa taba ng mga tupang lalake”¹³ Alalahanin natin na ang buong ng pagsuway ay pagkabihag

at kamatayan, samantalang ang gantimpala sa pagsunod ay kalayaan at buhay na walang hanggan.

Tayo, tulad ni Jesus, ay maaaring maglingkod. Tulad sa isang maliwanag na tanglaw ng kabutihan ang buhay ni Jesus nang Siya ay maglingkod sa mga tao. Binigyan Niya ng lakas ang mga paa ng pilay, paningin ang mga mata ng bulag, pandinig ang mga tainga ng bingi.

Nanalangin si Jesus. Tinuruan Niya tayo kung paano manalangin nang bigyan Niya tayo ng magandang panalanging kilala natin bilang Panalangin ng Panginoon. At sino ang makalilimot sa Kanyang panalangin sa Getsemani na, “Huwag mangyari ang aking ka-looban, kundi ang iyo?”¹⁴

Ang iba pang mga tagubilang ibinigay sa atin ng Tagapagligtas ay abot-kamay natin, na matatagpuan sa mga banal na kasulatan. Sa Kanyang Sermong sa Bundok, sinasabi Niya sa atin na maging maawain, mapagpakumbaba, matwid, dalisay ang puso, mga tagapamayapa. Tinuturuan Niya tayo na matatagpuan na manindigan sa ating



ng Diyos at itinuring na mapalad sila kung makasama nila ang mga ito nang kahit isang oras man lang.

Pangkaraniwan ang kanilang anyo, hindi direktso at mahirap intidihin ang pagsasalita nila ng Ingles, at simple lang ang kanilang tirahan. Wala silang sariling kotse o telebisyon, ni hindi nila ginawa ang anumang mga bagay na karaniwang pinapansin ng mga tao. Subalit ang matatapat ay madalas bumisita sa kanila upang madama ang diwang naroon. Ang kanilang tahanan ay langit sa lupa, at ang diwang ipinadama nila ay dalisay na kapayapaan at kabutihan.

Maaari ding mapasaatin ang diwang iyan at maibahagi ito sa iba kapag tinatahak natin ang landas ng ating Tagapagligtas at sinusundan natin ang Kanyang sakdal na halimbawa.

Mababasa natin sa Mga Kawikaan ang payo na, “Papanatagin mo ang landas ng iyong mga paa.”¹⁹ Sa paggawa natin nito, magkakaroon tayo ng panampalataya, maging ng hangarin, na tahakin ang landas na tinahak ni Jesus. Hindi tayo magdududa na nasa landas tayo na gustong ipatahak sa atin ng ating Ama. Ang halimbawa ng Tagapagligtas ay nagsisilbing balangkas para sa lahat ng ating ginagawa, at ang Kanyang mga salita ay maaasahang gabay. Ang Kanyang landasin ang ligtas na aakay sa atin pauwi. Nawa’y ito ang ating maging pagpapala, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, na aking minamahal, pinaglilingkuran, at pinatototohanan, amen. ■

MGA TALA

1. Abraham 3:25.
2. Lucas 18:22.
3. 3 Nephi 27:21.
4. 3 Nephi 27:27.
5. Eliza R. Snow, “Dakilang Karunungan at Pag-ibig,” *Mga Himno*, blg. 116.
6. 2 Nephi 31:16.
7. Lucas 18:22.
8. Juan 14:6.
9. Lucas 13:34.
10. Mateo 4:10.
11. Lucas 22:44.
12. Doktrina at mga Tipan 29:39.
13. 1 Samuel 15:22.
14. Lucas 22:42.
15. Tingnan sa Mateo 5; 6.
16. Tingnan sa Lucas 10:30–37.
17. Tingnan sa Mateo 25:14–30.
18. Tingnan sa Lucas 15:4–7.
19. Mga Kawikaan 4:26.

mga paniniwala, kahit pa tayo kutyain at usigin. Inuutusan Niya tayong pagliwanagin ang ating ilaw upang makita ito ng iba at luwalhatiin ang ating Ama sa Langit. Tinuturuan Niya tayong maging malinis ang moralidad kapwa sa ating isip at gawa. Sinasabi Niya sa atin na mas mahalagang mag-ipon ng kayamanan sa langit kaysa sa lupa.¹⁵

Ang Kanyang mga talinghaga ay nagtuturo nang may kapangyarihan at awtoridad. Sa salaysay tungkol sa mabuting Samaritano, tinuturuan Niya tayong mahalalin at paglilingkuran ang ating kapwa.¹⁶ Sa Kanyang talinghaga ng mga talento, tinuturuan Niya tayong paghusayin ang ating sarili at sikaping maging perpekto.¹⁷ Sa talinghaga ng nawawalang tupa, inuutusan Niya tayong sagipin ang mga nalihis ng landas at naligaw.¹⁸

Habang sinisikap nating gawing sentro si Cristo sa ating buhay sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang mga salita, pagsunod sa Kanyang mga turo, at pagtahak sa Kanyang landas, nangangako Siyang bibigyan Niya tayo ng buhay na walang hanggan na sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan

ay ating nakamit. Wala nang mas matayog pang adhikain kaysa rito, na piliin nating tanggapin ang Kanyang pamamaraan at maging Kanyang mga disipulo at gawin ang Kanyang gawain habambuhay. Wala nang iba, wala nang iba pang desisyong magagawa tayo, na makapagbibigay sa atin ng maibibigay Niya.

Habang iniisip ko ang mga tunay na nagsikap na sundan ang halimbawa ng Tagapagligtas at tumahak sa Kanyang landas, agad kong naiisip ang mga pangalan nina Gustav at Margarete Wacker—dalawa sa higit na nagtataglay ng katangian ni Cristo na nakilala ko. Sila ay mga German na nandayuhan sa silangang Canada, at nakilala ko sila nang maglingkod ako bilang mission president doon. Si Brother Wacker ay isang barbero. Kahit kakaunti ang kabuhayan, ibinahagi nila ang lahat ng mayroon sila. Hindi sila biniyayaan ng mga anak, ngunit kinalinga nila ang lahat ng taong pumasok sa kanilang tahanan. Hinanap ng matatalino at mayayamang lalaki at babae ang mapagpakumbaba at hindi nakapag-aral na mga lingkod na ito



Ni Elder M. Russell Ballard
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Manatili sa Bangka at Kumapit nang Mahigpit!

*Kung mananatili tayong nakatuon sa Panginoon,
pangangakuan tayo ng walang katulad na pagpapala.*

Kamakailan, isinama ng isang kaibigan ko ang kanyang anak na lalaki sa pamamangka sa Colorado River na daraan sa Cataract Canyon, na nasa timog-silangang Utah. Ang canyon ay kilala sa pagkakaroon nito ng 14 na milya (23 km) na napakabilis na agos ng tubig na lubhang mapanganib.

Sa paghahanda para sa kanilang pakikipagsapalaran, binasa nilang mabuti ang web page ng National Park Service, na naglalaman ng mahalagang impormasyon tungkol sa kahandaan ng sarili at tungkol sa karaniwan at tagong mga panganib.

Sa simula ng paglalakbay, binasa ng isang bihasang gabay sa ilog ang mahahalagang tagubilang pangkaligtasan, na nagbibigay-diin sa tatlong mahahalagang patakarang titiyak sa ligtas na paglalakbay ng grupo sa pagdaan sa mabibilis na agos ng tubig. “Unang patakarang: manatili sa bangka! Pangalawang patakarang:

laging magsuot ng life jacket! Pangatlong patakarang: laging ikapit nang mahigpit ang inyong dalawang kamay!” Pagkatapos ay sinabi niyang muli, nang mas mariin, “Higit sa lahat, tandaan ang unang patakarang: manatili sa bangka!”

Ipinaalala sa akin ng pakikipagsapalarang ito ang ating buhay sa mundo. Karamihan sa atin ay dumaranas ng mga panahon sa ating buhay na ikinasisiya ang payapang agos ng buhay. May mga panahon naman na nahaharap tayo sa mabibilis na agos na maihahambing sa mga yaong matatagpuan sa 14-na-milyang kahabaan ng Cataract Canyon—mga hamon na maaaring kabilangan ng mga sakit sa katawan at isipan, pagkamatay ng isang mahal sa buhay, mga bigong pangarap at pag-asam, at—para sa ilan—maging ng kawalan ng pananampalataya sa harap ng mga problema, katanungan, at pag-aalinlangan sa buhay.





Ang Panginoon sa Kanyang kabutihang ay naglaan ng tulong, kabilang na ang bangka, mahahalagang suplay tulad ng mga life jacket, at bihasang mga gabay sa ilog na nagbibigay ng patnubay at tagubiling pang-kaligtasan para tulungan tayong makapaglayag sa ilog ng buhay patungo sa ating huling destinasyon.

Isipin natin ang unang patakaran: manatili sa bangka!

Karaniwan nang inihalintulad ni Pangulong Brigham Young “ang Minamahal na Barko ng Sion” sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Sinabi niyang minsan: Tayo ay nasa kalagitnaan ng karagatan. May dumating na bagyo, at, sabi nga ng mga magdaragat, masyado siyang nahirapan sa paglalayag. ‘Hindi ako mananatili rito,’ sabi ng isa; ‘Hindi ako naniniwala na ito ang “Barko ng Sion.”’ ‘Ngunit tayo ay nasa kalagitnaan ng karagatan.’ ‘Wala akong pakialam, hindi ako mananatili rito.’ Hinubad niya ang kanyang kasuotan, at tumalon sa dagat. Malulunod [ba siya]? Oo. Ganoon din ang mga titiwalag sa Simbahang ito. Ito ay ang ‘Minamahal na Barko ng Sion,’ manatili tayo rito.”¹

Sa isa pang pagkakataon, sinabi ni Pangulong Young na nag-alala rin siya sa mga taong naliligaw ng landas kapag sila ay pinagpapala—kapag maayos ang buhay: “Sa maaliwalas na panahon, kapag naglalayag ang minamahal na barko ng Sion sa banayad na simoy ng hangin, [at] tahimik ang lahat sa kubyerta, gustong sumakay ng

ilang kalalakihan sa maliliit na bangka para . . . lumangoy, at ang ilan ay nalulunod, ang ilan ay natatangay ng agos, at ang iba naman ay nagbabalik sa barko. Manatili tayo sa minamahal na barko at dadalhin tayo nito [nang ligtas] sa daungan; huwag kayong mag-alala.”²

At sa huli, ipinaalala ni Pangulong Young sa mga Banal: “Tayo ay nasa minamahal na barko ng Sion. . . . [Ang Diyos] ang nasa timon at mananatili roon. . . . Maayos ang lahat, umawit ng Hallelujah, dahil ang Panginoon ay naririto. Siya ang nag-uutos, gumagabay at namamahala. Kung ang mga tao ay lubos na magtitiwala sa kanilang Diyos, hindi tatalikuran ang kanilang mga tipan ni ang kanilang Diyos, gagabayan Niya tayo sa tama.”³

Sa mga hamong kinakaharap natin ngayon, paano tayo mananatili sa Minamahal na Barko ng Sion?

Narito ang paraan. Kailangang patuloy tayong magbalik-loob sa pamamagitan ng pagpapaibayo ng ating pananampalataya kay Jesucristo at katapatan sa Kanyang ebanghelyo habang tayo’y nabubuhay—hindi lang minsan, kundi palagi. Nagtanong si Alma, “At ngayon masdan, sinasabi ko sa inyo, aking mga kapatid [na lalaki at babae], kung inyo nang naranasan ang pagbabago ng puso, at kung inyo nang nadama ang umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig, itinatanong ko, nadarama ba ninyo ang gayon ngayon?”⁴

Ang bihasang mga gabay sa ilog ngayon ay maiihalintulad sa mga apostol at propeta at inspiradong lokal na priesthood at auxiliary leader ng Simbahan. Tinutulungan nila tayong makarating nang ligtas sa ating huling destinasyon.

Kamakailan, nagsalita ako sa seminar ng mga bagong mission president at pinayuhan ko ang mga lider na ito:

“Ituon ang missionary sa mga turo ng mga pinuno ng Simbahan. . . . Hindi namin gagawin at . . . hindi namin magagawang iligaw [kayo].

“At kapag tinuruan ninyo ang mga missionary na magtuon sa aming mga turo, turuan silang huwag sundin kailanman yaong mga nag-aakala na

mas alam nilang pangasiwaan ang mga gawain ng Simbahan kaysa . . . sa Ama sa Langit at sa Panginoong Jesucristo” sa pamamagitan ng mga lider ng priesthood na may hawak ng mga susi sa pangungulo.

“Natuklasan ko sa aking paglilingkod na yaong mga naligaw [at] nalito ay karaniwang yaong mga tao na kadalasan ay . . . nalilimutan na kapag nagsasalita ang Unang Panguluhan at ang Korum ng Labindalawa sa nagkakaisang tinig, ito ang tinig ng Panginoon para sa panahong iyon. Ipiniaalala sa atin ng Panginoon, ‘Maging sa pamamagitan ng sarili kong tinig o sa tinig man ng aking mga tagapaglingkod, ito ay iisa’ [D at T 1:38].”⁵

Sa madaling salita, kapag nilisan nila ang Minamahal na Barko ng Sion—naliligaw sila; nag-aapostasiya sila. Ang malungkot, kadalasan ay dumaranas sila ng di-sinadyang mga kapinsalaan sa maikling panahon na kalaunan ay nagtatagal, hindi lamang para sa kanila kundi maging para sa kanilang pamilya.

Ang ating lokal na mga lider ng Simbahan, tulad ng bihasang mga gabay sa ilog, ay natuto sa mga karanasan sa buhay; sinanay at tinuruan ng mga apostol at propeta at iba pang mga pinuno ng Simbahan; at, higit sa lahat, natuto sa Panginoon.

Sa isa pang pagkakataon sa taong ito, nagsalita ako sa mga young adult ng Simbahan sa CES devotional broadcast noong Mayo. Sabi ko:

“Narinig ko na inaakala ng ilang tao na ang mga lider ng Simbahan ay nabubuhay nang ‘malayo sa katotohanan.’ Nakalimutan nila na kami ay kalalakihan at kababaihang puno ng karanasan, at napakaraming lugar na ang aming napuntahan at iba’t ibang tao na ang nakahalubilo namin. [Dahil sa] aming mga tungkulin ngayon ay talagang nakakarating kami sa iba’t ibang panig ng mundo, kung saan namin nakakadaupang-palad ang mga namumuno sa pulitika, relihiyon, negosyo, at kawanggawa sa mundo. Bagama’t nabisita na namin ang [mga lider sa] White House sa Washington, D.C., at mga lider ng bansa [at relihiyon] sa buong mundo, nabisita na rin

namin ang pinakaabang [mga pamilya at tao] sa mundo . . .

“Kapag pinag-isipan ninyong mabuti ang aming buhay at ministeryo, malamang na umayon kayo na nabubuhay kami sa mundo sa mga paraang iilan lang ang nakararanas. Matatanto ninyo na mas ‘malayo sa realidad’ ang buhay ng maraming tao kaysa sa amin . . .

Gayunman, may kani-kanya at pinagsama-samang karunungan ang [mga pinuno ng Simbahan] na dapat makapanatag. Naranasan na naming lahat iyan, pati na ang mga epekto ng iba’t ibang batas at patakaran ng tao, at mga kabiguan, trahedyo, at kamatayan sa sarili naming pamilya. Alam namin ang nangyayari sa inyong buhay.”⁶

Kasama ng unang patakaran ayon sa paggamit ko nito, tandaan ang pangalawa at pangatlong patakaran: laging magsuot ng life jacket, at ikapit nang mahigpit ang dalawang kamay. Ang mga salita ng Panginoon ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan at mga turo ng mga apostol at propeta. Nagbibigay ito sa atin ng payo at tagubilin na, kapag sinunod, ay magiging espirituwal na life jacket at tutulungan tayong malaman kung paano ikakapit nang mahigpit ang ating dalawang kamay.

Kailangan nating maging katulad ng mga anak ni Mosias na “naging malakas sa kaalaman ng katotohanan.” Maaari tayong maging kalalakhian at kababaihan na “may malinaw na pang-unawa.” Maisasagawa lamang ito kapag “sinaliksik [natin] nang masigasig ang mga banal na

kasulatan, upang malaman [natin] ang salita ng Diyos.”⁷

Sa pagsasaliksik sa mga banal na kasulatan at mga salita ng nakaraan at kasalukuyang mga apostol at propeta, dapat tayong magtuon sa pag-aaral, pamumuhay, at pagmamahal sa doktrina ni Cristo.

Bukod pa sa pagkakaroon ng nakagawiang personal na pagbabasa ng mga banal na kasulatan, kailangan nating tularan ang mga anak ni Mosias at ituon ang ating sarili “sa maraming panalangin, at pag-aayuno.”⁸

Tila napakahalaga ng mga bagay na ito na hindi madaling sukatin. Manatiling nakatuon sa mga simpleng bagay na ito, at iwasang magambala.

Dahil may kilala akong mga tao na hindi nanatili sa bangka at hindi ikinapit nang mahigpit ang dalawang kamay sa mga panahon ng pagsukob at problema o hindi nanatili sa bangka sa mga panahon ng kapanatagan, napansin ko na marami sa kanila ang nawala ang tuon sa mga pangunahing katotohanan ng ebanghelyo—na siyang dahilan kung bakit sila sumapi sa Simbahan; kung bakit sila nanatiling lubos na tapat at aktibo sa pamumuhay sa mga pamantayan ng ebanghelyo at tinulungan ang iba sa pamamagitan ng tapat at sagradong paglilingkod; at kung paanong ang Simbahan ay naging “isang lugar para sa espirituwal na pangangalaga at pag-unlad”⁹ sa kanilang buhay.

Itinuro ni Joseph Smith ang mahalagang katotohanang ito: “Ang mga pangunahing alituntunin ng ating relihiyon [ay] ang patotoo ng mga apostol

at propeta tungkol kay Jesucristo, na ‘Siya’y namatay, inilibing, at muling nagbangon sa ikatlong araw, at umakyat sa langit;’ at lahat ng iba pang bagay ay mga kalakip lamang nito, patungkol sa ating relihiyon.”¹⁰

Kung mananatili tayong nakatuon sa Panginoon, pangangakuan tayo ng walang katulad na pagpapala: “Kaya nga, kinakailangan kayong magpatuloy sa paglakad nang may katatagan kay Cristo, na may ganap na kaliwanagan ng pag-asa, at pag-ibig sa Diyos at sa lahat ng tao. Samakatwid, kung kayo ay magpapatuloy, nagpapakabusog sa salita ni Cristo, at magtitiis hanggang wakas, masdan, ganito ang wika ng Ama: Kayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan.”¹¹

Kung minsan nagsisimulang magtuon ang matatapat na Banal sa mga Huling Araw at tapat na mga investigator sa “mga kalakip” na alituntunin sa halip na sa mga pangunahing alituntunin. Ibig sabihin, tinutukso tayo ni Satanas upang malihis mula sa simple at malinaw na mensahe ng ipinang-balik na ebanghelyo. Yaong mga nalihis ay madalas tumigil sa pakikibahagi ng sakramento dahil sila ay natuon, at naging abala, sa di-gaanong mahalagang mga gawain o turo.

Ang iba ay maaaring magtuon sa mga tanong at pag-alinlanganan ang nadama nila. Mangyari pa, ang pagkakaroon ng mga tanong at pag-aalinlangan ay hindi angkop sa tapat na pagkadisipulo. Kamakailan, ipinahayag ng Kapulungan ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol: “Nauunawaan namin na paminsan-minsan ay magtatanong ang mga miyembro ng Simbahan tungkol sa doktrina, kasaysayan, o gawain ng Simbahan. Ang mga miyembro ay laging malayang itanong ang mga iyon at taimtim na maghangad na higit na makaunawa.”¹²

Alalahanin, si Joseph Smith mismo ay nagkaroon ng mga tanong na nagpasimula sa Pagpapanumbalik. Naghangad siya ng katotohanan at, tulad ni Abraham, natagpuan niya ang mga sagot sa pinakamahahalagang tanong sa buhay.



Ang mahahalagang tanong ay naka-tuon sa pinakamahalaga—ang plano ng Ama sa Langit at ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Dapat tayong akayin ng ating paghahanap na maging mabait, magiliw, mapagmahal, mapagpatawad, mapagpasensya, at tapat na mga disipulo. Kailangan ay handa tayo, tulad ng itinuro ni Pablo, na “[dalhin ang] mga pasanin ng isa’t isa, at tuparin ninyong gayon ang kautusan ni Cristo.”¹³

Ang dalhin ang mga pasanin ng isa’t isa ay kinabibilangan ng pagtu-long, pagsuporta, at pag-unawa sa lahat, pati na sa maysakit, mahina, may kapansanan, aba sa espiritu at kawalan, naghahanap ng katotohanan at naguguluhan, at maging ang iba pang mga miyembrong disipulo—kabilang na ang mga pinuno ng Simbahan na tinawag ng Panginoon na maglingkod sa maikling panahon.

Mga kapatid, manatili sa bangka, gamitin ang inyong life jacket, ikapit nang mahigpit ang inyong dalawang kamay. Iwasan ang mga bagay na nakagagambala! At kung mahulog ang sinuman sa inyo mula sa bangka, amin kayong hahanapin, makikita, at paglilingkuran at hihilahin nang ligtas pabalik sa Minamahal na Barko ng Sion, kung saan ang ating Diyos Ama at ang Panginoong Jesucristo ang namamahala at gagabayan tayo sa tama, na pinatotohanan ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* (1997), 94.
2. Brigham Young, “Discourse,” *Deseret News*, Ene. 27, 1858, 373.
3. Brigham Young, “Remarks,” *Deseret News*, Nob. 18, 1857, 291.
4. Alma 5:26.
5. M. Russell Ballard, “Mission Leadership” (mensaheng ibinigay sa seminar para sa mga bagong mission president, Hunyo 25, 2014), 8.
6. M. Russell Ballard, “Mapanatag at Malaman na Ako ang Diyos,” (Church Educational System devotional, Mayo 4, 2014); lds.org/broadcasts.
7. Alma 17:2.
8. Alma 17:3.
9. Lihang ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol, Hunyo 28, 2014.
10. Joseph Smith, *Elders’ Journal*, Hulyo 1838, 44.
11. 2 Nephi 31:20.
12. Lihang ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawang Apostol, Hunyo 28, 2014.
13. Mga Taga Galacia 6:2.



Ni Elder Richard G. Scott

Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Unahin Ninyong Manampalataya

Sa kabila ng lahat ng mahihirap na hamon sa ating buhay, kailangan nating gumugol ng panahon na masigasig na manampalataya.

Noong si Adan at si Eva ay nasa Halamanan ng Eden, lahat ng kanilang kakainin sa araw-araw ay saganang ibinigay sa kanila. Wala silang mga paghihirap, hamon, o pasakit. Dahil hindi pa sila nakaranas ng mahihirap na sandali, hindi nila alam na maaari silang maging maligaya. Hindi pa sila nakadama ng kaligaligan, kaya hindi sila nakadama ng kapayapaan.

Kalaunan ay lumabag sina Adan at Eva sa utos na huwag kumain ng bunga ng punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. Sa paggawa nito wala na sila sa kalagayan ng kawalang-muwang. Nagsimula silang makaranas ng mga oposisyon. Nagsimula silang makaranas ng sakit na nagpahina sa kanilang kalusugan. Nagsimula silang nakadama ng kalungkutan pati na ng kagalakan.

Dahil sa pagkain nina Adan at Eva ng ipinagbawal na bunga, ang kaa-laman tungkol sa mabuti at masama ay napasimulan sa mundo. Dahil sa pagpili nila naging posibleng pumarito ang bawat isa sa atin sa daigdig na ito upang subukan at patunayan.¹ Biniya-yaan tayo ng kalayaan, ang kakayahan nating gumawa ng mga desisyon at

panagutan ang mga desisyong iyon. Ginawang posible ng Pagkahulog na makadama tayo kapwa ng kaligayahan at kalungkutan sa buhay. Nau-unawaan natin ang kapayapaan dahil nakadarama tayo ng kaligaligan.²

Alam ng Ating Ama sa Langit na mangyayari ito sa atin. Lahat ng ito ay bahagi ng Kanyang perpektong plano ng kaligayahan. Naghanda siya ng daan sa pamamagitan ng buhay ng Kanyang ganap na masunuring Anak na si Jesucristo, ang ating Tagapagligtas, upang madaig ng Kanyang Pagbabayad-sala ang bawat paghihirap na maaari nating maranasan sa mortalidad.

Nabubuhay tayo sa mga panahon ng pagsubok. Hindi ko na kailangang isa-isahin pa ang lahat ng pinagmulan ng kasamaan sa mundo. Hindi na kailangan pang ilarawan ang lahat ng posibleng hamon at dalamhati na bahagi ng buhay na ito. Bawat isa sa atin ay dama at batid ang sarili nating mga paghihirap sa tukso, pasakit, at kalungkutan.

Itinuro sa atin sa premortal na daigdig na ang ating layunin sa pagparito ay upang mapatunayan,

masubukan, at magtiis.³ Alam natin na mahaharap tayo sa mga kasamaan ng kaaway. Kung minsan maaaring mas mamalayan natin ang mga negatibong bagay sa buhay na ito kaysa mga positibo. Itinuro ng propetang si Lehi, “Sapagkat talagang kinakailangan, na may pagsalungat sa lahat ng bagay.”⁴ Sa kabila ng lahat ng mahihirap na hamon sa ating buhay, kailangan nating gumugol ng panahon na masigasig na manampalataya. Ang gayong pagsampalataya ay nag-aanyaya ng positibo at puno ng pananampalatayang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa ating buhay.

Binigyan tayo ng Ating Ama sa Langit ng mga kasangkapan upang tulungan tayong lumapit kay Cristo at sumampalataya sa Kanyang Pagbabayad-sala. Kapag ang mga kasangkapang ito ay naging pangunahing pag-uugali, ito ang pinakamadaling paraan para magkaroon ng kapayapaan sa mga hamon ng buhay. Ngayon naipasiya kong talakayin ang apat sa mga kasangkapang ito. Habang nagsasalita ako, isiping suriin ang personal na paggamit ninyo ng bawat kasangkapan; pagkatapos ay hangarin ang patnubay ng Panginoon para malaman kung paano ninyo higit na mapapakinabangan ang bawat isa sa mga ito.

Panalangin

Ang unang kasangkapan ay panalangin. Magpasiyang kausapin nang madalas ang inyong Ama sa Langit. Mag-ukol ng oras araw-araw na ibahagi sa Kanya ang naiisip at nararamdaman ninyo. Sabihin sa Kanya ang lahat ng problema ninyo. Interesado Siya sa pinakamahalaga pati na sa pinaka-karaniwang mga aspeto ng inyong buhay. Ibahagi sa Kanya ang buong damdamin at karanasan ninyo.

Dahil iginagalang Niya ang inyong kalayaan, hindi kayo kailanman pipilitin ng Ama sa Langit na manalangin sa Kanya. Ngunit kapag ginamit ninyo ang kalayaang iyan at isinama ninyo Siya sa lahat ng aspeto ng inyong buhay araw-araw, ang inyong puso ay magsisimulang mapuspos ng sigla ng kapayapaan. Ang kapayapaang iyan ay magtutuon ng walang-hanggang



liwanag sa inyong mga pagpapakasakit. Tutulungan kayo nitong harapin ang mga hamong iyon nang may walang-hanggang pananaw.

Mga magulang, tumulong na protektahan ang inyong mga anak sa umaga at gabi sa pagbibigay sa kanila ng sandata ng kapangyarihan ng panalangin ng pamilya. Ang mga bata ay nalalantad araw-araw sa mga kasamaan ng pagnanasa, kasakiman, kapalaluan, at napakaraming iba pang makasalanang pag-uugali. Protektahan ang inyong mga anak mula sa araw-araw na mga makamundong impluwensya sa pamamagitan ng pagpapatibay sa kanila gamit ang makapangyarihang mga pagpapalang nagmumula sa panalangin ng pamilya. Ang panalangin ng pamilya ay dapat ninyong unahin palagi sa inyong buhay araw-araw.

Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan

Ang pangalawang kasangkapan ay pag-aralan ang salita ng Diyos sa mga banal na kasulatan at sa mga salita ng mga buhay na propeta. Nakakausap natin ang Diyos sa pamamagitan ng panalangin. Kadalasan ay nakikipag-ugnayan Siya sa atin sa pamamagitan ng Kanyang nakasulat na salita. Para malaman kung ano ang tunog at pakiramdam ng marinig ang tinig

ng Diyos, basahin ang Kanyang mga salita, pag-aralan ang mga banal na kasulatan, at pagnilayan ang mga ito.⁵ Gawing mahalagang bahagi ito ng buhay araw-araw. Kung nais ninyong makilala, maunawaan, at sundin ng inyong mga anak ang mga pahiwatig ng Espiritu, dapat ninyong pag-aralan ang mga banal na kasulatan na kasama sila.

Huwag magpadala sa kasinungalingan ni Satanas na wala kayong oras na pag-aralan ang mga banal na kasulatan. Magpasiyang gumugol ng oras na pag-aralan ito. Ang pagpapakabusog sa salita ng Diyos bawat araw ay mas mahalaga kaysa pagtulog, pag-aaral, pagtatrabaho, mga palabas sa telebisyon, video games, o social media. Maaari ninyong kailanganin na muling ayusin ang inyong mga prayoridad para makapaglaan ng oras sa pag-aaral ng salita ng Diyos. Kung gayon, gawin ito!

Maraming pangako ang propeta tungkol sa mga pagpapalang hatid ng araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan.⁶

Idinaragdag ko ang aking tinig sa pangakong ito: kapag naglaan kayo ng oras araw-araw, nang personal at kasama ang inyong pamilya, sa pag-aaral ng salita ng Diyos, mananaig ang

kapayapaan sa inyong buhay. Ang kapayapaang iyan ay hindi magmumula sa labas. Magmumula iyan sa inyong tahanan, sa loob ng inyong pamilya, sa sarili ninyong puso. Ito ay magiging isang kaloob ng Espiritu. Mababanaag ito sa inyo upang makaimpluwensya sa mga ibang nakapaligid sa inyo. May gagawin kayong isang napakahalagang bagay na magdaragdag sa kabuuang kapayapaan sa mundo.

Hindi ko sinasabing mawawalan na kayo ng mga hamon sa buhay. Alalahanin na noong sina Adan at Eva ay nasa halamanan, walang mga hamon sa kanilang buhay, ngunit hindi sila nakadama ng kaligayahan, galak, at kapayapaan.⁷ Ang mga hamon ay mahalagang bahagi ng mortalidad. Sa araw-araw at patuloy na pag-aaral ng mga banal na kasulatan, makasusumpung kayo ng kapayapaan sa kaligaligang nakapaligid sa inyo at ng lakas na labanan ang mga tukso. Magkakaroon kayo ng malakas na pananampalataya sa biyaya ng Diyos at malalaman ninyo na sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay maitatama ang lahat ayon sa takdang panahon ng Diyos.

Family Home Evening

Habang sinisikap ninyong mapatatag ang inyong pamilya at magkaroon ng kapayapaan, alalahanin ang pangatlong kasangkapang ito: lingguhang family home evening. Iwasang magdaos ng family home evening

dahil lang sa hindi na kayo abala sa araw na iyon. Magpasiya na tuwing Lunes ng gabi ay magkasama-sama ang inyong pamilya sa bahay. Huwag hayaang maging mas mahalaga ang trabaho, isports, extracurricular activities, takdang-aralin, o anupaman kaysa sa oras na ginugugol ninyo sa bahay sa piling ng inyong pamilya.

Ang mga ginagawa ninyo sa gabi ay hindi kasinghalaga ng oras na inilaan ninyo rito. Ang ebanghelyo ay dapat ituro kapwa sa pormal at impormal na paraan. Gawin itong makabuluhang karanasan para sa bawat miyembro ng pamilya. Ang family home evening ay mahalagang oras para magpatotoo sa isang ligtas na kapaligiran; para matutong magturo, magplano, at mag-organisa; para patatagin ang ugnayan ng pamilya; para magkaroon ng mga tradisyon sa pamilya; para mag-usap-usap; at ang mas mahalaga, para sama-samang magsaya!

Sa kumperensya noong Abril, hayaang sinabi ni Sister Linda S. Reeves: “Dapat akong magpatotoo tungkol sa mga pagpapala ng araw-araw na pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagdarasal at family home evening linggu-linggo, Ang mga kaugaliang ito mismo ang tumutulong para maalis ang pagkabalisa, nagbibigay ng patnubay sa ating buhay, at nagdaragdag ng proteksyon sa ating mga tahanan.”⁸ Si Sister Reeves ay isang napakatalinong babae. Lubos ko kayong hinihimok

na magtamo ng sariling patotoo sa tatlong mahalagang gawaing ito.

Pagdalo sa Templo

Ang ikaapat na kasangkapan ay makapasok sa templo. Alam nating lahat na wala nang mas payapang lugar sa daigdig na ito maliban sa mga templo ng Diyos. Kung wala kayong temple recommend, maging karapat-dapat na makakuha nito. Kapag may recommend na kayo, gamitin ito nang madalas.⁹ Magtakda ng regular na oras para sa pagpasok sa templo. Huwag hayaang hadlangan kayo ng sinuman o anuman na makapunta roon.

Habang kayo ay nasa templo, pakinggan ninyo ang mga salita ng mga ordenansa, pagnilayan ang mga ito, ipagdasal ito, at hangaring maunawaan ang kahulugan nito. Ang templo ay isa sa pinakamagandang lugar para maunawaan ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Hanapin *Siya* roon. Alalahanin na mas marami pang pagpapala ang nagmumula sa paglalaan ng sarili ninyong pangalan ng pamilya sa templo.

Ang apat na kasangkapang ito ay mahahalagang kaugalian para makamantan ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa inyong buhay. Alalahanin na ang ating Tagapagligtas ang Prinsipe ng Kapayapaan. Ang kapayapaan sa buhay na ito ay nagmumula sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Kapag patuloy tayong nagdarasal sa umaga at sa gabi, nag-aaral ng ating mga banal na kasulatan araw-araw, nagkakaroon ng lingguhang family home evening, at dumadalo sa templo nang regular, tayo ay masigasig na tumutugon sa Kanyang paanyaya na “lumapit sa Kanya.” Habang lalo nating nakakagawian ito, mas tunitindi ang hangad ni Satanas na ipahamak tayo ngunit humihina ang kanyang kakayahang gawin ito. Sa paggamit ng mga kasangkapang ito, nagagamit natin ang ating kalayaang tanggapin ang buong kaloob ng Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.

Hindi ko sinasabi na lahat ng pakikibaka sa buhay ay mawawala kapag ginawa ninyo ang mga bagay



Cuauhtémoc, Mexico

na ito. Isinilang tayo sa mundo para umunlad mismo mula sa mga pag-subok. Ang mga hamon sa buhay ay tumutulong sa atin na maging mas katulad ng ating Ama sa Langit, at ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nagtutulong sa atin na makayanan ang mga hamong iyon.¹⁰ Pinatotohanan ko na kapag tayo ay masigasig na lumapit sa Kanya, makakayanan natin ang bawat tukso, bawat dalamhati, at bawat hamon na kinakaharap natin, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



MGA TALA:

1. Tingnan sa Moises 5:11.
2. Tingnan sa Moises 4–5.
3. Tingnan sa Abraham 3:25.
4. 2 Nephi 2:11.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 18:36; tingnan din sa mga talata 34–35.
6. Kabilang sa ilang halimbawa ang:
Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson: “Kapag binasa at pinagnilayan natin ang mga banal na kasulatan, madarama natin ang magiliw na mga bulong ng Espiritu sa ating mga kaluluwa. Mahahanap natin ang mga sagot sa ating mga katanungan. Nalalaman natin ang mga pagpapalang dumaring sa pagsunod sa mga utos ng Diyos. Nagkakaroon tayo ng tiyak na patotoo tungkol sa ating Ama sa Langit at sa ating Tagapagligtas na si Jesucristo, at sa Kaniyang pagmamahal sa atin. Kapag hinaluan natin ng panalangin ang pag-aaral ng banal na kasulatan, tiyak na malalaman natin na ang ebanghelyo ni Jesucristo ay totoo. . . . Kapag naaalala natin ang panalangin at nag-uukol tayo ng oras na bumaling sa mga banal na kasulatan, ang ating buhay ay lalo pang pagpapalain at ang ating mga pasanin ay pagagaanin.” (“Hindi Tayo Kailanman Nag-iisa,” *Liahona*, Nob. 2013, 122).

Sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley: “Walang alinlangan na ipinangako ko sa inyo na kung susundin ng bawat isa sa inyo ang simpleng programang ito, kahit ilang beses na ninyong nabasa ang Aklat ni Mormon, darating sa inyong buhay at sa inyong tahanan ang Espiritu ng Panginoon, na lalong magpapalakas sa paninindigan ninyong sundin ang Kanyang mga utos, at lalong magpapatatag sa patotoo na tunay na buhay ang Anak ng Diyos” (“Isang Patotoong Buhay na Buhay at Tunay” *Liahona*, Ago. 2005, 6).

Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter: “Ang mag-anak ay labis na pinagpapala kapag tinitipon ng matatalinong ama at ina ang kanilang mga anak sa paligid nila para sama-samang magbasa mula sa mga pahina ng banal na kasulatan, at pagkatapos ay tatalakayin nang malaya ang magagandang kuwento at ideya ayon sa pagkaunawa ng lahat. Ang kabataan at ang mga musmos ay madalas magkaroon ng kamanghamanghang ideya at pagpapahalaga sa mga pangunahing literatura ng relihiyon” (“Reading the Scriptures,” *Ensign*, Nob. 1979, 64).

Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson: “Madalas ay pinagsisikapan nating dagdagan ang mga aktibidad sa ating mga stake. Nagsusumigasig tayong itaas ang porsiyento ng mga dumadalo sa mga sacrament meeting. Nagpapakapagod tayong itaas ang porsiyento ng mga binata nating nasa misyon. Nagpupunyagi tayong maragdagan ang bilang ng mga nagpapakasal sa templo. Lahat ng ito ay kapuri-puring mga pagsisikap at mahalaga sa pag-unlad ng kaharian. Ngunit kapag abala ang bawat miyembro at pamilya sa regular at patuloy na pagbabasa ng mga banal na kasulatan, likas na darating ang iba pang mga aktibidad na ito. Lalago ang mga patotoo. Magiging mas tapat ang pangako. Titibay ang mga pamilya. Dadaloy ang personal na paghahayag” (“The Power of the Word,” *Ensign*, Mayo 1986, 81).

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: “Natuklasan ko na kapag nagiging mababaw ang pakikipag-ugnayan ko sa kabanalan at kapag tila walang banal na taingang nakikinig at walang banal na tinig na nagsasalita, na napakalayo ko na. Kapag ibinubuhos kong muli ang sarili ko sa mga banal na kasulatan, kumikitid ang agwat at nagbabalik muli ang espirituwalidad. Natagpuan ko ang sarili ko na mas lalong nagmamahal sa mga dapat kong mahal nang buong puso at isipan at lakas, at sa higit na pagmamahal ko sa kanila, nagiging mas madali para sa akin ang sumunod sa mga payo nila” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Spencer W. Kimball* [2006], 83).

Sabi ni Pangulong Marion G. Romney: “Natitiyak ko na kung mapanalangin at regular na babasahin ng mga magulang, sa ating mga tahanan, ang Aklat ni Mormon kapwa nang sarilinan at nang kasama ang kanilang mga anak, mapapasating mga tahanan at sa lahat ng nakatira doon ang diwa ng aklat na iyon. Madaragdagan ang pagpipitagan; mag-iibayo ang paggalang at pag-unawa sa isa’t isa. Maglalaho ang pagtatalo. Papayuhan ng mga magulang ang kanilang mga anak nang may higit na pagmamahal at karunungan. Ang mga anak ay higit na tutugon at susunod sa payo ng kanilang mga magulang. Mag-iibayo ang kabutihan. Ang pananampalataya, pag-asa, at pag-ibig—ang dalisay na pag-ibig ni Cristo—ay mananagana sa ating tahanan at buhay, maghahatid ng kapayapaan, galak, at kaligayahan” (“The Book of Mormon,” *Ensign*, Mayo 1980, 67).

Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer: “Ang tunay na doktrina, kapag naunawaan, ay nagpapabago ng asal at pag-uugali. Ang pag-aaral ng mga doktrina ng ebanghelyo ay mas mabilis na makapagpapabuti sa pag-uugali kaysa sa mismong pag-aaral ng pag-uugali” (“Huwag Matakot,” *Liahona*, Mayo 2004, 79).

Sinabi ni Elder David A. Bednar: “Bawat panalangin ng pamilya, bawat pag-aaral ng banal na kasulatan, at bawat family home evening ay isang hagod ng pinsel sa canvas ng ating kaluluwa. Walang iisang pangyayari na magmumukhang kaakit-akit para hangaan nang husto o manatili sa alala. Ngunit tulad ng mga hagod ng pinturang dilaw at ginto at brown na bumagay sa isa’t isa at lumikha ng kahanga-hangang obra-maestra, gayundin hahantong sa makabuluhang espirituwal na mga bunga ang palagian nating paggawa ng tila maliit na bagay” (“Mas Masigasig at Mapagmalasakit sa Tahanan,” *Liahona*, Nob. 2009, 19–20).

7. Tingnan sa 2 Nephi 2:13.
8. Linda S. Reeves, “Proteksyon Laban sa Pornograpiya—Tahanang Nakatuon kay Cristo,” *Liahona*, Mayo 2014, 16–17.
9. Sinabi ni Pangulong Howard W. Hunter: “Sa espiritung iyan ko inaanyayahan ang mga Banal sa mga Huling Araw na asamin ang templo ng Panginoon bilang dakilang simbolo ng pagiging miyembro ninyo. Pinakamarubdob na hangarin ng puso ko ang maging karapat-dapat ang bawat miyembro ng Simbahan na pumasok sa templo. Malulugod ang Panginoon kung bawat miyembrong nasa hustong gulang ay maging karapat-dapat sa—at magkaroon ng—current temple recommend. Ang mga bagay na dapat at hindi natin dapat gawin para maging karapat-dapat sa temple recommend ang mismong mga bagay na titiyak na tayo ay magiging maligaya bilang mga indibiduwal at pamilya. Maging mga tao nga tayong mapagdalo sa templo. Dumalo sa templo nang madalas kung ipahihintulot ng ating mga personal na sitwasyon. Maglagay ng larawan ng templo sa bahay ninyo nang makita ito ng inyong mga anak. Ituro sa kanila ang mga layunin ng bahay ng Panginoon. Pagplanuhin sila habang bata pa na makapunta room at manatiling marapat sa pagpapalang iyon” (“Exceeding Great and Precious Promises,” *Ensign*, Nob. 1994, 8).
10. Tingnan sa 2 Nephi 2:2.



Ni Elder Carlos A. Godoy
Ng Pitumpu

May Plano ang Panginoon para sa Atin!

Kung ipagpapatuloy natin ang uri ng pamumuhay natin sa kasalukuyan, matutupad kaya ang mga ipinangakong pagpapala?

Napakalaking pribilehiyo ang maging bahagi ng makasaysayang sandaling ito na maaaring piliin ng mga tagapagsalita sa pangkalahatang kumperensya na magsalita sa sarili nilang wika. Nang huli akong magsalita sa pulpitong ito, nag-alala ako sa punto ko sa Ingles. Ngayon, nag-aalala naman ako sa bilis ng pag-sasalita ko sa Portuges. Ayaw kong magsalita nang mas mabilis kaysa sa mga subtitle.

Naranasan na o mararanasan pa lamang nating lahat ang paggawa ng malaking desisyon sa ating buhay. Dapat ko bang ituloy ang propesyong ito o ang isang iyon? Dapat ba akong magmisyon? Siya ba ang taong dapat kong pakasalan?

Ito ay mga sitwasyon sa iba't ibang aspeto ng ating buhay kung saan ang maliit na pagbabago ng direksyon ay maaaring magkaroon ng mahahalagang bunga sa hinaharap. Sa mga salita ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf: “Sa maraming taon ng

paglilingkod sa Panginoon . . . , natutuhan ko na ang kaligayahan at kalungkutan sa bawat tao, sa buhay may-asawa, at sa pamilya ay kadalang nangyayari dahil lamang sa maliliit na bagay” (“Dahil Lamang sa Kaunting Paglihis,” *Liahona*, Mayo 2008, 58).



Paano kaya natin maiiwasan ang maliliit na pagkakamaling ito?

Gagamit ako ng sariling karanasan sa paglalarawan ng aking mensahe.

Sa pagtatapos ng 1980s, ang aming pamilya ay binubuo ng aking asawang si Mônica, dalawa sa apat naming anak, at ako. Nakatira kami noon sa São Paulo, Brazil, nagtatrabaho ako sa isang magandang kumpanya, nakatapos na ako sa kolehiyo, at kare-release ko lang bilang bishop ng ward na kinabilangan namin. Maganda ang takbo ng buhay, at lahat ay tila siyang nararapat—hanggang sa isang araw ay binisita kami ng isang dati na naming kaibigan.

Nang papaalis na siya, mayroon siyang sinabi at itinanong na nagpabago sa aking mga pananaw. Sabi niya, “Carlos, tila maayos ang lahat sa iyo, sa pamilya mo, sa propesyon mo, at sa paglilingkod mo sa Simbahan, pero—” at saka niya itinanong, “kung patuloy kang mamumuhay nang ganito, matutupad kaya ang mga pagpapalang ipinangako sa patriarchal blessing mo?”

Hinding-hindi ko naisip ang patriarchal blessing ko sa ganitong paraan. Binabasa ko ito paminsan-minsan pero kahit kailan ay hindi ko inasam ang mga pagpapalang ipinangako sa hinaharap at hindi sinuri kung paano ako namumuhay sa kasalukuyan.

Pagkaalis niya, nagtuon ako sa aking patriarchal blessing, na iniisip na, “Kung patuloy kaming mamumuhay nang ganito, matutupad kaya ang mga ipinangakong pagpapala?” Matapos ang kaunting paghinay, pakiramdam ko ay may ilang kailangang baguhin, lalo na sa pag-aaral at propesyon ko.

Hindi iyon isang desisyon sa pagitan ng tama at mali kundi sa pagitan ng maganda at mas maganda, tulad ng itinuro sa atin ni Elder Dallin H. Oaks nang sabihin niyang: “Habang iniisip natin ang iba't ibang pagpipilian, dapat nating tandaan na hindi sapat na maganda ang isang bagay. Ang ibang mga pagpipilian ay mas maganda, at may iba pang pinakamaganda” (“Maganda, Mas Maganda, Pinakamaganda,” *Liahona*, Nob. 2007, 105).



Paano natin ngayon matitiyak na ginagawa natin ang pinakamagandang desisyon?

Narito ang ilang alituntuning natutuhan ko.

Unang Alituntunin: Kailangan Nating Isaalang-alang ang Ating mga Opsiyon na Isinasaisip ang Mithiin

Ang paggawa ng mga desisyong makakaapekto sa buhay natin at ng mga mahal natin nang hindi iniisip ang mas malawak na kahihinatnan nito ay maaaring magdulot ng ilang panganib. Gayunman, kung iisipin natin ang maaaring ibunga ng mga desisyong ito sa hinaharap, makikita natin nang mas malinaw ang pinakamagandang landas na tatahakin sa ngayon.

Ang pagkaunawa kung sino tayo, bakit tayo narito, at ano ang inaasahan sa atin ng Panginoon sa buhay na ito ay magbibigay sa atin ng mas malawak na pananaw na kailangan natin.

Makakakita tayo ng mga halimbawa sa mga banal na kasulatan kung saan ang pagkakaroon ng mas malawak na pananaw ay nagbibigay-linaw sa landas na dapat tahakin.

Nakausap ni Moises ang Panginoon nang harapan, nalaman ang plano ng kaligtasan, at sa gayon ay mas

naunawaan ang kanyang tungkulin bilang propeta ng pagtitipon ng Israel.

“At ang Diyos ay nangusap kay Moises, sinasabing: Masdan, ako ang Panginoong Diyos na Pinakamakapangyarihan. . . .

“ . . . At ipakikita ko sa iyo ang gawa ng aking mga kamay. . . .

“At ako ay may gawain para sa iyo, Moises, aking anak” (Moises 1:3–4, 6).

Sa pagkaunawang ito, natiis ni Moises ang maraming taon na puno ng hirap sa disyerto at inakay ang Israel pabalik sa bayan nito.

Si Lehi, ang dakilang propeta sa Aklat ni Mormon, ay nanaginip, at sa kanyang mga pangitain ay nalaman niya ang kanyang misyon na akayin ang kanyang pamilya patungo sa isang lupang pangako.

“At ito ay nangyari na, na inutusan ng Panginoon ang aking ama, maging sa isang panaginip, na nararapat niyang ipagsama ang kanyang mag-anak at lumisan patungo sa ilang.

“ . . . At iniwan niya ang kanyang tahanan, at ang lupaing kanyang mana, at ang kanyang ginto, at ang kanyang pilak, at ang kanyang mahahalagang bagay” (1 Nephi 2:2, 4).

Nanatiling tapat si Lehi sa pangitain ito sa kabila ng hirap sa paglalakbay at pangangailangang iwanan ang maginhawang buhay sa Jerusalem.

Si Propetang Joseph Smith ay isa pang dakilang halimbawa. Sa maraming paghahayag, simula sa Unang Pangitain, natapos niya ang kanyang misyon na ipanumbalik ang lahat ng bagay (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:1–26).

At paano kaya tayo? Ano ang inaasahan ng Panginoon sa bawat isa sa atin?

Hindi natin kailangang makakita ng anghel para makaunawa. Mayroon tayong mga banal na kasulatan, templo, mga buhay na propeta, mga patriarchal blessing, mga inspiradong lider, at, higit sa lahat, may karapatan tayong tumanggap ng personal na paghahayag na gagabay sa ating mga desisyon.

Pangalawang Alituntunin: Kailangan Nating Maging Handa para sa mga Hamon na Darating

Ang pinakamagandang landas sa buhay ay bihirang maging pinakamadali. Kadalasan, kabaligtaran iyon. Maaari nating tularan ang halimbawa ng mga propetang nabanggit ko.

Hindi naging madali ang paglalakbay nina Moises, Lehi, at Joseph Smith kahit tama ang kanilang mga desisyon.

Handa ba tayong tanggapan ang bunga ng ating mga desisyon? Handa ba tayong iwanan ang ating



maginhawang buhay para makarating sa mas magandang lugar?

Babalikan ko ang tungkol sa aking patriarchal blessing, naipasiya ko noong panahong iyon na dapat kong hangaring mag-aral pa at mag-aplay ng scholarship sa isang American university. Kung mapipili ako, kailangan kong magbitiw sa trabaho, ibebenta ang lahat ng gamit namin, at maninirahan sa Estados Unidos bilang iskolar nang dalawang taon.

Ang mga test na tulad ng TOEFL at GMAT ang unang mga hamon na kailangang malagpasan. Kinailangan ang tatlong mahahabang taon ng paghahanda, maraming “hindi,” at ilang “siguro” bago ako natanggap sa isang unibersidad. Naaalala ko pa ang tawag sa telepono na natanggap ko sa pagtatapos ng ikatlong taon mula sa taong nag-aasikaso sa mga scholarship.

Sabi niya, “Carlos, may maganda at masamang balita ako sa iyo. Ang magandang balita ay kasama ka sa tatlong finalist sa taong ito.” Iisa lang ang bakanteng puwesto noon. “Ang masamang balita ay isa sa mga kandidato ay anak ng isang kilalang tao, ang isa naman ay anak din ng isa pang kilalang tao, at saka ikaw.”

Mabilis akong sumagot, “At ako . . . ako ay anak ng Diyos.”

Ang nakakatuwa, hindi isinaalang-alang ang katayuan ng magulang sa lupa sa pagdedesiyon, at natanggap ako sa taong iyon, noong 1992.

Tayo ay mga anak ng Makapangyarihang Diyos. Siya ang ating Ama, mahal Niya tayo, at may plano Siya para sa atin. Hindi tayo nabubuhay para lang magsayang ng oras, tumanda, at mamatay. Gusto ng Diyos na umunlad tayo at makamit natin ang ating potensyal.

Sa mga salita ni Pangulong Thomas S. Monson: “Bawat isa sa inyo, may-asawa o wala, anuman ang edad, ay may pagkakataong matuto at umunlad. Lawakan ang inyong kaalaman, kapwa intelektuwal at espirituwal, hanggang sa lubos ninyong makamit ang inyong banal na potensyal” (“The Mighty Strength of the Relief Society,” *Ensign*, Nob. 1997, 95).

Pangatlong Alituntunin: Kailangan Nating Ibahagi ang Pananaw na Ito sa mga Taong Mahal Natin

Maraming beses na tinangka ni Lehi na ipaunawa kina Laman at Lemuel ang kahalagahan ng pagbabagong ginagawa nila. Nagreklamo sila habang naglalakbay dahil ayaw nilang paniwalaan ang pangitain ng kanilang ama. Sa kabilang banda, hiniling ni Nephi sa Panginoon na

ipakita sa kanya ang nakita ng kanyang ama.

“At ito ay nangyari na, na ako, si Nephi, matapos na marinig ang lahat ng salita ng aking ama, hinggil sa mga bagay na nakita niya sa pangitain, . . . ako . . . ay nagnais ding aking makita, at marinig, at malaman ang mga bagay na ito, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo” (1 Nephi 10:17).

Sa pangitaing ito, hindi lang nadaig ni Nephi ang mga hamon ng paglalakbay kundi naakay rin niya ang kanyang pamilya noong kailangan na.

Kapag nagdesisyon tayong tahakin ang isang landas, malamang na maapektuhan ang mga taong mahal natin, at maramdaman din ng ilan ang mga resulta ng pasiyang ito. Mas mabuting makita nila ang nakikita natin at makiisa sa ating mga paniniwala. Hindi ito laging posible, ngunit kapag nangyari ito, mas madali ang paglalakbay.

Sa sariling karanasan na ginamit ko sa paglalarawan, walang-dudang kinailangan ko ang suporta ng asawa ko. Bata pa ang mga anak namin at wala pang gaanong masabi, ngunit mahalaga ang suporta ng asawa ko. Naaalala ko na, noong una, kinailangan naming pag-usapang mabuti ni Mônica ang pagbabago sa mga plano hanggang sa mapanatag siya at magtiwala. Dahil nagkaisa kami sa pananaw na ito, hindi lamang niya sinuportahan ang pagbabago kundi naging mahalagang bahagi rin siya sa tagumpay nito.

Alam ko na ang Panginoon ay may plano para sa atin sa buhay na ito. Kilala Niya tayo. Alam Niya ang pinakamainam para sa atin. Hindi dahil nasa ayos ang mga bagay-bagay ay hindi na natin dapat isipin paminsan-minsan kung mayroon pang mas maganda. Kung ipagpapatuloy natin ang uri ng pamumuhay natin sa kasalukuyan, matutupad kaya ang mga ipinangakong pagpapala?

Ang Diyos ay buhay. Siya ang ating Ama. Ang Tagapagligtas na si Jesucristo ay buhay, at alam ko na dahil sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo ay magkakaroon tayo ng lakas na madaig ang ating mga hamon sa araw-araw. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■



Ni Elder Allan F. Packer
Ng Pitumpu

Ang Aklat

Ang gawain sa family history at sa templo ay dapat maging regular na bahagi ng ating personal na pagsamba.

Noong 12-taong gulang ako na Boy Scout, nakatanggap ako ng isang regalo na magagamit ko sa Scouting. Isang maliit na palakol iyon na ang takip ay yari sa makapal na balat o katad! Nang sumunod na magdamagang hiking, gabi na nang makarating kami sa kampo, basa at giniginaw mula sa paglalakad sa daan na natabunan ng makapal na niyebe. Ang naisip ko lang ay gumawa ng malaking siga. Agad kong sinimulang sibakin ang isang natumbang puno gamit ang bago kong palakol. Habang nagsisibak ako, nainis ako dahil parang hindi ito makaputol nang husto. Sa inis ko, nilakasan ko pa ang pagsibak. Malungkot akong nagbalik

sa kampo dala ang ilang piraso lang ng kahoy. Sa liwanag ng siga ng iba, natuklasan ko ang problema. Hindi ko naalis ang takip ng palakol. Gayunman, ang masasabi ko lang, nagkagutay-gutay ang takip. Ang aral. Naging abala ako sa ibang bagay.

Sa patuloy nating pagsisikap tungo sa kadakilaan, dapat nating gawin ang lahat ng kinakailangan at hindi maging abala sa pagtutuo ng pansin sa isa o dalawang bagay lamang na kinakailangan o iba pang mga bagay na walang kaugnayan. Ang paghahanap sa kaharian ng Diyos ay humahantong sa kagalakan at kaligayahan.¹ Kung kinakailangan, dapat handa tayong *magbago*. Ang madalas at maliliit na

pagwawasto ay di-gaanong masakit at nakaliligalig kaysa sa malalaking pagwawasto.

Kailan lang, nagpunta kami ni Sister Packer sa ilang bansa. Inihanda namin ang aming mga pasaporte at iba pang mga dokumento. Nagpabakuna kami, nagpadoktor, kumuha ng mga visa, at pinatatakan ang mga ito. Pagdating namin, siniyasat ang mga dokumento namin, at nang matugunan ang lahat ng kinakailangan, pinayagan kaming pumasok.

Ang pagiging karapat-dapat sa kadakilaan ay tulad ng pagpasok sa ibang bansa. Dapat kamtin ng bawat isa sa atin ang ating espirituwal na pasaporte. Hindi tayo ang *nagtatakda* ng mga kinakailangan, ngunit, dapat matugunan ng bawat isa sa atin ang lahat ng ito. Ang plano ng kaligtasan ay naglalaman ng lahat ng doktrina, batas, kautusan, at ordenansa na kailangan ng *lahat* para maging marapat sa kadakilaan.² Sa gayon, “sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni [Jesucristo], ang buong sangkatauhan ay maaaring maligtas.”³ Tinutulungan tayo ng Simbahan ngunit hindi ito magagawa para sa atin. Ang maging marapat sa kadakilaan ay habang-buhay na pagsisikap.

Itinatag ni Cristo ang Kanyang Simbahan upang tulungan tayo. Siya ay tumawag ng 15 kalalakihan na sinang-ayunan natin bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag upang gabayan ang Simbahan at turuan ang mga tao. Ang Unang Panguluhan⁴ at ang Korum ng Labindalawang Apostol⁵ ay pantay sa kapangyarihan at karapatan,⁶ at ang senior na Apostol ang itinatalaga bilang Pangulo ng Simbahan. Ang Pitumpu ay tinatawag para tumulong.⁷ Ang mga lider ay hindi nagtatakda ng mga kinakailangan para sa kadakilaan. Ang Diyos ang nagtatakda! Ang mga lider na ito ay tinawag na magturo, magbigay-linaw, maghikayat, at *magbabala* upang manatili tayo sa tamang landas.⁸

Tulad ng ipinaliwanag sa handbook of instructions: “Para maisakatuparan ang layunin nitong tulungan ang mga tao at pamilya na maging marapat sa kadakilaan, nakatuon ang pansin ng Simbahan sa mga responsibilidad na



itinakda ng Diyos. Kabilang dito ang pagtulong sa mga miyembro na ipamuhay ang ebanghelyo ni Jesucristo, pagtipon sa Israel sa pamamagitan ng gawaing misyonero, pangangalaga sa mga maralita at nangangailangan, at pagtulong sa kaligtasan ng mga yumao sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga templo at pagsasagawa ng nakapagliliigtas na mga ordenansa.”⁹ Kinakailangan ang apat na ito at ang lahat ng iba pang mga batas, kautusan, at ordenansa at hindi ito opsiyonal. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa paggawa sa bawat isa sa mga ito, nadaragdagan ng kinakailangang tatak ang ating mga espirituwal na pasaporte.

Sa kumperensyang ito ay tinuturuan tayo tungkol sa mga pagbabago na tutulong sa ating lahat na maging mas handa.

Ang pamilya ang sentro sa plano ng kaligtasan kaya siguro tinawag din itong “dakilang plano ng kaligayahan.”¹⁰ Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer, “Ang pinakalayunin ng lahat ng ginagawa sa Simbahan ay na ang lalaki at kanyang asawa at kanilang mga anak ay maaaring maging maligaya sa tahanan.”¹¹

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, “Ang tagumpay ng bawat isa sa atin at ng buong Simbahan ay nakabatay sa kung gaano tayo katapat na nakatuon sa pamumuhay ng ebanghelyo sa tahanan.”¹² Ang gawain sa templo at family history ay bahagi ng pamumuhay ng ebanghelyo sa tahanan. Dapat ay mas aktibidad ito ng pamilya kaysa aktibidad ng Simbahan.

Muling binigyang-diin ang gawain sa family history at templo ng Unang Panguluhan at Korum ng Labindalawa.¹³ Ang tugon ninyo sa gawaing ito ay magpapaibayo sa kagalakan at kaligayahan ninyo at ng inyong pamilya.

Mula sa Doktrina at mga Tipan mababasa natin: “Ang dakilang araw ng Panginoon ay nalalapit na. . . . Tayo, samakatwid, bilang isang simbahan at mga tao, at bilang mga Banal sa mga Huling Araw, maghain sa Panginoon ng isang handog sa kabutihan; at ating ialay sa kanyang banal na templo, . . . ang isang aklat na naglalaman ng



mga talaan ng ating mga patay, na magiging karapat-dapat sa lahat ng pagtanggap.”¹⁴

Ang “aklat” na ito ay ihahanda gamit ang mga talaan ng mga pangalan at ordenansa sa FamilyTree database ng Simbahan.

Tinitingnan ko at dinaragdagan ang mga nakatala sa database na ito dahil gusto kong isama sa aklat ang mga pangalan ng lahat ng mahal ko. Hindi ba’t ginagawa rin ninyo ito?

Sinasabi sa Doktrina at mga Tipan bahagi 128, “Sapagkat tayo kung wala [ang ating mga ninuno] ay hindi magagawang ganap; ni sila kung wala tayo ay hindi magagawang ganap.”¹⁵

Ang family history ay higit pa sa genealogy, mga patakarán, pangalan, petsa, at lugar. Higit pa ito sa pagtuon ng pansin sa nakaraan. Kabilang din sa family history ang kasalukuyan habang lumilikha tayo ng sarili nating kasaysayan. Kabilang dito ang mga darating na panahon habang hinuhubog natin ang kasaysayan sa hinaharap sa pamamagitan ng ating mga inapo. Ang isang bata pang ina, halimbawa, na nagbabahagi ng mga kuwento

at larawan ng kanyang pamilya sa kanyang mga anak ay gumagawa ng gawain sa family history.

Tulad ng pakikibahagi sa sakramento, pagdalo sa mga pulong, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, at personal na pagdarasal, ang paggawa ng gawain sa family history at templo ay dapat na maging regular na bahagi ng ating pagsamba. Ang tugon ng ating mga kabataan at ng iba pa sa paanyaya ng propeta ay nagbibigay-inspirasyon at nagpapatunay na ang gawaing ito ay *maaari at dapat* gawin ng *lahat* ng miyembro *anuman* ang kanilang edad.

Tulad ng ipinaliwanag ni Elder Quentin L. Cook, “Mayroon na tayo [ngayong] doktrina, mga templo, at teknolohiya.”¹⁶ Ang paggawa ng gawain ngayon ay mas madali at kakaunting miyembro lamang ang inuuna ito. Ang gawain ay nangangailangan pa rin ng oras at sakripisyo, ngunit makakaya itong gawin ng *lahat*, at nang mas madali kumpara noong nakalipas na ilang taon.

Para matulungan ang mga miyembro, tinipon ng Simbahan ang mga rekord at naglaan ng mga kasangkapan

upang marami ang magawa sa ating sariling tahanan o sa ward at templo. Naalis na ang karamihan sa mga hadlang o balakid. *Anuman* ang inakala ninyo noon, iba na ngayon!

Gayunpaman, may isang hadlang na hindi maaalis ng Simbahan. Iyon ay ang pag-aatubili ng bawat isa na gawin ang gawain. Ang kailangan lang dito ay pagpapasiya at kaunting pagsisikap. Hindi ito nangangailangan ng malaking panahon. Ang kaunting oras lang na palagian ay magdudulot na ng galak sa gawain. Magdesisyon na kumilos, matuto at magpatulong sa iba. Tutulungan nila kayo! Ang mga pangalang nahanap ninyo at nadala sa templo ay magiging mga talaan para sa “aklat.”¹⁷

Bagama’t tumaas ang bilang ng mga miyembrong nakikilahok, natuklasan namin na kaunting miyembro lamang ang regular na nagsasaliksik at nagsasagawa ng mga ordenasa sa templo para sa kanilang pamilya.¹⁸ *Dapat nating baguhin ang ating mga prioridad ukol sa bagay na ito.* Huwag salungatin ang pagbabago, tanggapin ito! Ang pagbabago ay bahagi ng daki-lang plano ng kaligayahan.

Ang gawaing ito ay kailangang magawa, hindi para sa kapakanan ng Simbahan kundi para sa ating mga patay at sa ating sarili. Kailangan natin at ng ating yumaong mga ninuno ang mga tatak sa ating mga espirituwal na pasaporte.

Ang “pag-uugnay”¹⁹ ng ating mga pamilya sa lahat ng henerasyon ay mangyayari lamang sa mga templo sa pamamagitan ng ordenansa ng pagbubuklod. Simple lang ang mga hakbang: *maghanap lamang ng isang pangalan at dalhin ito sa templo.* Sa pagdaan ng mga araw matutulungan na rin ninyo ang iba na gawin ito.

Bagamat may iilang eksepsyon, lahat—*lahat*—ay makagagawa nito!

May kaakibat na pisikal na mga pagpapala ang gawaing ito. Maraming magulang at pinuno ang nag-aalala tungkol sa kasalukuyang kalagayan ng mundo at sa epekto nito sa pamilya at sa mga kabataan.

Inpinangako ni Elder David A. Bednar: “Inaanyayahan ko ang mga kabataan ng Simbahan na matutuhan

at maranasan ang Diwa ni Elias. . . . Ipinapangako ko na mapoprotektahan kayo laban sa tumitinding impluwensya ng kaaway. Sa pakikibahagi at pagmamahal ninyo sa banal na gawaing ito, kayo ay pangangalagaan sa inyong kabataan at [sa] habambuhay.”²⁰

Mga kapatid, panahon na upang alisin ang takip ng ating mga palakol at magtrabaho. Huwag nating ipagpalit ang kadakilaan natin o ang kadakilaan ng ating pamilya sa mga bagay na di-gaanong mahalaga.

Ito ang gawain ng Diyos, na gawin kapwa ng mga miyembro at di-miyembro, bata at matanda, lalaki at babae.

Magtatapos ako sa pagbanggit ng unang talata ng himno 324, na pinapalitan ang isang kataga:

*Magbangon, O [mga Banal] ng Diyos!
Ating ginawa’y di gaanong mahalaga.
Buong isipa’t lakas, puso’t kaluluwa,
Sa Hari ng mga Hari, paglilingkod
ay isagawa.*²¹

Si Jesucristo ang Hari! Nagpapatotoo ako sa Kanya sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa 2 Nephi 2:22–25; 9:18; Mosias 2:41.
2. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Plano ng Pagtubos”; scriptures.lds.org.
3. Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.
4. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:22.
5. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:23.
6. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:24.
7. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 107:25–26.

8. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Unang Panguluhan,” “Apostol,” “Pitumpu”; scriptures.lds.org.
9. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 2.2.
10. Alma 42:8.
11. Boyd K. Packer, “Ang Saksi,” *Liahona*, Mayo 2014, 95.
12. Spencer W. Kimball, “Living the Gospel in the Home,” *Ensign*, Mayo 1978, 101.
13. Tingnan sa Thomas S. Monson, “Pagpapabilis ng Gawain,” *Liahona*, Hunyo 2014, 4–5; Henry B. Eyring, “Ang Pangakong Babaling ang mga Puso,” *Liahona*, Hulyo 2014, 4–5; Russell M. Nelson, “It All Starts with Love” (video), lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/it-all-starts-with-love; Russell M. Nelson, “Adding ‘Family’ to Family History Work” (video), lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/adding-family-to-family-history-work; Russell M. Nelson, “Mga Henerasyong Nabigkis ng Pagmamahal,” *Liahona*, Mayo 2010, 91–94; Richard G. Scott, “Ang Kagalakan ng Pagtubos sa mga Patay,” *Liahona*, Nob. 2012, 93–95; Quentin L. Cook, “Mga Ugat at mga Sanga,” *Liahona*, Mayo 2014, 44–48; David A. Bednar, “Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob,” *Liahona*, Nob. 2011, 24–27; Neil L. Andersen, “A Classroom of Faith, Hope, and Charity” (mensahe sa Church Educational System religious educators), lds.org/broadcasts; Neil L. Andersen, “Find Our Cousins!” (mensahe sa RootsTech Family History Conference, Feb. 8, 2014), lds.org/prophets-and-apostles/unto-all-the-world/find-our-cousins.
14. Doktrina at mga Tipan 128:24.
15. Doktrina at mga Tipan 128:18.
16. Quentin L. Cook, *Liahona*, Mayo 2014, 47.
17. Doktrina at mga Tipan 128:24.
18. Tingnan sa Quentin L. Cook, *Liahona*, Mayo 2014, 47.
19. Doktrina at mga Tipan 128:18.
20. David A. Bednar, “Ang mga Puso ng mga Anak ay Magbabalik-loob,” *Liahona*, Nob. 2011, 26, 27.
21. “Rise Up, O Men of God,” *Hymns*, blg. 324.





Ni Elder Hugo E. Martinez
Ng Pitumpu

Ang Ating Personal na Paglilingkod

Ang pagmamahal kay Jesucristo ang dapat pumatnubay sa atin kung gusto nating malaman ang pangangailangan ng mga maaari nating matulungan.

Sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, tayo ay binibigyan ng pagkaka-taon at pagpapala na maglingkod. Simula nang maging miyembro ako, nakapaglingkod na ako sa maraming paraan. Gaya ng laging sinasabi ni Brother Udine Falabella, ama ni Elder Enrique R. Falabella, “Ang taong naglilingkod ay kapaki-pakinabang; ang hindi naglilingkod ay walang pakinabang.” Ito ang mga salitang dapat nating isaisip at isapuso.

Sa paghahangad ko ng patnubay sa aking paglilingkod, napapanatag ako kapag naaalala ko na nakatuon ang pansin ng Tagapagligtas sa bawat tao at pamilya. Ang Kanyang pagmamahal at malasakit sa bawat tao ay nagturo sa akin na kinikilala Niya ang kahalagahan ng bawat isa sa mga anak ng Ama sa Langit at na kinakailangang tiyakin natin na bawat tao ay napaglilingkuran at napapalakas sa pamamagitan ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Mababasa natin sa mga banal na kasulatan:

“Tandaan na ang kahalagahan ng mga kaluluwa ay dakila sa paningin ng Diyos; . . .

“At kung mangyayaring kayo ay gagawa nang *buo* ninyong panahon . . . at magdala, *kahit isang* kaluluwa sa akin, anong laki ng inyong kagalakang kasama niya sa kaharian ng aking Ama!”¹

Lahat ng kaluluwa ay mahalaga sa Diyos, dahil tayo ay Kanyang mga



anak at may potensyal tayo na maging tulad Niya.²

Ang ating pagmamahal kay Jesucristo ang dapat pumatnubay sa atin kung gusto nating malaman ang pangangailangan ng mga maaari nating matulungan. Ang mga turo ng ating Panginoong Jesucristo, ang nagtuturo sa atin ng daan. At diyang nagsisimula ang ating personal na paglilingkod: inaalang ang mga pangangailangan, at pagkatapos ay tinutugunan ang mga ito. Tulad ng sinabi ni Sister Linda K. Burton, Relief Society general president, “Magmasid muna at pagkatapos ay maglingkod.”³

Si Pangulong Thomas S. Monson ay mabuting halimbawa ng alituntuning ito. Noong Enero ng 2005, siya ang nangulo sa isang kumperensya sa pamumuno ng priesthood sa Puerto Rico nang ipakita niya kung paanong personal na naglingkod ang Tagapagligtas at ang Kanyang mga lingkod. Sa katapusan ng magandang pulong na iyon, sinimulang batiin ni Pangulong Monson ang lahat ng lider ng priesthood na naroon. Pagdaka’y napansin niya ang isa sa kanila na nagmamasid mula sa malayo, at nag-iisa.

Iniwang ni Pangulong Monson ang grupo at lumapit sa lalaki at kinausap ito. Madamdaming sinabi ni José R. Zayas sa kanya na himala ang paglapit niya kay José at sagot ito sa dasal nila ng kanyang asawang si Yolanda, bago nagsimula ang pulong. Sinabi niya kay Pangulong Monson na napakahina ng katawan ng kanyang anak at hawak niya ang liham ng kanyang asawa na gusto nitong ipabigay kay Pangulong Monson. Sinabi ni Brother Zayas sa kanyang asawa na imposible iyon dahil sobrang abala si Pangulong Monson. Nakinig si Pangulong Monson at hiningi ang liham, na binasa niya nang tahimik. At ibinulsa niya ito sa kanyang amerikana at sinabi kay Brother Zayas na siya na ang bahala sa kanilang kahilingan.

Sa paraang ito, ang pamilyang iyon ay napagpala ng Panginoong Jesucristo, sa pamamagitan ng Kanyang lingkod. Naniniwala ako na angkop sa atin ang mga salita ng Tagapagligtas sa talinghaga ng mabuting

Samaritano: “Humayo ka, at gayon din ang gawin mo.”⁴

Noong Setyembre 21, 1998, nana-
lasa ang Bagyong Georges sa Puerto
Rico, at malaking pinsala ang idinulot
nito. Si Sister Martínez, ang aming
limang anak, at ako ay nakaligtas sa
malakas na bagyo at hangin sa pama-
magitan ng paglagi sa aming tahanan.
Gayunman, dalawang linggong wa-
lang suplay ng tubig at kuryente.

Nang maubos ang suplay naming
tubig, nahirapan na kaming makakuha
pa nito. Hindi ko malilimutan ang
tulong ng kalalakihan na nagbigay ng
tubig sa amin, pati ang magiliw at ins-
piradong paglilingkod ng kababaihan.

Dumating si Germán Colón sa
aming bahay na may dalang mala-
king lalagyan ng tubig sakay ng isang
pickup truck. Sinabi niya sa amin na
ginawa niya iyon dahil, ayon sa kanya,
“Alam ko na may maliliit kang anak na
nangangailangan ng tubig.” Makaraan
ang ilang araw, ikinarga nina Brother
Noel Muñoz at Brother Herminio
Gómez ang tatlong malalaking tangke
ng tubig sa isang trak. Pumunta sila sa
aming bahay nang hindi inaasahan at
pinuno ng tubig ang lahat ng walang
lamang lalagyan, at inanyayahan din
ang aming mga kapitbahay na punuin
din ang mga lalagyan nila.

Ang aming mga dasal ay nasagot
sa kanilang personal na paglilingkod.
Nabakas sa mukha ng tatlong lalaking
iyon ang pagmamahal ni Jesucristo
para sa amin, at ang kanilang pag-
lilingkod—sa madaling salita, ang
kanilang personal na paglilingkod—
ay nagdala ng higit pa sa inuming
tubig sa aming buhay. Sa bawat anak
na lalaki o anak na babae ng Diyos,
mahalagang malaman nila na may
nagmamalasakit at nangangalaga sa
kanilang kapakanan.

Pinatototohanan ko sa inyo na
kilala ng Ama sa Langit at ng ating
Panginoong Jesucristo ang bawat isa
sa atin. Dahil diyan, inilaan Nila ang
kailangan natin upang magkaroon
tayo ng pagkakataon na maabot ang
ating banal na potensyal. Sa buhay
natin, naglalagay Sila ng mga taong
tutulong sa atin. Sa gayon, kapag
naging kasangkapan tayo sa Kanilang



mga kamay, mapaglilingkuran at
matutulungan natin ang mga taong
ipinaalam Nila sa atin sa pamamagitan
ng paghahayag.

Sa ganitong paraan, matutulungan
ng Panginoong Jesucristo ang lahat ng
anak ng Ama sa Langit. Titipunin ng
Mabuting Pastol ang lahat ng Kanyang
tupa. Gagawin Niya ito nang paisa-
isa kapag ginamit nila nang mabuti
ang kanilang kalayaan—pagkatapos
marinig ang tinig ng Kanyang mga
lingkod at matanggap ang kanilang
paglilingkod. Pagkatapos ay kani-
lang makikilala ang Kanyang tinig, at
kanilang susundin Siya. Ang gayong
personal na paglilingkod ay may
kaugnayan sa pagtupad ng ating mga
tipan sa binyag.

Gayon din, ang pagiging mabu-
ting halimbawa ng isang disipulo
ni Jesucristo ang pinakamainam na
unang maipapakita natin sa mga
taong babahaginan natin ng Kan-
yang ebanghelyo. Kapag binuksan
natin ang ating bibig at ibinahagi
ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni
Jesucristo, tayo ay nagiging “Kanyang
lingkod na pastol, na inatasang pa-
ngalagaan ang mga tupa ng Kanyang
pastulan at mga kordero ng Kanyang

kawan”⁵; tayo ay naging “mahihina at
. . . pangkaraniwang”⁶ “mga mama-
malakaya ng mga tao.”⁷

Ang ating serbisyo at personal na
paglilingkod ay hindi lamang sa mga
nabubuhay sa mundong ito. Maaari
din tayong maglingkod para sa mga
yumao—para sa mga nasa daigdig ng
espíritu na hindi nagkaroon ng pag-
kakataon sa kanilang mortal na buhay
na tanggapin ang mga nakapaglilig-
tas na ordenansa ng ebanghelyo ni
Jesucristo. Maaari din tayong magsulat
ng journal at ng kasaysayan ng ating
pamilya upang maibaling ang puso ng
mga buhay sa mga buhay—gayon din
ang puso ng mga buhay sa kanilang
mga ninuno. Tungkol itong lahat sa
pag-uugnay sa ating pamilya, sa bawat
henerasyon, sa walang hanggang pag-
kakaugnay. Kapag ginawa natin iyan,
tayo ay nagiging “mga tagapagligtas
. . . sa bundok ng Sion.”⁸

May espesyal tayong pagkaka-
taon na maging mga kasangkapan
sa Kanyang mga kamay. Magagawa
natin ito sa ating buhay may-asawa,
sa ating pamilya, mga kaibigan, at sa
ating kapwa. Iyan ang ating personal
na paglilingkod bilang tunay na mga
disipulo ni Jesucristo.

“At titipunin sa harap niya ang lahat ng mga bansa: at sila’y pagbubukdin-bukdin niya na gaya ng pagbubukod-bukod ng pastor sa mga tupa at sa mga kambing:

“At ilalagay niya ang mga tupa sa kaniyang kanan, datapuwa’t sa kabila ang mga kambing.

“Kung magkagayo’y sasabihin ng Hari sa nangasa kaniyang kanan, Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanglibutan:

“Sapagka’t ako’y nagutom, at ako’y inyong pinakain: Ako’y nauhaw, at ako’y inyong pinainom: Ako’y naging taga ibang bayan, at inyo akong pinatuloy;

“Naging hubad, at inyo akong pinaramtan; Ako’y nagkasakit, at inyo akong dinalaw; Ako’y nabilanggo, at inyo akong pinaroonan.

“Kung magkagayo’y sasagutin siya ng mga matuwid, na mangagsa-sabi, Panginoon, kailan ka namin nakitang nagutom, at pinakain ka namin? o nauhaw, at pinainom ka?

“At kailan ka namin nakitang isang taga ibang bayan, at pinatuloy ka? o hubad, at pinaramtan ka?

“At kailan ka namin nakitang may-sakit, o nasa bilangguan, at dinalaw ka namin?

“At sasagot ang Hari at sasabihin sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa.”⁹

Nawa’y gawin natin ito ang aking dalangin sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 18:10, 15; idinagdag ang pagbibigay-diin.
2. Tingnan sa Gabay sa mga Banal na Kasulatan, “Kaluluwa”; scriptures.lds.org.
3. Linda K. Burton, “Magmasid Muna at Pagkatapos ay Maglingkod,” *Liahona*, Nob. 2012, 78.
4. Lucas 10:37.
5. Alexander B. Morrison, “Nourish the Flock of Christ,” *Ensign*, Mayo 1992, 13.
6. Doktrina at mga Tipan 1:23.
7. Mateo 4:19.
8. Obadias 1:21.
9. Mateo 25:32–40.



Ni Elder Larry S. Kacher
Ng Pitumpu

Huwag Lapastanganin ang mga Bagay na Banal

Suriin ninyong mabuti ang mga pasiyang ginagawa ninyo sa pagtatanong sa sarili ng, “Ang mga pagpapasiya ko ba ay nakaugat sa mayamang lupa ng ebanghelyo ni Jesucristo?”

Mga kapatid, ang mga desisyong ginagawa natin sa buhay na ito ay makakaapekto nang malaki sa ating landas tungo sa buhay na walang hanggan. May mga nakikita at hindi nakikitang puwersang nakakaimpluwensya sa ating mga pasiya. Natutuhan ko ang kahalagahan ng alituntuning ito mga limang taon na ang nakalipas sa paraang halos ikapahamak ng buhay ko.

Papunta kami noon ng pamilya ko at mga kaibigan sa katimugan ng Oman. Nagpasiya kaming magpahinga sa dalampasigan sa baybayin ng Indian Ocean. Pagdating namin doon, itinanong ng 16 anyos na anak naming si Nellie, kung puwede siyang lumangoy papunta sa inaakala niyang maliit na pulo ng buhangin. Nang mapansin kong maalon ang dagat, sinabi ko sa kanya na ako muna ang lalangoy, iniisip na baka mapanganib ang agos ng tubig.

Nang mahaba-haba na ang nalalangoy ko, tinawag ko ang aking asawa

at itinanong kung malapit na ba ako sa pulo. Ang sagot niya ay, “Lumampas ka na.” Hindi ko namalayan na napagawi na ako sa agos ng tubig na palayo sa pampang o tinatawag na riptide¹ at mabilis na akong tinatangay nito papunta sa laot.

Hindi ko alam ang gagawin. Ang tanging naisip ko ay umikot at lumangoy pabalik sa pampang. Iyon pala mismo ang hindi ko dapat gawin. Pinanghinaan na ako ng loob. Ang mga puwersang hindi ko kayang kontrolin ay patuloy na humihila sa akin papunta sa laot. Ang nakasama pa ay nang sundan ako ng aking asawa dahil tiwala siya na tama ang desisyon ko.

Mga kapatid, naisip ko noon na malamang na hindi na ako makaligtas, at dahil sa mali kong desisyon, ako pa rin ang magiging dahilan ng pagkamatay ng aking asawa. Dahil sa bigay-todong paglangoy at naniniwala akong sa tulong na rin na mula sa langit, sumayad ang mga paa namin sa buhangin sa ilalim, at ligtas kaming

nakapaglakad pabalik sa aming anak at mga kaibigan.

Napakaraming agos sa buhay na ito—ang ilan ay ligtas at ang iba ay hindi. Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball na may malalakas na puwersa sa ating buhay tulad ng hindi nakikitang agos ng dagat.² Ang mga puwersang ito ay tunay. Hindi natin dapat ipagwalang-bahala ang mga ito kailanman.

Ikukuwento ko sa inyo ang tungkol sa isa pang agos, isang espirituwal na agos, na naging malaking pagpapala sa buhay ko. Ako ay convert sa Simbahan. Bago ako nabinyagan, pangarap ko sa buhay ang mag-ski at, dahil dito, lumipat ako sa Europa pagkatapos ng high school para maisakatuparan ang hangaring iyan. Pagkaraan ng ilang buwan ng tila isang ideyal na buhay, nadama ko na kailangan akong umalis. Noong panahong iyon hindi ko naunawaan ang pinagmumulan ng damdaming iyon, ngunit nagpasiya akong sundin ito. Napunta ako sa Provo, Utah, kasama ang ilang mabubuting kaibigan na, tulad ko, ay mga miyembro ng iba't ibang relihiyon.

Habang nasa Provo, nakilala ko ang mga taong ibang-iba ang pamumuhay sa akin. Gusto ko silang kasama, kahit hindi ko alam kung bakit. Noong una, ayoko ng ganitong pakiramdam, ngunit di nagtagal nakadama ako ng kapayapaan at kapanatagan na noon ko lang naramdaman. Nagsimula akong magpatangay sa kakaibang agos—isang agos na nagpabatid sa akin tungkol sa isang mapagmahal na Ama sa Langit at sa Kanyang Anak na si Jesucristo.

Nabinyagan ako kasama ang aking mga kaibigan noong 1972. Ang bagong agos na ito na pinili kong sundan, ang ebanghelyo ni Jesucristo, ay nagbigay ng direksyon at kahulugan sa aking buhay. Gayunman, may kaakibat na mga pagsubok ito. Lahat ay bago sa akin. May mga pagkaka-taon na pakiramdam ko ay naliligaw at nalilito ako. Kabi-kabila ang mga tanong at hamon sa akin ng aking mga kaibigan at pamilya.

Kailangan kong magpasiya. Nagkaroon ako ng pagdududa at pag-aalinlangan dahil sa kanilang mga



tanong. Mahalaga ang magiging pasiya ko. Saan ako maghahanap ng sagot? Maraming gustong kumumbinsi sa akin na mali ang ginawa ko—“mga salungat sa agos” na determinadong hilahin ako palayo sa payapang agos ng buhay na pinagmumulan ng aking kaligayahan. Malinaw kong natutuhan ang alituntunin na may “pagsalungat sa lahat ng bagay” at ang kahalagahang magpasiya para sa sarili ko at di pagpapaubaya sa iba na magpasiya para sa akin.³

Tinanong ko ang sarili ko, “Bakit lalayo ako sa isang bagay na nagbibigay sa akin ng lubos na kapanatagan?” Tulad ng ipinaalala ng Panginoon kay Oliver Cowdery, “Hindi nga ba’t ako ay nangusap ng kapayapaan sa iyong isipan hinggil sa bagay na ito?”⁴ Gayundin ang naging karanasan ko. Kaya nga, bumaling ako, nang may higit na katapatan, sa isang mapagmahal na Ama sa Langit, sa mga banal na kasulatan, at sa pinagkakatiwalaang mga kaibigan.

Ngunit may mga tanong pa rin ako na hindi ko masagot. Paano ko lulutasin ang pag-aalinlangang idinulot ng mga katanungang ito? Sa halip na hayaang sirain nito ang kapayapaan at kaligayahang dumating sa buhay ko, nagpasiya akong pansamantalang isantabi ang mga ito, nagtitiwala na sa takdang panahon ng Panginoon, ihahayag Niya ang lahat ng bagay. Nakadama ako ng kapanatagan sa Kanyang pahayag kay Propetang Joseph: “Masdan, kayo ay malilit na bata at hindi ninyo makakaya ang lahat ng bagay sa ngayon; kailangan kayong

lumaki sa biyaya at sa kaalaman ng katotohanan.”⁵ Pinili kong huwag talikuran ang nalaman kong katotohanan at nagpatangay sa agos—isang nakatutulong na “agos ng buhay.” Ito ang natutuhan ko sa sinabi ni N. Eldon Tanner, “lubos na makakatulong at makakabuti sa isang tao na tanggapin ang mga simpleng katotohanan ng ebanghelyo . . . at tanggapin nang may pananampalataya ang mga bagay na . . . hindi niya mauunawaan.”⁶

Ibig bang sabihin nito ay walang puwang para sa matapat na pagtatanong? Tanungin ang batang lalaki na nagpunta sa isang sagradong kakahuyan dahil sa hangaring malaman kung alin sa lahat ng simbahan ang dapat niyang salihan. Hawakan ang Doktrina at mga Tipan, at alamin na marami sa inihayag sa talaang ito na binigyang-inspirasyon ay bunga ng mapagpakumbabang paghahanap ng katotohanan. Tulad ng nalaman ni Joseph, “Kung nagkukulang ng karunungan ang sinoman sa inyo, ay humingi sa Diyos, na nagbibigay [nang] sagana sa lahat, . . . at ito’y ibibigay sa kaniya.”⁷ Sa matapat na pagtatanong at paghahanap ng sagot, natututo tayo nang “taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin,”⁸ habang nadaragdagan ang ating kaalaman at karunungan.

Ang tanong ay hindi “May puwang ba para sa matapat na pagtatanong?” kundi, “Saan ko hahanapin ang katotohanan kapag nariyan na ang mga tanong?” “Sapat ba ang kaalaman ko para mangunyapit sa alam kong totoo sa kabila ng ilang tanong na maaaring mayroon ako?” Pinatotohanan ko na

may banal na pinagmumulan—isang Nilalang na nakaalam sa lahat ng bagay, ang wakas mula sa simula. Lahat ng bagay ay nasa harapan Niya.⁹ Ang mga banal na kasulatan ay nagpapatotoo na Siya ay “hindi lumalakad sa mga liku-likong landas, . . . ni siya ay nagpapabagu-bago sa yaong kanyang sinabi.”¹⁰

Sa paglalakbay sa buhay na ito hindi natin dapat isipin kailanman na tayo lamang ang naapektuhan ng ating mga pagpili. Kamakailan, isang binata ang bumisita sa aking tahanan. Mabait siya, pero dama ko na hindi siya gaanong nakikibahagi sa mga aktibidad ng Simbahan. Sinabi niya sa akin na lumaki siya sa tahananang nakasentro sa ebanghelyo hanggang sa pagtaksilan ng kanyang ama ang kanyang ina, na nauwi sa diborsiyo at naging sanhi ng pagdududa at pagtalikod sa Simbahan ng lahat ng kanyang mga kapatid. Labis ang kalungkutan ko habang kausap ko ang bata pang amang ito, na naapektuhan ng pasiya ng kanyang ama, at bunga nito ay pinalalaki ang minamahal na mga anak sa labas ng ebanghelyo ni Jesucristo.

Isa pang lalaking kilala ko, na dating tapat na miyembro ng Simbahan, ang may pag-aalinlangan sa ilang doktrina. Sa halip na humiling ng kasagutan sa Ama sa Langit, pinili niyang umasa sa sekular na kaalaman para magabayan. Nabaling ang kanyang puso sa maling direksyon nang maghangad siya ng parangal ng tao. Maaaring napasaya siya ng kanyang kapalaluan, kahit pansamantala, ngunit nahiwalay siya sa mga kapangyarihan ng langit.¹¹ Sa halip na mahanap ang katotohanan, nawala ang kanyang patotoo at isinama pa ang maraming miyembro ng kanyang pamilya.

Ang dalawang lalaking ito ay nabitag sa hindi inaasahang agos o pagsubok sa buhay at nagtangay pa ng marami.

Sa kabilang banda, naiisip ko sina LaRue at Louise Miller, ang mga magulang ng aking asawa, na sa kabila ng kaunting karangyaan, ay ipinasiya na hindi lamang ituturo ang dalisay na doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo sa kanilang mga anak kundi



ipapamuhay rin ito araw-araw. Sa paggawa nito napagpala nila ang kanilang angkan ng mga bunga ng ebanghelyo at ng pag-asa para sa buhay na walang hanggan.

Sa kanilang tahanan ay bumuo sila ng huwaran kung saan ang priesthood ay iginagalang, kung saan sagana ang pagmamahalan at pagkakasundo, at kung saan mga alituntunin ng ebanghelyo ang gumagabay sa kanilang buhay. Sina Louise at LaRue ay magkatuwang na naging halimbawa ng tunay na kahulugan ng buhay na nakaayon kay Jesucristo. Malinaw na nakita ng kanilang mga anak kung anong agos ng buhay ang magdudulot ng kapayapaan at kaligayahan. At pinili nila ang nararapat. Tulad ng itinuro ni Pangulong Kimball, “Kung magkakaroon tayo ng . . . malakas at tuluy-tuloy na agos patungo sa minimithi nating matwid na pamumuhay, tayo at ang ating mga anak ay mata-tangay pasulong sa kabila ng sumasalungat na hangin ng paghihirap, kalungkutan, [at] mga tukso.”¹²

Mahalaga ba ang ating mga pagpili? Tayo lang ba ang naapektuhan nito? Matatag ba nating naisasalig ang ating buhay sa walang hanggang pagdaloy ng ipinanumbalik na ebanghelyo?

Paminsan-minsan, may isang tagpo na lumiligalig sa akin. Paano kung noong araw na iyon ng Setyembre, habang nagpapahinga sa dalampasigan

ng Indian Ocean, ay sinabi ko sa aking anak na babaeng si Nellie, “Oo, sige. Languyin mo ang pulo ng buhangin.” O kaya ay sinundan niya ako at hindi na makalangoy pabalik? Paano kaya ako mabubuhay gayong alam ko na ang halimbawa ko ang dahilan kaya siya tinangay ng agos palaot, at hindi na muling nakabalik?

Mahalaga ba ang mga bagay na pinipili nating sundan? Mahalaga ba ang mga halimbawa natin?

Biniyayaan tayo ng Ama sa Langit ng banal na kaloob na Espiritu Santo upang gabayan ang ating mga pagpili. Pinangakuan Niya tayo ng inspirasyon at paghahayag kapag namuhay tayo nang karapat-dapat para dito. Inaanyayahan ko kayong samantalahin ang banal na kaloob na ito at suriin ang mga desisyong ginagawa ninyo sa pamamagitan ng pagtatanong sa sarili ng, “Ang mga desisyon ko ba ay nakaugat sa mayamang lupa ng ebanghelyo ni Jesucristo?” Inaanyayahan ko kayong gumawa ng anumang mga kailangang pagbabago, maliit man o malaki, upang matiyak ang walang hanggang pagpapala ng plano ng Ama sa Langit para sa inyo at sa inyong mga mahal sa buhay.

Pinatotohanan ko na si Jesucristo ang ating Tagapaglitat at Manunubos. Pinatotohanan ko na ang mga tipang ginagawa natin sa Kanya ay sagrado at banal. Huwag nating lapastanganin ang mga bagay na banal.¹³ Nawa’y manatili tayong tapat, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Riptide: “pag-agos o pagkati ng tubig na sinasalungat ang isa o iba pang pag-agos, na nagiging sanhi ng mapanganib na galaw ng dagat” (Dictionary.com).
2. Tingnan sa Spencer W. Kimball, “Ocean Currents and Family Influences,” *Ensign*, Nob. 1974, 110–13.
3. Tingnan sa 2 Nephi 2:11,16.
4. Doktrina at mga Tipan 6:23.
5. Doktrina at mga Tipan 50:40.
6. N. Eldon Tanner, sa Conference Report, Okt. 1968, 49.
7. Santiago 1:5.
8. Doktrina at mga Tipan 98:12.
9. Tingnan sa Moises 1:6.
10. Doktrina at mga Tipan 3:2.
11. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 121:35–37.
12. Spencer W. Kimball, *Ensign*, Nob. 1974, 110.
13. Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 6:12.



Ni Elder David A. Bednar
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Magsiparito Kayo, at Inyong Makikita

Ang Simbahan ni Jesucristo ay isang simbahang may mga missionary noon pa man at magpakailanman.

Ang aking mensahe ay tuwiran kong ipahahayag sa mga hindi miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sasagutin ko ang mahalagang tanong ng marami sa inyo: “Bakit napakasigasig ng mga Banal sa mga Huling Araw na ipaalam sa akin ang kanilang pinaniniwalaan at anyayahan akong pag-aralan ang kanilang Simbahan?”

Dalangin ko na tulungan ako ng Panginoon na maipabatid kong mabuti, at malinaw ninyong maunawaan, ang sagot ko sa mahalagang tanong na ito.

Isang Banal na Tungkulin

Ang matatapat na disipulo ni Jesucristo ay magigiting na missionary noon pa man at magpakailanman. Ang missionary ay isang alagad ni Cristo na nagpapatotoo na Siya ang Manunubos at nagpapahayag ng mga katotohanan ng Kanyang ebanghelyo.

Ang Simbahan ni Jesucristo ay isang simbahang may mga missionary noon pa man at magpakailanman. Tinanggap ng bawat miyembro ng Simbahan ng Tagapagligtas ang sagradong obligasyon na tumulong

sa pagtupad ng banal na tungkuling ibinigay ng Panginoon sa Kanyang mga Apostol, tulad ng nakatala sa Bagong Tipan:

“Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila’y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo:

“Na ituro ninyo sa kanila na kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo: at narito, ako’y sumasa inyong palagi, hanggang sa

katapusan ng sanglibutan. Amen”
(Mateo 28:19–20).

Taimtim na ginagampanan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang responsibilidad na ito na turuan ang lahat ng tao sa lahat ng bansa tungkol sa Panginoong Jesucristo at sa Kanyang ipinanumbalik na ebanghelyo. Naniniwala kami na ang simbahan ding iyon na itinatag ng Tagapagligtas noong araw ang simbahang muli Niyang itinatag sa lupa sa mga huling araw. Ang doktrina, mga alituntunin, awtoridad ng priesthood, mga ordenansa, at mga tipan ng Kanyang ebanghelyo ay matatagpuan ngayon sa Kanyang Simbahan.

Kapag inanyayahan namin kayong sumama sa aming magsimba o magpaturo sa mga full-time missionary, hindi namin kayo binebentahan ng isang produkto. Bilang mga miyembro ng Simbahan, hindi kami tumatanggap ng premyo o bonus sa isang espirituwal na paligsahan. Ang hangad namin ay hindi basta paramihin ang mga miyembro ng Simbahan. At ang pinakamahalaga, hindi namin kayo pinipilit na maniwala sa aming pinaniniwalaan. Inaanyayahan namin kayong pakinggan ang ipinanumbalik na mga katotohanan ng ebanghelyo ni Jesucristo upang inyong mapagaralan, mapagnilayan, maipagdasal, at malaman sa inyong sarili kung ang mga bagay na ibinabahagi namin sa inyo ay totoo.

Maaaring sabihin ng ilan sa inyo, “Pero naniniwala na ako kay Jesus at sinusunod ko ang Kanyang mga turo,” o “Hindi ako sigurado kung talagang may Diyos.” Ang paanyaya namin sa inyo ay hindi isang pagtatangkang balewalain ang inyong tradisyon sa relihiyon o karanasan sa buhay. Dalhin ang lahat ng alam ninyong totoo, mabuti, at kapuri-puri—at subukan ang aming mensahe. Tulad noong anyayahan ni Jesus ang dalawa sa Kanyang mga disipulo na “magsiparito kayo, at inyong makikita” (Juan 1:39), hinihikayat namin kayong magsiparito at inyong makikita kung ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay dinaragdagan at pinagyayaman ang pinaniniwalaan na ninyong totoo.





Tunay ngang isang dakilang responsibilidad para sa amin ang dalhin ang mensaheng ito sa bawat bansa, lahi, wika, at tao. At iyan mismo ang ginagawa namin sa tulong ng mahigit 88,000 full-time missionary na nangangaral sa mahigit 150 bansa sa iba't ibang dako ng mundo. Ang kahangahangang mga lalaki at babaeng ito ay tumutulong sa mga miyembro ng aming Simbahan na magampanan ang banal na responsibilidad na ibinigay sa bawat isa sa amin na ipahayag ang walang-hanggang ebanghelyo ni Jesucristo (tingnan sa D at T 68:1).

Higit pa sa Espirituwal na Tungkulin

Ngunit ang kasigasigan naming ipahayag ang mensaheng ito ay hindi lamang dahil sa espirituwal na tungkulin. Bagkus, ang aming hangaring ibahagi ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa inyo ay patunay kung gaano kahalaga ang mga katoohanang ito sa amin. Naniniwala ako na mailalarawan kong mabuti kung bakit hayagan naming hinahangad na ipaliwanag sa inyo ang aming mga paniniwala sa pamamagitan ng karanasan naming mag-asawa sa dalawa sa aming mga anak na lalaki maraming taon na ang nakalilipas.

Isang gabi nakatayo kami ni Susan malapit sa bintana sa aming tahanan at minamasdan ang dalawa sa aming maliliit na anak na lalaki na naglalaro sa labas. Sa kanilang paglalaro, nagalusan ang nakababata sa dalawa sa isang maliit na aksidente. Nakita namin kaagad na hindi naman siya gaanong nasaktan, at nagpasiya kami na huwag munang tumulong. Gusto naming obserbahan at tingnan kung may natutuhan sila sa anumang mga talakayan namin sa pamilya tungkol sa kabaitan sa kapatid. Nakakatuwa at may matutuhan sa sumunod na nangyari.

Inalo at maingat na inakay ng nakatatanda ang kanyang kapatid pabalik sa bahay. Pumuwesto kami ni Susan malapit sa kusina para makita namin ang sumunod na nangyari, at handa kaming dumamay kaagad kung sakaling may mangyari pang disgrasya o aksidente.

Hinila ng nakatatanda ang isang upuan papunta sa lababo. Umakyat siya sa upuan, inalalayan niya ang kapatid para makaupo roon, binuksan ang gripo, at binuhusan ng maraming dishwashing soap ang nagalusang braso nito. Ginawa niya ang lahat para maalis ang dumi. Ang reaksiyon ng nakababatang kapatid sa ginawang ito ay mailalarawan lamang nang tumpak

gamit ang pananalita mula sa mga banal na kasulatan: “At magkakaroon sila ng dahilan upang humagulgol, at tumangis, at managhoy, at pagngalitin ang kanilang mga ngipin” (Mosias 16:2). At talaga namang humagulgol ang batang iyon!

Matapos mahugasan, maingat na pinunasan ng tuwalya ang braso. Sa wakas ay natigil ang pag-iyak. Pagkatapos ay umakyat ang nakatatandang kapatid sa pasamano ng kusina, nagbukas ng kabinet, at nakakita ng bagong gamot na pamahid. Bagama't hindi malaki o malalim ang galos ng kanyang kapatid, ipinahid niya ang lahat halos ng ointment sa nagalusang braso. Hindi na naulit ang pag-iyak, dahil malinaw na naginghawahan ang bata sa epekto ng ointment kaysa sa nakakalinis na epekto ng dishwashing soap.

Bumalik ang nakatatandang kapatid sa kabinet na pinagkunan niya ng ointment at nakakita ng isang bagong kahon ng mga sterile bandage. Binuksan niya ito at binendahan ang buong braso ng kanyang kapatid—mula pulso hanggang siko. Dahil naayos na ang problema, at naiwan ang mga bula ng sabon, ointment at mga benda sa buong kusina, lumundag ang dalawang bata mula sa upuan na nakangiti at masaya ang mukha.

Ang sumunod na nangyari ang pinakamahalaga. Kinuha ng nagalusang kapatid ang natirang mga benda at ang halos wala nang laman na ointment, at bumalik siya sa labas. Agad niyang hinanap ang kanyang mga kaibigan at pinaglalagyan ng ointment at benda ang kanilang mga braso. Namangha kami ni Susan sa katapatan, kasigasigan, at bilis ng kanyang pagkilos.

Bakit iyon ginawa ng batang iyon? Pansinin lamang na ginusto niya kaagad na ibigay sa kanyang mga kaibigan ang mismong bagay na nakatulong sa kanya nang masaktan siya. Ang batang iyon ay hindi na kinailangang hikayatin, himukin, o piliting kumilos. Ang hangarin niyang magbahagi ang likas na bunga ng napakalaking tulong at pakinabang na naranasan niya.

Gagawin din iyon ng marami sa ating matatanda kapag nakakita tayo ng lunas o gamot na nagpapaibis ng sakit na matagal na nating naramdaman, o nakatanggap tayo ng payo para maharap natin ang mga pagsubok nang may lakas ng loob at pagtitiis. Ang pagbabahagi sa ibang tao ng mga bagay na napakahalaga sa atin o nakatulong sa atin ay karaniwan lamang.

Ang ganitong huwaran ay nakikita lalo na sa mga bagay na may espirituwal na kahalagahan at epekto. Halimbawa, isang salaysay mula sa banal na kasulatan na kilala bilang Aklat ni Mormon ang nagtuturo tungkol sa panaginip ng isang sinaunang propeta at pinuno na nagngangalang Lehi. Ang tampok sa panaginip ni Lehi ay ang punungkahoy ng buhay—na sagisag ng “pag-ibig ng Diyos” na “pinakakanais-nais sa lahat ng bagay” at “labis na nakalulugod sa kaluluwa” (1 Nephi 11:22–23; tingnan din sa 1 Nephi 8:12, 15).

Ipinaliwanag ni Lehi:

“At ito ay nangyari na, na lumapit ako at kumain ng bunga nito; at na-pagtanto ko na napakatamis nito, higit pa sa lahat ng natikman ko na. Oo, at namasdan ko na ang bunga niyon ay puti, higit pa sa lahat ng kaputiang nakita ko na.

“At nang kinain ko ang bunga niyon ay pinuspos nito ang aking kaluluwa ng labis na kagalakan; anupa’t nagsimula akong magkaroon ng pagnanais na makakain din nito ang aking mag-anak” (1 Nephi 8:11–12; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Ang pinakadakilang pagpapakita ng pagmamahal ng Diyos para sa Kanyang mga anak ay ang mortal na ministeryo, nagbabayad-salang sakripisyo, at Pagkabuhay na Mag-uli ng Panginoong Jesucristo. Ang bunga ng punungkahoy ay maituturing na simbolo ng mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas.

Ang dagling pagtugon ni Lehi na kumain ng bunga ng puno at makadama ng malaking kagalakan ay nagpaibayo ng kanyang hangaring ibahagi ito at maglingkod sa kanyang pamilya. Kaya, nang bumaling siya



kay Cristo, minahal at pinaglingkuran niya rin ang iba.

Ang isa pang mahalagang pangyari sa Aklat ni Mormon ay naglalahad ng nangyari sa taong nagngangalang Enos pagkatapos dinggin at sagutin ng Diyos ang kanyang taimtin at nagsusumamong panalangin.

Sabi Niya:

“At ang aking kaluluwa ay nagutom; at ako ay lumuhod sa harapan ng aking Lumikha, at ako ay nagsumamo sa kanya sa mataimtim na panalangin at hinaing para sa aking sariling kaluluwa; at sa buong araw ako ay nagsumamo sa kanya; oo, at nang dumating ang gabi ay inilakas ko pa ang aking tinig sa kaitaasan kung kaya’t iyon ay nakarating sa kalangitan.

“At doon ay nangusap ang isang tinig sa akin, sinasabing: Enos, ang iyong mga kasalanan ay pinatatawad na, at ikaw ay pagpapalain.

“At ako, si Enos, nalalaman na ang Diyos ay hindi makapagsisinungaling, kaya nga, ang aking pagkakasala ay napalis.

“At aking sinabi: Panginoon, paano ito nangyari?

“At sinabi niya sa akin: Dahil sa iyong pananampalataya kay Cristo, na hindi mo pa kailanman narinig o nakita. . . . Samakatwid, humayo ka, ang

iyong pananampalataya ang nagpagaling sa iyo.

“Ngayon, ito ay nangyari na *nang aking marinig ang mga salitang ito, ako ay nagsimulang makadama ng pagnanais para sa kapakanan ng aking mga kapatid, ang mga Nephita; kung kaya’t ibinuho ko ang aking buong kaluluwa sa Diyos para sa kanila*” (Enos 1:4–9; idinagdag ang pagbibigay-diin).

Nang bumaling si Enos sa Panginoon “nang may buong layunin ng puso” (2 Nephi 31:13), nag-ibayo rin ang kanyang pag-aalala para sa kapakanan ng kanyang pamilya, mga kaibigan, at kasamahan.

Ang mabuting aral na matututuhan natin mula sa dalawang pangyayaring ito ay ang kahalagahang maranasan natin sa ating sariling buhay ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na kinakailangan upang maging taos-puso at tapat ang ating paglilingkod at hindi lamang dahil sa “nakasanayan na natin.” Tulad ng ikinuwento ko tungkol kina Lehi, Enos, at sa aming anak, nadama na namin bilang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang pighating dulot ng espirituwal na pag-aalinlangan at kasalanan. Naranasan na rin namin ang

paglilinis, ang kapayapaan ng budhi, ang espirituwal na pagpapagaling at pagpapanibago, at ang patnubay na natatamo lamang sa pamamagitan ng pagkatuto at pamumuhay ayon sa mga alituntunin ng ebanghelyo ng Tagapagligtas.

Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay may kapangyarihang maglinis at magpadalisay, magpahilom ng mga espirituwal na sugat at mag-alis ng mga kasalanan, at magprotekta upang maging tapat kami sa panahon ng ligalig at kapanatagan.

Mayroong Lubos na Katotohanan

Sa inyo na mga miyembro ng pamilya at mga kaibigan na hindi miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, sinikap ko nang ipaliwanag ang mga pangunahing dahilan kung bakit mga missionary kami.

Mayroong lubos na katotohanan sa mundo na lalo pang humahamak at nagpapawalang-saysay sa iba pa. Sa hinaharap, “[luluhod] ang lahat ng tuhod” at “[ipahahayag] ng lahat ng mga dila na si Jesucristo ay Panginoon, sa ikaluluwalhati ng Dios Ama” (Mga Taga Filipos 2:10–11). Si Jesus ang Cristo ang tunay na Bugtong na Anak ng Amang Walang Hanggan. Bilang mga miyembro ng Kanyang Simbahan, pinatotohanan namin na Siya ay Buhay at ang Kanyang Simbahan ay naipanumbalik na sa kabuuan nito sa mga huling araw na ito.

Ang mga paanyaya namin sa inyo na alamin at subukan ang aming mensahe ay nagmumula sa mabubuting bunga ng ebanghelyo ni Jesucristo sa aming buhay. Kung minsan maaaring nahihiya kami o hindi kami tumitigil sa pagtatangka. Hangad lamang naming ibahagi sa inyo ang mga katotohanang napakahalaga sa amin.

Bilang isa sa mga Apostol ng Panginoon, at sa buong lakas ng aking kaluluwa, pinatotohanan ko ang Kanyang kabanalan at na Siya ay buhay. At inaanyayahan kong “magsiparito kayo, at inyong makikita” (Juan 1:39) sa sagradong pangalan ng Panginoong Jesucristo, amen. ■



Ni Pangulong Thomas S. Monson

Hanggang sa Muli Nating Pagkikita

Nawa’y pagnilayan natin ang mga katotohanang narinig natin, at matulungan tayo nito na maging mas magiging na disipulo.

Mga kapatid, naranasan natin ang dalawang maluwalhatang araw na puno ng mga inspiradong mensahe. Naantig ang ating mga puso at napalakas ang ating pananampalataya nang makibahagi tayo sa diwang nadama sa mga sesyon ng kumperensyang ito. Sa ating pagtatapos, nagpapasalamat tayo sa ating Ama sa Langit sa maraming pagpapala Niya sa atin.

Napasigla tayo at nabigyang-
inspirasyon ng magandang musikang

narinig sa mga sesyon. Ang mga panalanging naibigay ay mas naglapit sa atin sa langit.

Nais kong ipahayag ang taospusong pasasalamat ng buong Simbahan sa ating mga Kapatid na na-release sa kumperensyang ito. Hahanap-hanapin natin sila. Ang kanilang kontribusyon sa gawain ng Panginoon ay napakalaki at madarama ng susunod na mga henerasyon.

Nawa’y makauwi tayo sa ating mga tahanan na may pasiya sa ating puso



na maging mas mabuti pa kaysa dati. Nawa'y maging mas mabait at maalalahanin tayo nang kaunti. Nawa'y naisin nating tumulong, hindi lamang sa ating kapwa miyembro kundi maging sa mga hindi miyembro. Kapag kahalubilo natin sila, nawa'y igalang natin sila.

May mga taong nahihirapan sa mga hamon araw-araw. Ipadama natin ang ating malasakit sa kanila, at tulungan sila. Kapag pinangalagaan natin ang isa't isa, pagpapalain tayo.

Nawa'y maalala natin ang mata-tanda at ang mga taong may karam-daman. Sa pagbisita natin sa kanila, malalaman nila na sila ay minamahal at pinahalalagan. Nawa'y sundin natin ang utos na "tulungan ang mahihina, itaas ang mga kamay na nakababa, at palakasin ang tuhod na mahihina."¹

Nawa'y maging tapat tayo at marangal, na sinisikap na gawin ang tama sa lahat ng panahon at sa lahat ng sitwasyon. Nawa'y maging matatapat na tagasunod tayo ni Cristo, mga halimbawa ng kabutihan, nang tayo ay maging "mga ilaw sa sanglibutan."²

Mga kapatid, salamat sa inyong mga dalangin para sa akin. Pinalalakas at pinasisigla ako nito habang pinagsisikap ko nang buong puso at lakas na gawin ang kalooban ng Diyos at paglingkuran Siya at kayo.

S paglisan natin sa kumperensyang ito, dalangin kong pagpapalain ng langit ang bawat isa sa inyo. Nawa'y ligtas kayong makauwi sa inyong tahanan at datnan itong maayos. Nawa'y pagnilayan natin ang mga katotohanang narinig natin, at matulungan tayo nitong maging mas magigiting na disipulo kaysa bago nagsimula ang kumperensyang ito.

Hanggang sa muli nating pagkikita pagkaraan ng anim na buwan, hinihiling ko ang mga pagpapala ng Panginoon para sa inyo at, sa katunayan, para sa ating lahat, at ginagawa ko ito sa Kanyang banal na pangalan—maging si Jesucristo, na ating Panginoon at Tagapagligtas—amen. ■

MGA TALA

1. Doktrina at mga Tipan 81:5.
2. Mga Taga Filipino 2:15.



Ni Linda K. Burton

Relief Society General President

Inihanda sa Isang Kakaibang Paraan

Nawa'y maghanda tayo na maging marapat na tumanggap ng nakapagligtas na mga ordenansa at buong puso nating sundin ang kaugnay na mga tipan.

Pag-uwi ng aming bunsong anak na babae mula sa unang araw niya sa eskuwela, itinanong ko, "Kumusta ang eskuwela?" Sagot niya, "Mabuti naman po." Gayunman, kinaumagahan nang gisingin ko siya para pumasok sa eskuwela, humalukip siya at mariing sinabi, "Pumasok na po ako!" Mukhang hindi ko siya *naihanda* o napaliwanagan na ang pagpasok sa eskuwela ay hindi lang minsanan kundi inaasahan siyang pumasok limang araw sa isang linggo sa loob ng napakaraming taon.

Habang pinag-iisipan natin ang alituntunin ng pagiging handa, ilarawan natin sa ating isipan ang sumusunod na tagpo. Kunwari'y nakaupo ka sa silid-selestiyal ng templo at napan-sin mo ang ilang magkasintahang ikakasal na mapitagang inaalalayan papasok at palabas habang naghihintay sila na makasal sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Isang babaeng ikakasal ang pumasok sa silid-selestiyal, na kahawak-kamay ang kanyang kasintahan. Suot niya ang isang simple ngunit magandang damit

na pangtemplo at panatag, payapa, at magiliw ang ngiti sa kanyang mukha. Malinis at maayos siya ngunit hindi nakakaagaw-pansin. Naupo siya, lumingon-lingon, at saka biglang hindi niya napigilan ang damdamin. Mukhang napaiyak siya dahil sa paghanga at pagpipitagan kapwa sa lugar na kinaroroonan niya at sa sagradong ordenansang naghihintay sa kanila ng kanyang pinakamamahal sa buhay. Ang kanyang mga kilos ay tila nagsasabing, "Lubos ang pasasalamat ko na nasa bahay ako ng Panginoon ngayon, handang simulan ang isang walang hanggang paglalakbay kasama ang aking asawa sa walang hanggan." Mukhang *handa* siya hindi lamang para sa isang kaganapan.

Ang mahal naming tinedyer na apong babae ay nag-iwan sa akin ng sulat sa unan ko kamakailan at sinabi sa isang bahagi: "Ang isang bagay na nakagulat po sa akin pagpasok ko sa templo ay ang payapa at magiliw na espiritung naroon. . . . Makakapunta ang mga tao sa templo para tumanggap ng inspirasyon."¹ Tama siya.



Maaari tayong tumanggap ng inspirasyon at paghahayag sa templo—at ng kapangyarihang kayanin ang mga paghihirap sa buhay. Ang natututuhan niya tungkol sa templo sa palagian niyang pakikibahagi sa pagdadala ng pangalan ng sarili niyang pamilya para magawan ng binyag at kumpirmasyon sa templo ang maghahanda sa kanya na tumanggap ng karagdagang mga ordenansa, tipan, at pagpapala sa templo, kapwa para sa kanyang sarili at sa mga nasa kabilang panig ng tabing.

Itinuro ni Elder Russell M. Nelson na, “Habang inihahanda ang mga templo para sa mga tao, kailangang ihanda ng mga tao ang kanilang sarili para sa templo.”²

Nang basahin kong muli ang tungkol kay Kapitan Moroni sa Aklat ni Mormon, naalala ko na isa sa pinakamagandang nagawa ni Moroni ay ang maingat niyang paghahanda sa mga Nephita na labanan ang nakakatakot na hukbo ng mga Lamanita. Ihihahanda Niya nang mabuti ang kanyang mga tao kaya nga nababasa natin na, “Masdan, sa . . . labis-labis na panggigilalas [ng mga Lamanita], [ang mga Nephita] ay nakahanda para sa kanila, sa isang kaparaanang hindi pa kailanman nalaman”³

Ang mga katagang iyon, “nakahanda . . . sa isang kaparaanang hindi

pa kailanman nalaman,” ay talagang nakatawag sa aking pansin.

Paano tayo mas makapaghahanda para sa mga sagradong pagpapala ng templo? Itinuro ng Panginoon, “At muli, ako ay magbibigay sa inyo ng isang huwaran sa lahat ng bagay.”⁴ Isipin natin ang huwaring matatagpuan natin sa mga banal na kasulatan na makakatulong sa atin na mas makapaghanda. Ang paghahanda ni Moroni para labanan ang kaaway ay patuloy at tapat na pagsisikap, at gayundin ang kailangan sa huwaring ito.

Hindi ko pinagsasawaan ang magandang talinghaga ng Tagapagligtas tungkol sa limang matatalino at limang mangmang na dalaga. Bagama’t ang talinghagang ito ay tumutukoy sa pagiging handa para sa Ikalawang Pagparito ng ating Tagapagligtas, maihahalintulad natin ito sa pagiging handa para sa mga pagpapala ng templo, na maaaring maging katulad ng isang espirituwal na piging para sa mga taong handa rin.

Sa Mateo 25 mababasa natin:

“Kung magkagayon ay makakatulad ang kaharian ng langit sa sangpung dalaga, na kinuha ang kanilang mga ilawan, at nagsilabas upang saluburingin ang kasintahang lalaki.

“At ang lima sa kanila’y matatalino, at ang lima’y mangmang. . . .

“[Sila na] matatalino ay nangagdala ng langis sa kanilang sisidlan na kasama ng kanilang mga ilawan.

“Samantalang nagtatagal nga ang kasintahang lalake, ay nangagantok silang lahat at nangakatulog.

“Datapuwa’t pagkahating gabi ay may sumigaw, Narito, ang kasintahang lalake! Magsilabas kayo upang saluburingin siya.

“Nang magkagayo’y nagsipagbangong lahat ang mga dalagang yaon, at pinagigi ang kanilang mga ilawan.

“At sinabi ng mga mangmang sa matatalino, Bigyan ninyo kami ng inyong langis; sapagka’t nangamamatay ang aming mga ilawan.

“Datapuwa’t nagsisagot ang matatalino, na nangagsasabi, Baka sakaling hindi magkasiya sa amin at sa inyo: magsiparoon muna kayo sa nangagbibili, at magsibili kayo ng ganang inyo.

“At samantalang sila’y nagsisiparoon sa pagbili, ay dumating ang kasintahang lalake; at ang mga nahahanda ay nagsipasok na kasama niya sa piging ng kasalan: at inilapat ang pintuan.

“Pagkatapos ay nagsirating naman ang mga ibang dalaga, na nagsisipag-sabi, Panginoon, Panginoon, buksan mo kami.

“Datapuwa’t sumagot siya at sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Hindi ko kayo nangakikilala.”⁵

Sa palagay ko walang sinuman, lalo na sa mga malambot ang puso, na hindi nalulungkot para sa mga mangmang na dalaga. At gustong sabihin ng ilan sa atin sa iba na, “Hindi ka ba puwedeng mamigay para maging maligaya ang lahat?” Pero isipin ninyo ito. Ito ay ikinuwento ng Tagapagligtas, at tinawag Niya ang lima sa kanila na “matatalino” at ang lima sa kanila na mga “mangmang.”

Habang itinuturing natin ang talinghagang ito bilang huwaran ng paghahanda para sa templo, isipin ang mga salita ng isang makabagong propeta na nagturo na “ang langis ng espirituwal na kahandaan ay hindi maaaring ipamigay.”⁶ Tumulong si Pangulong Spencer W. Kimball sa paglililaw kung bakit ang limang “matatalinong” dalaga ay hindi makapagbigay ng

langis ng kanilang mga ilawan sa mga “mangmang” nang sabihin niyang: “Ang pagdalo sa mga sacrament meeting ay nagdaragdag ng langis sa ating mga ilawan, bawat patak sa paglipas ng mga taon. Ang pag-aayuno, panalangin ng pamilya, home teaching, pagkontrol ng pita ng katawan, pangangaral ng ebanghelyo, pag-aaral ng mga banal na kasulatan—bawat gawa ng katapatan at pagsunod ay isang patak na nadaragdag sa ating imbak na langis. Ang mga gawa ng kabaitan, pagbabayad ng mga handog at ikapu, malilinis na kaisipan at kilos . . . —ang mga ito rin ay mahalagang kontribusyon sa langis na sa hatinggabi ay mailalagay natin sa ating mga ilawan na naubusan na ng langis.”⁷

Nakikita ba ninyo ang huwaran ng pagiging handa—bawat patak—na makatutulong sa atin habang iniisip natin kung paano tayo magiging mas masigasig sa ating paghahanda para matanggap ang sagradong mga ordenansa para sa ating sarili at sa iba? Ano pa ang mumunti at simpleng bagay na maaari nating gawin para madagdagan ng mahahalagang espirituwal na patak ng langis ang ating mga ilawan ng paghahanda?

Nalaman natin mula kay Elder Richard G. Scott na ang “pagiging karapat-dapat ng ating sarili ay mahalagang sangkap para matamasa ang mga pagpapala ng templo. . . . Ang karapat-dapat na pag-uugali ay nahuhubog sa buhay na hindi nagbabago sa pagpili ng tama na nakasentro sa mga turo ng Guro.”⁸ Gustung-gusto ko ang salitang *hindi nagbabago*. Ang hindi nagbabago ay pagiging matatag, matapat, at maaasahan. Napakagandang paglalarawan ng alituntunin ng pagiging karapat-dapat!

Ipinaaalala sa atin sa Bible Dictionary: “Tahanan lamang ang makahahambing sa kasagraduhan ng templo.”⁹ Akma ba ang ating tahanan o apartment sa paglalarawang iyan? Isang mahal na dalaga sa aming ward ang dumating sa aming tahanan kamakailan. Batid na kababalik lang ng kuya niya mula sa misyon, tinanong ko siya kung ano ang pakiramdam nang makauwi itong muli. Masarap

daw ang pakiramdam, pero itinatanong daw nito paminsan-minsan kung puwedeng hinaan ang pagpapatugtog niya ng musika. Sabi niya, “At ni hindi nga *masama* ang tugtuging iyon!” Maaring makabuluhang suriin natin ang ating sarili paminsan-minsan upang matiyak na madarama natin ang Espiritu sa ating tahanan. Habang inihandan natin ang ating mga tahanan kung saan malugod na tinatangap ang Espiritu, mas magiging “palagay” ang ating kalooban kapag pumasok na tayo sa bahay ng Panginoon.

Kapag inihandan natin ang ating sarili na karapat-dapat na pumasok sa templo at tapat tayo sa mga tipan sa templo, ipagkakaloob ng Panginoon ang “napakaraming pagpapala”¹⁰ sa atin. Kamakailan ay binaligtad ng butihing kaibigan kong si Bonnie Oscarson ang isang talata nang sabihin niyang, “Sa kanya na hihingan ng marami ay bibigyan ng mas marami.”¹¹ Talagang sang-ayon ako riyan! Dahil nagpupunta tayo sa templo para tumanggap ng *walang hanggang* mga pagpapala, hindi tayo dapat magulat na mas mataas na pamantayan ang kailangan para maging marapat sa

mga pagpapalang iyon. Muling itinuro ni Elder Nelson: “Dahil ang templo ay bahay ng Panginoon, itinalaga Niya ang mga pamantayan para makapasok dito. Pumapasok ang isang tao bilang Kanyang bisita. Ang magkaroon ng [temple recommend] ay walang katumbas na pribilehiyo at nakikitang palatandaan ng pagsunod sa Diyos at sa Kanyang mga propeta.”¹²

Ang mga world-class athlete at university doctoral student ay gumugugol ng maraming oras at araw at linggo at buwan at maging ng mga taon ng paghahanda. Ang bawat patak sa araw-araw na paghahanda ay kailangan upang manguna sila. Gayundin naman, ang mga naghahangad na maging marapat sa kadakilaan sa kahariang selestiyal ay inaasahang ipamumuhay ang mas mataas na pamantayan ng pagsunod na nagmumula sa unti-unti at araw-araw na pagsunod.

Habang patuloy at masigasig nating dinaragdagan ng bawat patak ng langis ang ating mga espirituwal na ilawan, sa paggawa ng mga munti at simpleng bagay na ito, mapapanatili natin ang ating mga ilawan na “may langis at nagningas”¹³ na may



pambihirang paghahanda. Ang guwapo kong asawa, na isang stake president, ay nagsabi kailan lang na halos palagi niyang nalalaman kapag ang isang tao ay handa at karapat-dapat na pumasok sa templo, dahil “natataglangan nila ang silid” pagpasok nila para kumuha ng temple recommend.

Sa panalangin sa paglalaan ng Kirtland Temple, hiniling ni Propetang Joseph Smith sa Panginoon “na ang lahat ng taong papasok sa pintuan ng bahay ng Panginoon ay madama ang inyong kapangyarihan, . . . nang sila ay lumaki sa inyo, at makatanggap ng kaganapan ng Espiritu Santo, . . . at maging handa na matamo ang bawat kinakailangang bagay.”¹⁴

Dalangin ko na maging higit pa sa isang beses ang pagpunta natin sa templo. Nawa’y maghanda tayo na maging marapat na tumanggap ng nakapagliligtas na mga ordenansa at buong puso nating sundin ang kaugnay na mga tipan. Kapag ginawa natin ito, alam ko na magiging marapat tayong tumanggap ng ipinangakong mga pagpapala ng kaganapan ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan ng Panginoon sa ating tahanan at kani-kanyang buhay. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Personal na maikling liham ni Aydia Kaylie Melo kay Linda K. Burton, Ago. 31, 2014.
2. Russell M. Nelson, “Paghahanda para sa mga Pagpapala ng Templo,” *Liahona*, Okt. 2010, 41.
3. Alma 49:8; idinagdag ang pagbibigay-diin; tingnan din sa mga talata 6–7.
4. Doktrina at mga Tipan 52:14.
5. Mateo 25:1–2, 4–11; Joseph Smith Translation, Matthew 25:12 (sa Mateo 25:12, talababa a).
6. Marvin J. Ashton, “A Time of Urgency,” *Ensign*, Mayo 1974, 36.
7. Spencer W. Kimball, *Faith Precedes the Miracle* (1972), 256.
8. Richard G. Scott, “Receive the Temple Blessings,” *Ensign*, Mayo 1999, 25; *Liahona*, Hulyo 1999, 29.
9. Bible Dictionary, “Temple.”
10. Doktrina at mga Tipan 104:2.
11. Bonnie L. Oscarson, “Greater Expectations” (Seminaries and Institutes of Religion satellite broadcast, Ago. 5, 2014); lds.org/broadcasts; tingnan din sa Luke 12:48; Doktrina at mga Tipan 82:3.
12. Russell M. Nelson, “Paghahanda ng Sarili para sa mga Pagpapala ng Templo,” *Liahona*, Hulyo 2001, 38.
13. Doktrina at mga Tipan 33:17.
14. Doktrina at mga Tipan 109:13, 15.



Ni Jean A. Stevens

Unang Tagapayo sa Primary General Presidency

Mga Anak na Babae ng Diyos na Nakipagtipan


Kapag ang mga anak na babae ng Diyos ay nakatuon sa templo at sa kanilang mga sagradong tipan, ang Diyos ay nagbibigay ng personal na mga pagpapala at sa makapangyarihang paraan.

Mahal kong mga kapatid, binabati ko kayo nang may labis na pagmamahal. Ngayon, saanman kayo naroon sa mundo, sana ay madama ninyo ang pagmamahal ng Panginoon at ang pagpapatotoo ng Espiritu sa inyong puso sa mensaheng inawit ng choir. Idaragdag ko ang aking patotoo sa kanila: Alam ko na ang aking Manunubos ay buhay at na mahal Niya ang bawat isa sa atin.

Ngayong gabi, tayo ay nagtitipon bilang mga anak na babaing nakipagtipan sa Diyos. Ang ating edad, kalagayan, at personalidad ay hindi magpapahiwalay sa atin, dahil higit sa lahat tayo ay Kanyang mga anak. Gumawa tayo ng tipan na laging alalahanin ang Kanyang Anak.

Ang kapangyarihan ng tipang iyan ng bawat isa ay umantig sa aking puso tatlong linggo na ang nakararaan nang dumalo ako sa isang binyag. Doon sa harapan ko nakaupo ang walong kasiya-siyang mga bata na mapitagan

at nasasabik dahil sa wakas ay dumating na ang kanilang espesyal na araw. Ngunit nang tingnan ko ang kanilang masasayang mukha, hindi lang isang grupo ng mga bata ang nakita ko. Sa halip nakita ko sila gaya ng naiisip ko na pagkakita sa kanila ng



Panginoon—bilang indibiduwal. Nakita ko sina Emma at Sophia at Ian at Logan at Aden at William at Sophie at Micah. Bawat tipan sa binyag ay ginagawa ng bawat isa. Bawat isa ay nakasuot ng puting damit, naroon sila—handa at may pagkukusa ang kanilang walong-taong-gulang na puso na gawin ang kanilang unang tipan sa Diyos.

Gunitain at ilarawan sa inyong isipan ang araw ng inyong binyag. Malalala man ninyo ang maraming detalye o ang iilan lang, sikaping madama ngayon ang kahalagahan ng tipan na personal ninyong ginawa. Pagkatapos tawagin ang inyong pangalan, kayo ay inilubog sa tubig at umahon bilang Kanyang anak na babae—anak ng tipan, handang tawagin sa pangalan ng Kanyang Anak at nangako na susundin Siya at ang Kanyang mga kautusan.

Ang pakikipagtipan sa Diyos ay tumutulong sa atin na malaman kung sino talaga tayo. Ikinokonekta tayo ng mga ito sa Kanya sa personal na paraan kung saan nadarama natin ang ating kahalagahan sa Kanyang pani-ngin at ang ating lugar sa Kanyang kaharian. Sa paraang hindi natin lubos na maunawaan, bawat isa sa atin ay kilala at mahal Niya. Isipin ninyo—bawat isa sa atin ay may puwang sa Kanyang puso. Ang Kanyang hangarin ay piliin natin ang landas na maghahatid sa atin pabalik sa Kanya.

Mahalaga ang tipan sa binyag, ngunit ito ay simula lamang—ang pasukan na naglalagay sa atin sa landas tungo sa buhay na walang hanggan. Nasa dakong unahan ng ating paglalakbay ang mga tipan sa templo na gagawin at mga ordenansa ng priesthood na tatanggapin. Tulad ng paalala sa atin ni Elder David A. Bednar, “Noong tayo ay nabinyagan, sinimulan natin ang paglalakbay patungo sa templo.”¹

Hindi lamang sa paggawa ng mga tipan kundi sa tapat ding pagtupad sa mga tipang ito ang siyang naghahanda sa atin sa pagtanggap ng buhay na walang hanggan. Iyan ang ating inaa-sam, ating mithiin, at ating kagalakan.

Ako ay saksi sa kapangyarihan ng mga tipan habang minamasdan ko ang aking mga magulang, na minahal at ipinamuhay ang ebanghelyo.

Malinaw kong nakita sa aking mahal na ina ang mga desisyon sa araw-araw ng isang anak na nakipagtipan sa Diyos. Kahit noong bata pa siya, ang kanyang mga pagpili ay nagpakita ng kanyang mga priyoridad at pagiging tunay na disipulo ni Jesucristo. Nakita ko ang kapayapaan, ang kapangyarihan, at proteksyon na dumating sa kanyang buhay nang gumawa siya at tumupad sa mga sagradong tipan sa kanyang paglalakbay sa buhay. Ang kanyang buhay sa mundong ito ay nagpakita ng kanyang pagmamahal sa Tagapagligtas at ng kanyang hangaring sundin Siya. Ah, talagang gusto kong tularan ang kanyang halimbawa.

Ang pagsasama ng mga magulang ko bilang mag-asawa ay nagsimula sa di-pangkaraniwang paraan. Ito ay noong 1936. Seryoso ang pagdedeyst nila at nagpaplanong magpakasal nang matanggap ni Itay ang isang liham na nag-anyaya sa kanya na maglingkod bilang full-time missionary sa South Africa. Nakasaad sa liham na kung siya ay karapat-dapat at handang maglingkod, dapat niyang kausapin ang kanyang bishop. Mapapansin ninyo na ibang-iba ang paraan ng pagtawag sa missionary noong mga panahong iyon! Ipinakita ni Itay ang liham sa kanyang mahal na si Helen, at nagpasiya sila nang walang alinlangan na maglilingkod siya.

Sa loob ng dalawang linggo bago siya umalis, araw-araw na nagkikita sina Inay at Itay para sabay na kumain sa tanghali sa Memory Grove malapit sa kabayanan ng Salt Lake City. Sa isa sa mga tanghaliang ito, dahil humingi si Inay ng patnubay sa pamamagitan ng pag-aayuno at panalangin, sinabi niya sa kanyang mahal na si Claron na kung gusto pa rin nito, magpapakasal siya kay Claron bago ito umalis. Noong mga unang araw ng Simbahan, ang kalalakihan ay tinatawag kung minsan na magmisyon at iniwan ang asawa at pamilya nila. Ganyan din ang nangyari kina Inay at Itay. Sa pahintulot ng kanyang mga priesthood leader, nagpasiya silang magpakasal bago siya umalis para magmisyon.

Sa Salt Lake Temple, natanggap ni Inay ang kanyang endowment, at



pagkatapos ikinasal sila sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan ni Pangulong David O. McKay. Napakasimple ng kasal nila. Walang mga retrato, walang magandang damit-pangkasal, walang mga bulaklak, at walang handaan upang ipagdiwang ang okasyon. Lubos silang nakatuon sa templo at sa kanilang mga tipan. Para sa kanila, ang mga tipan ang pinakamahalaga sa lahat. Anim na araw lang pagkatapos ng kasal at sa pagpa-palam na puno ng iyakan, umalis si Itay papuntang South Africa.

Gayunman ang kanilang pagpapakasal ay hindi lamang dahil sa matinding pagmamahal nila sa isa't isa. Mahal din nila ang Panginoon at hangad na maglingkod sa Kanya. Ang mga sagradong tipan sa templo na ginawa nila ay nagbigay sa kanila ng katatagan at lakas na matiis ang dalawang taong pagkakahiwalay. Nagkaroon sila ng walang hanggang pananaw sa layunin ng buhay at sa ipinangakong pagpapala na ibinibigay sa mga taong tapat sa kanilang mga tipan. Lahat ng pagpapalang ito ay higit pa sa kanilang sakripisyo at pansamantalang pagkakahiwalay.

Bagama't hindi talaga madaling paraan iyon para masimulan ang buhay may-asawa, napatunayang mainam na paraan iyon sa pagtatatag ng saligan para sa walang-hanggang pamilya. Habang lumalaki ang pamilya, alam namin kung ano ang pinakamahalaga sa aming mga magulang. Iyon ay ang



Las Piñas, Philippines

kanilang pagmamahal sa Panginoon at ang kanilang matibay na pangako na tutuparin ang ginawa nilang mga tipan. Kahit pumanaw na ang mga magulang ko, ang kanilang halimbawa ng kabutihan ay patuloy na nagpapala sa aming pamilya.

Ang halimbawa ng kanilang buhay ay makikita sa mga salita ni Sister Linda K. Burton: “Ang pinakamainam na paraan para mapatatag ang pamilya, ngayon o sa hinaharap, ay tuparin ang mga tipan.”²

Ang panahon ng kanilang paghihirap at pagsubok ay nagpatuloy. Tatlong taon matapos bumalik si Itay mula sa kanyang misyon, sumiklab ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at tulad ng karamihan, nagpalista siya sa militar. Apat na taon na naman siyang wala sa bahay habang naglilingkod sa navy, sakay ng mga barkong-pandigma sa Pacific.

Iyon ay mahirap na panahon para sa mga magulang ko na muling magkahiwalay. Ngunit para sa aking ina, ang mga araw ng kalungkutan, pag-aalala, at kawalan ng katiyakan ay kinapalooban din ng mga pagbu-long ng Espiritu na nangungusap ng mga walang hanggang pangako, ng kapanatagan at kapayapaan sa gitna ng unos.

Sa kabila ng mga pagsubok sa kanyang buhay, si Inay ay biniyayaan ng kaligayahan, kagalakan, pagmamahal, at paglilingkod. Ang pagmamahal

niya sa Tagapagligtas ay nakita sa kanyang pamumuhay. Nagkaroon siya ng kahanga-hangang pakikipag-ugnayan sa langit at ng kaloob at kakayahang mahalina at tulungan ang lahat ng nakapaligid sa kanya. Ang kanyang pananampalataya sa Diyos at pag-asa sa Kanyang mga pangako ay mababakas sa mga salita ni Pangulong Thomas S. Monson tungkol sa templo nang sabihin niyang, “Walang sakripisyong napakalaki, walang kapalit na napakabigat, walang pagsisikap na napakahirap upang matanggap ang mga pagpapalang iyon.”³

Sa lahat ng panahon sa kanyang buhay, si Inay ay napalakas at nagpapala dahil sa pagmamahal niya sa Panginoon at sa mga tipang ginawa at tinupad niya nang tapat.

Walang duda na iba ang mga detalye ng inyong buhay sa buhay ni Inay. Ngunit ang mga alituntunin mula sa kanyang buhay ay angkop sa ating lahat. Kapag ang mga anak na babae ng Diyos ay nakatuon sa templo at sa kanilang mga sagradong tipan, ang Diyos ay nagbibigay ng personal na mga pagpapala at sa makapangyarihang paraan. Tulad ng halimbawa ni Inay sa akin, ang pasiya ninyong paniwalaan at tuparin ang mga tipan ay mag-iwan ng mahalagang pamana ng pananampalataya sa inyong mga inapo. Kaya, mahal kong mga kapatid, paano natin makakamtan ang kapangyarihan at mga pagpapala ng mga

tipan sa templo? Ano ang magagawa natin ngayon upang makapaghanda para sa mga pagpapalang iyon?

Sa paglalakbay ko, nalaman ko na may mga kababaihan sa lahat ng edad, sa lahat ng kalagayan, na ang buhay ay nagbibigay ng kasagutan sa mga tanong na ito.

Nakilala ko si Mary pagkatapos ng kanyang ikawalong kaarawan. Tulad ng iba, siya ay sabik sa paggawa ng family history at nakapag-ambag na ng mahigit 1,000 pangalan para sa gawain sa templo. Inihahanda na ngayon ni Mary ang kanyang sarili para sa pagpapala ng pagpasok sa templo pagtuntong niya ng 12 taong gulang.

Si Brianna ay 13 anyos at gustungusto niya ang gawain sa family history at sa templo. Tinanggap niya ang hamon ni Elder Neil L. Andersen tungkol sa templo.⁴ Siya ay naghanda ng daan-daang pangalan para sa gawain sa templo at isinama ang kanyang pamilya at mga kaibigan sa pagsasagawa ng mga pagpapabinyag sa templo. Sa sagradong gawaing ito, ang puso ni Brianna ay bumaling hindi lamang sa kanyang mga magulang sa lupa kundi gayundin sa kanyang Ama sa Langit.

Bagamat si Anfissa ay abalang young adult na nagtatrabaho at pumasok sa graduate school, may oras pa rin siya na pumunta sa templo bawat linggo. Humihingi siya ng inspirasyon at nakadarama ng kapayapaan habang naglilingkod sa bahay ng Panginoon.

Si Katya, na miyembro sa Ukraine, ay mahal na mahal ang templo. Bago itinayo ang templo sa Kyiv, siya at ang iba pa sa kanyang branch ay nagsakripisyong bumiyahe nang 36 na oras



sakay ng bus para pumunta sa templo minsan sa isang taon sa Germany. Ang matatapat na Banal na ito ay nangagdasal, inaral ang mga banal na kasulatan, kumanta ng mga himno, at pinag-usapan ang ebanghelyo habang nagbibiyahe sila. Sabi ni Katya sa akin, “Nang makarating kami sa templo, handa na kaming tanggapin ang ibibigay ng Panginoon sa amin.”

Kung gusto nating matanggap ang lahat ng pagpapalang bukas-palad na ipagkakaloob sa atin ng Diyos, ang tinatahak natin sa lupa ay dapat patungo sa templo. Ang mga templo ay tanda ng pagmamahal ng Diyos. Inaanyayahan Niya tayong lahat na lumapit, matuto sa Kanya, madama ang Kanyang pagmamahal, at tanggapin ang mga ordenansa ng priesthood na kailangan para sa buhay na walang hanggan sa piling Niya. Bawat tipan ay ginagawa ng bawat isa. Bawat malaking pagbabago ng puso ay mahalaga sa Panginoon. At ang pagbabago ng iyong puso ay makagagawa ng malaking kaibhan sa iyo. Sapagkat sa pagpunta natin sa Kanyang banal na bahay, tayo ay “[masasakbitan ng Kanyang] kapangyarihan, . . . ang [Kanyang] pangalan . . . ay mapapasa[at in], . . . ang [Kanyang] kaluwalhatian . . . ay [babalat sa atin], at ang [Kanyang] mga anghel ay [mangangalaga sa atin].”⁵

Ibinabahagi ko sa inyo ang aking tiyak na patotoo na ang ating mapagmahal na Ama sa Langit ay buhay. Sa pamamagitan ng Kanyang Pinakamahal na Anak na si Jesucristo, ang lahat ng inaasam, lahat ng pangako, at lahat ng pagpapala ng templo ay natutupad. Nawa’y magkaroon tayo ng pananampalataya na magtiwala sa Kanya at sa Kanyang mga tipan, ang dalangin ko sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. David A. Bednar, “Marangal na Humawak ng Pangalan at Katayuan,” *Liahona*, Mayo 2009, 98.
2. Linda K. Burton, “Wanted: Mga Kamay at mga Pusong Magpapabilis sa Gawain,” *Liahona*, Mayo 2014, 123.
3. Thomas S. Monson, “Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo,” *Liahona*, Mayo 2011, 92.
4. Tingnan sa templechallenge.lds.org.
5. Doktrina at mga Tipan 109:22.



Ni Neill F. Marriott

Pangalawang Tagapayo sa Young Women
General Presidency

Pagbabahagi ng Inyong Liwanag

Kailangan nating manindigan sa ating pananampalataya at iparinig ang ating tinig upang ipahayag ang tunay na doktrina.

Ngayong gabi, gusto kong isaalang-alang ang dalawang mahahalagang responsibilidad natin: una, palaging idagdag ang liwanag ng ebanghelyo sa ating buhay, at pangalawa, ibahagi ang liwanag at katotohanang iyan sa iba.

Alam ba ninyo kung gaano kayo kahalaga? Bawat isa sa inyo—ngayon mismo—ay mahalaga at kailangan sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit. Mayroon tayong gagawin. Alam natin ang katotohanan ng ipinangumbalik na ebanghelyo. Handa ba tayong ipagtanggol ang katotohanang iyan? Kailangan natin itong ipamuhay; kailangan

natin itong ibahagi. Kailangan nating manindigan sa ating pananampalataya at iparinig ang ating tinig upang ipahayag ang tunay na doktrina.

Sa Setyembre 2014 *Liahona*, isinulat ni Elder M. Russell Ballard: “Kailangan pa natin ng mabuti at maimpluwensyang mga tinig at pananampalataya ng kababaihan. Kailangang matutuhan nila ang doktrina at maunawaan ang ating pinaniniwalaan nang sa gayon ay makapagpatotoo sila tungkol sa katotohanan ng lahat ng bagay.”¹

Mga kapatid, pinalalakas ninyo ang aking pananampalataya kay Jesucristo. Nakita ko na ang inyong mga



halimbawa, narinig ang inyong mga patotoo, at nadama ang inyong pananampalataya mula Brazil hanggang Botswana! Nakakaimpluwensya kayo saanman kayo magtungo. Nadarama ito ng mga tao sa paligid ninyo—mula sa inyong pamilya hanggang sa mga kakontak ninyo sa cell phone at mula sa inyong mga kaibigan sa social media hanggang sa mga katabi ninyo sa upuan ngayong gabi. Sang-ayon ako kay Sister Harriet Uchtdorf, na nagsulat na, “Kayo . . . ay masisigla at masisigasig na tanglaw sa laging nagdidilim na mundo kapag ipinakita ninyo, sa paraan ng inyong pamumuhay, na ang ebanghelyo ay isang masayang mensahe.”²

Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson, “Kung nais ninyong magbigay ng liwanag sa iba, kailangang magningning kayo mismo.”³ Paano natin mapapanatiling maningning ang katotohanan sa ating kalooban? Kung minsan para akong malamalam na bombilya. Paano tayo mas magliliwanag?

Itinuro sa mga banal na kasulatan, “Yaong sa Diyos ay liwanag; at siya na tumatanggap ng liwanag, at nagpapatuloy sa Diyos, ay tumatanggap ng marami pang liwanag.”⁴ Kailangan nating magpatuloy sa Diyos, tulad ng sabi sa banal na kasulatan. Kailangan tayong lumapit sa pinagmumulan ng liwanag—sa Ama sa Langit at kay Jesucristo at sa mga banal na kasulatan. Maaari din tayong magpunta sa templo, batid na lahat ng bagay sa loob nito ay nakatuon kay Cristo at sa Kanyang dakilang nagbabayad-salang sakripisyo.

Isipin ang epekto ng mga templo sa kapaligiran nito. Pinagaganda nito ang looban ng mga lungsod; nagniningning ang mga ito mula sa bantog na mga burol. Bakit nakakaganda at nagniningning ang mga ito? Dahil, sabi nga sa mga banal na kasulatan, “[Ang] katotohanan ay nagniningning,”⁵ at ang mga templo ay may katotohanan at walang-hanggang layunin; at kayo rin.

Noong 1877, Sinabi ni Pangulong George Q. Cannon, “Pinapahina ng bawat Templo . . . ang kapangyarihan ni Satanas sa mundo.”⁶ Naniniwala ako na saanman magtayo ng templo



sa mundo, itinataboy nito ang kadiliman. Ang layunin ng templo ay paglingkuran ang sangkatauhan at bigyan ang lahat ng anak ng Ama sa Langit ng kakayahang makabalik at makapiling Siya. Hindi nga ba’t katulad ng layunin natin ang layunin ng inilaang mga gusaling ito, ng mga bahay na ito ng Panginoon? Para mapaglingkuran ang iba at tulungan silang hadlangan ang kadiliman at makabalik sa liwanag ng Ama sa Langit?

Ang sagradong gawain sa templo ay magpapaibayo ng ating pananampalataya kay Cristo, at sa gayon ay mas maiimpluwensyahan natin ang pananampalataya ng iba. Sa nagpapabanal na diwa ng templo, malalaman natin ang katotohanan, kapangyarihan, at pag-asang dulot ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas sa ating personal na buhay.

Ilang taon na ang nakararaan nagkaroon ng malaking problema ang aming pamilya. Nagpunta ako sa templo at taimtim na nanalangin doon para sa tulong. May nalaman akong katotohanan sa sandaling iyon. Tumanggap ako ng malinaw na impresyon tungkol sa aking mga kahinaan, at nagulat ako. Sa sandaling iyon ng espirituwal na pagkatuto, nakita ko ang isang mayabang na babae na gumagawa ng mga bagay sa sarili niyang paraan, hindi sa paraan ng Panginoon, at lihim na ipinagmamalaking tagumpay niya iyon. Alam kong sarili ko ang nakikita ko. Buong-puso akong nagsu-mamo sa Ama sa Langit at sinabing, “Ayaw ko pong maging gayon, pero paano ako magbabago?”

Sa pamamagitan ng dalisay na diwa ng paghahayag sa templo, nalaman ko na lubos kong kailangan ang isang Manunubos. Agad kong ibinaling ang aking isipan sa Tagapagligtas na si Jesucristo at naglaho ang aking dalamhati at nakadama ako ng malaking pag-asa. Siya ang tangi kong pag-asa, at gusto kong sa Kanya lamang kumapit nang mahigpit. Malinaw sa akin na ang likas na babaeng sarili lamang ang iniisip “ay kaaway ng Diyos”⁷ at ng mga tao sa kanyang paligid. Sa templo nang araw na iyon nalaman ko na Pagbabayad-sala lamang ni Jesucristo ang papawi sa likas kong kayabangan at na makakagawa ako ng kabutihan. Labis kong nadama ang Kanyang pagmamahal, at nalaman ko na tuturuan Niya ako sa pamamagitan ng Espiritu at babaguhin ako kung ibibigay ko ang puso ko sa Kanya, nang buong-buo.

Nilalabanan ko pa rin ang aking mga kahinaan, ngunit nagtitiwala ako sa banal na tulong ng Pagbabayad-sala. Dumating ang dalisay na tagubiling ito dahil pumasok ako sa banal na templo, na naghahanap ng kapanatagan at mga kasagutan. Pumasok ako sa templo na nabibigatan, at lumisan akong batid na mayroon akong Tagapagligtas na makapangyarihan sa lahat at mapagmahal. Gumaan at sumigla ang aking pakiramdam dahil natanggap ko ang Kanyang liwanag at tinanggap ko ang Kanyang plano para sa akin.

Itinayo sa iba’t ibang dako ng mundo, ang mga templo ay may sariling kakaibang anyo at disenyo sa labas, ngunit sa loob ang lahat ng templo ay may iisang walang-hanggang liwanag, layunin, at katotohanan. Sa I Mga Taga Corinto 3:16 mababasa natin, “Hindi baga ninyo nalalaman na kayo’y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo?” Tayo rin bilang mga anak na babae ng Diyos ay inilagay sa iba’t ibang dako ng mundo, at magkakaiba ang anyo at hitsura natin, gaya ng mga templo. Mayroon din tayong espirituwal na liwanag sa ating kalooban, gaya ng mga templo. Ang espirituwal na liwanag na ito ay anino ng liwanag ng Tagapagligtas. Maaakit ang iba sa kaningningang ito.

May kani-kanya tayong tungkulin sa lupa—mula sa anak, ina, lider, at guro hanggang sa kapatid, naghahanapbuhay, maybahay, at marami pang iba. Bawat isa ay may impluwensya. Bawat tungkulin ay magkakaroon ng kapangyarihang moral kapag nababanaag ang mga katotohanan ng ebanghelyo at mga tipan sa templo sa ating buhay.

Sabi ni Elder D. Todd Christofferson, “Sa lahat ng sitwasyon, ang impluwensya ng isang ina ay hindi mapapantayan ng sinumang tao sa anupamang ugnyayan.”⁸

Noong maliliit pa ang aming mga anak, para akong co-captain ng asawa kong si David sa isang barko, at nalarawan sa aking isipan ang 11 naming mga anak na parang maliliit na bangkang palutang-lutang sa paligid namin sa daungan, naghahandang tumahak sa dagat ng mundo. Nadama namin ni David na kailangan naming sumangguni sa kompas ng Panginoon araw-araw para sa pinakamainam na direksyong tatahakin ng aming munting pangkat.

Ang aking mga araw ay puno ng madaling-malimutang mga bagay gaya ng pagtutupi ng labada, pagbabasa ng mga aklat pambata, at sama-samang pagluluto ng hapunan. Kung minsan sa daungan ng ating mga tahanan, hindi natin nakikita na sa mga simple, at di-nagbabagong mga gawaing ito—kabilang na ang panalangin ng pamilya, pag-aaral ng banal na kasulatan, at family home evening—ang mga dakilang bagay ay naisasakutaparan. Ngunit pinatotohanan ko na walang-hanggan ang kahalagahan ng mga gawaing ito. Dumarating ang labis na kagalakan kapag ang maliliit na bangkang iyon—ang ating mga anak—ay naging malalaking barko na puno ng liwanag ng ebanghelyo at handang “[humarap] sa paglilingkod sa Diyos.”⁹ Ang ating maliliit na gawa ng pananampalataya at paglilingkod ang paraan para makapagpatuloy sa Diyos ang karamihan sa atin at kalaunan ay maghatid ng walang-hanggan liwanag at kaluwalhatian sa ating pamilya, mga kaibigan, at mga kasamahan. Talagang makakaimpluwensya kayo!

Isipin ang impluwensyang maidu-dulot ng pananampalataya ng isang batang babae sa Primary sa kanyang pamilya. Pinagpala ng pananampalataya ng aming anak na babae ang aming pamilya nang mawala ang aming anak na lalaki sa isang amusement park. Hinanap siya ng aming pamilya sa buong paligid. Sa huli, hinila ng aming 10-taong-gulang na anak na babae ang braso ko at sinabing, “Inay, hindi po ba dapat tayong magdasal?” Tama siya! Nagtipon ang pamilya sa gitna ng mga taong nakamasid at ipinagdasal naming matagpuan ang aming anak. Natagpuan namin siya. Sinasabi ko sa lahat ng batang babae sa Primary, “Patuloy sana ninyong palalahanan ang inyong mga magulang na magdasal!”

Nitong tag-init nakadalo ako sa kamping ng 900 kabataang babae sa Alaska. Napakalaki ng kanilang impluwensya sa akin. Nagpunta sila sa kamping na espirituwal na handa, dahil nabasa nila ang Aklat ni Mormon at naisaulo ang “Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol.” Sa ikatlong gabi ng kamping, sabay-sabay na tumayo ang lahat ng 900 kabataang

babae at binigkas ang bawat salita ng buong teksto.

Napuspos ng Espiritu ang malaking bulwagan, at ninais kong sumali. Ngunit hindi ko nagawa. Hindi ko pa iyon naisasaulo.

Nasimulan ko nang isaulo ang mga salita ng “Ang Buhay na Cristo” tulad ng ginawa ng mga babaeng ito, at dahil sa kanilang impluwensya ay mas lubos akong nasisiyahan sa tipan ng sakramento na laging alalahanin ang Tagapagligtas habang paulit-ulit kong binibigkas ang patotoo ng mga Apostol tungkol kay Cristo. Nagkakaroon ng mas malalim na kahulugan sa akin ang sakramento.

Umaasa akong mareregaluhan ko ang Tagapagligtas ngayong Pasko sa pagsasaulo ng “Ang Buhay na Cristo” at maayos itong mailagak sa puso ko pagsapit ng Disyembre 25. Sana maging mabuting impluwensya ako—tulad ng ginawa sa akin ng kababaihan ng Alaska.

Nakikita ba ninyo ang inyong sarili sa mga salitang ito na nakasaad sa, “Ang Buhay na Cristo”? “Nakiusap Siya sa lahat na sumunod sa Kanyang halimbawa. Binagtas Niya ang mga



lansangan ng Palestina na nanggagamot ng maysakit, nagbibigay ng paningin sa bulag, at nagpapabangon ng patay.”¹⁰

Tayong kababaihan ng Simbahan, ay hindi bumabagtas sa mga lansangan ng Palestina na nanggagamot ng maysakit, ngunit maaari nating ipagdasal at gamitin ang nagpapagaling na pag-ibig ng Pagbabayad-sala sa hindi na magandang relasyon.

Bagama’t hindi natin mabibigyan ng paningin ang bulag gaya ng ginawa ng Tagapagligtas, mapatotohanan natin ang plano ng kaligtasan sa espirituwal na nabubulagan. Mabubuksan natin ang mga mata ng kanilang pang-unawa na kailangan ang kapangyarihan ng priesthood sa mga walang-hanggang tipan.

Hindi natin maibabangon ang patay gaya ng ginawa ng Tagapagligtas, ngunit mapagpapala natin ang mga patay sa paghahanap sa kanilang mga pangalan para sa gawain sa templo. Sa gayon ay tunay natin silang ibabangon mula sa bilangguan ng kanilang espiritu at maiaalok sa kanila ang landas tungo sa buhay na walang hanggan.

Pinatotohanan ko na mayroon tayong Tagapagligtas na buhay, si Jesucristo, at sa Kanyang kapangyarihan at liwanag ay mahahadlangan natin ang kadiliman ng mundo, maipaparinig natin ang tinig ng katotohanang alam natin, at maiimpluwensyahan natin ang iba na lumapit sa Kanya. Sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. M. Russell Ballard, “Kalalakihan at Kababaihan at Kapangyarihan ng Priesthood,” *Liahona*, Set. 2014, 36.
2. Harriet R. Uchtdorf, *The Light We Share* (Deseret Book Company, 2014), 41; ginamit nang may pahintulot.
3. Thomas S. Monson, “For I Was Blind, but Now I See,” *Liahona*, Hulyo 1999, 69.
4. Doktrina at mga Tipan 50:24.
5. Doktrina at mga Tipan 88:7.
6. George Q. Cannon, sa *Preparing to Enter the Holy Temple* (booklet, 2002), 36.
7. Mosias 3:19.
8. D. Todd Christofferson, “Ang Mabuting Impluwensya ng Kababaihan,” *Liahona*, Nob. 2013, 30.
9. Doktrina at mga Tipan 4:2.
10. “Ang Buhay na Cristo: Ang Patotoo ng mga Apostol,” *Liahona*, Abr. 2000, 2.



Ni President Dieter F. Uchtdorf

Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Masayang Ipinamumuhay ang Ebanghelyo

Magtiwala sa nakapagligtas na kapangyarihan ni Jesucristo; sundin ang Kanyang mga batas at kautusan. Sa madaling salita—masayang ipamuhay ang ebanghelyo.

Mahal kong mga kapatid, kaibigan at pinagpalang mga disipulo ni Jesucristo, karangalan ko na makasama kayo sa pagsisimula ng isa na namang pangkalahatang kumperensya ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sa darating na linggo ang Unang Panguluhan at ang Labindalawang Apostol ay makikipagpulong sa lahat ng General Authority at pangkalahatang mga lider ng auxiliary, at ang nalalabing mga sesyon ng ating pandaigdigang kumperensya ay sa darating na Sabado at Linggo na. Lubos akong nagpapasalamat kay Pangulong Thomas S. Monson, na propeta ng Diyos sa ating panahon, sa pag-aatas sa akin na katawanin ko ang Unang Panguluhan sa pagsasalita ko sa kababaihan ng Simbahan.

Habang pinagninilayan ko ang aking mensahe, naisip ko ang kababaihang nakaimpluwensya sa akin at nakatulong sa aking harapin ang mga hamon ng buhay. Nagpapasalamat

ako sa aking lola na ilang dekada na ang nakalipas ay nagpasiyang dalhin ang kanyang pamilya sa isang sacrament meeting ng mga Mormon. Nagpapasalamat ako kay Sister Ewig, isang matandang dalagang Aleman, na ang pangalan sa Ingles ay “Sister Eternal.” Siya ang naglakas-loob na ipaabot ang napakagandang paanyayang ito sa lola ko. Nagpapasalamat ako nang lubos sa aking ina, na gumabay sa apat na anak sa gitna ng kaguluhang dulot ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Naiisip ko rin ang aking anak na babae, mga apong babae, at ang susunod na mga henerasyon ng matatapat na kababaihan.

At, siyempre, walang katapusan akong nagpapasalamat sa aking asawa, si Harriet, na nakabighani sa akin noong ako’y binatilyo pa, na gumana ng pinakamabigat na responsibilidad noon sa aming pamilya bilang ina, bilang asawa, at nagmamahal sa aming mga anak, apo, at apo sa tuhod. Siya ang lakas sa aming tahanan

sa panahon ng hirap at ginhawa. Siya ang nagpapasigla sa buhay ng lahat ng nakakakilala sa kanya.

Sa huli, lubos akong nagpapasalamat sa inyong lahat, sa milyun-milyong matatapat na kababaihan sa buong daigdig na maraming ginagawa para maitayo ang kaharian ng Diyos. Nagpapasalamat ako sa inyo sa di-mabilang na mga paraan na nakapagbibigay kayo ng inspirasyon, pagkalinga, pagtulong sa mga nasa paligid ninyo.

Mga Anak na Babae ng Diyos

Natutuwa akong makasama ang napakaraming anak na babae ng Diyos. Kapag kinakanta natin ang awiting “Ako ay Anak ng Diyos,” naantig nito ang ating mga puso. Ang pagninilay sa katotohanang ito—na tayo ay mga anak ng mga magulang sa langit¹—ay nagpapaunawa sa atin kung saan tayo nagmula, bakit tayo naririto, at ano ang ating kahihinatnan.

Mabuting alalahanin na kayo, kailanman, ay anak ng Diyos. Ang kaalamang ito ay magpapatatag sa inyo sa pinakamatitinding pagsubok sa buhay at hihikayatin kayong magsagawa ng pambihirang mga bagay. Gayunman, mahalaga ring alalahanin na ang pagiging anak ng walang-hanggang mga magulang ay hindi isang karangalang natatamo o mawawala sa inyo kalaunan. Kayo ay mananatiling anak ng Diyos kailanman. Ang inyong Ama sa Langit ay may mataas na mithiin para sa inyo, ngunit ang banal na pinagmulan ninyo ay hindi ang siyang *tanging* magbibigay sa inyo ng banal na pamana. Ipinadala kayo rito ng Diyos upang maghanda para sa hinaharap na higit kaysa anumang nakikinita ninyo.

Ang ipinangakong mga pagpapala ng Diyos sa matatapat ay mabuti at kalugud-lugod. Ilan sa mga ito ay “mga trono, kaharian, pamunuan at kapangyarihan, mga sakop, lahat ng taas at lalim.”² At hindi sapat ang katibayan ng espirituwal na kapanganakan o “Child of God Membership Card” para maging marapat sa mga pagpapalang ito na hindi kayang maunawaan.

Ngunit paano natin matatamo ang mga ito?



Sinagot ng Tagapagligtas ang tanong na ito sa ating panahon:

“Maliban sa kayo ay sumunod sa aking batas hindi ninyo matatamo ang kaluwalhatiing ito.

“Sapagkat makipot ang pintuan, at makitid ang daan na patungo sa kadakilaan. . . .

“. . . Tanggapin ninyo, samakatwid, ang aking batas.”³

Dahil dito, ipinapahayag natin ang pagtahak sa landas ng pagkadisipulo.

Ipinapahayag natin ang pagsunod sa mga utos ng Diyos.

Ipinapahayag natin ang masayang pamumuhay ng ebanghelyo nang buong puso, kakayahan, kaisipan, at kaluluwa.

Alam ng Diyos ang Bagay na Hindi Natin Alam

Sa kabila niyon para sa ilan sa atin, ang pagsunod sa mga utos ng Diyos ay hindi laging ganoon kasaya. Aminin natin: maaaring may ilan na tila mahirap o hindi natin gaanong gusto—mga utos na sinusunod natin nang tulad sa isang batang may kaharap na isang plato ng masustansya pero inaayawang gulay. Buong tapang at pinipilit nating sundin ang utos para maisagawa ang mas gusto nating gawain.

Marahil sa mga ganitong pagkakataon ay naitatanong natin sa ating sarili, “Talaga bang kailangan nating sundin ang *lahat* ng mga utos ng Diyos?”

Simple lang ang sagot ko sa tanong na ito:

Palagay ko may alam ang Diyos na hindi natin alam—mga bagay na hindi natin kayang maunawaan! Ang ating Ama sa Langit ay walang-hanggang

nilalang na ang karanasan, karunungan at katalinuhan ay tunay na higit kaysa sa atin.⁴ Hindi lamang iyan, Siya rin ay walang hanggang nagmamahal, nahahabag, at nakatuon sa dakilang mithiin: ang isakatuparan ang ating kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan.⁵

Sa madaling salita, hindi lamang Niya *alam* ang pinakamabuti para sa inyo; lubos din Niyang *ninanais na piliin ninyo* ang pinakamabuti para sa inyo.

Kung buong-puso kayong naniniwala—kung talagang naniniwala kayo na ang dakilang misyon ng ating Ama sa Langit ay dakilain at luwalhatiin ang Kanyang mga anak at na Siya ang higit na nakaalam kung paano ito gawin—hindi ba makatwiran lang na tanggapin at sundin ang Kanyang mga kautusan, kahit ang tila mahirap gawin? Hindi ba natin pahahalagahan ang ibinigay Niyang liwanag na gumagabay sa atin sa gitna ng kadiliman at mga pagsubok sa buhay? Ipinakikita nito ang daan pabalik sa ating tahanan sa langit! Sa pagpili sa landas ng Ama sa Langit, naglalatatag kayo ng espirituwal na pundasyon para sa inyong pansariling pag-unlad bilang anak ng Diyos na magpapala sa inyo habambuhay.

Bahagi ng hamon sa atin, palagay ko, ay iniisip natin na lahat ng biyaya ng Diyos ay nakalagak sa isang malaking ulap sa langit, at hindi ito ibibigay sa atin maliban sa mahigpit na pagsunod sa mga itinakda Niyang gawin natin. Ngunit hindi ganyan ang mga kautusan. Sa katunayan, ang Ama sa Langit ay palaging nagbubuhos sa atin ng mga pagpapala. Ang ating takot, pagdududa, at kasalanan, ay

parang isang payong na sinasangga ang pagbagsak ng mga pagpapalang ito sa atin.

Ang Kanyang mga utos ay ang magiliw na mga tagubilin at banal na tulong para isara ang payong upang matanggap natin ang pagbuhos ng mga pagpapala ng langit.

Kailangan nating tanggapin na ang mga utos ng Diyos ay hindi lamang mahabang listahan ng magagandang ideya. Hindi ito mga “life hack” mula sa isang blog sa Internet o mga naka-kaengganyong salita mula sa Pinterest board. Ito ay mga banal na payo, batay sa walang-hanggang mga kato-tohanan, na ibinigay upang maghatid ng “kapayapaan sa daigdig na ito, at buhay na walang hanggan sa daigdig na darating.”⁶

Kaya mayroon tayong pagpipilian. Sa isang banda, nariyan ang opinyon ng mundo na pabagu-bago ang mga teoriya at kaduda-duda ang mga hangarin. Sa kabilang banda, nariyan ang salita ng Diyos sa Kanyang mga anak—ang Kanyang walang hanggang karunungan, Kanyang tiyak na mga pangako, at Kanyang mapagmahal na mga tagubilin para makabalik sa Kanyang piling sa kaluwalhatian, pagmamahal, at karingalan.

Ang pagpili ay nasa inyo!

Ang Lumikha ng mga karagatan, buhangin, at walang katapusang mga bituin ay tumutulong sa inyo sa mismong araw na ito! Siya ay nag-aalok ng pangunahing resipe para sa kaligayahan, kapayapaan, at buhay na walang hanggan!

Upang maging marapat sa dakilang pagpapalang ito, kailangan ninyong magpakumbaba, manampalataya, taglayin ang pangalan ni Cristo, hanapin Siya sa salita at gawa, at matatag na “tumayo bilang saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng bagay, at sa lahat ng lugar.”⁷

Ang Dahilan ng Pagsunod

Kapag naunawaan ninyo ang tunay na katangian ng Diyos at ng Kanyang mga kautusan, mas mauunawaan ninyo ang inyong sarili at ang banal na layunin ng inyong buhay. Dahil dito, ang dahilan kung bakit kayo



sumusunod ay nababago, at nagiging naisin ng inyong puso na masayang ipamuhay ang ebanghelyo.

Halimbawa, ang mga dumadalo sa mga miting ng Simbahan para madagdagan ang kanilang pagmamahal sa Diyos, magkaroon ng kapanatagan, mapalakas ang iba, madama ang Espiritu, at mapanibago ang kanilang pangakong sundin si Jesucristo ay mas maganda ang magiging karanasan kaysa sa mga taong napilitan lang na pumunta roon. Mga kapatid, *napakahalagang* dumalo sa mga miting natin tuwing Linggo, ngunit natitiyak ko na mas inaalala ng ating Ama sa Langit ang ating panampalataya at pagsisisi kaysa sa bilang ng pagdalo natin.

Narito ang isa pang halimbawa:

Isang babae na nag-iisang magulang ng dalawang maliliit na bata ang nag-kabulutong. Siyempre, hindi nagtagal ay nagkasakit din ang mga anak niya. Ang pag-aasikaso pa lang sa sarili at sa kanyang mga anak nang mag-isa ay napakahirap na sa bata pang ina. At, dahil dito, ang dating napakalinis na bahay ay naging makalat at magulo. Nagtambak ang mga hugasin sa lababo, at nagkalat ang maruruming damit.

Habang hirap siya sa pag-aasikaso sa nag-iiyakang mga anak—at gusto na ring maiyak—may kumatok sa pintuan niya. Ito ay kanyang mga visiting teacher. Nakita nilang balisa ang bata pang ina. Nakita nila ang it-sura ng bahay nito, pati ang kanyang kusina. Narinig nilang nag-iiyakan ang mga bata.

Ngayon, kung ang inaalala lang ng kababaihang ito ay ang tapusin ang kanilang buwanang pagbisita, siguro ay aabutan lamang nila ng isang plato ng biskwit ang ina, babanggitin na

na-miss nila siya sa Relief Society noong nakaraang linggo, at sasabihing, “Sabihin mo lang sa amin kung may maitutulong kami!” Pagkatapos ay masaya na silang aalis, nagpapasalamat na naka-100 porsiyento na naman sila sa buwang iyon.

Mabuti na lang at ang mga kapatid na ito ay tunay na mga disipulo ni Cristo. Napansin nila ang pangangailangan ng kanilang kapatid at ginamit ang kanilang mga talento at karanasan. Niligpit nila ang kalat, ginawang maaliwalas ang bahay, at tinawagan ang isang kaibigan para magpadala ng mga kailangang groseri. Nang natapos na sa kanilang ginagawa at nagpaalam, iniwan nila ang bata pang ina na lumuluha—luha ng pasasalamat at pagmamahal.

Mula noon, nagbago ang pananaw ng inang ito sa visiting teaching. “Alam ko,” sabi niya, “na hindi nila ako bini-sita ng dahil lang sa inutos sa kanilang gawin iyon.”

Totoo na kailangan ng mga visiting teacher na buwanang bumisita, at kasabay nito ay dapat na iniisip pa rin ang pinakamahalagang *dahilan* ng pagsunod nila sa utos na ito: mahalina ang Diyos at kapwa-tao.

Kapag itinuturing natin ang pagsunod sa mga utos ng Diyos at ang bahagi natin sa pagtatayo ng Kanyang kaharian na parang isang bagay na mula lamang sa isang listahan ng dapat gawin, hindi natin nakikita ang pinakamahalagang bahagi ng pagiging disipulo. Napapalampas natin ang pagkakataong umunlad bunga ng masayang pagsunod sa mga utos ng ating Ama sa Langit.

Ang paglakad sa landas ng pagiging disipulo ay hindi kailangang maging

mapait na karanasan. Ito ay “pinakamatamis sa lahat ng matamis.”⁸ Ito ay hindi isang pasaning nagpapahirap sa atin. Ang pagiging disipulo ay nagpapasigla ng ating kalooban at nagpapasaya sa ating puso. Hinihikayat tayo nito na manampalataya, umasa, at magmahal sa kapwa. Pinupuspos nito ang ating mga espiritu ng liwanag sa panahon ng kadiliman, at kapayapaan sa panahon ng kalungkutan.

Binibigyan tayo nito ng dakilang kapangyarihan at walang hanggang gagalakan.

Masayang Ipinamumuhay ang Ebanghelyo

Mahal kong mga kapatid sa ebanghelyo, kung kayo man ay edad 8 o 108, may isang bagay na sana ay tunay ninyong maunawaan at malaman:

Kayo ay minamahal.

Mahal kayo ng inyong mga magulang sa langit.

Kilala kayo ng walang katapusan at walang hanggang Lumikha ng liwanag at buhay! Iniisip Niya kayo.

Oo, mahal kayo ng Diyos sa araw na ito at sa tuwina.

Hindi Niya hinihintay na madaig muna ninyo ang inyong kahinaan at masasamang gawi bago Niya kayo mahal. Mahal Niya kayo ngayon nang may buong pag-unawa sa inyong mga paghihirap. Alam Niya na sumasamo kayo sa Kanya sa taimtim

at nananalig na panalangin. Alam Niya ang mga panahong nangunyapit kayo sa umaandap na liwanag at nanalig—kahit sa gitna ng paglaganap ng dilim. Alam Niya ang inyong mga pagdurusa. Alam Niya ang inyong pagsisisi sa mga panahong nagkulang o nagkamali kayo. At mahal pa rin Niya kayo.

At alam ng Diyos ang inyong mga tagumpay; kahit tila maliit lang ito sa inyo, kinikilala at itinatangi Niya ang bawat isa sa mga ito. Mahal Niya kayo sa pagkalinga ninyo sa iba. Mahal Niya kayo sa pagtulong sa iba na kayanin ang mabibigat nilang pasanin—kahit kayo man ay may pasanin din.

Alam Niya ang lahat ng tungkol sa inyo. Tunay Niya kayong nakikita—alam Niya ang totoo ninyong pagkatao. At mahal Niya kayo—ngayon at magpakailanman!

Sa palagay ba ninyo mahalaga sa ating Ama sa Langit kung maganda ang makeup, damit, buhok, at mga kuko ninyo? Sa palagay ba ninyo ang pagtingin Niya sa inyo ay batay sa dami ng follower ninyo sa Instagram o Pinterest? Sa palagay ba ninyo nais Niyang nag-aalala o nanghihina kayo kung may nag un-friend o nag-un-follow sa inyo sa Facebook o Twitter? Sa palagay ba ninyo ang panlabas na karikitan, sukat ng inyong damit o popularidad ninyo ay

nakakaapekto sa kahalagahan ninyo sa Lumikha ng sansinukob?

Mahal Niya kayo hindi lang dahil sa uri ng pagkatao ninyo sa araw na ito, kundi sa potensyal at hangarin ninyong maging isang nilalang na may kabutihan at liwanag.

Higit pa sa naisip ninyo, gusto Niyang makamit ninyo ang inyong tadhana—ang makabalik sa inyong tahanan sa langit nang may karangalan.

Pinatotohanan ko na ang paraan para magawa ito ay isantabi ang makasariling mga hangarin at hindi makabuluhang mga ambisyon kapalit ng pag-aalay ng sakripisyo at paglilingkod. Mga kapatid, magtiwala sa nakapagliligtas na kapangyarihan ni Jesucristo; sundin ang Kanyang mga batas at kautusan. Sa madaling salita—masayang ipamuhay ang ebanghelyo.

Dalangin ko na mag-ibayo at mapalalim ninyo ang inyong pananaw sa napakagandang pag-ibig ng Diyos sa inyong buhay; na magkaroon kayo ng pananampalataya, determinasyon, at katapatang alamin ang mga utos ng Diyos, pahalagahan ito sa inyong mga puso at masayang ipamuhay ang ebanghelyo.

Ipinapangako ko na kapag ginawa ninyo ito, matutuklasan ninyo ang pinakamabuti ninyong pagkatao—ang inyong *tunay* na pagkatao. Matutuklasan ninyo ang ibig talagang sabihin ng maging anak ng walang hanggang Diyos, ang Panginoon ng lahat ng kabutihan. Ito ang aking patotoo at binabasbasan ko kayo bilang Apostol ng Panginoon, sa pangalan ni Jesucristo, amen. ■

MGA TALA

1. Ang Diyos ay hindi lamang ating Pinuno at Tagapaglikha; Siya rin ang ating Ama sa Langit. Lahat ng lalaki at babae ay tunay na mga anak ng Diyos. Itinuro ni Pangulong Joseph F. Smith na “ang tao, bilang espiritu, ay isinilang sa mga magulang na nasa langit, at inaruga hanggang sa sumapit sa sapat na gulang sa mga walang hanggang mansiyon ng Ama, bago pumarito sa mundo sa isang katawang-lupa” (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Joseph F. Smith* [1998], 400).
2. Doktrina at mga Tipan 132:19.
3. Doktrina at mga Tipan 132:21–22; 24.
4. Isaias 55:9.
5. Tingnan sa Moises 1:39.
6. Doktrina at mga Tipan 59:23.
7. Mosias 18:9.
8. Alma 32:42.



Sobral, Brazil

Indeks ng mga Kuwento sa Kumperensya

Ang sumusunod na listahan ng mga piling karanasan mula sa mga mensahe sa pangkalahatang kumperensya ay maaaring gamitin sa personal na pag-aaral, family home evening, at iba pang pagtuturo. Ang numero ay tumutukoy sa unang pahina ng mensahe.

TAGAPAGSALITA	KUWENTO
Neil L. Andersen	(28) Pinalakas ni Neil L. Andersen ang patotoo ng isang returned missionary tungkol kay Joseph Smith.
M. Russell Ballard	(89) Binalaan ng isang guide sa ilog ang mga namamangka na “manatili sa bangka” habang naghahanda silang dumaan sa mabilis na agos ng tubig.
David A. Bednar	(107) Matapos magamot ang kanyang maliit na galos, ginamot din ng anak ni David A. Bednar ang kanyang mga kaibigan sa gayong paraan.
Linda K. Burton	(111) Tinapos ng isang full-time missionary ang kanyang misyon nang may dalisay na damdamin matapos ibigay ang kanyang puso, kakayahan, pag-iisip, at lakas sa Panginoon.
Tad R. Callister	(32) Binago ng ina ni Ben Carson ang buhay niya. Natutuhan ng isang batang babaeng Lebanese ang ebanghelyo mula sa kanyang ina. Itinuro ng mga magulang ni Tad R. Callister ang ebanghelyo sa kanya.
Craig C. Christensen	(50) Sinabi ng ilang deacon kung bakit nila hinahangaan si Pangulong Monson. Nagkaroon ng patotoo si Craig C. Christensen sa pamamagitan ng pag-aaral ng Aklat ni Mormon.
D. Todd Christofferson	(16) Sinabi ni King Henry V sa kanyang mga tauhan na bawat isa ay mananagot sa kanyang sarili. Pumayag ang isang lalaking tumanggap pangalagaan ang kanyang sarili na dalhin siya sa isang sementeryo.
Quentin L. Cook	(46) Nangatwiran si Lucy na tauhan sa komiks na <i>Peanuts</i> sa hindi niya pagsalo sa mga bola. Nagpasiya ang isang binatilyo nang hindi tugma sa kanyang mga mithing magmisyon at makasal sa templo. Sa pakikipagkita sa isang college coach, tumibay ang desisyon ni Quentin L. Cook na sundin ang payo ng kanyang ama.
Dean M. Davies	(53) Sinagip ng Simbahan at ng mga miyembro nito sa Pilipinas ang mga miyembro at di-miyembro pagkaraan ng isang mapaminsalang bagyo.
Cheryl A. Esplin	(12) Nalaman ng isang lider ng Young Women ang tungkol sa nagbibigay-kakayahang kapangyarihan ng sakramento. Nagsimba ang isang 96-na-taong-gulang na lalaki para makabahagi ng sakramento.
Henry B. Eyring	(59) Tinulungan ng isang bagong binyag ang batang si Henry B. Eyring at ang kanyang kapatid na maghanda para sa paglilingkod sa priesthood. Nagpakita ng tiwala ang ama at bishop ni Henry B. Eyring sa kanya nang hingin nila ang tulong niya. Nagpakita ng tiwala ang isang senior home teaching companion sa anak ni Henry B. Eyring. (70) Ipinagdasal ng ina ni Henry B. Eyring na marinig niya ang salita ng Diyos sa kanyang payo. Tumanggap ng paghahayag ang mga pinuno ng Simbahan sa Idaho, USA, na tulungan ang mga biktima ng baha. Sa pamamagitan ng paghahayag, nalaman ng asawa ng isang lalaking tumanggap ng kapangyarihang magbuklod na ang kanyang asawa ay tinawag ng Diyos.
Eduardo Gavarret	(37) Noong full-time missionary siya, may natutuhan si Eduardo Gavarret tungkol sa pagsunod sa tinig ng Tagapagligtas. Tinularan ng mga magulang at kapatid ng isang 14-na-taong-gulang na dalagita sa Uruguay ang kanyang halimbawa at sumapi sila sa Simbahan. Tinanggap ng mga magulang ni Eduardo Gavarret ang mga missionary at ang kanilang mensahe.
Carlos A. Godoy	(96) Para matanggap ang mga pagpapalang ipinangako sa kanyang patriarchal blessing, hinagad ni Carlos A. Godoy, sa suporta ng kanyang asawa, na maragdagan ang kanyang pinag-aralan.
Robert D. Hales	(80) Nagkaroon ng patotoo ang batang si Robert D. Hales nang malaman niya ang tungkol sa Diyos mula sa kanyang mga magulang, guro, banal na kasulatan, at Espiritu Santo.
Jeffrey R. Holland	(40) Nagbalik si Thomas S. Monson mula sa Germany na naka-tsinelas matapos ipamigay ang kanyang sapatos at ekstrang amerikana at mga polo.
Larry S. Kacher	(104) Natangay ng malakas na alon si Larry S. Kacher at ang kanyang asawa ngunit nakarating sila sa pampang sa tulong ng langit. Gumawa ng mga pasiya ang dalawang lalaki na umakay sa kanilang mga pamilya palayo sa Simbahan. Napagpala ng mga biyenan ni Larry S. Kacher ang kanilang mga inapo dahil ipinamuhay nila ang ebanghelyo at itinuro ito sa kanilang mga anak.
Jörg Klebingat	(34) Pinayuhan ni Jörg Klebingat ang isang sister sa Ukraine Kyiv Mission na huwag pahadlang sa kanyang mga kahinaan.
Neill F. Marriott	(117) Nilisan ni Neill F. Marriott ang templo na nababatid na maaari siyang magtiwala sa Tagapagligtas. Hinikayat ng anak na babae ni Neill F. Marriott ang kanyang pamilya na magdasal nang mawala ang kanyang kapatid na lalaki. Binigkas ng 900 na kabataang babae sa Alaska ang sauladong nilang “Ang Buhay na Cristo.”
Hugo E. Martinez	(102) Naglingkod si Pangulong Monson sa isang ama na ang anak ay maysakit. Nagdala ng tubig ang kalalakhian sa pamilya Martinez pagkaraan ng bagyo.
Thomas S. Monson	(67) Tumama ang isang torpedo sa timon ng barkong-pandigmang <i>Bismarck</i> , kaya hindi na ito makaliko sa tinatahak na landas. (86) Pinuntahan nang madalas ng mga miyembro ng Simbahan sa Canada ang isang nandayuhang mag-asawang German para makabahagi sila sa kapayapaang nadarama roon.
Russell M. Nelson	(74) Matapos operahan si Pangulong Spencer W. Kimball, tumanggap ng patotoo si Russell M. Nelson na magiging propeta si Pangulong Kimball.
Dallin H. Oaks	(25) Dahil sa pagtitiis at kabaitan ng kanyang asawa, nagpasiyang magpabinyag ang isang lalaking hindi miyembro.
Allan F. Packer	(99) Habang nakatuon sa pagsisibak ng kahoy, nalimutan ng bata pang si Allan F. Packer na alisan ng takip ang kanyang palakol.
Boyd K. Packer	(6) Naunawaan ng isang babae na nabayaran na ng Tagapagligtas ang malaking pagkakasalang ginawa sa kanya.
L. Tom Perry	(43) Ipinaalala ng isang apo ni Pangulong Harold B. Lee sa kanyang ina na mahalagang manalangin bago matulog.
Lynn G. Robbins	(9) Tinanong ni Pangulong Boyd K. Packer si Lynn G. Robbins kung saan siya nakatuon, at ipinaalala sa kanya na kinakatawan niya ang propeta sa mga tao.
Jean A. Stevens	(114) Kumapit nang mahigpit ang mga magulang ni Jean A. Stevens sa kanilang mga tipan at pagmamahal sa Panginoon. Naghanda ang mga kabataang babae para sa mga tipan sa templo.
Dieter F. Uchtdorf	(56) Pinagtuunan ng pansin ng isang lalaki ang isang dandelion sa bakuran ng kanyang kapitbahay. Isang magnanakaw sa bangko ang nagpahid ng lemon juice sa kanyang mukha, sa paniniwalang hindi siya makikita kapag ginawa niya ito. Sa isang ward na tila matatag, 11 mag-asawa ang humantong sa diborsyo. (120) Tinulungan ng mga visiting teacher ang isang ina na mag-isang nag-aaruga sa dalawang anak na maysakit.



Nagsalita si Pangulong Thomas S. Monson sa sesyon sa Linggo ng hapon ng pangkalahatang kumperensya.

“Dalawang Maluwalathing Araw na Puno ng mga Inspiradong Mensahe”

Naranasan natin ang dalawang maluwalathing araw na puno ng mga inspiradong mensahe,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa pagtatapos ng Ika-184 na Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya noong araw ng Linggo, Oktubre 5, 2014.

Kabilang sa mga mensaheng iyon ang kahalagahan ng pagkakaroon ng patotoo upang mapagtiisan ninyo ang lahat ng sitwasyon; pagsunod sa landas ng Tagapagligtas at pagiging isang tapat na disipulo; pagsunod at pagsang-ayon sa mga propeta; matalinong paggamit ng kalayaan sa pagpili; at pagkakaroon ng tahanan na may pagmamahalan, kaligtasan, mabuting halimbawa, at pag-aaral ng ebanghelyo.

Sa kanyang pambungad na mensahe sa araw ng Sabado, ipinahayag ni Pangulong Monson na patuloy na lumalago ang Simbahan. “Tayo ngayon ay mahigit 15 milyon na at patuloy pang dumarami,” sabi ni Pangulong Monson. “Ang ating gawaing misyонерo ay sumusulong nang walang balakid. Mahigit 88,000 missionary natin ang naglilingkod, at nagbabahagi ng mensahe ng ebanghelyo sa buong mundo.”

Sa sesyon sa Sabado ng hapon,

sina Elder Carlos H. Amado at Elder William R. Walker ng Unang Korum ng Pitumpu ay ini-release at pinagkalooban ng emeritus status. Sina Elder Arayik V. Minasyan at Elder Gvido Senkans ay na-release bilang mga Area Seventy.

Sa unang pagkakataon sa pangkalahatang kumperensya, ilang tagapagsalita na hindi Ingles ang pangunahing wika ang nagbigay ng kanilang mga mensahe sa kanilang sariling wika. Si Elder Chi Hong (Sam) Wong ay nagsalita sa wikang Cantonese, sina Elder Eduardo Gavarret at Elder Hugo E. Martinez sa Espanyol, at si Elder Carlos A. Godoy sa Portuges.

Puno ng mga tao ang may 21,000 upuan na Conference Center at punung-puno rin ang Temple Square sa Salt Lake City, Utah, USA, sa bawat sesyon ng kumperensya, na isinalin sa mahigit 90 wika at isinahimpapawid sa mahigit 170 mga bansa at teritoryo. Bukod pa rito, ang mga mensahe ay nasa telebisyon, radyo, satellite transmission, at Internet, at sa mga mobile device. Ang kumperensyang ito ay tanda ng 90-taong anibersaryo ng brodkast sa radyo at ng 65 taong anibersaryo ng brodkast ng kumperensya sa telebisyon. ■

Pelikula Tungkol kay Joseph Smith nasa Hulu na Ngayon

Mapapanood na ngayon ng milyun-milyong tao ang pelikula na gawa ng Simbahan na nagbibigay-papuri kay Propetang Joseph Smith. Ang *Joseph Smith: Prophet of the Restoration [Joseph Smith: Propeta ng Panunumbalik]*, isang pelikula na naglalarawan sa buhay at pamana ng Propeta, ay mapapanood na ngayon nang walang bayad sa Hulu, isang website na nag-aalok ng streaming video.

Ito ang unang pelikula ng Simbahan na mapapanood sa isang eksklusibo at malaking distribution channel tulad ng Hulu, kung saan maaaring mapanood ng mga 4 na milyong subscriber, ang streaming video sa pamamagitan ng Roku, Apple TV, Xbox, PlayStation, at mga smartphone at tablet na nakakonekta sa Internet. Ang panonood ng pelikula sa Hulu ay hindi lamang naging mas madali sa mga miyembro ng Simbahan, kundi nagbigay rin ito ng pagkakataon sa mas marami pang hindi LDS na mapanood at malaman ang tungkol sa Simbahan.

Ang mga miyembro na nanonood, nag-iwan ng komento, at nagbibigay ng rating sa pelikula ay mas magpapabilis sa paghahanap dito ng iba. ■

Patuloy ang Pagdami ng mga Templo

Kapag tapos nang itayo at ilaan ang lahat ng dating ibinalitang mga templo, magkakaroon tayo ng 170 templong gumagana sa buong mundo,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2014. “Dahil nakatuon ang ating mga pagsisikap sa pagkumpleto ng mga templong dati nang ibinalita, hindi kami magbabalita sa ngayon ng anumang bagong templo. Gayunman, sa hinaharap, kapag may nakita kaming pangangailangan at nakahanap kami ng mga mapagtatayuan, magbabalita kami ng karagdang mga templo.”

Nang muling ilaan ni Pangulong Monson ang Ogden Utah Temple noong Setyembre 2014, umabot na sa 143 ang bilang ng gumaganang mga templo ng Simbahan sa iba’t ibang dako ng mundo.

Ang Fort Lauderdale Florida Temple ay inilaan noong Mayo 2014 ni Pangulong Dieter F. Uchtdorf,



Ang Ogden Utah Temple ay muling inilaan noong Setyembre 21, 2014.

Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan. Ang Phoenix Arizona Temple ay inilaan sa Nobyembre 16, 2014, at mga limang templo pa ang ilalaan o muling ilalaan sa 2015. ■

MINISTERING RESOURCES MAGAGAMIT NA SA MGA COUNCIL

Makaka-access na ang mga miyembro ng stake at ward council sa bagong web page ng Simbahan na tinatawag na Ministering Resources, sa ministering.lds.org, upang tulungan ang mga indibiduwal at pamilya sa kanilang temporal at espirituwal na pangangailangan, kabilang na ang mahirap at sensitibong mga bagay. Maa-access ito ng mga taong may kasalukuyang tungkulin sa mga stake at ward council sa pamamagitan ng kanilang LDS account.

Ang mga resources na maku-kuha lamang dati ng mga bishop at stake president ay na-update at pinalawak na may partikular na patnubay kung paano tutulungan ang mga biktima ng pang-aabuso, mga may problema sa adiksiyon, mga nagdadalantao na walang asawa, gumagamit ng pornograpiya, mga naakit sa kapwa nila lalaki o kapwa babae, at mga nagigipit sa pera at nahihirapan o walang trabaho.

Sa ilalim ng pamamahala ng bishop, maaaring gamitin ng mga ward council ang Ministering Resources para pag-usapan ang kapakanan ng indibiduwal at mga pamilya na sakop ng ward. ■

LARAWANG KUHA NI SARAH JANE WEAVER, CHURCH NEWS

Mga Turo para sa Ating Panahon

Mula Oktubre 2014 hanggang Marso 2015, ang mga aralin sa Melchizedek Priesthood at Relief Society tuwing ikaapat na Linggo ay dapat magmula sa isa o mahigit pang mga mensaheng ibinigay sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2014. Sa Abril 2015, maaaring piliin ang mga mensahe mula sa kumperensya ng Oktubre 2014 o sa kumperensya ng Abril 2015. Mga stake at district president ang

dapat pumili ng mga mensaheng gagamitin sa kanilang lugar, o maaari nilang iatas ang responsibilidad na ito sa mga bishop at branch president.

Ang mga dumadalo sa mga aralin sa ikaapat na Linggo ay hinihikayat na pag-aralan ang mga piniling mensahe bago ang klase. Ang mga mensahe sa kumperensya ay makukuha sa maraming.wika.sa.conference.lds.org. ■



MAY MAKUKUHANG TULONG PARA SA MGA APEKTADO NG ADIKSIYON NG ISANG MAHAL SA BUHAY

Ang mga mag-asawa at pamilya na apektado ng pag-uugali ng isang adik o lulong na mahal sa buhay ay maaaring pumunta sa bagong online guide para mabigyan ng tulong, pag-asa at paggaling.

Ang Spouse and Family Support Guide, na nasa AddictionRecovery.Lds.org, ay nilayon upang tulungan ang mga asawa at kapamilya na mapagaling sa hirap na dulot ng mga hamon na nararanasan nila dahil sa pag-uugali ng mga mahal sa buhay na adik o lulong sa droga, alak, pornograpiya, o iba pang nakapipinsalang mga bagay o gawi. Bukod sa Ingles, ito ay makukuha kalaunan sa wikang Espanyol, Portuges, French, Italian, German, Russian, Chinese, Japanese, at Korean.

Ang gabay ay nahahati sa 12 bahagi na nakatuon sa pagpapagaling, pagkakaroon ng ibayong pag-asa, at lakas sa pamamagitan ni Jesucristo.

Maraming ibinigay na praktikal na mga mungkahi, tulad ng kung paano magtatakda ng mga limitasyon at patakaran, paano tatalakayin sa mahal sa buhay ang tungkol sa adiksiyon at paggaling, at paano angkop na tutugon kapag bumalik ang adiksiyon.

Ang gabay ay ginagamit sa talakayan sa mga kumpidensyal na support group meeting para sa asawa at pamilya na iniaalok ng LDS Family Services. Maaari din itong gamitin para sa personal na pag-aaral o gamitin ng mga lider ng Simbahan kapag nag-iinterbyu at nagpapayo. ■

LARAWANG KUHA NI SCOTT G. WINTERSON, DESERET NEWS



Ang mga young adult ay nakikinig sa mensahe sa debosyonal sa Marriott Center sa Brigham Young University sa Provo, Utah, USA.

Magsisimula ang mga Pagbabago sa Debosyonal ng mga Young Adult sa Enero

Ibinalita ng Unang Panguluhan at ng Church Board of Education ang pagbabago ukol sa dalas, lokasyon, at paglalathala ng mga debosyonal para sa mga young adult, simula Enero 2015. Kabilang sa mga pagbabago ang:

Pangalan: Pandaigdigang Debosyonal para sa mga Young Adult: Isang Gabi Kasama si (pangalan ng tagapagsalita).

Dalas: Tatlong beses sa isang taon, sa ikalawang Linggo ng Enero, sa unang Linggo ng Mayo, at sa pangalawang Linggo ng Setyembre.

Dadalo: Lahat ng young adult, may-asawa at walang asawa, ay inaanyayahang dumalo. Ang mga estudyanteng magtatapos na sa high school o katumbas nito ay inaanyayahang ding dumalo.

Lokasyon: Idaraos ang mga debosyonal ng Enero sa Brigham Young University sa Provo, Utah; sa BYU-Idaho; o sa BYU-Hawaii. Ang mga debosyonal ng Mayo ay idaraos sa Conference Center sa Salt Lake City o sa ibang mga site sa headquarters ng Simbahan. Ang mga debosyonal ng Setyembre ay

idaraos sa iba't ibang lugar sa Estados Unidos.

Paglathala: Sa Loob ng ilang araw pagkatapos ng bawat debosyonal, ang mga mensahe sa teksto, ang audio at video format ay makukuha sa Ingles sa LDS.org at sa Gospel Library app, sa isang bagong koleksyon ng Young Adult. Kasunod nito ang mga bersyon sa iba't ibang wika. Ang buod ng mga mensahe ay isasama sa *Liahona*, at iba't ibang sipi, larawan (memes), at mga video ay mapapanood nang live at pagkatapos ng debosyonal sa mga social media channel ng Simbahan, kabilang na ang social pages ng tagapagsalita.

Ang mga tagapagsalita ay patuloy na pipiliin ng Unang Panguluhan mula sa mga General Authority at pangkalahatang pinuno ng Simbahan.

Ibinalita ang mga pagbabago sa mga young adult sa CES devotional noong Nobyembre 2, 2014, at sa mga lider ng priesthood sa isang liham ng Unang Panguluhan noong Agosto 28, 2014 na kinapalooban ng 2015 Iskedyul ng Brodkast. ■

Naglaan ng Tulong ang LDS Charities

Simula noong mga unang araw ng Panunumbalik, ang mga miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay kilala sa determinasyon nilang tulungan at pasiglahin ang mga taong nagdurusa.

Nitong mga nakaraang taon, ang mga miyembro ng Simbahan at iba pa, sa pamamagitan ng bukas-palad na kontribusyon, ay naglaan ng paraan para matulungan ng Church Humanitarian Services program ang buhay ng mga tao sa buong mundo. Noong 2013 lamang, natulungan ng LDS humanitarian program ang mahigit 10.5 milyong katao sa 130 bansa.

Nagsimula ito sa pagbibigay ng kaghinhawahan at pagkain hanggang sa paglalaan ng malinis na tubig; training sa mga komadrona at doktor para iligtas ang buhay ng libu-libong bagong silang na sanggol; at pagbibigay ng mga wheelchair. Bukod pa rito, ang Simbahan ay tumutulong sa pangangalaga sa mata at pagbibigay ng training, bakuna, at pagtulong sa mga komunidad na magtanim ng masusustansyang pagkain.

Pagtulong sa mga Refugee

Ang Simbahan ay patuloy at nagsisikap nang husto na matulungan ang mga refugee gayundin ang iba pa na nagdurusa sa mga kaguluhan at kakulangan ng mga pagkain. Kamakailan:

- Ang Simbahan ay nagbigay ng libu-libong mga tolda at suplay ng pangunahing pagkain sa mga pamilya sa Chad at nagtayo ng mga poso, palikuran, at paliguan sa mga refugee camp sa Burkina Faso.
- Sa rehiyon ng Jordan, Syria, Lebanon, Iraq at Kurdish, ang LDS Charities ay namahagi ng mga supot ng pagkain, kumot, medical supply, hygiene kit, kagamitan sa pagtulog

at damit-panlamig. Sa rehiyon ng Iraq at Kurdish, nagpadala ng mga wheelchair at iba pang mga kagamitan para makakilos at ibinigay sa mga taong nasaktan sa kaguluhan.

- Sa Gaza, nagbigay ng mga pharmaceuticals, gamot, at pulbos na gatas sa central hospital.
- Sa Israel, ultrasound equipment ang ibinigay sa isang ospital.
- Sa Ukraine at Russia, ang Simbahan ay nakipagtulungan sa United Nations Development Program sa paglalaan ng pagkain, tulugan, damit, at mga personal hygiene item para sa 30,000 katao na nawalan ng tirahan dahil sa kaguluhang sibil.

Ang LDS Charities ay nananatiling walang kinikilingan sa pulitika at tinutulongan ang mga tao anuman ang relihiyon nila.

Pagkakawanggawa

Tumutulong din ang Simbahan kapag may nangyayaring mga kalamidad.

- Sa Sierra Leone at Liberia, ang Simbahan ay nagpadala ng 1,600 na mga boluntaryo sa lugar para magbigay ng training kung paano iiwasan ang Ebola virus at naglaan ng pagkain at pangunahing sanitasyon at medical supply.
- Kasunod ng pagbaha sanhi ng matinding ulan sa Pakistan at India, ang Simbahan ay nagbigay ng mga pagkain, hygiene kit at medical supply.
- Sa Tonga, winasak ng bagyo ang daan-daang kabahayan, pati na ang tirahan ng 116 na mga pamilya na miyembro ng Simbahan. Tutulong ang mga miyembro sa muling pagtatayo ng kanilang mga tahanan. Tumanggap sila ng training sa pagtatayo ng sarili nilang tirahan at pagkatapos ay hiniling sa kanila na tumulong sa pagtatayo ng bahay ng apat na tao. Ang Simbahan ay muling nagtanim at nagbibigay ng training tungkol sa paghahalaman sa tahanan.
- Sa Mexico, nang masira o mawasak ng bagyo ang libu-libong kabahayan, ang mga lokal na lider ng

SARAH JANE WEAVER, CHURCH NEWS



Nakipagkita ang District President ng Amman Jordan at ang kanyang anak na babae sa mga refugee.

Simbahan ay nagbigay ng pagkain at tubig sa apektadong mga miyembro, at ang Simbahan ay nakipagtulungan sa pamahalaan ng estado sa pagbibigay ng pagkain.

Ang Magagawa Ninyo

Ang pagbibigay ng mga donasyon sa Humanitarian Aid fund ng Simbahan ay nagpapabilis sa pagtugon ng Simbahan sa mga krisis. Bukod pa rito, saanman sila naninirahan, ang mga miyembro ay maaaring magpakita ng pagmamahal na katulad ng kay Cristo, magbigay ng paglilingkod, at paggalang sa lahat ng tao. Ang pagpansin sa mga refugee at nandayuhan sa sarili nating komunidad, o sa mga dumaranas ng hirap, at ang pakikipagkaibigan sa kanila, pagpapakita ng malasakit, at pagtanggap ay gawain ni Cristo na hindi mawawalang-saysay.

Sa pamamagitan ng humanitarian organization, sinisikap ng Simbahan na masunod ang payo ni Pangulong Thomas S. Monson na “mapalalakas natin ang isa’t isa; may kakayahan tayong tulungan ang mga napabayaang. Kapag may mata tayong nakakakita, taingang nakakarinig, at pusong nakababatid at nakadarama, kaya nating tumulong at sumagip” (“Ang Tawag na Maglilingkod,” *Liahona*, Ene. 2001, 58). ■




Sagradong Panalangin, ni Linda Curley Christensen

Isinulat ni Propetang Joseph Smith ang kanyang karanasan sa Sagradong Kakahuyan noong siya ay 14 na taong gulang:

“Nagtungo ako sa kakahuyan . . . sa umaga ng isang maganda, maaliwalas na araw, sa tagsibol ng taong isanlibo walong daan at dalawampu. . . . Sa gitna ng lahat ng aking pagkabahala, kailanman ay hindi ko pa nagawa ang pagtatangkang manalangin nang malakas.

“. . . Matapos kong tingnan ang aking paligid, at nang matiyak kong ako’y nag-iisa, ako’y lumuhod at nagsimulang ialay ang mga naisin ng aking puso sa Diyos” (Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–15).



“Habang sinisikap nating gawing sentro si Cristo sa ating buhay sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang mga salita, pagsunod sa Kanyang mga turo, at pagtahak sa Kanyang landas, nangangako Siyang bibigyan Niya tayo ng buhay na walang hanggan na sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay ating nakamit,” sabi ni Pangulong Thomas S. Monson sa Ika-184 na Ikalawang Taunang Pangkalahatang Kumperensya ng Simbahan. “Wala nang mas matayog pang adhikain kaysa rito, na piliin nating tanggapin ang Kanyang pamamaraan at maging Kanyang mga disipulo at gawin ang Kanyang gawain habambuhay. Wala nang iba, wala nang iba pang desisyong magagawa tayo, na makapagbibigay sa atin ng maibibigay Niya.”